The Kitáb-i-Aqdas

The Most Holy Book

Bahá'u'lláh

• • •

Preface

In 1953 Shoghi Effendi, the Guardian of the Bahá'í Faith, included as one of the goals of his Ten Year Plan the preparation of a Synopsis and Codification of the Laws and Ordinances of the Kitáb-i-Aqdas as an essential prelude to its translation. He himself worked on the codification, but had not finished it when he died in 1957. The task was continued on the basis of his work, and the resulting volume was released in 1973. That publication included, in addition to the Synopsis and Codification itself and explanatory notes, a compilation of the passages from the Kitáb-i-Aqdas which had already been translated by Shoghi Effendi and published in various books. The Synopsis and Codification covered the text of both the Kitáb-i-Aqdas and the Questions and Answers which constitutes an appendix to the Aqdas. In 1986 the Universal House of Justice decided that the time had come when the preparation of an English translation of the complete text of the Most Holy Book was both possible and essential and made its accomplishment a goal of the Six Year Plan 1986–1992. Its publication in English will be followed by translations in other languages.

It has been recognized that the Kitáb-i-Aqdas, being Sacred Scripture, should be presented in a form which can be read with ease and inspiration, uncluttered with the footnotes and index numbers that are common in scholarly texts. Nonetheless, to assist the reader in following the flow of the text and its changing themes, paragraph divisions have been added—such divisions not being common in works of Arabic literature—and these paragraphs have then been numbered for ease of access and indexing, as well as for uniformity of reference in all the languages in which the work will be published.

ANG KITÁB-I-AQDAS

Ang Pinakabanal na Aklat

Bahá'u'lláh

• • •

Paunang Salita

Noong 1953, isinama ni Shoghi Effendi, ang Guardian ng Pananampalatayang Bahá'í, bilang isa sa mga adhikain ng kaniyang Ten Year Plan ang paghahanda ng isang Lagom at Pagsasaayos ng mga Batas at Alituntunin ng Kitáb-i-Aqdas na isang pangunahing panimula sa pagsasalin nito. Ginawa niya mismo ang pagsasaayos, ngunit hindi ito natapos nang sumakabilang buhay siya noong 1957. Ang gawaing iyon ay ipinagpatuloy batay sa kaniyang ginawa, at ang aklat na naging bunga nito ay inilimbag noong 1973. Kasama ng aklat na iyon, bilang karagdagan sa Lagom at Pagsasaayos mismo at mga tala ng paliwanag, ay isang tinipong sipi mula sa Kitáb-i-Aqdas na naisalin na ni Shoghi Effendi at nailathala na sa ibang mga aklat. Sinaklaw ng Lagom at Pagsasaayos ang teksto kapuwa ng Kitáb-i-Aqdas at ng Mga Katanungan at Kasagutan na bumuo sa isang apendise ng Aqdas. Noong 1986, ipinasiya ng Universal House of Justice na dumating na ang panahon na ang paghahanda ng isang salin sa Ingles ng buong teksto ng Pinakabanal na Aklat ay maaari nang magawa at kinakailangan at ang katuparan nito ay ginawang isang layunin ng Anim na Taong Plano 1986-1992. Ang paglilimbag nito sa Ingles ay susundan ng mga salin sa iba't ibang wika.

Tinatanggap na ang Kitáb-i-Aqdas, dahilan sa pagiging Banal na Kasulatan, ay dapat maibigay sa isang uri na mababasa nang madali at nang may inspirasyon, hindi nagugulo ng mga talababa at mga numero ng indese na karaniwan sa pampantas na mga teksto. Gayunman, upang matulungan ang mambabasa na masundan ang daloy ng teksto at ang nagbabagong mga paksa nito, idinagdag ang mga paghahati ng parapo—ang ganitong

mga paghahati na hindi karaniwan sa literaturang Arabiko—at ang mga parapong ito, bukod doon, ay nilagyan ng numero upang madaling hanapin at bilang tulong sa paggawa ng indese, gayundin upang magkapare-pareho ang reperensiya sa lahat ng mga wika na ilalathala ang aklat.

Following the text of the Aqdas is a brief compilation of Writings of Bahá'u'lláh which are supplementary to the Most Holy Book, and a translation of the Questions and Answers published here for the first time.

Kasunod ng Teksto ng Aqdas ay isang maikling tinipong mga sipi ng mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh na karagdagan sa Pinakabanal na Aklat, at ang salin ng Mga Katanungan at Kasagutan na unang nakalathala dito.

Shoghi Effendi had stated that the English translation of the Aqdas should be "copiously annotated." The policy followed in preparing the notes has been to concentrate on those points which might strike a non-Arabic-speaking reader as obscure or which, for various reasons, require elucidation or background information. They are not intended to be a comprehensive commentary on the text beyond these fundamental requirements.

Sinabi ni Shoghi Effendi na ang salin sa Ingles ng Aqdas ay dapat na "maraming nakatalang paliwanag". Ang alituntuning sinunod sa paghahanda sa mga tala ay ang pagtutuon ng pansin doon sa mga bagay na maaaring mapansin na hindi maliwanag sa isang mambabasang hindi nagsasalita ng wikang Arabiko, o kaya, sa ibang mga kadahilanan, ay nangangailangan ng paliwanag o kaalaman ng pinanggalingan nito. Ang mga iyon ay hindi nilayon na maging isang masaklaw na komentaryo sa teksto nang higit pa sa mga pangunahing pangangailangan na ito.

The notes, which are placed following the Synopsis and Codification, are numbered sequentially. Each is preceded by a quotation of the passage to which it relates, and indicates the number of the paragraph in which this appears. This facilitates cross-reference between the text and the notes, while making it possible for readers to study the notes without repeatedly consulting the text, if they so prefer. It is hoped in this way to meet the needs of readers of a wide range of backgrounds and interests.

Ang mga tala, na inilagay kasunod ng Lagom at Pagsasaayos, ay sunod-sunod ang pagkakalagay ng numero. Bawat isa ay pinangungunahan ng isang sipi ng talata na tinutukoy nito at nakalagay ang numero ng parapo kung saan ito matatagpuan. Pinadadali nito ang paghanap ng reperensiya sa teksto at sa mga tala, samantalang ang mga mambabasa ay maaaring mapag-aralan ang mga tala nang hindi na paulit-ulit pang sasangguniin ang teksto, kung nais nila iyon. Inaasahang maibibigay sa pamamagitan nito ang mga pangangailangan ng mga nagbabasa sa isang malawak na saklaw ng mga kaalaman at interes.

The index provides a guide to subjects in all sections of the volume.

Ang indese ay nagbibigay ng isang gabay sa mga paksa sa lahat ng mga bahagi ng aklat.

The significance and character of the Kitáb-i-Aqdas and the range of subjects it contains have been graphically depicted by Shoghi Effendi in his history of the first Bahá'í century entitled *God Passes By*. As an assistance to the reader, these passages are provided in the section that immediately follows the introduction. The Synopsis and Codification,

Ang kahalagahan at katangian ng Kitáb-i-Aqdas at ang nasasaklaw na mga paksa na nilalaman nito ay malinaw na inilarawan ni Shoghi Effendi sa kaniyang kasaysayan ng unang daantaon ng Bahá'í na pinamagatang

which is republished in this volume, serves as another aid for obtaining an overview of the Book.

• • •

Introduction

This year, the 149th of the Bahá'í era, marks the Centenary of the Ascension of Bahá'u'lláh, Bearer of the universal Revelation of God destined to lead humanity to its collective coming of age. That this occasion should be observed by a community of believers representing a cross-section of the entire human race and established, in the course of a century and a half, in the most remote corners of the globe, is a token of the forces of unity released by Bahá'u'lláh's advent. A further testimony to the operation of these same forces can be seen in the extent to which Bahá'u'lláh's vision has prefigured contemporary human experience in so many of its aspects. It is a propitious moment for the publication of this first authorized translation into English of the Mother Book of His Revelation, His "Most Holy Book," the Book in which He sets forth the Laws of God for a Dispensation destined to endure for no less than a thousand years.

Of the more than one hundred volumes comprising the sacred Writings of Bahá'u'lláh, the Kitáb-i-Aqdas is of unique importance. *"To build anew the whole world"* is the claim and challenge of His Message, and the Kitáb-i-Aqdas is the Charter of the future world civilization that Bahá'u'lláh has come to raise up. Its provisions rest squarely on the foundation established by past religions, for, in the words of Bahá'u'lláh, *"This is the changeless Faith of God, eternal in the past, eternal in the future."* In this Revelation the concepts of the past are brought to a new level of understanding, and the social laws, changed to suit the age now dawning, are designed to carry humanity forward into a

God Passes By. Bilang isang tulong sa mambabasa, ang mga sipi na ito ay inilagay sa bahaging kasunod agad ng pambungad. Ang Lagom at Pagsasaayos, na muling inilathala sa aklat na ito, ay nagsisilbing isa pang tulong upang makamtan ang isang malawak na pananaw sa Aklat.

• • •

Pambungad

Ang taon na ito, ang ika-149 taon ng panahon ng Bahá'í ay nagtatanda sa ika-Isang Daang Taon ng Pagyao ni Bahá'u'lláh, ang Tagapagdala ng pansantinakpang Pagpapahayag ng Diyos na natatadhanang pumatnubay sa sangkatauhan sa panlahatang pagsapit nito sa kaganapan. Na ang okasyon na ito ay dapat ipagdiwang ng isang pamayanan ng mga nananampalataya na kumakatawan sa lahat ng mga bahagi ng buong sangkatauhan at naitatag, sa loob ng isang daan at limampung taon, sa pinaka-malalayong pook ng daigdig, ay isang palatandaan ng mga lakas ng pagkakaisa na ipinagkaloob ng pagdating ni Bahá'u'lláh. Isa pang karagdagang patunay sa pag-iral ng mga lakas ding ito ang makikita sa abot ng pananaw ni Bahá'u'lláh sa paglalarawan sa pangkasalukuyang karanasan ng tao sa napakaraming mga aspeto nito. Ito ay isang nararapat na pagkakataon para sa paglalathala nitong unang may kapahintulutang salin sa Ingles ng Inang Aklat ng Kaniyang Pananampalataya, ang "Pinakabanal na Aklat" Niya, kung saan inilahad Niya ang mga Batas ng Diyos para sa Dispensasyon na natatadhanang tumagal ng hindi kukulangin sa isang libong taon.

Sa mahigit na isang daang aklat na bumubuo sa mga banal na Kasulatan ni Bahá'u'lláh, ang Kitáb-i-Aqdas ay may bukod-tanging kahalagahan. *"Ang gawaing bago muli ang buong daigdig"*, ay ang pahayag at hamon ng Kalatas Niya, at ang Kitáb-i-Aqdas ay ang Saligan ng darating na pandaigdig na kabihasnan na itatatag ni Bahá'u'lláh sa pagdating Niya. Ang itinadhana nito ay maliwanag na nasasalalay sa saligang itinatag ng mga nakaraang relihiyon, sapagka't sa mga salita ni Bahá'u'lláh, *"Ito ang hindi*

world civilization the splendors of which can as yet be scarcely imagined.

nagbabagong Pananampalataya ng Diyos, walang hanggan sa nakaraan, walang hanggan sa hinaharap." Sa Pagpapahayag na ito ang mga konsepto noong nakaraan ay dinadala sa isang bagong antas ng pang-unawa, at ang mga batas ng lipunan, na binago upang maging angkop sa panahon na ngayon ay namimitak, ay ginawa sa layunin na dalhin ang sangkatauhan tungo sa isang pandaigdig na kabihasnan na ang mga karingalan ay hindi pa halos mahinagap.

In its affirmation of the validity of the great religions of the past, the Kitáb-i-Aqdas reiterates those eternal truths enunciated by all the Divine Messengers: the unity of God, love of one's neighbor, and the moral purpose of earthly life. At the same time it removes those elements of past religious codes that now constitute obstacles to the emerging unification of the world and the reconstruction of human society.

Sa pagpapatibay nito sa katotohanan ng dakilang mga relihiyon ng nakaraan, inuulit ng Kitáb-i-Aqdas yaong walang kamatayang mga katotohanan na ipinahayag ng lahat ng Banal na Sugo: ang kaisahan ng Diyos, pagmamahal sa kapitbahay, at ang moral na layunin ng makalupang buhay. Kaalinsabay nito, inaalis nito yaong mga bahagi sa mga alituntunin ng nakaraang mga relihiyon na ngayon ay bumubuo bilang mga sagabal sa dumarating na pagkakaisa ng daigdig at ang muling pagbubuo ng lipunan ng tao.

The Law of God for this Dispensation addresses the needs of the entire human family. There are laws in the Kitáb-i-Aqdas which are directed primarily to the members of a specific section of humanity and can be immediately understood by them but which, at first reading, may be obscure to people of a different culture. Such, for example, is the law prohibiting the confession of sins to a fellow human being which, though understandable by those of Christian background, may puzzle others. Many laws relate to those of past Dispensations, especially the two most recent ones, those of Muḥammad and the Báb embodied in the Qur'án and the Bayán. Nevertheless, although certain ordinances of the Aqdas have such a focused reference, they also have universal implications. Through His Law, Bahá'u'lláh gradually unveils the significance of the new levels of knowledge and behavior to which the peoples of the world are being called. He embeds His precepts in a setting of spiritual commentary, keeping ever before the mind of the reader the principle that these laws, no matter the subject with which they deal, serve the manifold purposes of bringing tranquillity to human society, raising the standard of human behavior, increasing the range of human understanding, and spiritualizing the life of each and all. Throughout, it is the relationship of the individual soul to God and the fulfillment of its spiritual destiny that is the ultimate aim of the laws of religion. *"Think not,"* is Bahá'u'lláh's own assertion, *"that We have revealed unto you a mere code of laws. Nay, rather, We have unsealed the choice Wine with the fingers of might and power."* His Book of Laws is His *"weightiest testimony unto all people, and the proof of the All-Merciful unto all who are in heaven and all who are on earth."*

Ang Batas ng Diyos para sa Dispensasyon na ito ay tinutugunan ang mga pangangailangan ng buong angkan ng sangkatauhan. May mga batas sa Kitáb-i-Aqdas na tumutukoy lamang sa mga kaanib ng isang tiyak na bahagi ng sangkatauhan at maaaring maunawaan nila kaagad, ngunit iyon, sa unang pagbasa, ay maaaring hindi maunawaan ng mga tao sa ibang kultura. Yaon, halimbawa, ay ang batas na nagbabawal sa pangungumpisal ng mga kasalanan sa isang kapwa tao na kahima't mauunawaan noong mga Kristiano, ay magiging palaisipan sa iba. Maraming mga batas ang may kaugnayan doon sa mga nakaraang Dispensasyon, lalo na sa dalawang pinakahuli, yaong kay Muhammad at sa Báb na nilalaman ng Qur'án at ng Bayán. Gayunpaman, kahima't ang ilang mga alituntunin sa Aqdas ay may gayong tiyakang tinutukoy, ang mga ito ay mayroon ding pandaigdig na kahulugan. Sa pamamagitan ng Kaniyang Batas, inilantad ni Bahá'u'lláh nang unti-unti ang kahulugan ng mga bagong antas ng kaalaman at pag-uugali na kung saan tinatawag ang mga tao ng daigdig. Ipinaloob Niya ang Kaniyang mga alituntunin sa isang balangkas ng espirituwal na komentaryo,

palaging pinananatili kahit noon pa sa isipan ng mambabasa ang simulain na ang mga batas na ito, anumang paksa ang kanilang tinutukoy, ay magagamit sa napakaraming layunin na nakapagbibigay ng katiwasayan sa lipunan ng tao, itinataas ang pamantayan ng pag-uugali ng tao, pinalalawak ang saklaw ng pang-unawa ng tao, at ginagawang espirituwal ang buhay ng bawat isa at lahat. Sa kabuuan, ito ay ang kaugnayan ng isang kaluluwa sa Diyos at sa katuparan ng espirituwal na tadhana nito na siyang pangwakas na layunin ng mga batas ng relihiyon. *"Huwag isipin"*, ang sariling pahayag ni Bahá'u'lláh, *"na Kami ay nagpahayag sa inyo ng isa lamang talaan ng mga batas. Hindi, kundi, binuksan Namin ang piling Alak sa pamamagitan ng mga daliri ng kapangyarihan at lakas."* Ang Kaniyang Aklat ng mga Batas ay ang Kaniyang *"pinakamabigat na patunay sa lahat ng tao, at ang katibayan ng Mahabagin sa Lahat doon sa lahat ng nasa kalangitan at sa lahat ng nasa kalupaan."*

An introduction to the spiritual universe unveiled in the Kitáb-i-Aqdas would fail in its purpose if it did not acquaint the reader with the interpretive and legislative institutions that Bahá'u'lláh has indissolubly linked with the system of law thus revealed. At the foundation of this guidance lies the unique role which Bahá'u'lláh's Writings—indeed the text of the Kitáb-i-Aqdas itself—confer on His eldest son, 'Abdu'l-Bahá. This unique figure is at once the Exemplar of the pattern of life taught by His Father, the divinely inspired authoritative Interpreter of His Teachings and the Center and Pivot of the Covenant which the Author of the Bahá'í Revelation made with all who recognize Him. The twenty-nine years of 'Abdu'l-Bahá's ministry endowed the Bahá'í world with a luminous body of commentary that opens multiple vistas of understanding on His Father's purpose.

Isang pagpapakilala sa espirituwal na santinakpan na inihayag sa Kitáb-i-Aqdas ay mabibigo sa layunin nito kung hindi nito ipakikilala sa mambabasa ang tagapagpaliwanag at pambatasang mga institusyon na ikinabit ni Bahá'u'lláh, na hindi maaaring maputol, sa sistema ng batas na inihayag Niya. Sa saligan ng patnubay na ito nasasalalay ang bukod-tanging bahagi na ipinagkaloob ng mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh—tunay na sa teksto ng Kitáb-i-Aqdas mismo—sa pinakamatandang anak na lalake Niya, si 'Abdu'l-Bahá. Ang bukod-tanging katauhang ito ay kaagad ang Huwaran ng pamamaraan ng pamumuhay na itinuro ng Kaniyang Ama, ang binigyan ng banal na inspirasyon na galing sa Diyos bilang Tagapagpaliwanag ng mga Turo Niya na dapat sundin at ang Sentro at Iniikutan ng Banal na Kasunduan na ginawa ng May-Akda ng Pagpapahayag na Bahá'í sa lahat ng kumilala sa Kaniya. Ang dalawampu't siyam na taong panunungkulan ni 'Abdu'l-Bahá ay nagkaloob sa daigdig ng Bahá'í ng isang maningning na kalipunan ng komentaryo na nagbubukas ng napakaraming mga pananaw ng pang-unawa sa layunin ng Kaniyang Ama.

In His Will and Testament ‘Abdu’l-Bahá conferred the mantle of Guardian of the Cause and infallible Interpreter of its teachings upon His eldest grandson, Shoghi Effendi, and confirmed the authority and guarantee of divine guidance decreed by Bahá’u’lláh for the Universal House of Justice on all matters *“which have not outwardly been revealed in the Book.”* The Guardianship and the Universal House of Justice can thus be seen to be, in the words of Shoghi Effendi, the “Twin Successors” of Bahá’u’lláh and ‘Abdu’l-Bahá. They are the supreme institutions of the Administrative Order which was founded and anticipated in the Kitáb-i-Aqdas and elaborated by ‘Abdu’l-Bahá in His Will.

Sa Habilin at Testamento Niya, ipinagkaloob ni ‘Abdu’l-Bahá ang manta ng Guardian ng Kapakanan at di-nagkakamaling Tagapagpaliwanag ng mga Turo nito sa pinaka-matandang apo Niya, si Shoghi Effendi, at pinagtibay ang kapangyarihan at katiyakan ng banal na patnubay na ipinag-utos ni Bahá’u’lláh para sa Universal House of Justice tungkol sa lahat ng bagay *“na hindi ipinahayag sa Aklat.”* Ang institusyon ng panunungkulan Guardian at ang Universal House of Justice kung gayon ay makikita bilang “Kambal na mga Tagapagmana ng Tungkulin”, sa mga salita ni Shoghi Effendi, nina Bahá’u’lláh at ‘Abdu’l-Bahá. Sila ang kataas-taasang mga institusyon ng Pampangasiwaang Kaayusan na nilikha at inasam sa Kitáb-i-Aqdas at ipinaliwanag nang mabuti ni ‘Abdu’l-Bahá sa Habilin Niya.

During the thirty-six years of his ministry, Shoghi Effendi raised up the structure of elected Spiritual Assemblies—the Houses of Justice referred to in the Kitáb-i-Aqdas, now in their embryonic stage—and with their collaboration initiated the systematic implementation of the Divine Plan that ‘Abdu’l-Bahá had laid out for the diffusion of the Faith throughout the world. He also set in motion, on the basis of the strong administrative structure that had been established, the processes which were an essential preparation for the election of the Universal House of Justice. This body, which came into existence in April 1963, is elected through secret ballot and plurality vote in a three-stage election by adult Bahá’ís throughout the world. The revealed Word of Bahá’u’lláh, together with the interpretations and expositions of the Center of the Covenant and the Guardian of the Cause, constitute the binding terms of reference of the Universal House of Justice and are its bedrock foundation.

Sa loob ng tatlumpu’t anim na taon ng kaniyang panunungkulan, itinayo ni Shoghi Effendi ang gusali ng inihalal na Spiritual Assemblies—ang mga House of Justice na tinutukoy sa Kitáb-i-Aqdas, na ngayon ay nasa yugto ng kanilang pagkabinhi—at sa pamamagitan ng kanilang pagtutulungan ay sinimulan ang maayos na pagsasakatuparan ng Banal na Plano na inihanda ni ‘Abdu’l-Bahá para sa pagpapalaganap ng Pananampalataya sa buong daigdig. Pinakilos rin niya, nang naaayon sa malakas na pampangasiwaang balangkas na naitatag na, ang mga pamamaraan ng isang kinakailangang paghahanda para sa paghahalal ng Universal House of Justice. Ang lupon na ito, na itinatag noong Abril 1963, ay inihalal sa pamamagitan ng sekretong balota at sa boto ng mayoriya sa isang tatlong-yugtong halalan ng mga Bahá’í na nasa hustong gulang sa buong daigdig. Ang nahayag na Salita ni Bahá’u’lláh, kasama ang mga paliwanag at paglalahad ng Sentro ng Banal na Kasunduan at ng Guardian ng Kapakanan, ang bumubuo sa umiiral na mga itinadhana na may kaugnayan sa Universal House of Justice at ang mga saligang-bato ng pagtatatag nito.

As to the laws themselves, a careful scrutiny discloses that they govern three areas: the individual’s relationship to God, physical and spiritual matters which benefit the individual directly, and relations among

Tungkol sa mga batas mismo, inilalantad ng isang masusing pag-aaral na pinamamahalaan nito ang tatlong larangan: ang kaugnayan ng

individuals and between the individual and society. They can be grouped under the following headings: prayer and fasting; laws of personal status governing marriage, divorce and inheritance; a range of other laws, ordinances and prohibitions, as well as exhortations; and the abrogation of specific laws and ordinances of previous Dispensations. A salient characteristic is their brevity. They constitute the kernel of a vast range of law that will arise in centuries to come. This elaboration of the law will be enacted by the Universal House of Justice under the authority conferred upon it by Bahá'u'lláh Himself. In one of His Tablets 'Abdu'l-Bahá elucidates this principle:

isang tao sa Diyos, ang pisikal at espirituwal na mga bagay na tuwirang nakikinabang ang isang tao, at mga ugnayan sa pagitan ng isang tao at lipunan. Maaaring pagpangkat-pangkatin ang mga iyon sa ilalim ng sumusunod na mga pamagat: panalangin at pag-aayuno; mga batas tungkol sa pansariling katayuan na sumasakop sa pag-aasawa, diborsiyo at mana; isang halayhay ng iba pang mga batas, alituntunin at mga pagbabawal, gayundin ng mga payo; at ang pagpapawalang-bisa sa tiyak na mga batas at alituntunin ng nakaraang mga Dispensasyon. Ang isang kapansin-pansing katangian ay ang kanilang pagiging maikli. Binubuo ng mga iyon ang buod ng isang malawak na saklaw ng batas na lilitaw sa darating na mga siglo. Ang mabuting pagpapaliwanag ng batas na ito ay isasakatuparan ng Universal House of Justice sa ilalim ng kapangyarihan na ipinagkaloob dito ni Bahá'u'lláh mismo. Sa isa sa mga Tableta Niya, ipinaliwanag ni 'Abdu'l-Bahá ang simulaing ito:

Those matters of major importance which constitute the foundation of the Law of God are explicitly recorded in the Text, but subsidiary laws are left to the House of Justice. The wisdom of this is that the times never remain the same, for change is a necessary quality and an essential attribute of this world, and of time and place. Therefore the House of Justice will take action accordingly…

Yaong mga bagay na may pangunahing kahalagahan na bumubuo sa saligan ng Batas ng Diyos ay maliwanag na nakatala sa Teksto, ngunit ang pantulong na mga batas ay iniwanan sa House of Justice. Ang kadahilanan nito ay sapagka't ang panahon kailanman ay hindi mananatiling magkakatulad, sapagka't ang pagbabago ay isang kinakailangang katangian at isang mahalagang kagalingan ng daigdig na ito, at ng panahon at ng lugar. Kung gayon, ang House of Justice ay gagawa ng hakbang nang naaayon...

Briefly, this is the wisdom of referring the laws of society to the House of Justice. In the religion of Islám, similarly, not every ordinance was explicitly revealed; nay not a tenth part of a tenth part was included in the Text; although all matters of major importance were specifically referred to, there were undoubtedly thousands of laws which were unspecified. These were devised by the divines of a later age according to the laws of Islamic jurisprudence, and individual divines made conflicting deductions from the original revealed ordinances. All these were enforced. Today this process of deduction is the right of the body of the House of Justice, and the deductions and conclusions of individual learned men have no authority, unless they are endorsed by the House of Justice. The difference is precisely this, that from the conclusions and endorsements of the body of the House of Justice whose members are elected by and known to the worldwide Bahá'í community, no differences will arise; whereas the conclusions of individual divines and

Sa maikling salita, ito ang kadahilanan ng pagsasangguni sa House of Justice ng mga batas ng lipunan. Katulad sa pananampalatayang Islam, hindi lahat ng alituntunin ay maliwanag na ipinahayag. Kahit na ika-sampung bahagi ng ika-sampung bahagi ay hindi naisama sa Teksto; kahima't lahat ng bagay na may pangunahing kahalagahan ay tuwirang tinukoy, walang alinlangan na libu-libong mga batas ang hindi nabanggit. Ang mga ito ay ginawa ng mga teologo sa dakong huli sang-ayon sa mga alituntunin ng doktrinang pambatas ng Islam, at bawat isang teologo ay gumawa ng magkakasalungat na mga kapasiyahan mula sa

scholars would definitely lead to differences, and result in schism, division, and dispersion. The oneness of the Word would be destroyed, the unity of the Faith would disappear, and the edifice of the Faith of God would be shaken.

orihinal na mga ipinahayag na alituntunin. Lahat ng mga ito ay pinairal. Ngayon, ang pamamaraang ito ng pagpapasiya ay karapatan ng lupon ng House of Justice, at ang mga pasiya at palagay ng bawat isang marunong na tao ay walang kapangyarihan, hangga't ang mga iyon ay hindi pinagtitibay ng House of Justice. Ang pagkakaiba ay tiyak na ito, na mula sa mga pasiya at pagtitibay ng lupon ng House of Justice, na ang mga kaanib ay inihalal at kilala ng pamayanang Bahá'í sa buong daigdig, ay walang magsisimulang di-pagkakaunawaan, samantalang ang mga pasiya ng bawat isa sa mga teologo at mga pantas ay tiyak na magdudulot ng mga di-pagkakaunawaan, at magbubunga ng pagpapangkat-pangkat, paghihiwa-hiwalay, at pagwawatak-watak. Ang kaisahan ng Salita ay mawawala, ang pagkakaisa ng Pananampalataya ay mawawala, at ang gusali ng Pananampalataya ng Diyos ay mayayanig.

Although the Universal House of Justice is explicitly authorized to change or repeal its own legislation as conditions change, thus providing Bahá'í law with an essential element of flexibility, it cannot abrogate or change any of the laws which are explicitly laid down in the sacred Text.

Kahima't ang Universal House of Justice ay maliwanag na pinahihintulutan na palitan o pawalang bisa ang sariling batas nito dahilan sa ang mga kalagayan ay nagbabago, pinagkakalooban, samakatuwid, ang batas ng Bahá'í ng isang pangunahing katangian ng pag-aangkop sa kalagayan, hindi nito maaaring pawalan ng bisa o baguhin ang alinman sa mga batas na maliwanag na itinakda sa banal na Teksto.

The society for which certain of the laws of the Aqdas are designed will come only gradually into being, and Bahá'u'lláh has provided for the progressive application of Bahá'í law:

Ang lipunan na kung kanino ang ilang tiyak na mga batas ng Aqdas ay nilayon na mapapairal lamang nang unti-unti, at naglaan si Bahá'u'lláh para sa papaunlad na pagsasakatuparan ng batas ng Bahá'í:

Indeed, the laws of God are like unto the ocean and the children of men as fish, did they but know it. However, in observing them one must exercise tact and wisdom… Since most people are feeble and far-removed from the purpose of God, therefore one must observe tact and prudence under all conditions, so that nothing might happen that could cause disturbance and dissension or raise clamor among the heedless. Verily, His bounty hath surpassed the whole universe and His bestowals encompassed all that dwell on earth. One must guide mankind to the ocean of true understanding in a spirit of love and tolerance. The Kitáb-i-Aqdas itself beareth eloquent testimony to the loving providence of God.

Tunay, ang mga batas ng Diyos ay tulad ng karagatan at ang mga anak ng tao ay tulad ng isda, kung nauunawaan lamang nila ito. Datapuwa't sa pagpapatupad ng mga iyon, dapat magkaroon ng mahusay na pakikitungo at matalinong pang-unawa ... Dahilan sa ang karamihan sa mga tao ay mahihina at napakalayo ang agwat mula sa layunin ng Diyos, samakatuwid, dapat gawain ng isa ang mahusay na pakikitungo at pag-iingat sa ilalim ng lahat ng kalagayan, upang walang anumang mangyari na maaaring maging sanhi ng pagkabagabag at pag-aaway o

pagmumulan ng kaguluhan sa mga pabaya. Sa katunayan, ang pagpapala Niya ay nahigitan pa ang buong santinakpan at ang mga Kaloob Niya ay pumalibot sa lahat ng naninirahan sa kalupaan. Dapat akayin ng isa ang sangkatauhan tungo sa karagatan ng tunay na pagkaunawa sa isang espiritu ng pagmamahal at pagpapaubaya. Ang Kitáb-i-Aqdas mismo ay nagtataglay ng maliwanag na pagpapatibay sa mapagmahal na pagkupkop ng Diyos.

The principle governing this progressive application was enunciated in a letter written on behalf of Shoghi Effendi to a National Spiritual Assembly in 1935:

Ang simulain na namamatnubay dito sa sumusulong na pagpapairal ay ipinahayag sa isang liham na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi, sa isang National Spiritual Assembly noong 1935:

The laws revealed by Bahá'u'lláh in the Aqdas are, whenever practicable and not in direct conflict with the Civil Law of the land, absolutely binding on every believer or Bahá'í institution whether in the East or in the West. Certain laws … should be regarded by all believers as universally and vitally applicable at the present time. Others have been formulated in anticipation of a state of society destined to emerge from the chaotic conditions that prevail today… What has not been formulated in the Aqdas, in addition to matters of detail and of secondary importance arising out of the application of the laws already formulated by Bahá'u'lláh, will have to be enacted by the Universal House of Justice. This body can supplement but never invalidate or modify in the least degree what has already been formulated by Bahá'u'lláh. Nor has the Guardian any right whatsoever to lessen the binding effect much less to abrogate the provisions of so fundamental and sacred a Book.

Ang mga batas na ipinahayag ni Bahá'u'lláh sa Aqdas, kailanman maisasakatuparan at hindi tuwirang salungat sa Batas Sibil ng bansa, ay ganap na may bisa sa bawat nananampalataya o institusyong Bahá'í kahiman nasa Silangan o nasa Kanluran. Ilang mga batas… ang dapat ipalagay ng lahat ng mga nananampalataya bilang pangkalahatan at napakahalaga na pairalin sa kasalukuyang panahon. Ang iba ay binalangkas sa pag-asam sa isang lipunan na natatadhanang lumitaw mula sa lubhang napakagulong mga kalagayan na namamayani ngayon… Ang hindi nabalangkas sa Aqdas, kasama ng mga bagay hinggil sa detalye at ng di-pangunahin ang kahalagahan na magbubuhat sa pagpapairal ng mga batas na nabalangkas na ni Bahá'u'lláh, ay isasabatas ng Universal House of Justice. Ang lupon na ito ay maaaring makapagdagdag ngunit hindi kailanman maaaring pawalang-bisa o baguhin kahit katiting ang anumang naitadhana na ni Bahá'u'lláh. Ni ang Guardian ay walang karapatan kahit anuman na bawasan ang bisa, gaano pa ang pagpapawalang-bisa sa mga nakatadhana na sa lubhang napakahalaga at banal na Aklat.

The number of laws binding on Bahá'ís is not increased by the publication of this translation. When it is deemed timely, the Bahá'í community will be advised which additional laws are binding upon believers, and any guidance or supplementary legislation necessary for their application will be provided.

Ang bilang ng mga batas na umiiral na sa mga Bahá'í ay hindi madadagdagan dahilan sa pagkakalathala ng salin na ito. Kapag naramdaman nang napapanahon na, ang pamayanang Bahá'í ay patatalastasan kung anong mga karagdagang batas ang paiiralin sa mga nananampalataya, at anumang patnubay o

karagdagang batas na kinakailangan para sa pagpapatupad nito ay ibibigay.

In general, the laws of the Kitáb-i-Aqdas are stated succinctly. An example of this conciseness can be seen in the fact that many are expressed only as they apply to a man, but it is apparent from the Guardian's writings that, where Bahá'u'lláh has given a law as between a man and a woman, it applies *mutatis mutandis* between a woman and a man unless the context makes this impossible. For example, the text of the Kitáb-i-Aqdas forbids a man to marry his father's wife (i.e. his stepmother), and the Guardian has indicated that likewise a woman is forbidden to marry her stepfather. This understanding of the implications of the Law has far-reaching effects in light of the fundamental Bahá'í principle of the equality of the sexes, and should be borne in mind when the sacred Text is studied. That men and women differ from one another in certain characteristics and functions is an inescapable fact of nature and makes possible their complementary roles in certain areas of the life of society; but it is significant that 'Abdu'l-Bahá has stated that in this Dispensation *"Equality of men and women, except in some negligible instances, has been fully and categorically announced."*

Kalimitan, ang mga batas sa Kitáb-i-Aqdas ay ipinahayag nang maikli at malinaw. Isang halimbawa ng pagiging maikli nito ngunit malaman, ay makikita sa katotohanan na karamihan ay ipinahayag lamang nang nauukol sa isang lalake, ngunit ito ay maliwanag mula sa mga kasulatan ng Guardian, na kung si Bahá'u'lláh ay nagbigay ng isang batas halimbawa sa isang lalake at isang babae, ito ay umiiral nang mutatis mutandis sa pagitan ng isang babae at isang lalake maliban na lamang kung ang nauugnay na kahulugan nito ay hindi maaring mangyari. Halimbawa, ipinagbabawal ng teksto ng Kitáb-i-Aqdas na magpakasal ang isang lalake sa asawa ng kaniyang ama (a.b., ang kaniyang inang panguman o madrasta) at ipinahiwatig rin ng Guardian na pinagbabawalan gayundin ang isang babae na magpakasal sa kaniyang amang panguman. Ang pang-unawang ito sa mga karagdagang mga kahulugan ng Batas ay may malaking epekto dahilan sa mahalagang simulain ng Bahá'í sa pagkakapantay-pantay ng lalake at babae, at dapat isaisip kapag pinag-aralan ang Banal na Teksto. Na ang mga lalake at mga babae ay nagkakaiba sa isa't isa sa ilang mga katangian at mga tungkulin ay isang hindi maiiwasang katotohanan ng kalikasan at ginagawang posible na gawain ang kanilang tungkulin na magpunuan kung ano ang kulang sa ilang larangan sa buhay ng pamayanan; ngunit makahulugan rin na sinabi ni 'Abdu'l-Bahá na sa Dispensasyon na ito, ang *"Pagkakapantay-pantay ng mga lalake at mga babae, maliban sa ilang kakaunting pagkakataon, ay lubos at walang pasubaling ipinahayag."*

Mention has already been made of the intimate relationship between the Kitáb-i-Aqdas and the Holy Books of previous Dispensations. Especially close is the relationship to the Bayán, the Book of Laws revealed by the Báb. It is elucidated in the following excerpts from letters written on behalf of the Guardian:

Nabanggit na noon ang malapit na kaugnayan sa pagitan ng Kitáb-i-Aqdas at ng mga Banal na Aklat ng mga nakalipas na mga Dispensasyon. Katangi-tangi ang malapit na kaugnayan sa Bayán, ang Aklat ng mga Batas na ipinahayag ng Báb. Ito ay ipinaliwanag sa sumusunod na mga halaw mula sa mga liham na isinulat sa ngalan ng Guardian:

Shoghi Effendi feels that the unity of the Bahá'í Revelation as one complete whole embracing the Faith of the Báb should be emphasized…

Ipinapalagay ni Shoghi Effendi na ang kaisahan ng Pagpapahayag na Bahá'í bilang

The Faith of the Báb should not be divorced from that of Bahá'u'lláh. Though the teachings of the Bayán have been abrogated and superseded by the laws of the Aqdas, yet due to the fact that the Báb considered Himself as the Forerunner of Bahá'u'lláh, we would regard His Dispensation together with that of Bahá'u'lláh as forming one entity, the former being introductory to the advent of the latter.

isang ganap na kabuuan na sumasaklaw sa Pananampalataya ng Báb ay dapat bigyan ng diin... Ang Pananampalataya ng Báb ay hindi dapat ihiwalay doon kay Bahá'u'lláh. Kahima't ang mga turo ng Bayán ay pinawalang-bisa at pinalitan ng mga batas ng Aqdas, gayunpaman, dahilan sa katotohanan na itinuring ng Báb ang Sarili Niya bilang Tagapagpauna ni Bahá'u'lláh, dapat nating kilalanin ang Dispensasyon Niya na kasama noong kay Bahá'u'lláh na bumubuo sa isang kabuuan, ang una bilang pambungad sa pagsapit ng huli.

The Báb states that His laws are provisional and depend upon the acceptance of the future Manifestation. This is why in the Book of Aqdas Bahá'u'lláh sanctions some of the laws found in the Bayán, modifies others and sets aside many.

Ipinahayag ng Báb na ang mga batas Niya ay pansamantala at nananangan sa pagtanggap ng darating na Kahayagan. Ito ang dahilan kung bakit sa Aklat ng Aqdas pinagtibay ni Bahá'u'lláh ang ilan sa mga batas na matatagpuan sa Bayán, binago ang iba at marami ang pinawalang-bisa.

Just as the Bayán had been revealed by the Báb at about the midpoint of His Ministry, Bahá'u'lláh revealed the Kitáb-i-Aqdas around 1873, some twenty years after He had received, in the Síyáh-Chál of Ṭihrán, the intimation of His Revelation. In one of His Tablets He indicates that even after its revelation the Aqdas was withheld by Him for some time before it was sent to the friends in Iran. Thereafter, as Shoghi Effendi has related:

Tulad ng Bayán na ipinahayag ng Báb noong humigit-kumulang sa kalagitnaan ng Panunungkulan Niya, ipinahayag ni Bahá'u'lláh ang Kitáb-i-Aqdas, humigit-kumulang noong 1873, mga dalawampung taon matapos na tanggapin Niya, sa Síyáh-Chal ng Tihrán, ang pahiwatig ng Kaniyang Pagpapahayag. Sa isa sa mga Tableta Niya, ipinahiwatig Niya na kahit na pagkatapos ng pagpapahayag nito, ang Aqdas ay hindi Niya ibinigay nang ilang panahon bago ito ipinadala sa mga kaibigan sa Iran. Pagkatapos noon, tulad ng isinalaysay ni Shoghi Effendi:

The formulation by Bahá'u'lláh, in His Kitáb-i-Aqdas, of the fundamental laws of His Dispensation was followed, as His Mission drew to a close, by the enunciation of certain precepts and principles which lie at the very core of His Faith, by the reaffirmation of truths He had previously proclaimed, by the elaboration and elucidation of some of the laws He had already laid down, by the revelation of further prophecies and warnings, and by the establishment of subsidiary ordinances designed to supplement the provisions of His Most Holy Book. These were recorded in unnumbered Tablets, which He continued to reveal until the last days of His earthly life…

Ang pagkabalangkas ni Bahá'u'lláh, sa Kaniyang Kitáb-i-Aqdas, ng pangunahing mga batas ng Kaniyang Dispensasyon ay sinundan, habang nalalapit na ang wakas ng Misyon Niya, ng pagpapahayag ng ilang mga alituntunin at simulain na nasa pinakabuod ng Kaniyang Pananampalataya, ng muling pagpapatibay ng mga katotohanang ipinahayag na Niya noong una, ng karagdagang pagpapaliwanag at paglilinaw sa ilang mga batas na Kaniya nang naitala, ng pagpapahayag ng karagdagang mga hula at mga babala, at ng pagtatatag ng pantulong na mga alituntunin na naglalayon na mapunuan ang mga itinadhana sa Kaniyang Pinakabanal na Aklat. Ang mga ito ay naitala sa hindi mabilang na mga Tableta, na patuloy na ipinahayag Niya

hanggang sa mga huling araw ng Kaniyang makalupang buhay.

Among such works is the Questions and Answers, a compilation made by Zaynu'l-Muqarrabín, the most eminent of the transcribers of Bahá'u'lláh's Writings. Consisting of answers revealed by Bahá'u'lláh to questions put to Him by various believers, it constitutes an invaluable appendix to the Kitáb-i-Aqdas. In 1978 the most noteworthy of the other Tablets of this nature were published in English as a compilation entitled *Tablets of Bahá'u'lláh revealed after the Kitáb-i-Aqdas*.

Ilan sa gayong mga kasulatan ay ang mga Katanungan at Kasagutan, isang katipunan na ginawa ni Zaynu'l-Muqarrabín, ang pinaka-bantog sa mga tagasulat ng mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh. Binubuo ng mga tugon na ipinahayag ni Bahá'u'lláh sa mga katanungang iniharap sa Kaniya ng maraming mga nananalig, binubuo nito ang isang walang kasing-halaga na apendise sa Kitáb-i-Aqdas. Noong 1978 ang pinakamahahalagang ibang Tableta na katulad nito ay inilathala sa Ingles bilang isang katipunan na may pamagat na *"Tablets of Bahá'u'lláh revealed after the Kitáb-i-Aqdas."*

Some years after the revelation of the Kitáb-i-Aqdas, Bahá'u'lláh had manuscript copies sent to Bahá'ís in Iran, and in the year 1308 A.H. (1890–91 A.D.), towards the end of His life, He arranged for the publication of the original Arabic text of the Book in Bombay.

Ilang taon matapos na maipahayag ang Kitáb-i-Aqdas, ipinakopya ni Bahá'u'lláh ang manuskrito at ipinadala sa mga Bahá'í sa Iran, at sa taong 1308 A.H. (1890-91 A.D.), nang malapit ng magwakas ang buhay Niya, isinaayos Niya ang pagpapalimbag sa Bombay ng orihinal na teksto ng Aklat sa wikang Arabiko.

A word should be said about the style of language in which the Kitáb-i-Aqdas has been rendered into English. Bahá'u'lláh enjoyed a superb mastery of Arabic, and preferred to use it in those Tablets and other Writings where its precision of meaning was particularly appropriate to the exposition of basic principle. Beyond the choice of language itself, however, the style employed is of an exalted and emotive character, immensely compelling, particularly to those familiar with the great literary tradition out of which it arose. In taking up his task of translation, Shoghi Effendi faced the challenge of finding an English style which would not only faithfully convey the exactness of the text's meaning, but would also evoke in the reader the spirit of meditative reverence which is a distinguishing feature of response to the original. The form of expression he selected, reminiscent of the style used by the seventeenth-century translators of the Bible, captures the elevated mode of Bahá'u'lláh's Arabic, while remaining accessible to the contemporary reader. His translations, moreover, are illumined by his uniquely inspired understanding of the purport and implications of the originals.

Isang salita ang dapat banggitin tungkol sa estilo ng wika na ginamit sa pagsasalin sa Ingles ng Kitáb-i-Aqdas. Si Bahá'u'lláh ay nagtataglay ng isang napakagaling na kasanayan sa wikang Arabiko, at minabuting gamitin ito doon sa mga Tableta at ibang mga Kasulatan kung saan ang katumpakan ng kahulugan nito ay lubos na naaangkop sa pagpapaliwanag sa pangunahing simulain. Gayunpaman, bukod sa pagpili ng wika mismo, ang estilo na ginamit ay yaong may dakila at madamdaming katangian, kagila-gilalas ang pang-akit, lalo na doon sa mga may kaalaman sa dakilang tradisyon ng pagsasalin. Hinarap ni Shoghi Effendi ang hamon ng paghanap sa estilo sa Ingles upang hindi lamang buong katapatang maibigay ang kawastuan ng kahulugan ng teksto, kundi yaong makapagbibigay rin sa mambabasa noong espiritu ng mapagmuni-muning pagpipitagan na isang namumukod na katangian ng damdamin sa pagtanggap sa orihinal. Ang uri ng pananalitang ginamit niya, nagpapagunita sa mataas na estilo na ginamit ng mga tagasalin ng Bibliya noong ika-labing

pitong siglo, ay nakabibihag sa marangal na pamamaraan sa wikang Arabiko ni Bahá'u'lláh, samantalang nananatiling madaling maunawaan ng pangkasalukuyang mambabasa. Bukod dito, ang mga salin niya ay pinaningning ng kaniyang namumukod-tanging pang-unawa, na binigyang-sigla, sa kahalagahan at kahulugan ng mga orihinal.

Although both Arabic and English are languages with rich vocabularies and varied modes of expression, their forms differ widely from one another. The Arabic of the Kitáb-i-Aqdas is marked by intense concentration and terseness of expression. It is a characteristic of this style that if a connotation is obvious it should not be explicitly stated. This presents a problem for a reader whose cultural, religious and literary background is entirely different from that of Arabic. A literal translation of a passage which is clear in the Arabic could be obscure in English. It therefore becomes necessary to include in the English translation of such passages that element of the Arabic sentence which is obviously implicit in the original. At the same time, it is vital to avoid extrapolating this process to the point where it would add unjustifiably to the original or limit its meaning. Striking the right balance between beauty and clarity of expression on the one hand, and literalness on the other, is one of the major issues with which the translators have had to grapple and which has caused repeated reconsideration of the rendering of certain passages. Another major issue is the legal implication of certain Arabic terms which have a range of meanings different from those of similar terms in English.

Kahima't ang mga wikang Arabiko at Ingles ay mga wika na mayroong mayamang bokabularyo at maraming magkakaibang panagano ng paghahayag, malawak ang pagkakaiba-iba ng kanilang anyo sa isa't isa. Ang Kitáb-i-Aqdas sa Arabiko ay kapansin-pansin dahilan sa masidhing pagtutuon ng isipan sa buod nito at sa kaiklian ng pananalita. Ito ay isang katangian ng estilo nito na kung ang isang pakahulugan ay maliwanag na, hindi na ito dapat pang malinaw na ilahad. Ito ay nagbibigay ng isang suliranin sa isang mambabasa na ang pinagmulaang kultura, relihiyon at literatura ay ganap na kaiba doon sa Arabiko. Ang isang literal na pagsasalin ng isang talata na malinaw sa Arabiko ay maaaring maging hindi malinaw sa Ingles. Kung gayon, naging mahalagang pangangailangan na isama sa salin sa Ingles ng gayong mga talata ang pangungusap sa Arabiko na walang pagdududang maliwanag sa orihinal. Kaalinsabay nito ay ang kahalagahan ng pag-iwas sa labis na pagpapalagay sa pamamaraan na ito hanggang sa maging dahilan ng hindi makatuwirang pagdaragdag sa orihinal o matatakdaan ang kahulugan nito. Ang pagtuklas sa tamang balanse sa pagitan ng kagandahan at kalinawan ng pananalita sa isang dako, at ang pagkaliteral sa kabilang dako, ay isa sa mga pangunahing suliranin na hinaharap ng mga tagasalin at naging dahilan ng paulit-ulit na pagsasaalang-alang sa pagsasalin ng ilang mga sipi. Isa pang pangunahing paksa ay ang legal na kahulugan ng ilang termino sa Arabiko na maraming kahulugan na kaiba doon sa mga katulad na termino sa Ingles.

Sacred Scripture clearly requires especial care and faithfulness in translation. This is supremely important in the case of a Book of Laws, where it is vital that the reader not be misled or drawn into fruitless disputation. As had been foreseen, the translation of the Most Holy Book has been a work of the utmost difficulty, requiring consultation

Ang Banal na Kasulatan ay malinaw na nangangailangan ng natatanging pag-iingat at katapatan sa pagsasalin. Ito ay may sukdulang kahalagahan sa kaso ng Aklat ng mga Batas, kung saan napakahalaga na ang mambabasa ay

with experts in many lands. Since some one-third of the text had already been translated by Shoghi Effendi, it was necessary to strive for three qualities in the translation of the remaining passages: accuracy of meaning, beauty of English, and conformity of style with that used by Shoghi Effendi.

hindi dapat magkaroon ng maling pakahulugan o mabulid sa walang kapararakang pagtatala. Tulad ng nakini-kinita, ang pagsasalin ng Pinakabanal na Aklat ay naging isang gawain na sukdulan ang kahirapan, nangangailangan ng pakikipagsanggunian sa mga dalubhasa sa maraming bansa. Dahilan sa mayroon ng ikatlong bahagi ng teksto na naisalin na ni Shoghi Effendi, kinailangang pagsumikapan ang tatlong katangian ng pagsasalin ng natitirang mga sipi: ang ganap na kawastuan ng kahulugan, kagandahan ng wikang Ingles, at ang pagkakatulad ng estilo doon sa ginamit ni Shoghi Effendi.

We are now satisfied that the translation has reached a point where it represents an acceptable rendering of the original. Nevertheless, it will undoubtedly give rise to questions and suggestions which may shed further light on its content. We are profoundly grateful for the assiduous and meticulous labors of the members of the Committees whom we commissioned to prepare and review this translation of the Aqdas and to compose the annotations. We are confident that this first authorized English edition of the Kitáb-i-Aqdas will enable its readers to obtain at least an inkling of the splendor of the Mother Book of the Bahá'í Dispensation.

Kami ay nalulugod na, ngayon, ang pagsasalin ay umabot na sa kalagayang nagbibigay na ito ng isang kasiya-siyang pagsasalin ng orihinal. Gayunpaman, walang alinlangan na magbibigay ito ng mga katanungan at mungkahi na maaaring magbigay ng karagdagang liwanag sa nilalaman nito. Kami ay taimtim na nagpapasalamat sa masigasig at maselan na pagsisikap ng mga kaanib ng mga Lupon na aming inatasang maghanda at magrepaso sa salin na ito ng Aqdas at gumawa ng mga tala ng pagpapaliwanag. Nananalig kami na magagawa nitong may kapahintulutan na unang edisyon sa Ingles ng Kitáb-i-Aqdas na matamo ng mga mambabasa nito ang kahit na pahiwatig ng karingalan ng Inang Aklat ng Dispensasyong Bahá'í.

Our world has entered the dark heart of an age of fundamental change beyond anything in all of its tumultuous history. Its peoples, of whatever race, nation, or religion, are being challenged to subordinate all lesser loyalties and limiting identities to their oneness as citizens of a single planetary homeland. In Bahá'u'lláh's words: *"the well-being of mankind, its peace and security, are unattainable unless and until its unity is firmly established."* May the publication of this translation of the Kitáb-i-Aqdas lend a fresh impulse to the realization of this universal vision, opening vistas of a worldwide regeneration.

Ang ating daigdig ay pumasok na sa madilim na kaibuturan ng isang panahon ng pangunahing pagbabago nang higit pa sa anumang bagay sa kabuuan ng napakagulong kasaysayan nito. Ang mga tao nito, ng alinmang lahi, bansa o pananampalataya, ay hinahamon na ipailalim ang lahat ng mga di-pangunahing pinagkakaabalahan at humahadlang na pansariling katangian sa kanilang pagkakaisa bilang mamamayan ng iisang planeta na tinubuang lupa. Sa mga salita ni Bahá'u'lláh: *"ang katiwasayan ng sangkatauhan, ang kapayapaan at kaligtasan nito, ay hindi matatamo hanggang at habang ang pagkakaisa nito ay hindi matibay na naitatatag."* Harinawang ang paglalathala ng salin na ito ng Kitáb-i-Aqdas ay makapagbigay ng panibagong simbuyo sa katuparan ng pansantinakpang pananaw na ito, na

The Universal House of Justice

• • •

A Description of the Kitáb-i-Aqdas
by Shoghi Effendi

Taken from *God Passes By*,
his history of the first Bahá'í century

Unique and stupendous as was this Proclamation, it proved to be but a prelude to a still mightier revelation of the creative power of its Author, and to what may well rank as the most signal act of His ministry—the promulgation of the Kitáb-i-Aqdas. Alluded to in the Kitáb-i-Íqán, the principal repository of that Law which the Prophet Isaiah had anticipated, and which the writer of the Apocalypse had described as the *"new heaven"* and the *"new earth,"* as *"the Tabernacle of God,"* as the *"Holy City,"* as the *"Bride,"* the *"New Jerusalem coming down from God,"* this *"Most Holy Book,"* whose provisions must remain inviolate for no less than a thousand years, and whose system will embrace the entire planet, may well be regarded as the brightest emanation of the mind of Bahá'u'lláh, as the Mother Book of His Dispensation, and the Charter of His New World Order.

Revealed soon after Bahá'u'lláh had been transferred to the house of 'Údí Khammár (circa 1873), at a time when He was still encompassed by the tribulations that had afflicted Him, through the acts committed by His enemies and the professed adherents of His Faith, this Book, this treasury enshrining the priceless gems of His Revelation, stands out, by virtue of the principles it inculcates, the administrative institutions it ordains and the function with which it invests the appointed Successor of its Author, unique and incomparable among the world's sacred Scriptures. For, unlike the Old Testament and the Holy Books which preceded it, in which the actual precepts uttered by the Prophet Himself are nonexistent; unlike the Gospels, in which the few sayings attributed

makapagbubukas ng mga kaisipan sa isang pandaigdig na pagbabagong-buhay.

Ang Universal House of Justice

• • •

Isang Paglalarawan ng Kitáb-i-Aqdas
ni Shoghi Effendi

Hinalaw Mula *Sa God Passes By*,
ang kaniyang kasaysayan ng unang Siglo ng Bahá'í

Gaanuman ang pagiging bukod-tangi at kagila-gilalas ng Pagpapahayag na ito, ito ay napatunayan na isa lamang simula sa isa pang higit na makapangyarihang paghahayag ng mapanlikhang lakas ng May-Akda nito, at maaaring kilalanin bilang siyang pinaka-kahanga-hangang gawa ng panunungkulan Niya—ang pagpapahayag ng Kitáb-i-Aqdas. Nang naipahiwatig na Kitáb-i-Íqán, yaong pangunahing repositoryo ng Batas na inihula ni Propeta Isaiah, at yaong inilarawan ng sumulat ng Apokalipsis bilang ang *"bagong langit"* at ang *"bagong lupa"*, bilang *"ang Tabernakulo ng Diyos,"* bilang ang *"Banal na Lunsod,"* bilang ang *"Nobya,"* ang *"Bagong Jerusalem na bumaba mula sa Diyos,"* ang *"Pinakabanal na Aklat"* na ito, na ang mga itinadhana ay mananatiling hindi malalabag sa loob ng hindi kukulangin ng isang libong taon, at yaong ang pamamaraan ay sasaklaw sa buong planeta, ay makababuting dapat kilalanin bilang pinakamaningning na bunga ng isipan ni Bahá'u'lláh, bilang Inang Aklat ng Dispensasyon Niya, at ang Saligan ng Kaniyang Bagong Pandaigdig na Kaayusan.

Ipinahayag nang hindi pa natatagalang nakalipat si Bahá'u'lláh sa bahay ni 'Údí Khammár (humigit-kumulang noong 1873), sa isang panahon nang Siya ay napapalibutan pa ng mga pagdurusa na nagbigay-hapis sa Kaniya, dahilan sa mga kilos na ginawa ng Kaniyang mga kalaban at noong mga nagsasabing sumusunod sa Pananampalataya Niya, ang Aklat na ito, ang ingatang-yaman na ito na nagdadambana sa walang kasing-halagang mga hiyas ng Kaniyang

to Jesus Christ afford no clear guidance regarding the future administration of the affairs of His Faith; unlike even the Qur'án which, though explicit in the laws and ordinances formulated by the Apostle of God, is silent on the all-important subject of the succession, the Kitáb-i-Aqdas, revealed from first to last by the Author of the Dispensation Himself, not only preserves for posterity the basic laws and ordinances on which the fabric of His future World Order must rest, but ordains, in addition to the function of interpretation which it confers upon His Successor, the necessary institutions through which the integrity and unity of His Faith can alone be safeguarded.

Rebelasyon, ay lumilitaw, dahilan sa mga simulaing ikinikintal nito, sa pampangasiwaang mga institusyon na itinatadhana nito at sa tungkulin na ipinagkaloob nito sa hinirang na Tagapagmana ng Tungkulin ng May-Akda nito, na namumukod-tangi at walang katulad sa mga banal na Kasulatan ng daigdig. Sapagka't hindi katulad ng Lumang Tipan at ng mga Banal na Aklat na nauna rito, na hindi nasusulat ang tunay na mga alituntunin na sinabi ng Propeta Mismo; hindi katulad ng mga Ebanghelyo, na ang kaunting mga pangungusap na ipinalagay na mula kay Jesukristo ay hindi nagbigay ng malinaw na patnubay tungkol sa darating na pangasiwaan ng Pananampalataya Niya; hindi katulad ng kahit ng Qur'án na, kahima't maliwanag sa mga batas at alituntunin na ipinahayag ng Apostol ng Diyos, ay tahimik sa mahalaga sa lahat na paksa ng tagapagmana ng tungkulin, ang Kitáb-i-Aqdas, na ipinahayag mula sa simula hanggang sa wakas ng May-Akda Mismo ng Dispensasyon, ay hindi lamang iningatan para sa salinlahi sa hinaharap ang mga pangunahing batas at alituntunin na kinasasalalayan ng balangkas ng darating na Pandaigdig na Kaayusan Niya, ngunit itinadhana, bilang karagdagan sa tungkulin ng pagpapaliwanag na ipinagkaloob nito sa Tagapagmana ng Tungkulin Niya, ang kinakailangang mga institusyon na siyang tanging maaari lamang makapangalaga sa karangalan at pagkakaisa ng Pananampalataya Niya.

In this Charter of the future world civilization its Author—at once the Judge, the Lawgiver, the Unifier and Redeemer of mankind—announces to the kings of the earth the promulgation of the *"Most Great Law"*; pronounces them to be His vassals; proclaims Himself the *"King of Kings"*; disclaims any intention of laying hands on their kingdoms; reserves for Himself the right to *"seize and possess the hearts of men"*; warns the world's ecclesiastical leaders not to weigh the *"Book of God"* with such standards as are current amongst them; and affirms that the Book itself is the *"Unerring Balance"* established amongst men. In it He formally ordains the institution of the *"House of Justice,"* defines its functions, fixes its revenues, and designates its members as the *"Men of Justice,"* the *"Deputies of God,"* the *"Trustees of the All-Merciful"*; alludes to the future Center of His Covenant, and invests Him with the right of interpreting His holy Writ; anticipates by implication the institution of Guardianship; bears witness to the revolutionizing effect of His World Order; enunciates the doctrine of the *"Most Great*

Sa Saligang ito ng darating na pandaigdig na kabihasnan ipinatalastas ng May-Akda nito—na kaagad ay ang Hukom, ang Nagbibigay ng Batas, ang Tagapag-isa at Manunubos ng sangkatauhan—ipinapatalastas sa mga hari ng daigdig ang pagpapahayag ng *"Pinakadakilang Batas"*; malinaw na ipinahayag na sila ay Kaniyang mga tagapaglingkod lamang; ipinahayag na Siya Mismo ang *"Hari ng mga Hari"*; itinatatuwa ang anumang hangarin na angkinin ang kanilang mga kaharian; inilalaan para sa Kaniyang Sarili ang karapatan na *"bihagin at angkinin ang mga puso ng tao"*; binalaan ang mga pinuno ng mga relihiyon ng daigdig na huwag timbangin ang *"Aklat ng Diyos"* sa

Infallibility" of the Manifestation of God; asserts this infallibility to be the inherent and exclusive right of the Prophet; and rules out the possibility of the appearance of another Manifestation ere the lapse of at least one thousand years.

pamamagitan ng gayong mga pamantayan na laganap sa kanila; at pinagtibay na ang Aklat mismo ay ang *"Hindi Nagkakamaling Timbangan"* na itinatag sa mga tao. Dito ay pormal na itinadhana Niya ang institusyon ng *"House of Justice,"* ipinaliwanag ang mga tungkulin nito, itinakda ang mga kita nito, at pinangalanan ang mga kaanib nito bilang *"Mga Tao ng Katarungan,"* ang mga *"Kinatawan ng Diyos,"* ang mga *"Katiwala ng Mahabagin sa Lahat"*; ipinahihiwatig ang Kaniyang darating na Sentro ng Banal na Kasunduan, at binigyan Siya ng karapatan na ipaliwanag ang Kaniyang Banal na Kasulatan; inaasahan sa pamamagitan ng pahiwatig ang institusyon ng panunungkulan ng Guardian; sumasaksi sa lubusang nakapagbabagong bisa ng Kaniyang Pandaigdig na Kaayusan; ipinaliliwanag ang doktrina ng *"Pinakadakilang Walang Pagkakamali"* ng Kahayagan ng Diyos; pinaninindigan ang walang pagkakamaling ito na likas at tanging karapatan ng Propeta; at sinabi na hindi maaaring maganap ang pagdating ng ibang Kahayagan bago lumipas ang hindi kukulangin sa isang libong taon.

In this Book He, moreover, prescribes the obligatory prayers; designates the time and period of fasting; prohibits congregational prayer except for the dead; fixes the Qiblih; institutes the Ḥuqúqu'lláh (Right of God); formulates the law of inheritance; ordains the institution of the Mashriqu'l-Adhkár; establishes the Nineteen Day Feast, the Bahá'í festivals and the Intercalary Days; abolishes the institution of priesthood; prohibits slavery, asceticism, mendicancy, monasticism, penance, the use of pulpits and the kissing of hands; prescribes monogamy; condemns cruelty to animals, idleness and sloth, backbiting and calumny; censures divorce; interdicts gambling, the use of opium, wine and other intoxicating drinks; specifies the punishments for murder, arson, adultery and theft; stresses the importance of marriage and lays down its essential conditions; imposes the obligation of engaging in some trade or profession, exalting such occupation to the rank of worship; emphasizes the necessity of providing the means for the education of children; and lays upon every person the duty of writing a testament and of strict obedience to one's government.

Sa Aklat na ito, bukod dito, iniaatas Niya ang mga dalanging katungkulang isagawa; itinatakda ang oras at panahon ng pag-aayuno; ipinagbabawal ang pangkong-gregasyong pananalangin maliban ang para sa mga yumao; itinatakda ang Qiblih; itinatatag ang Huqúqu'lláh (Karapatan ng Diyos); binabalangkas ang batas ng pagpapamana; itinatadhana ang institusyon ng Mashriqu'l-Adhkár; itinatatag ang Nineteen Day Feast, ang mga pagdiriwang ng Bahá'í at ng mga Paningit na Araw (Intercalary Days); pinawawalang-bisa ang institusyon ng pagpapari; ipinagbabawal ang pang-aalipin, matinding pagkakait sa sarili, pamamalimos, pagmomonghe, pagpepenitensiya, ang paggamit ng pulpito at ang paghalik sa mga kamay; iniaatas ang pagkakaroon ng isang asawa lamang; isinusumpa ang kalupitan sa mga hayop, kawalang ginagawa at katamaran, paninirang-puri at malisyosong pagbibintang; minamasama ang diborsiyo; ipinagbabawal ang sugal, ang paggamit ng opyo, alak at ibang nakalalasing na inumin; tinitiyak ang mga

kaparusahan sa sadyang pagpatay ng kapwa, sadyang panununog, pakikiapid at pagnanakaw; binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagpapakasal at ibinibigay ang pangunahing mga kundisyon nito; iginigiit ang tungkuling maging abala sa ilang gawain o propesyon, itinataas ang gayong gawain sa antas ng pagsamba; binibigyang diin ang pangangailangan ng paglalaan ng panustos para sa edukasyon ng mga bata; at ipinag-uutos sa bawat isa ang tungkulin ng paggawa ng testamento at ang mahigpit na pagsunod ng indibidwal sa pamahalaan.

Apart from these provisions Bahá'u'lláh exhorts His followers to consort, with amity and concord and without discrimination, with the adherents of all religions; warns them to guard against fanaticism, sedition, pride, dispute and contention; inculcates upon them immaculate cleanliness, strict truthfulness, spotless chastity, trustworthiness, hospitality, fidelity, courtesy, forbearance, justice and fairness; counsels them to be *"even as the fingers of one hand and the limbs of one body"*; calls upon them to arise and serve His Cause; and assures them of His undoubted aid. He, furthermore, dwells upon the instability of human affairs; declares that true liberty consists in man's submission to His commandments; cautions them not to be indulgent in carrying out His statutes; prescribes the twin inseparable duties of recognizing the *"Dayspring of God's Revelation"* and of observing all the ordinances revealed by Him, neither of which, He affirms, is acceptable without the other.

Bukod sa mga tadhanang ito, pinapayuhan ni Bahá'u'lláh ang mga nananalig sa Kaniya na makisama, nang may pagkakaibigan at pagkakaunawaan at nang walang pagtatangi, sa mga sumusunod sa lahat ng ibang relihiyon; binabalaan sila na mag-ingat laban sa panatisismo, paghihimagsik, kapalaluan, pag-aaway at pagtatalo; ikinikintal sa kanila ang dalisay na kalinisan, mahigpit na pagkamakatotohanan, walang batik na kalinisan ng puri, pagkamapagkakatiwalaan, pagiging magiliw sa pagtanggap ng panauhin, katapatan, pagiging magalang, pagiging mapagtimpi, pagiging makatarungan at walang kinikilingan; pinapayuhan sila na maging *"katulad ng mga daliri ng isang kamay at mga bisig ng isang katawan"*; nananawagan sa kanila na magbangon at paglingkuran ang Kaniyang Kapakanan; at tinitiyak sa kanila ang hindi Niya mapag-aalinlanganang tulong. Bukod doon, ay Kaniyang tinuuan nang matagal ang kawalan ng katatagan ng mga gawaing pantao; ipinahahayag na ang tunay na kalayaan ay binubuo ng pagsunod sa Kaniyang mga utos; pinapag-iingat sila na huwag maging masyadong maluwag sa pagsasakatuparan ng Kaniyang mga batas; iniaatas ang kambal at hindi mapaghihiwalay na mga tungkulin ng pagkilala sa *"Pamimitak ng Rebelasyon ng Diyos"* at sa pagtupad sa lahat ng mga utos na ipinahayag Niya, na ang isa lamang dito, Kaniyang pinagtitibay, ay hindi tatanggapin kung wala yaong isa.

The significant summons issued to the Presidents of the Republics of the American continent to seize their opportunity in the Day of God and to champion the cause of justice; the injunction to the members of parliaments throughout the world, urging the adoption of a universal

Ang makahulugang panawagan na ibinigay sa mga Pangulo ng mga Republika sa kontinente ng Amerika na sunggaban ang kanilang pagkakataon sa Araw ng Diyos at itaguyod ang

script and language; His warnings to William I, the conqueror of Napoleon III; the reproof He administers to Francis Joseph, the Emperor of Austria; His reference to *"the lamentations of Berlin"* in His apostrophe to *"the banks of the Rhine"*; His condemnation of *"the throne of tyranny"* established in Constantinople, and His prediction of the extinction of its *"outward splendor"* and of the tribulations destined to overtake its inhabitants; the words of cheer and comfort He addresses to His native city, assuring her that God had chosen her to be *"the source of the joy of all mankind"*; His prophecy that *"the voice of the heroes of Khurásán"* will be raised in glorification of their Lord; His assertion that men *"endued with mighty valor"* will be raised up in Kirmán who will make mention of Him; and finally, His magnanimous assurance to a perfidious brother who had afflicted Him with such anguish, that an *"ever-forgiving, all-bounteous"* God would forgive him his iniquities were he only to repent—all these further enrich the contents of a Book designated by its Author as *"the source of true felicity,"* as the *"Unerring Balance,"* as the *"Straight Path,"* and as the *"quickener of mankind."*

The laws and ordinances that constitute the major theme of this Book, Bahá'u'lláh, moreover, has specifically characterized as *"the breath of life unto all created things,"* as *"the mightiest stronghold,"* as the *"fruits"* of His *"Tree,"* as *"the highest means for the maintenance of order in the world and the security of its peoples,"* as *"the lamps of His wisdom and loving-providence,"* as *"the sweet-smelling savor of His garment,"* and the *"keys"* of His *"mercy"* to His creatures. *"This Book,"* He Himself testifies, *"is a heaven which We have adorned with the stars of Our commandments and prohibitions." "Blessed the man,"* He, moreover, has stated, *"who will read it, and ponder the verses sent*

layunin ng katarungan; ang utos sa mga kaanib ng mga parliamento sa buong daigdig, iminungkahi nang mahigpit ang pagpapatibay sa isang pandaigdig na pagsulat at wika; ang Kaniyang mga babala kay William I, ang tagalupig ni Napoleon III; ang Kaniyang panunumbat na ibinigay kay Francis Joseph, ang Emperador ng Austria; ang Kaniyang pagtukoy sa *"mga pagtangis ng Berlin"* sa pagbati sa *"mga pampang ng Rhine,"* ang Kaniyang pagsumpa sa *"trono ng paniniil"* na itinatag sa Constantinople, at ang Kaniyang mga hula sa pagkalipol ng "panlabas na kaluwalhatian nito" at sa mga pagdurusa na natatadhanang darating sa mga mamamayan nito; ang mga salita ng pagpapasaya at pang-alo na ibinigay Niya sa Kaniyang tinubuang lunsod, tinitiyak dito na pinili siya na maging *"bukal ng kaligayahan ng buong sangkatauhan,"* ang Kaniyang hula na *"ang tinig ng mga bayani ng Khurásán"* ay palalakasin sa pagluwalhati sa kanilang Panginoon; ang Kaniyang paghahayag na ang mga *"taong pinagkalooban ng makapangyarihang kagitingan"* na babanggit sa Kaniya ay magbabangon sa Kirmán; at sa katapusan ang magandang-loob na paniniyak Niya sa isang lilong kapatid na nagpadanas sa Kaniya ng gayong dalamhati, na patatawarin siya ng isang *"laging nagpapatawad, mapagpala sa lahat"* na Diyos sa kaniyang mga labis na kawalang-katarungan kung siya lamang ay magsisisi—lahat ng mga ito ay higit pang nagpayaman sa mga nilalaman ng isang Aklat ng itinalaga ng May-Akda nito bilang *"ang pinagmumulan ng tunay na kaligayahan,"* ang *"Hindi-Nagkakamaling Timbangan,"* ang *"Tuwid na Landas,"* at bilang *"ang nagbibigay sigla sa sangkatauhan,"*

Ang mga batas at alituntunin na bumubuo sa pangunahing bahagi ng paksa ng Aklat na ito, bilang kadagdagan, ay natatanging ipinakilala ni Bahá'u'lláh bilang *"ang hinga ng buhay sa lahat ng nilalang na bagay", bilang "ang pinakamatatag na muog"*, bilang ang *"mga bunga"* ng Kaniyang *"Puno,"* bilang *"ang pinakamahusay na paraan para sa pagpapanatili ng kaayusan sa daigdig at kaligtasan ng mga tao nito,"* bilang *"ang mga*

down in it by God, the Lord of Power, the Almighty. Say, O men! Take hold of it with the hand of resignation ... By My life! It hath been sent down in a manner that amazeth the minds of men. Verily, it is My weightiest testimony unto all people, and the proof of the All-Merciful unto all who are in heaven and all who are on earth." And again: *"Blessed the palate that savoreth its sweetness, and the perceiving eye that recognizeth that which is treasured therein, and the understanding heart that comprehendeth its allusions and mysteries. By God! Such is the majesty of what hath been revealed therein, and so tremendous the revelation of its veiled allusions that the loins of utterance shake when attempting their description."* And finally: *"In such a manner hath the Kitáb-i-Aqdas been revealed that it attracteth and embraceth all the divinely appointed Dispensations. Blessed those who peruse it! Blessed those who apprehend it! Blessed those who meditate upon it! Blessed those who ponder its meaning! So vast is its range that it hath encompassed all men ere their recognition of it. Erelong will its sovereign power, its pervasive influence and the greatness of its might be manifested on earth."*

• • •

tanglaw ng wastong kaalaman at mapagmahal na pagkupkop," bilang *"ang kalugod-lugod na halimuyak ng Kaniyang damit,"* at ang Kaniyang mga *"susi"* ng Kaniyang *"habag"* sa Kaniyang mga nilalang. *"Ang Aklat na ito,"* pinatutunayan Niya Mismo, *"ay isang kalangitan na pinalamutihan Namin ng mga bituin ng Aming mga kautusan at mga pagbabawal." "Pinagpala ang tao,"* Kaniyang dagdag na sinabi, *"na makababasa nito, at mumuni-muniin ang mga bersikulo na ibinaba dito ng Diyos, ang Panginoon ng Lakas, ang Makapangyarihan sa Lahat. Sabihin, O mga tao! Hawakan ito sa kamay nang may lubos na pagsang-ayon ng kalooban... Saksi ang Aking Buhay! Ito ay ipinadala sa isang paraan na pinanggigilalas ang mga isipan ng tao. Sa katunayan, ito ang Aking pinakamahalagang pagpapatunay sa lahat ng tao, at ang katibayan ng Mahabagin sa Lahat doon sa lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan."* At muli: *"Pinagpala ang panlasa na makatitikim sa tamis nito, at ang nakakikilalang mata na makikilala yaong iniingatan sa loob nito, at ang nakauunawang puso na makauunawa sa mga pahiwatig at mga hiwaga nito. Saksi ang Diyos! Ganoon ang kamaharlikaan ng anumang naipahayag sa loob nito, at lubhang kamangha-mangha ang pagpapahayag ng nalalambungang mga pahiwatig nito na ang mga balakang ng pananalita ay nanginginig kapag tatangkain ang paglalarawan sa mga iyon."* At sa wakas: *"Sa ganitong gawi ipinahayag ang Kitáb-i-Aqdas na nahahalina at nasasaklaw ang lahat ng banal na itinadhanang mga Dispensasyon. Pinagpala yaong mga makababasa nito! Pinagpala yaong magmumuni-muni rito! Pinagpala yaong magninilay-nilay sa kahulugan nito! Lubhang napakalawak ang saklaw nito na napaligiran nito ang lahat ng tao bago pa nila nakilala ito. Hindi maglalaon ang pinakadakilang lakas nito, ang laganap na bisa nito at ang kadakilaan ng kapangyarihan nito ay mahahayag sa kalupaan."*

• • •

The Kitáb-i-Aqdas

In the name of Him Who is the Supreme Ruler over all that hath been and all that is to be

1. The first duty prescribed by God for His servants is the recognition of Him Who is the Dayspring of His Revelation and the Fountain of His laws, Who representeth the Godhead in both the Kingdom of His Cause and the world of creation. Whoso achieveth this duty hath attained unto all good; and whoso is deprived thereof hath gone astray, though he be the author of every righteous deed. It behooveth everyone who reacheth this most sublime station, this summit of transcendent glory, to observe every ordinance of Him Who is the Desire of the world. These twin duties are inseparable. Neither is acceptable without the other. Thus hath it been decreed by Him Who is the Source of Divine inspiration.

2. They whom God hath endued with insight will readily recognize that the precepts laid down by God constitute the highest means for the maintenance of order in the world and the security of its peoples. He that turneth away from them is accounted among the abject and foolish. We, verily, have commanded you to refuse the dictates of your evil passions and corrupt desires, and not to transgress the bounds which the Pen of the Most High hath fixed, for these are the breath of life unto all created things. The seas of Divine wisdom and Divine utterance have risen under the breath of the breeze of the All-Merciful. Hasten to drink your fill, O men of understanding! They that have violated the Covenant of God by breaking His commandments, and have turned back on their heels, these have erred grievously in the sight of God, the All-Possessing, the Most High.

Ang Kitáb-i-Aqdas

Sa Ngalan Niya na Pinakadakilang Hari sa lahat ng nilalang at lalalangin pa

1. Ang unang tungkuling iniutos ng Diyos para sa mga tagapaglingkod Niya ay ang pagkilala sa Kaniya na Pamimitak ng Kaniyang Rebelasyon at ang Bukal ng Kaniyang mga batas, na kumakatawan sa Diyos kapuwa sa Kaharian ng Kaniyang Kapakanan at sa daigdig ng sangnilikha. Sinuman ang makagawa ng tungkuling ito ay natamo na ang lahat ng kabutihan; at sinuman ang pinagkaitan niyon ay naligaw, kahiman siya ang may-akda ng bawat makatarungang gawa. Nararapat sa lahat ng nakarating sa pinakamataas na katayuang ito, ang rurok ng nangingibabaw na kaluwalhatiang ito, na sundin ang bawat alituntunin Niya na Mithiin ng daigdig. Ang kambal na tungkuling ito ay di- mapaghihiwalay. Ang isa ay hindi tatanggapin kung wala ang isa. Sa gayon, ito ay iniutos Niya na Pinagmumulan ng Banal na inspirasyon.

2. Sila na pinagkalooban ng Diyos ng panloob na pang-unawa ay kaagad mauunawan na ang mga utos na ibinigay ng Diyos ay ang bumubuo sa pinakamataas na pamamaraan para sa pagpapanatili ng kaayusan sa daigdig at sa kaligtasan ng mga tao nito. Siya na tumalikod sa mga iyon ay nabibilang doon sa mga kahabag-habag at hangal. Kami, sa katunayan, ay nag-uutos sa inyo na tanggihan ang mga utos ng inyong masasamang simbuyo at katiwalian ng inyong mga hangarin, at huwag lumampas sa mga hangganan na itinakda ng Panulat ng Pinaka-Mataas, sapagka't ito ang hinga ng buhay sa lahat ng nilikhang bagay. Ang mga karagatan ng Banal na wastong kaalaman at Banal na pananalita ay pumailanlang sa ilalim ng hinga ng simoy ng Mahabagin sa Lahat. Magmadali upang inumin ang inyong bahagi, O mga tao na may pang-unawa! Sila na lumabag sa Banal na Kasunduan ng Diyos dahilan sa paglabag sa Kaniyang mga utos, at sa kanilang paglabag ay tumalikod at lumayo, ang mga ito ay

3. O ye peoples of the world! Know assuredly that My commandments are the lamps of My loving providence among My servants, and the keys of My mercy for My creatures. Thus hath it been sent down from the heaven of the Will of your Lord, the Lord of Revelation. Were any man to taste the sweetness of the words which the lips of the All-Merciful have willed to utter, he would, though the treasures of the earth be in his possession, renounce them one and all, that he might vindicate the truth of even one of His commandments, shining above the Dayspring of His bountiful care and loving-kindness.

4. Say: From My laws the sweet-smelling savor of My garment can be smelled, and by their aid the standards of Victory will be planted upon the highest peaks. The Tongue of My power hath, from the heaven of My omnipotent glory, addressed to My creation these words: "Observe My commandments, for the love of My beauty." Happy is the lover that hath inhaled the divine fragrance of his Best-Beloved from these words, laden with the perfume of a grace which no tongue can describe. By My life! He who hath drunk the choice wine of fairness from the hands of My bountiful favor will circle around My commandments that shine above the Dayspring of My creation.

5. Think not that We have revealed unto you a mere code of laws. Nay, rather, We have unsealed the choice Wine with the fingers of might and power. To this beareth witness that which the Pen of Revelation hath revealed. Meditate upon this, O men of insight!

malubhang nagkamali sa paningin ng Diyos, ang Nagmamay-ari ng Lahat, ang Pinakamataas.

3. O kayong mga tao ng daigdig! Alamin nang may katiyakan na ang Aking mga utos ay ang mga tanglaw ng Aking mapagmahal na pagkupkop sa Aking mga tagapaglingkod, at ang mga susi ng Aking habag sa Aking mga nilalang. Sa gayon ito ay pinababa mula sa kalangitan ng Kalooban ng inyong Panginoon, ang Panginoon ng Rebelasyon. Sinumang tao ang makakatikim sa katamisan ng mga salita na ang mga labi ng Mahabagin sa Lahat ay ninais na bigkasin, gagawain niya, kahiman siya ang nagmamay-ari ng mga kayamanan ng kalupaan, ay itatakwil ang mga iyon nang isa-isa at lahat, upang magawa niyang mapatunayan ang katotohanan ng kahit isa sa Kaniyang mga utos, na nagniningning sa ibabaw ng Pamimitak ng Kaniyang mapagpalang pangangalaga at mapagmahal na kagandahang-loob.

4. Sabihin: Mula sa Aking mga batas, ang kalugod-lugod na halimuyak ng Aking damit ay masasamyo, at sa pamamagitan ng kanilang tulong ang mga bandila ng Tagumpay ay itititirik sa pinakamatataas na bundok. Ang Dila ng Aking lakas, mula sa kalangitan ng Aking pinakamabisang luwalhati, ay sinabi sa Aking nilikha ang ganitong mga salita: "Sundin ang Aking mga utos, dahil sa pag-ibig sa Aking kagandahan." Maligaya ang mangingibig na nalanghap ang banal na halimuyak ng kaniyang Pinaka-Mamahal mula sa mga salitang ito, tigmak ng pabango ng isang pagpapala na walang dila ang maaaring makapaglarawan. Saksi ang Aking buhay! Siya na nakainom ng piling alak ng walang kinikilingan mula sa mga kamay ng Aking mapagpalang kabutihang-loob ay iikot sa paligid ng Aking mga utos na nagniningning sa ibabaw ng Pamimitak ng Aking nilalang.

5. Huwag isipin na nagpahayag Kami ng isa lamang talaan ng mga batas. Hindi, kundi, binuksan Namin ang piling Alak sa pamamagitan ng mga daliri ng kapangyarihan at lakas. Dito ay sumasaksi yaong ipinahayag

6. We have enjoined obligatory prayer upon you, with nine rak'ahs, to be offered at noon and in the morning and the evening unto God, the Revealer of Verses. We have relieved you of a greater number, as a command in the Book of God. He, verily, is the Ordainer, the Omnipotent, the Unrestrained. When ye desire to perform this prayer, turn ye towards the Court of My Most Holy Presence, this Hallowed Spot that God hath made the Center round which circle the Concourse on high, and which He hath decreed to be the Point of Adoration for the denizens of the Cities of Eternity, and the Source of Command unto all that are in heaven and on earth; and when the Sun of Truth and Utterance shall set, turn your faces towards the Spot that We have ordained for you. He, verily, is Almighty and Omniscient.

7. Everything that is hath come to be through His irresistible decree. Whenever My laws appear like the sun in the heaven of Mine utterance, they must be faithfully obeyed by all, though My decree be such as to cause the heaven of every religion to be cleft asunder. He doeth what He pleaseth. He chooseth, and none may question His choice. Whatsoever He, the Well-Beloved, ordaineth, the same is, verily, beloved. To this He Who is the Lord of all creation beareth Me witness. Whoso hath inhaled the sweet fragrance of the All-Merciful, and recognized the Source of this utterance, will welcome with his own eyes the shafts of the enemy, that he may establish the truth of the laws of God amongst men. Well is it with him that hath turned thereunto, and apprehended the meaning of His decisive decree.

ng Panulat ng Rebelasyon. Nilay-nilayin ito, O mga tao na may pang-unawa.

6. Iniuutos Namin sa inyo ang dalanging katungkulang isagawa, na may siyam na rak'ah, na dapat ialay sa Diyos, ang Tagapagpahayag ng mga Bersikulo, sa tanghali at sa umaga at sa gabi. Binawasan Namin kayo ng lalong higit dito, bilang isang utos sa Aklat ng Diyos. Siya, sa katunayan, ang Nagtatadhana, ang Pinakamabisa, ang Di-Napipigilan. Kapag ninanais ninyong usalin ang panalanging ito, bumaling kayo sa Korte ng Aking Pinakabanal na Kinaroroonan, ang Banal na Pook na ito na ginawa ng Diyos na Sentro kung saan umiikot ang Kalipunan sa kaitaasan, at yaong Kaniyang itinakda na maging Pook ng Pagsamba para sa mga mamamayan ng mga Lungsod ng Kawalang-Hanggan, at ang Pinag-mumulan ng Utos para sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan; at kapag ang Araw ng Katotohanan at Pananalita ay lumubog na, ibaling ang inyong mga mukha tungo sa Pook na itinadhana Namin para sa inyo. Siya, sa katunayan, ang Makapangyarihan sa Lahat at ang may Walang-hanggang Kaalaman.

7. Lahat ng bagay na nilalang ay naganap sa pama-magitan ng hindi Kaniyang mapaglalabanang utos. Kailanman na ang Aking mga utos ay dumating tulad ng araw sa kalangitan ng Aking pananalita, ang mga iyon ay dapat sundin nang buong katapatan ng lahat, kahima't ang Aking utos ay ganoon na magiging dahilan ng pagka-lansag ng kalangitan ng bawat pananampalataya. Kaniyang ginagawa ang Kaniyang ninanais. Siya ang pumipili, at wala sinuman ang makatututol sa Kaniyang pinili. Anuman ang itadhana Niya, ang Lubos na Minamahal, gayundin, sa katunayan, ay minamahal. Dito, Siya na Panginoon ng lahat ng nilalang ay sumasaksi para sa Akin. Sinuman ang nakalanghap ng mabangong halimuyak ng Mahabagin sa Lahat, at nakilala ang Pinagmumulan ng pananalita na ito, ay maligayang tatanggapin ng sarili niyang mga mata ang mga sibat ng kaaway, upang maitatag niya ang katotohanan ng mga batas ng Diyos sa mga tao. Mabuti para sa kaniya na bumaling

kapagdaka, at naunawaan ang kahulugan ng Kaniyang di mapag-aalinlanganang utos.

8. We have set forth the details of obligatory prayer in another Tablet. Blessed is he who observeth that whereunto he hath been bidden by Him Who ruleth over all mankind. In the Prayer for the Dead six specific passages have been sent down by God, the Revealer of Verses. Let one who is able to read recite that which hath been revealed to precede these passages; and as for him who is unable, God hath relieved him of this requirement. He, of a truth, is the Mighty, the Pardoner.

8. Ibinigay Namin ang mga detalye ng dalanging katungkulang isagawa sa ibang Tableta. Pinagpala siya na susunod doon na kung saan siya ay inutusan Niya Na namumuno sa buong sangkatauhan. Sa Dalangin para sa Yumao, anim na tanging mga talata ang ibinigay ng Diyos, ang Tagapagpahayag ng mga Bersikulo. Hayaan yaong nakababasa ang bumigkas doon sa ipinahayag na mauuna sa mga talatang ito; at tungkol doon sa kaniya na hindi magawang bumasa, pinahihintulutan siya ng Diyos na huwag gawain ang hinihingi na ito. Siya, sa katotohanan, ay ang Makapangyarihan, ang Nag-aalis ng Kaparusahan.

9. Hair doth not invalidate your prayer, nor aught from which the spirit hath departed, such as bones and the like. Ye are free to wear the fur of the sable as ye would that of the beaver, the squirrel, and other animals; the prohibition of its use hath stemmed, not from the Qur'án, but from the misconceptions of the divines. He, verily, is the All-Glorious, the All-Knowing.

9. Hindi pinawawalang-bisa ng buhok ang inyong panalangin, ni anuman kung saan lumisan ang espiritu, tulad ng mga buto at mga katulad nito. Malaya kayong magsuot ng balahibo ng sable tulad ng inyong paggamit ng beaver, ng squirrel, at iba pang mga hayop; ang pagbabawal sa paggamit nito ay nagsimula, hindi mula sa Qur'án, kundi mula sa mga maling palagay ng mga teologo. Siya, sa katunayan, ang Maluwalhati sa Lahat, ang Nakababatid ng Lahat.

10. We have commanded you to pray and fast from the beginning of maturity; this is ordained by God, your Lord and the Lord of your forefathers. He hath exempted from this those who are weak from illness or age, as a bounty from His Presence, and He is the Forgiving, the Generous. God hath granted you leave to prostrate yourselves on any surface that is clean, for We have removed in this regard the limitation that had been laid down in the Book; God, indeed, hath knowledge of that whereof ye know naught. Let him that findeth no water for ablution repeat five times the words "In the Name of God, the Most Pure, the Most Pure," and then proceed to his devotions. Such is the command of the Lord of all worlds. In regions where the days and nights grow long, let times of prayer be gauged by clocks and other instruments that mark the passage of the hours. He, verily, is the Expounder, the Wise.

10. Inuutusan Namin kayo na manalangin at mag-ayuno mula sa pagsapit sa hustong gulang, ito ay iniuutos ng Diyos, ang inyong Panginoon at ang Panginoon ng inyong mga ninuno. Hindi Niya pinananagot dito yaong mahihina dahilan sa karamdaman o katandaang gulang, bilang isang pagpapala dahil Siya ay naroroon, at Siya ang Nagpa-patawad, ang Bukas-Palad. Pinahintulutan na kayo ng Diyos na magpatirapa ng inyong mga sarili sa anumang lugar na malinis, sapagka't inalis na Namin ang pagtatakda rito na inilahad sa Aklat; tunay na ang Diyos ang nakaaalam noong inyong hindi nalalaman. Hayaan siya na hindi makahanap ng tubig para sa ablusyon ay ulitin ng limang beses ang mga salitang "Sa ngalan ng Diyos, ang Pinaka-Dalisay, ang Pinaka-Dalisay", at pagkatapos ay ituloy ang kaniyang mga pananalangin. Ganyan ang utos ng Panginoon ng lahat ng daigdig. Sa mga pook na ang mga araw at gabi ay humahaba,

hayaang ang oras ng pananalangin ay kalkulahin ng mga orasan at ibang mga kasangkapan na nagtatanda sa paglipas ng mga oras. Siya sa katunayan, ang Tagapag-paliwanag, ang Marunong.

11. We have absolved you from the requirement of performing the Prayer of the Signs. On the appearance of fearful natural events call ye to mind the might and majesty of your Lord, He Who heareth and seeth all, and say “Dominion is God’s, the Lord of the seen and the unseen, the Lord of creation.”

11. Pinalaya na Namin kayo mula sa kinakailangang pagtupad sa Dalangin ng mga Palatandaan. Sa pagdating ng nakapanghihilakbot na likas na mga pangyayari, tandaan ninyo ang kapangyarihan at karingalan ng inyong Panginoon, Siya Na nakaririnig at nakakikita ng lahat, at sabihin “Ang Kaharian ay sa Diyos, ang Panginoon ng nakikita at di-nakikita, ang Panginoon ng sangnilikha.”

12. It hath been ordained that obligatory prayer is to be performed by each of you individually. Save in the Prayer for the Dead, the practice of congregational prayer hath been annulled. He, of a truth, is the Ordainer, the All-Wise.

12. Iniuutos na ang dalanging katungkulang isagawa ay dapat gawain ng bawat isa sa inyo nang isa-isa. Maliban sa Dalangin para sa Yumao, ang pagsasagawa ng pankonggregasyon na panalangin ay pinawalan na ng bisa. Siya, sa katotohanan, ang Nagtatadhana, ang Marunong sa Lahat.

13. God hath exempted women who are in their courses from obligatory prayer and fasting. Let them, instead, after performance of their ablutions, give praise unto God, repeating ninety-five times between the noon of one day and the next “Glorified be God, the Lord of Splendor and Beauty.” Thus hath it been decreed in the Book, if ye be of them that comprehend.

13. Pinahihintulutan ng Diyos ang mga babae na nasa kanilang panahon ng regla na hindi na isagawa ang dalanging katungkulang isagawa at pag-aayuno. Sa halip, hayaan sila, matapos ang pagsasagawa ng kanilang mga ablusyon ay magbigay-puri sa Diyos, sa pag-uusal nang siyamnapu’t limang beses, sa pagitan ng katanghalian ng isang araw hanggang sa susunod, ng “Luwalhatiin ang Diyos, ang Panginoon ng Karingalan at Kagandahan”. Sa gayon, iniuutos ito sa Aklat, kung kayo ay yaong mga nakauunawa.

14. When traveling, if ye should stop and rest in some safe spot, perform ye—men and women alike—a single prostration in place of each unsaid Obligatory Prayer, and while prostrating say “Glorified be God, the Lord of Might and Majesty, of Grace and Bounty.” Whoso is unable to do this, let him say only “Glorified be God”; this shall assuredly suffice him. He is, of a truth, the all-sufficing, the ever-abiding, the forgiving, compassionate God. Upon completing your prostrations, seat yourselves cross-legged—men and women alike—and eighteen times repeat “Glorified be God, the Lord of the kingdoms of earth and heaven.” Thus doth the Lord make plain the ways of truth and guidance, ways that lead to one way, which is this Straight Path. Render thanks unto God for this most gracious favor; offer praise unto Him for

14. Kapag naglalakbay, kung kayo ay hihinto at mamamahinga sa isang ligtas na lugar, isagawa ninyo—kapwa mga lalake at mga babae—ang isang pagpapatirapa bilang kapalit ng bawat isang Dalanging Katungkulang Isagawa na hindi nausal, at samantalang nagpapatirapa, sabihin “Luwalhatiin ang Diyos, ang Panginoon ng Kapangyarihan at Kamahalan, ng Pagpapala at Biyaya”. Sinuman ang hindi makagawa nito, hayaang sabihin lamang niya ang “Luwalhatiin ang Diyos”; ito ay tiyak na makasasapat sa kaniya. Siya, sa katotohanan, ang nakasasapat sa lahat, ang mananatili magpakailanman, ang

this bounty that hath encompassed the heavens and the earth; extol Him for this mercy that hath pervaded all creation.

15. Say: God hath made My hidden love the key to the Treasure; would that ye might perceive it! But for the key, the Treasure would to all eternity have remained concealed; would that ye might believe it! Say: This is the Source of Revelation, the Dawning-place of Splendor, Whose brightness hath illumined the horizons of the world. Would that ye might understand! This is, verily, that fixed Decree through which every irrevocable decree hath been established.

16. O Pen of the Most High! Say: O people of the world! We have enjoined upon you fasting during a brief period, and at its close have designated for you Naw-Rúz as a feast. Thus hath the Daystar of Utterance shone forth above the horizon of the Book as decreed by Him Who is the Lord of the beginning and the end. Let the days in excess of the months be placed before the month of fasting. We have ordained that these, amid all nights and days, shall be the manifestations of the letter Há, and thus they have not been bounded by the limits of the year and its months. It behooveth the people of Bahá, throughout these days, to provide good cheer for themselves, their kindred and, beyond them, the poor and needy, and with joy and exultation to hail and glorify their Lord, to sing His praise and magnify His Name; and when they end—these days of giving that precede the season of restraint—let them enter upon the Fast. Thus hath it been ordained by Him Who is the Lord of all mankind. The traveler, the ailing, those who are with child or giving suck, are not bound by the Fast; they have been exempted by God as a token of His grace. He, verily, is the Almighty, the Most Generous.

nagpapatawad, ang madamayin na Diyos. Sa pagtatapos ng inyong mga pagpapatirapa, iupo ninyo ang inyong sarili nang magkakrus ang mga paa—magkatulad sa mga lalake at mga babae—at labing walong beses na usalin ang "Luwalhatiin ang Diyos, ang Panginoon ng mga kaharian sa kalupaan at kalangitan". Sa gayon ginawang maliwanag ng Panginoon ang mga paraan ng katotohanan at patnubay, mga paraan na nag-aakay sa isang landas, ang Tuwid na Landas na ito. Magpasalamat sa Diyos sa sukdulang mapagpalang kagandahang-loob na ito; mag-alay ng papuri sa Kaniya sa biyaya na ito na sumaklaw sa mga kalangitan at sa kalupaan; purihin Siya nang maigi sa kahabagan na ito na laganap sa buong sangnilikha.

15. Sabihin: Ginawa ng Diyos ang Aking natatagong pag-ibig na maging susi sa Kayamanan; harinawang mahulo ninyo ito! Kung hindi sa susi, ang Kayamanan sa buong kawalang-hanggan ay mananatiling natatago; kung inyo itong paniniwalaan! Sabihin: Ito ang Pinagmumulan ng Rebelasyon, ang Pook-Liwayway ng Karingalan, Na ang kaningningan ay pinagliwanag ang mga guhit-tagpuan ng daigdig. Harinawang maunawaan ninyo ito! Ito, sa katunayan, yaong nakatakdang Utos kung saan ang bawat hindi mababagong utos ay naitatag.

16. O Panulat ng Pinakamataas! Sabihin: O mga tao ng daigdig! Iniutos Namin sa inyo ang pag-aayuno sa loob ng isang maikling panahon, at sa pagwawakas nito ay itinakda para sa inyo ang Naw-Rúz bilang isang pagdiriwang. Sa gayon ipinakita ng Araw-Bituin ng Pananalita sa ibabaw ng guhit-tagpuan ng Aklat tulad ng iniutos Niya na Panginoon ng simula at ng wakas. Hayaang ang mga araw na labis sa mga buwan ay ilagay bago sumapit ang buwan ng pag-aayuno. Iniutos Namin na ang mga ito, sa gitna ng lahat ng mga gabi at mga araw, ay maging kahayagan ng titik na Há, at sa gayon, ang mga iyon ay hindi natatakdaan ng mga hangganan ng taon at ng mga buwan nito. Nararapat sa mga tao ng Bahá, sa kabuuan ng mga araw na ito, na bigyan ng mabuting kasiyahan ang kanilang sarili, kanilang mga kamag-anak, at bukod sa kanila, ang mga maralita at

nagdarahop, at nang may kagalagakan at kasiyahan, ay batiin at luwalhatiin ang kanilang Panginoon, awitin ang papuri sa Kaniya at dakilain ang Kaniyang Pangalan; at kapag natapos na ang mga iyon—ang mga araw na ito ng pagbibigayan na nauuna sa panahon ng pagtitimpi—hayaan sila na pumasok sa Pag-aayuno. Sa gayon ito ay itinadhana Niya Na Panginoon ng buong sangkatauhan. Ang manlalakbay, ang may karamdaman, yaong nagdadalantao o nagpapasuso, ay hindi nasasaklaw ng Pag-aayuno; sila ay pinahihintulutan ng Diyos na hindi na gawain ito bilang tanda ng pagpapala Niya. Siya, sa katunayan, ay ang Makapangyarihan sa Lahat, ang Pinaka-Bukas-Palad.

17. These are the ordinances of God that have been set down in the Books and Tablets by His Most Exalted Pen. Hold ye fast unto His statutes and commandments, and be not of those who, following their idle fancies and vain imaginings, have clung to the standards fixed by their own selves, and cast behind their backs the standards laid down by God. Abstain from food and drink from sunrise to sundown, and beware lest desire deprive you of this grace that is appointed in the Book.

17. Ito ang mga panuntunan ng Diyos na inilahad sa mga Aklat at mga Tableta ng Kaniyang Pinaka-Dakilang Panulat. Mahigpit na mangapit sa Kaniyang mga batas at utos, at huwag maging yaong, sa pagsunod sa kanilang walang saysay na mga guni-guni at walang kabuluhang mga hinagap, ay nangapit sa mga pamantayang itinakda ng kanilang mga sarili, at itinapon sa likuran nila ang mga pamantayan na ibinigay ng Diyos. Huwag kumain at uminom mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog ng araw, at mag-ingat na baka ang hangarin ay pagkaitan ka ng pagpapala na ito na itinakda sa Aklat.

18. It hath been ordained that every believer in God, the Lord of Judgment, shall, each day, having washed his hands and then his face, seat himself and, turning unto God, repeat “Alláh-u-Abhá” ninety-five times. Such was the decree of the Maker of the Heavens when, with majesty and power, He established Himself upon the thrones of His Names. Perform ye, likewise, ablutions for the Obligatory Prayer; this is the command of God, the Incomparable, the Unrestrained.

18. Iniatas na ang bawat isang nananalig sa Diyos, ang Panginoon ng Paghuhukom, ay dapat, sa araw-araw, matapos na makapaghugas ng kaniyang mga kamay at pagkatapos ng kaniyang mukha, na maupo at, bumabaling sa Diyos, ay ulit-ulitin ang “Alláh-u-Abhá” nang siyamnapu’t limang beses. Ganyan ang utos ng Lumikha ng mga Kalangitan, nang itatag Niya ang Sarili Niya nang may karingalan at kapangyarihan sa mga trono ng Kaniyang mga Pangalan. Gawain ninyo, gayundin, ang ablusyon para sa Dalanging Katungkulang Isagawa, ito ang utos ng Diyos, ang Walang Katulad, ang Di-Napipigilan.

19. Ye have been forbidden to commit murder or adultery, or to engage in backbiting or calumny; shun ye, then, what hath been prohibited in the holy Books and Tablets.

19. Kayo ay pinagbabawalan na pumatay o makiapid, o maging abala sa paninirang-puri o malisyosong pagbibintang; iwasan ninyo, kung gayon, yaong ipinagbabawal sa mga banal na Aklat at mga Tableta.

20. We have divided inheritance into seven categories: to the children, We have allotted nine parts comprising five hundred and forty shares; to the wife, eight parts comprising four hundred and eighty shares; to the father, seven parts comprising four hundred and twenty shares; to the mother, six parts comprising three hundred and sixty shares; to the brothers, five parts or three hundred shares; to the sisters, four parts or two hundred and forty shares; and to the teachers, three parts or one hundred and eighty shares. Such was the ordinance of My Forerunner, He Who extolleth My Name in the night season and at the break of day. When We heard the clamor of the children as yet unborn, We doubled their share and decreased those of the rest. He, of a truth, hath power to ordain whatsoever He desireth, and He doeth as He pleaseth by virtue of His sovereign might.

20. Hinati Namin ang mana sa pitong kaurian: sa mga anak iniuukol Namin ang siyam na parte na binubuo ng limangdaan at apatnapung bahagi; sa maybahay, walong parte na binubuo ng apat na raan at walumpong bahagi; sa ama, pitong parte na binubuo ng apat na raan at dalawampung bahagi; sa ina, anim na parte na binubuo ng tatlondaan at anim na pung bahagi; sa mga kapatid na lalake, limang parte o tatlondaang bahagi; sa mga kapatid na babae, apat na parte o dalawandaan at apat na pung bahagi; at sa mga guro, tatlong parte o isandaan at walumpong bahagi. Ganoon ang iniutos ng Aking Tagapagpauna, Siya Na maiging pinuri ang Aking Pangalan sa gabi at sa pamimitak ng araw. Nang Aking marinig ang maingay na pamimilit ng mga batang hindi pa ipinanganganak, Aming dinoble ang kanilang bahagi at binawasan yaong sa natitira. Siya, sa katotohanan, ay may kapangyarihang iutos ang anuman na Kaniyang kagustuhan, at Kaniyang ginagawa ang Kaniyang ninanais dahilan sa Kaniyang naghaharing kapangyarihan.

21. Should the deceased leave no offspring, their share shall revert to the House of Justice, to be expended by the Trustees of the All-Merciful on the orphaned and widowed, and on whatsoever will bring benefit to the generality of the people, that all may give thanks unto their Lord, the All-Gracious, the Pardoner.

21. Kung ang yumao ay hindi nag-iwan ng anak, ang kanilang bahagi ay mauuwi sa House of Justice, na gugugulin ng mga Katiwala ng Mahabagin sa Lahat sa mga naulila at mga nabiyuda, at sa anuman na maaaring pakinabangan ng karamihan ng tao, upang ang lahat ay magpasalamat sa kanilang Panginoon, ang Magiliw sa Lahat, ang Nag-aalis ng Kaparusahan.

22. Should the deceased leave offspring, but none of the other categories of heirs that have been specified in the Book, they shall receive two-thirds of the inheritance and the remaining third shall revert to the House of Justice. Such is the command which hath been given, in majesty and glory, by Him Who is the All-Possessing, the Most High.

22. Kung ang yumao ay mag-iwan ng anak, ngunit wala doon sa ibang mga uri ng mga tagapagmana na binanggit sa Aklat, tatanggapin nila ang dalawang ikatlong bahagi ng mana at ang natitirang bahagi ay pupunta sa House of Justice. Ganyan ang utos na ibinigay, sa kamaharlikaan at kaluwalhatian, Niya Na Nagmamay-ari ng Lahat, ang Pinaka-Mataas.

23. If the deceased should leave none of the specified heirs, but have among his relatives nephews and nieces, whether on his brother's or his sister's side, two-thirds of the inheritance shall pass to them; or, lacking these, to his uncles and aunts on both his father's and his mother's side, and after them to their sons and daughters. The remaining third of the inheritance shall, in any case, revert to the Seat of Justice. Thus hath it been laid down in the Book by Him Who ruleth over all men.

23. Kung ang yumao ay walang naiwanan sa nabanggit na mga tagapagmana, ngunit sa kaniyang mga kamag-anak ay mayroong mga pamangkin na lalake at babae, kahiman sa panig ng kaniyang mga kapatid na lalake o babae, dalawang ikatlong bahagi ng mana ay pupunta sa kanila; o kung wala ang mga ito, sa kaniyang mga tiyuhin at tiyahin mula sa panig kapwa ng kaniyang ama at kaniyang ina, at pagkatapos ng mga iyon sa kanilang mga anak na lalake at babae. Ang natitirang ikatlong bahagi ng mana, kung gayon, ay pupunta sa Luklukan ng Katarungan. Sa gayon ito ay iniutos sa Aklat Niya Na naghahari sa lahat ng tao.

24. Should the deceased be survived by none of those whose names have been recorded by the Pen of the Most High, his estate shall, in its entirety, revert to the aforementioned Seat that it may be expended on that which is prescribed by God. He, verily, is the Ordainer, the Omnipotent.

24. Kung ang yumao ay walang nabubuhay na naiwanan doon sa ang mga pangalan ay naitala ng Panulat ng Pinakamataas, ang kaniyang ari-arian, sa kabuuan nito, ay mapupunta doon sa nabanggit na Luklukan upang ito ay gugulin doon sa iniatas ng Diyos. Siya, sa katunayan, ay ang Nagtatadhana, ang Pinakamabisa.

25. We have assigned the residence and personal clothing of the deceased to the male, not female, offspring, nor to the other heirs. He, verily, is the Munificent, the All-Bountiful.

25. Aming itinalaga ang tirahan at ang personal na pananamit ng yumao sa anak na lalake, hindi sa babae, ni hindi sa ibang mga tagapagmana. Siya, sa katunayan, ang Lubos na Mapagbigay, ang Mapagbigay-biyaya.

26. Should the son of the deceased have passed away in the days of his father and have left children, they will inherit their father's share, as prescribed in the Book of God. Divide ye their share amongst them with perfect justice. Thus have the billows of the Ocean of Utterance surged, casting forth the pearls of the laws decreed by the Lord of all mankind.

26. Kung ang anak na lalake ng yumao ay sumakabilang-buhay nang nabubuhay pa ang kaniyang ama at nag-iwan ng mga anak, sila ang magmamana ng kaparte ng kanilang ama, tulad ng itinadhana sa Aklat ng Diyos. Hatiin ninyo ang kanilang parte sa kanila nang may lubos na katarungan. Sa gayon ang mga alon ng Karagatan ng Pananalita ay dumaluyong, inihahagis ang mga perlas ng mga batas na iniutos ng Panginoon ng buong sangkatauhan.

27. If the deceased should leave children who are under age, their share of the inheritance must be entrusted to a reliable individual, or to a company, that it may be invested on their behalf in trade and business until they come of age. The trustee should be assigned a due share of the profit that hath accrued to it from being thus employed.

27. Kung ang yumao ay mag-iwan ng mga anak na wala pa sa hustong gulang, ang kanilang bahagi sa mana ay dapat ipagkatiwala sa isang tao na mapagkakatiwalaan, o sa isang kompanya, upang ito ay magawang puhunan sa isang pangangalakal para sa kanila o gawaing pagkakakitahan hanggang sa sila ay sumapit sa hustong gulang. Ang katiwala ay dapat bigyan

28. Division of the estate should take place only after the Ḥuqúqu'lláh hath been paid, any debts have been settled, the expenses of the funeral and burial defrayed, and such provision made that the deceased may be carried to his resting-place with dignity and honor. Thus hath it been ordained by Him Who is Lord of the beginning and the end.

29. Say: This is that hidden knowledge which shall never change, since its beginning is with nine, the symbol that betokeneth the concealed and manifest, the inviolable and unapproachably exalted Name. As for what We have appropriated to the children, this is a bounty conferred on them by God, that they may render thanks unto their Lord, the Compassionate, the Merciful. These, verily, are the Laws of God; transgress them not at the prompting of your base and selfish desires. Observe ye the injunctions laid upon you by Him Who is the Dawning-place of Utterance. The sincere among His servants will regard the precepts set forth by God as the Water of Life to the followers of every faith, and the Lamp of wisdom and loving providence to all the denizens of earth and heaven.

30. The Lord hath ordained that in every city a House of Justice be established wherein shall gather counselors to the number of Bahá, and should it exceed this number it doth not matter. They should consider themselves as entering the Court of the presence of God, the Exalted, the Most High, and as beholding Him Who is the Unseen. It behooveth them to be the trusted ones of the Merciful among men and to regard themselves as the guardians appointed of God for all that dwell on earth. It is incumbent upon them to take counsel together and to have regard for the interests of the servants of God, for His sake, even as they regard their own interests, and to choose that which is meet and seemly. Thus hath the Lord your God commanded you. Beware lest ye put away that which is clearly revealed in His Tablet. Fear God, O ye that perceive.

ng isang nararapat na bahagi ng naipong tubo dahilan sa pagiging empleyado niyon.

28. Ang paghahati sa ari-arian ay dapat lamang gawain matapos mabayaran na ang Huqúqu'lláh, ang anumang mga utang ay naisaayos na, ang mga ginugol na kaugnay sa paglilibing ay nabayaran na, at sa gayong mga ginawa na paghahanda upang ang yumao ay madala sa kaniyang libingan nang may dignidad at karangalan. Nang ganito itinadhana Niya Na Panginoon ng simula at ng wakas.

29. Sabihin: Ito yaong natatagong kaalaman na hindi kailanman magbabago, dahilan sa ang simula nito ay siyam, ang sagisag na nagpapahiwatig sa natatago at nahahayag, ang hindi malalabag at di-maaabot na dakilang Pangalan. Tungkol doon sa inilaan Namin sa mga anak, ito ay isang pagpapala na ipinagkaloob sa kanila ng Diyos, upang sila ay makapag-alay ng pasasalamat sa kanilang Panginoon, ang Madamayin, ang Mahabagin. Ang mga ito, sa katunayan, ay ang mga Batas ng Diyos; huwag labagin ang mga iyon dahilan sa udyok ng inyong masama at masakim na mga hangarin. Sundin ninyo ang mga utos ng ibinigay sa inyo Niya na Pook-Liwayway ng Pananalita. Ang matatapat sa Kaniyang mga tagapaglingkod ay ipalalagay ang mga panuntunan na inilahad ng Diyos bilang Tubig ng Buhay sa mga sumusunod sa bawat pananampalataya, at ang Tanglaw ng wastong kaalaman at mapagmahal na pagkupkop sa lahat ng mga naninirahan sa lupa at langit.

30. Iniutos ng Panginoon na sa bawat lungsod, ay isang House of Justice ang dapat itatag kung saan dito magtitipon ang mga tagapayo sa bilang ng Bahá, at kung ito ay lumabis sa bilang, hindi ito mahalaga. Dapat nilang isaisip ang sarili nila na pumapasok sa Korte ng kinaroroonan ng Diyos, ang Dakila, ang Pinaka-Mataas, at tulad ng namamasdan nila Siya Na Hindi Nakikita. Nararapat sa kanila na maging mga katiwala ng Mahabagin sa mga tao at ipalagay ang kanilang mga sarili bilang mga hinirang ng Diyos na tagapagtanggol ng lahat ng naninirahan sa kalupaan. Tungkulin nila na magsanggunian nang sama-sama at magkaroon ng pagpapahalaga sa mga kapakanan ng mga

tagapaglingkod ng Diyos, alang-alang sa Kaniya, tulad ng kanilang pagpapahalaga sa sarili nilang mga kapakanan, at ang piliin yaong marapat at tumpak. Sa gayon, ang Panginoon na inyong Diyos ay nag-utos sa inyo. Mag-ingat na baka isa-isang tabi ninyo yaong malinaw na ipinahayag sa Tableta Niya. Matakot sa Diyos, O kayo na nakauunawa.

31. O people of the world! Build ye houses of worship throughout the lands in the name of Him Who is the Lord of all religions. Make them as perfect as is possible in the world of being, and adorn them with that which befitteth them, not with images and effigies. Then, with radiance and joy, celebrate therein the praise of your Lord, the Most Compassionate. Verily, by His remembrance the eye is cheered and the heart is filled with light.

31. O mga tao ng daigdig! Magtayo kayo ng mga bahay-sambahan sa lahat ng mga lupain sa pangalan Niya na Siyang Panginoon ng lahat ng mga relihiyon. Gawain ang mga iyon nang ganap hangga't maaari sa daigdig ng nilikha, at palamutihan ang mga iyon noong naaangkop sa kanila, hindi ng mga imahen at mga estatuwa. Pagkatapos, nang nagniningning at nagagalak, ipagbunyi sa loob nito ang papuri sa inyong Panginoon, ang Pinakamadamayin. Sa katunayan, sa pamamagitan ng alaala Niya ang mata ay pinasasaya at ang puso ay nalilipos ng liwanag.

32. The Lord hath ordained that those of you who are able shall make pilgrimage to the sacred House, and from this He hath exempted women as a mercy on His part. He, of a truth, is the All-Bountiful, the Most Generous.

32. Iniutos ng Panginoon na yaong may kakayahan sa inyo ay magsagawa ng peregrinasyon sa banal na Tahanan, at dito ay Kaniyang pinahihintulutan ang mga babae na maaaring hindi isagawa ito bilang isang habag mula sa Kaniya. Siya, sa katotohanan, ang Mapagbigay-biyaya sa Lahat, ang Pinaka-Bukas-Palad.

33. O people of Bahá! It is incumbent upon each one of you to engage in some occupation—such as a craft, a trade or the like. We have exalted your engagement in such work to the rank of worship of the one true God. Reflect, O people, on the grace and blessings of your Lord, and yield Him thanks at eventide and dawn. Waste not your hours in idleness and sloth, but occupy yourselves with what will profit you and others. Thus hath it been decreed in this Tablet from whose horizon hath shone the daystar of wisdom and utterance. The most despised of men in the sight of God are they who sit and beg. Hold ye fast unto the cord of means and place your trust in God, the Provider of all means.

33. O mga tao ni Bahá! Tungkulin ng bawat isa sa inyo na maging abala sa anumang hanap-buhay—tulad ng isang kasanayan, isang pangangalakal o katulad nito. Aming itinaas ang inyong pagiging abala sa gayong gawain sa antas ng pagsamba sa iisang tunay na Diyos. Nilay-nilayin, O mga tao, ang mga biyaya at pagpapala ng inyong Panginoon, at magpasalamat sa Kaniya sa gabi at sa bukang-liwayway. Huwag aksayahin ang inyong mga oras sa kawalang-ginagawa at katamaran, kundi gawaing abala ang inyong mga sarili doon sa pakikinabangan ninyo at ng iba. Nang ganito iniutos sa Tabletag ito na mula sa guhit-tagpuan nito ay sumikat ang araw-bituin ng wastong kaalaman at pananalita. Ang lubos na kinamumuhian sa mga tao sa paningin ng Diyos ay yaong mga nakaupo at namamalimos. Mangapit kayo nang mahigpit sa koldon ng kabuhayan at ilagay ang

34. The kissing of hands hath been forbidden in the Book. This practice is prohibited by God, the Lord of glory and command. To none is it permitted to seek absolution from another soul; let repentance be between yourselves and God. He, verily, is the Pardoner, the Bounteous, the Gracious, the One Who absolveth the repentant.

35. O ye servants of the Merciful One! Arise to serve the Cause of God, in such wise that the cares and sorrows caused by them that have disbelieved in the Dayspring of the Signs of God may not afflict you. At the time when the Promise was fulfilled and the Promised One made manifest, differences have appeared amongst the kindreds of the earth and each people hath followed its own fancy and idle imaginings.

36. Amongst the people is he who seateth himself amid the sandals by the door whilst coveting in his heart the seat of honor. Say: What manner of man art thou, O vain and heedless one, who wouldst appear as other than thou art? And among the people is he who layeth claim to inner knowledge, and still deeper knowledge concealed within this knowledge. Say: Thou speakest false! By God! What thou dost possess is naught but husks which We have left to thee as bones are left to dogs. By the righteousness of the one true God! Were anyone to wash the feet of all mankind, and were he to worship God in the forests, valleys, and mountains, upon high hills and lofty peaks, to leave no rock or tree, no clod of earth, but was a witness to his worship—yet, should the fragrance of My good pleasure not be inhaled from him, his works would never be acceptable unto God. Thus hath it been decreed by Him Who is the Lord of all. How many a man hath secluded himself in the climes of India, denied himself the things that God hath decreed as lawful, imposed upon himself austerities and mortifications, and hath not been remembered by God, the Revealer of Verses. Make not your deeds as snares wherewith to entrap the object of your aspiration, and deprive not yourselves of this Ultimate Objective for which have ever yearned all such as have drawn nigh unto God. Say: The very life of all deeds is My good pleasure, and all things depend upon Mine acceptance. Read ye the Tablets that ye may know what hath been purposed in the Books of God, the All-Glorious, the Ever-Bounteous. He who attaineth to My love hath title to a throne of gold, to sit thereon

inyong pagtitiwala sa Diyos, ang Nagbibigay ng lahat ng kayamanan.

34. Ang paghalik sa kamay ay ipinagbabawal sa Aklat. Ang gawaing ito ay ipinagbabawal ng Diyos, ang Panginoon ng kaluwalhatian at kautusan. Ang sinuman ay hindi pinahihintulutang humingi ng kapatawaran mula sa ibang kaluluwa; hayaang ang pagsisisi ay maging sa pagitan ninyo at ng Diyos. Siya, sa katunayan, ang Nag-aalis ng Kaparusahan, ang Magandang-Loob, ang Magiliw, Siya na nagpapawalang-sala sa nagsisisi.

35. O kayong mga tagapaglingkod Niya na Mahabagin! Magbangon upang paglingkuran ang Kapakanan ng Diyos, sa gayong gawi na ang mga alalahanin at dalamhati na idinulot nila na hindi nananalig sa Pamimitak ng mga Palatandaan ng Diyos ay hindi magbigay-hapis sa inyo. Sa panahon na ang Pangako ay natupad at Siya na Ipinangako ay naipahayag, ang mga di-pagkakaunawaan ay naganap sa mga angkan ng kalupaan at bawat tao ay sinunod ang sarili nitong guni-guni at walang kabuluhang mga hinagap.

36. Kabilang sa mga tao ay siya na iniupo ang kaniyang sarili na kasama sa mga sandalyas sa tabi ng pintuan samantalang ninanasa sa kaniyang puso ang luklukang pandangal. Sabihin: Anong uri ng tao ka, O palalo at pabaya, na nagpapanggap na naiiba ka? At sa mga tao ay mayroong yaong umaangkin ng panloob na kaalaman, at higit pang malalim na kaalaman na natatago sa loob ng kaalaman na ito. Sabihin: Ikaw ay nagsasabi ng kasinungalingan! Saksi ang ngalan ng Diyos! Ang iyong taglay ay wala kundi mga ipa na iniwanan Namin sa iyo katulad ng mga butong iniwanan sa mga aso. Saksi ang pagka-makatarungan ng iisang tunay na Diyos! Kung sinuman ang maghuhugas ng mga paa ng buong sangkatauhan, at kung sasambahin niya ang Diyos sa mga kagubatan, kalambakan, at kabundukan, sa matataas na burol at matatayog na taluktok, walang makaliligtaang bato o puno, walang tingkal na lupa, ngunit naging saksi sa kaniyang pagsamba—subalit kung ang halimuyak ng Aking mabuting kasiyahan ay hindi malalanghap mula sa kaniya, ang

in honor over all the world; he who is deprived thereof, though he sit upon the dust, that dust would seek refuge with God, the Lord of all Religions.

37. Whoso layeth claim to a Revelation direct from God, ere the expiration of a full thousand years, such a man is assuredly a lying impostor. We pray God that He may graciously assist him to retract and repudiate such claim. Should he repent, God will, no doubt, forgive him. If, however, he persisteth in his error, God will, assuredly, send down one who will deal mercilessly with him. Terrible, indeed, is God in punishing! Whosoever interpreteth this verse otherwise than its obvious meaning is deprived of the Spirit of God and of His mercy which encompasseth all created things. Fear God, and follow not your idle fancies. Nay, rather, follow the bidding of your Lord, the Almighty, the All-Wise. Erelong shall clamorous voices be raised in most lands. Shun them, O My people, and follow not the iniquitous and evilhearted. This is that of which We gave you forewarning when We were dwelling in ‘Iráq, then later while in the Land of Mystery, and now from this Resplendent Spot.

kaniyang mga gawain ay hindi kailanman matatanggap ng Diyos. Nang ganito, iniutos Niya Na Panginoon ng lahat. Gaano karami ang inilayo ang kaniyang sarili sa mga klima ng India, ipinagkait sa kaniyang sarili ang mga bagay na iniatas ng Diyos na naaayon sa batas, ipinataw sa kaniyang sarili ang mga karahupan at pagpepenitensiya, at hindi pa rin naalaala ng Diyos, ang Tagapagpahayag ng mga Bersikulo. Huwag gawain ang inyong mga gawa bilang mga silo upang mabitag ang pakay ng inyong hangarin, at huwag pagkaitan ang inyong mga sarili nitong Sukdulang Pakay na palaging ninanais noong gayong mga malapit sa Diyos. Sabihin: Ang pinaka-buhay ng lahat ng mga gawa ay ang Aking mabuting kasiyahan, at lahat ng bagay ay nasasalalay sa Aking pagsang-ayon. Basahin ninyo ang mga Tableta upang malaman ninyo ang nilalayon sa mga Aklat ng Diyos, ang Maluwalhati sa Lahat, ang Magandang-loob Magpakailanman. Siya na nagtamo ng Aking pag-ibig ay may karapatan sa isang trono na ginto, upang lumuklok doon nang marangal na nangingibabaw sa lahat ng daigdig; siya na pinagkaitan niyon, kahiman siya ay nakaupo sa alabok, ang alabok na iyon ay maghahanap ng kublihan sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga relihiyon.

37. Sinuman ang umangkin sa isang Rebelasyon na tuwirang nanggaling sa Diyos, bago lumipas ang buong isang libong taon, ang gayong tao ay tiyak na isang sinungaling na nagpapanggap. Nananalangin Kami sa Diyos na mapagpalang tulungan Niya siya upang bawiin at itatuwa ang gayong pag-angkin. Kung siya ay magsisisi, walang alinlangan na patatawarin siya ng Diyos. Subalit kung igigiit niya ang kaniyang pagkakamali, tiyak na ipadadala sa kaniya ng Diyos ang isang makikitungo sa kaniya nang walang awa. Tunay na kakila-kilabot ang Diyos sa pagpaparusa! Sinuman ang magpaliwanag sa bersikulong ito nang naiiba kaysa sa maliwanag na kahulugan nito ay pinagkaitan ng Espiritu ng Diyos at ng Kaniyang habag na nakapalibot sa lahat ng nilalang na bagay. Matakot sa Diyos, at huwag sundin ang inyong walang saysay na mga guni-guni. Sa halip, sundin ang iniuutos ng inyong Panginoon, ang Makapangyarihan sa Lahat, ang Marunong sa

Lahat. Hindi magtatagal ang mga naghihihiyaw na tinig ay lalakas sa karamihan ng mga lupain. Layuan sila, O Aking mga tao, at huwag sundin ang mga hindi makatarungan at masasama ang puso. Nauukol dito yaong Aming ibinigay sa inyo na naunang babala noong Kami ay naninirahan pa sa ‘Iráq, at pagkatapos sa dakong huli samantalang nasa Lupain ng Hiwaga, at ngayon mula sa Maringal na Pook na ito.

38. Be not dismayed, O peoples of the world, when the daystar of My beauty is set, and the heaven of My tabernacle is concealed from your eyes. Arise to further My Cause, and to exalt My Word amongst men. We are with you at all times, and shall strengthen you through the power of truth. We are truly almighty. Whoso hath recognized Me will arise and serve Me with such determination that the powers of earth and heaven shall be unable to defeat his purpose.

38. Huwag masiphayo, O mga sambayanan ng daigdig, kapag ang bituing-araw ng Aking kagandahan ay lumubog na, at ang kalangitan ng Aking tabernakulo ay natago sa inyong mga mata. Magbangon at itaguyod ang Aking Kapakanan, at dakilain ang Aking Salita sa mga tao. Kami ay kasama ninyo sa lahat ng sandali, at palalakasin kayo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan. Tunay na Kami ay lubos na makapangyarihan. Sinuman ang nakakilala sa Akin, ay magbabangon at paglilingkuran Ako nang may ganoong pagtitika na ang mga lakas ng kalupaan at kalangitan ay hindi magagawang magapi ang kaniyang layunin.

39. The peoples of the world are fast asleep. Were they to wake from their slumber, they would hasten with eagerness unto God, the All-Knowing, the All-Wise. They would cast away everything they possess, be it all the treasures of the earth, that their Lord may remember them to the extent of addressing to them but one word. Such is the instruction given you by Him Who holdeth the knowledge of things hidden, in a Tablet which the eye of creation hath not seen, and which is revealed to none except His own Self, the omnipotent Protector of all worlds. So bewildered are they in the drunkenness of their evil desires, that they are powerless to recognize the Lord of all being, Whose voice calleth aloud from every direction: “There is none other God but Me, the Mighty, the All-Wise.”

39. Ang mga tao ng daigdig ay mahimbing na natutulog. Kung sila ay gigisingsa kanilang pagkakatulog, sila ay magmamadali nang may pananabik, tungo sa Diyos, ang Nakababatid ng Lahat, ang Marunong sa Lahat. Itatapon nila ang lahat ng nakamtan nila, kahima’t ito ay ang lahat ng kayamanan ng daigdig, upang nawa ay magunita sila ng kanilang Panginoon, kahit na bigkasin sa kanila ang isang salita lamang. Ganyan ang tagubilin na ibinigay sa inyo Niya Na Nakaaalam sa mga bagay na natatago, sa isang Tableta na hindi naibubunyag kaninuman maliban sa Kaniyang Sarili, ang pinakamabisang Tagapagsanggalang ng lahat ng mga daigdig. Lubhang lito sila sa pagkalango sa kanilang masasamang hangarin, na wala silang lakas na makilala ang Panginoon ng lahat ng nabubuhay, Na ang tinig ay malakas na nananawagan sa lahat ng dako: “Walang ibang Diyos maliban sa Akin, ang Makapangyarihan, ang Marunong sa Lahat.”

40. Say: Rejoice not in the things ye possess; tonight they are yours, tomorrow others will possess them. Thus warneth you He Who is the

40. Sabihin: Huwag magalak sa mga bagay na nasasa inyo; ngayong gabi ang mga

All-Knowing, the All-Informed. Say: Can ye claim that what ye own is lasting or secure? Nay! By Myself, the All-Merciful, ye cannot, if ye be of them who judge fairly. The days of your life flee away as a breath of wind, and all your pomp and glory shall be folded up as were the pomp and glory of those gone before you. Reflect, O people! What hath become of your bygone days, your lost centuries? Happy the days that have been consecrated to the remembrance of God, and blessed the hours which have been spent in praise of Him Who is the All-Wise. By My life! Neither the pomp of the mighty, nor the wealth of the rich, nor even the ascendancy of the ungodly will endure. All will perish, at a word from Him. He, verily, is the All-Powerful, the All-Compelling, the Almighty. What advantage is there in the earthly things which men possess? That which shall profit them, they have utterly neglected. Erelong, they will awake from their slumber, and find themselves unable to obtain that which hath escaped them in the days of their Lord, the Almighty, the All-Praised. Did they but know it, they would renounce their all, that their names may be mentioned before His throne. They, verily, are accounted among the dead.

iyon ay sa inyo, bukas ay iba na ang magmamay-ari ng mga iyon. Samakatuwid, kayo ay binabalaan Niya Na Nakababatid ng Lahat, ang Nakaaalam ng Lahat. Sabihin: Masasabi ba ninyo na ang inyong pag-aari ay magtatagal o ligtas? Hindi! Saksi ang Aking Saliri, ang Mahabagin sa Lahat, hindi ninyo magagawa ito, kung kayo ay nabibilang sa kanila na humahatol nang walang pagkikiling. Ang mga araw ng inyong buhay ay nawawala tulad ng isang simoy ng hangin, at ang lahat ng inyong karangyaan at luwalhati ay mawawala tulad din ng karangyaan at luwalhati noong mga nauna sa inyo. Limiin, O mga tao! Ano ang nangyari sa inyong mga nakalipas na panahon, sa inyong nawalang mga dantaon? Maliligaya ang mga araw na inialay sa paggunita sa Diyos, at pinagpala ang mga oras na ginugol sa pagpuri sa Kaniya Na Marunong sa Lahat. Saksi ang Aking buhay! Ang karangyaan ng makapangyarihan, at ang kayamanan ng mayayaman, ni kahit ang pangingibabaw ng hindi maka-Diyos ay hindi mananatili. Lahat ay malilipol, sa pamamagitan ng isang salita mula sa Kaniya. Siya, sa katunayan, ang Malakas sa Lahat, ang Laging Nananaig, ang Makapangyarihan sa Lahat. Ano ang pakinabang doon sa mga makalupang bagay na nakamtan ng mga tao? Yaong makababuti sa kanila, ay ganap na winalaan nila ng halaga. Hindi magtatagal, magigising sila mula sa kanilang pagkakatulog at mamamalas nila sa kanilang sarili na hindi nila makakamtan yaong mga nakalampas sa kanila sa mga panahon ng kanilang Panginoon, ang Makapangyarihan sa Lahat, ang Pinupuri sa Lahat. Kung nabatid lamang nila, itatatuwa nila ang lahat ng nasa kanila upang mabanggit ang kanilang pangalan sa harap ng Kaniyang trono. Sila, sa katunayan, ay nabibilang sa mga patay.

41 Amongst the people is he whose learning hath made him proud, and who hath been debarred thereby from recognizing My Name, the Self-Subsisting; who, when he heareth the tread of sandals following behind him, waxeth greater in his own esteem than Nimrod. Say: O rejected one! Where now is his abode? By God, it is the nethermost fire. Say: O concourse of divines! Hear ye not the shrill voice of My Most Exalted Pen? See ye not this Sun that shineth in refulgent splendor above the All-Glorious Horizon? For how long will ye worship the idols

41. Kabilang sa mga tao ay siya na ang karununggan ay ginawa siyang palalo, at siya ay nahadlangan sa gayon upang makilala ang Aking Pangalan, ang Sariling-Ganap; na nang marinig niya ang yapak ng mga sandalyas na sumusunod sa kaniya, lalong tumindi ang kaniyang pagpapahalaga sa sarili nang higit kaysa kay Nimrod. Sabihin: O siya na hindi tinanggap! Nasaan ngayon ang kaniyang

of your evil passions? Forsake your vain imaginings, and turn yourselves unto God, your Everlasting Lord.

tirahan? Saksi ang Diyos, ito ay ang pinaka-malalim na apoy. Sabihin: O kalipunan ng mga teologo! Hindi ba ninyo naririnig ang matinis na tinig ng Aking Pinaka-Dakilang Panulat? Hindi ba ninyo nakikita ang Araw na ito na nagniningning sa karikitan sa ibabaw ng Maluwalhati sa lahat na Guhit-Tagpuan? Gaano katagal pa ninyo sasambahin ang mga diyus-diyosan ng inyong masasamang simbuyo? Limutin ang inyong walang kabuluhang mga hinagap, at ibaling ang inyong mga sarili sa Diyos, ang inyong Walang Hanggang Panginoon.

42. Endowments dedicated to charity revert to God, the Revealer of Signs. None hath the right to dispose of them without leave from Him Who is the Dawning-place of Revelation. After Him, this authority shall pass to the Aghṣán, and after them to the House of Justice—should it be established in the world by then—that they may use these endowments for the benefit of the Places which have been exalted in this Cause, and for whatsoever hath been enjoined upon them by Him Who is the God of might and power. Otherwise, the endowments shall revert to the people of Bahá who speak not except by His leave and judge not save in accordance with what God hath decreed in this Tablet—lo, they are the champions of victory betwixt heaven and earth—that they may use them in the manner that hath been laid down in the Book by God, the Mighty, the Bountiful.

42. Ang mga ipinagkaloob na ari-arian na inilaan sa kawanggawa ay tutungo sa Diyos, ang Tagapagpahayag ng mga Palatandaan. Walang sinuman ang may karapatan na ipaubaya ang mga iyon nang walang pahintulot mula sa Kaniya na Pook-Liwayway ng Rebelasyon. Pagkatapos Niya, ang karapatang ito ay mapapasalin sa Aghsán, at pagkatapos nito ay sa House of Justice—kung ito ay maitatatag sa daigdig sa panahong iyon—upang magamit nila ang mga ipinagkaloob na ari-ariang ito para sa kapakinabangan ng mga Pook na dinadakila sa Kapakanan na ito, at sa anumang iniatas sa kanila Niya na Siyang Diyos ng kapangyarihan at lakas. Kung hindi, ang mga ipinagkaloob na ari-arian ay babalik sa mga tao ni Bahá na hindi nagsasalita liban sa kapahintulutan Niya at hindi nagpapasiya maliban kung naaayon doon sa iniutos ng Diyos sa Tabletang ito—masdan, sila ang tagapagtaguyod ng tagumpay sa pagitan ng langit at lupa—upang magamit nawa nila ang mga iyon sa paraang inilahad sa Aklat ng Diyos, ang Makapangyarihan, ang Mapagbigay-biyaya.

43. Lament not in your hours of trial, neither rejoice therein; seek ye the Middle Way which is the remembrance of Me in your afflictions and reflection over that which may befall you in future. Thus informeth you He Who is the Omniscient, He Who is aware.

43. Huwag manangis sa mga oras ng inyong pagsubok, ni huwag magalak doon; hanapin ninyo ang Kalagitnaang Daan na siyang paggunita sa Akin sa inyong mga pagdurusa at pagdidili-dili doon sa maaaring dumating sa inyo sa hinaharap. Ang ganito ay ipinababatid sa inyo Niya Na may Walang-hanggang Kaalaman, Siya Na nakababatid.

44. Shave not your heads; God hath adorned them with hair, and in this there are signs from the Lord of creation to those who reflect upon

44. Huwag mag-ahit ng inyong mga ulo; pinalamutian ng Diyos ang mga ito ng buhok,

the requirements of nature. He, verily, is the God of strength and wisdom. Notwithstanding, it is not seemly to let the hair pass beyond the limit of the ears. Thus hath it been decreed by Him Who is the Lord of all worlds.

at dito ay may mga palatandaan mula sa Panginoon ng sangnilikha para doon sa mga nagninilay-nilay sa mga pangangailangan ng kalikasan. Siya, sa katunayan, ay ang Diyos ng lakas at wastong kadahilanan. Gayunpaman, hindi marapat na hayaang lumampas ang buhok sa hangganan ng mga tainga. Sa gayon, iniuutos ito Niya Na Panginoon ng lahat ng mga daigdig.

45. Exile and imprisonment are decreed for the thief, and, on the third offense, place ye a mark upon his brow so that, thus identified, he may not be accepted in the cities of God and His countries. Beware lest, through compassion, ye neglect to carry out the statutes of the religion of God; do that which hath been bidden you by Him Who is compassionate and merciful. We school you with the rod of wisdom and laws, like unto the father who educateth his son, and this for naught but the protection of your own selves and the elevation of your stations. By My life, were ye to discover what We have desired for you in revealing Our holy laws, ye would offer up your very souls for this sacred, this mighty, and most exalted Faith.

45. Ang pagpapatapon at pagbibilanggo ay iniuutos para sa magnanakaw, at, sa ikatlong pagkakasala, ay lagyan ninyo ng isang tatak sa kaniyang noo upang, sa ganitong pagkakakilanlan, hindi na siya maaaring tanggapin sa mga lunsod ng Diyos at sa Kaniyang mga bansa. Mag-ingat na, dahilan sa pagmamalasakit, baka kayo ay magkulang sa pagsasakatuparan ng mga batas ng relihiyon ng Diyos; gawain yaong iniutos sa inyo Niya Na madamayin at mahabagin. Tinuturuan Namin kayo sa pamamagitan ng pamalo ng wastong kaalaman at mga batas, tulad ng ama na tinuturuan ang kaniyang anak, at ito ay para lamang sa pangangalaga sa inyong mga sarili at ang pagtataas sa inyong mga katayuan. Saksi ang Aking buhay, kung matutuklasan ninyo kung ano ang hinangad Namin para sa inyo sa pagpapahayag ng Aming mga banal na batas, iaalay ninyo ang inyong pinaka-kaluluwa para dito sa banal, dito sa makapangyarihan, at pinaka-dakilang Pananampalataya.

46. Whoso wisheth to make use of vessels of silver and gold is at liberty to do so. Take heed lest, when partaking of food, ye plunge your hands into the contents of bowls and platters. Adopt ye such usages as are most in keeping with refinement. He, verily, desireth to see in you the manners of the inmates of Paradise in His mighty and most sublime Kingdom. Hold ye fast unto refinement under all conditions, that your eyes may be preserved from beholding what is repugnant both to your own selves and to the dwellers of Paradise. Should anyone depart therefrom, his deed shall at that moment be rendered vain; yet should he have good reason, God will excuse him. He, in truth, is the Gracious, the Most Bountiful.

46. Sinuman ang nagnanais na gumamit ng mga kagamitan sa pagkain na yari sa pilak at ginto ay malayang gawain iyon. Mag-ingat at baka kung kumakain, ay itubog ang inyong mga kamay sa nilalaman ng mga mangkok at bandehado. Isagawa ninyo ang gayong mga kilos na pinaka-angkop sa kapinuhan ng asal. Siya, sa katunayan, ay hinahangad na makita sa inyo ang mga gawi ng mga naninirahan sa Paraiso doon sa Kaniyang makapang-yarihan at pinakadakilang Kaharian. Mangapit kayo nang mahigpit sa kagandahang-asal sa lahat ng kalagayan, upang ang inyong mga mata ay mapangalagaan na hindi makakita ng nakaririmarim sa inyong mga sarili at sa mga nananahan sa Paraiso. Kung sinuman ang lalayo dito, ang kaniyang gawa sa sandaling iyon ay gagawain na walang kabuluhan; subalit kung siya ay may magandang kadahilanan,

47. He Who is the Dawning-place of God's Cause hath no partner in the Most Great Infallibility. He it is Who, in the kingdom of creation, is the Manifestation of "He doeth whatsoever He willeth." God hath reserved this distinction unto His own Self, and ordained for none a share in so sublime and transcendent a station. This is the Decree of God, concealed ere now within the veil of impenetrable mystery. We have disclosed it in this Revelation, and have thereby rent asunder the veils of such as have failed to recognize that which the Book of God set forth and who were numbered with the heedless.

48. Unto every father hath been enjoined the instruction of his son and daughter in the art of reading and writing and in all that hath been laid down in the Holy Tablet. He that putteth away that which is commanded unto him, the Trustees are then to take from him that which is required for their instruction if he be wealthy and, if not, the matter devolveth upon the House of Justice. Verily have We made it a shelter for the poor and needy. He that bringeth up his son or the son of another, it is as though he hath brought up a son of Mine; upon him rest My glory, My loving-kindness, My mercy, that have compassed the world.

49. God hath imposed a fine on every adulterer and adulteress, to be paid to the House of Justice: nine mithqáls of gold, to be doubled if they should repeat the offense. Such is the penalty which He Who is the Lord of Names hath assigned them in this world; and in the world to come He hath ordained for them a humiliating torment. Should anyone be afflicted by a sin, it behooveth him to repent thereof and return unto his Lord. He, verily, granteth forgiveness unto whomsoever He willeth, and none may question that which it pleaseth Him to ordain. He is, in truth, the Ever-Forgiving, the Almighty, the All-Praised.

patatawarin siya ng Diyos. Siya, sa katotohanan, ay ang Magiliw, ang Pinaka-Mapagbigay-Biyaya.

47. Siya na Pook-Liwayway ng Kapakanan ng Diyos ay walang kasama sa Pinaka-Dakilang Walang Pagkakamali. Siya Yaong, sa kaharian ng sangnilikha, ay ang Kahayagan ng "ginagawa Niya ang anumang ninanais Niya". Inilaan ng Diyos ang katangian na ito para sa Kaniyang Sarili, at walang itinadhanang bahagi sa sinuman sa napakadakila at nangingibabaw na katayuan. Ito ang Utos ng Diyos, dating natatago sa loob ng isang lambong na hindi matarok ang kahiwagaan. Isiniwalat Namin ito sa Rebelasyong ito, at sa gayon ay winasak ang mga lambong noong mga nabigo na maunawaan yaong inilahad sa Aklat ng Diyos at nabilang sa mga pabaya.

48. Sa bawat ama ay iniatas ang pagtuturo sa kaniyang anak na lalake at anak na babae sa sining ng pagbabasa at pagsusulat at sa lahat ng inilahad sa Banal na Tableta. Siya na isinaisang tabi yaong iniutos sa kaniya, ang mga Katiwala, kung gayon, ay kukunin mula sa kaniya ng mga Katiwala, kung gayon, yaong kinakailangan para sa pagtuturo sa kanila kung siya ay mayaman at, kung hindi, ang bagay na ito ay mapapasalin sa House of Justice. Sa katunayan, ginawa Namin ito na kanlungan para sa maralita at salat. Siya na nag-aruga sa kaniyang anak o sa anak ng iba, ito ay katulad ng pag-aaruga niya sa Aking anak; mapasa-kaniya ang Aking luwalhati, ang Aking mapagmahal na kagandang-loob, ang Aking habag, na bumalot sa daigdig.

49. Ang Diyos ay nagpataw ng multa sa bawat makikiapid na lalake at babae, na ibabayad sa House of Justice: siyam na mithqál ng ginto, na gagawaing doble kung uulitin nila ang pagkakasala. Ganyan ang parusa na iginawad Niya na Panginoon ng mga Pangalan para sa kanila sa daigdig na ito; at sa susunod na daigdig; Kaniyang itinadhana para sa kanila ang isang kahiya-hiyang pagdurusa. Kung sinuman ang may kasalanan, nararapat sa kaniya na pagsisihan iyon at bumalik sa kaniyang Panginoon. Siya, sa katunayan, ay nagkakaloob ng kapatawaran sa sinuman na

ninanais Niya, at walang sinuman ang maaaring tumutol doon sa ikinalulugod Niyang itadhana. Siya, sa katunayan, ay ang Laging-Nagpapatawad, ang Makapangyarihan sa Lahat, ang Pinupuri sa Lahat.

50. Beware lest ye be hindered by the veils of glory from partaking of the crystal waters of this living Fountain. Seize ye the chalice of salvation at this dawntide in the name of Him Who causeth the day to break, and drink your fill in praise of Him Who is the All-Glorious, the Incomparable.

50. Mag-ingat na baka kayo ay mahadlangan ng mga lambong ng kaluwalhatian sa pag-inom sa mga mala-kristal na tubig nitong nabubuhay na Bukal. Sunggaban ninyo ang kalis ng kaligtasan sa bukang-liwayway na ito sa pangalan Niya Na sanhi ng pamimitak ng araw, at uminom kayo nang lubusan bilang papuri sa Kaniya na Maluwalhati sa Lahat, ang Walang Katulad.

51. We have made it lawful for you to listen to music and singing. Take heed, however, lest listening thereto should cause you to overstep the bounds of propriety and dignity. Let your joy be the joy born of My Most Great Name, a Name that bringeth rapture to the heart, and filleth with ecstasy the minds of all who have drawn nigh unto God. We, verily, have made music as a ladder for your souls, a means whereby they may be lifted up unto the realm on high; make it not, therefore, as wings to self and passion. Truly, We are loath to see you numbered with the foolish.

51. Ginawa Namin na naaalinsunod sa batas na makinig kayo sa musika at awit. Gayumpaman, mag-ingat na baka ang pakikinig doon ay maging dahilan ng paglampas sa mga hangganan ng kaangkupan at karangalan. Hayaang ang inyong kagalakan ay maging kagalakan na nagmula sa Aking Pinakadakilang Pangalan, isang Pangalan na nagbibigay ng masidhing kaligayahan sa puso, at nililipos ng nakahuhumaling na kaligayahan ang mga isipan noong lahat ng napapalapit sa Diyos. Aming ginawa, sa katunayan, ang musika na maging hagdan para sa inyong mga kaluluwa, isang paraan upang sila ay pumailanglang sa kaharian sa itaas; huwag itong gawin, kung gayon, na mga bagwis para sa sarili at simbuyo ng damdamin. Tunay, labag sa loob Namin na makita kayo na nabibilang sa mga hangal.

52. We have decreed that a third part of all fines shall go to the Seat of Justice, and We admonish its men to observe pure justice, that they may expend what is thus accumulated for such purposes as have been enjoined upon them by Him Who is the All-Knowing, the All-Wise. O ye Men of Justice! Be ye, in the realm of God, shepherds unto His sheep and guard them from the ravening wolves that have appeared in disguise, even as ye would guard your own sons. Thus exhorteth you the Counselor, the Faithful.

52. Iniatas Namin na ang ikatlong bahagi ng lahat ng multa ay pupunta sa Luklukan ng Katarungan, at pinapayuhan Namin ang mga taong kasapi nito na isagawa ang wagas na katarungan, upang magugol nila ang gayong naipon para sa mga layunin na iniutos sa kanila Niya Na Nakababatid ng Lahat, ang Marunong sa Lahat. O kayong mga Tao ng Katarungan! Sa kaharian ng Diyos, maging mga pastol kayo sa Kaniyang mga tupa at pangalagaan sila mula sa mababangis na lobo na dumating nang nakabalatkayo, katulad ng inyong pangangalaga sa inyong sariling mga anak. Sa ganito, pinapayuhan kayo ng Tagapayo, ang Matapat.

53. Should differences arise amongst you over any matter, refer it to God while the Sun still shineth above the horizon of this Heaven and, when it hath set, refer ye to whatsoever hath been sent down by Him. This, verily, is sufficient unto the peoples of the world. Say: Let not your hearts be perturbed, O people, when the glory of My Presence is withdrawn, and the ocean of My utterance is stilled. In My presence amongst you there is a wisdom, and in My absence there is yet another, inscrutable to all but God, the Incomparable, the All-Knowing. Verily, We behold you from Our realm of glory, and will aid whosoever will arise for the triumph of Our Cause with the hosts of the Concourse on high and a company of Our favored angels.

53. Kung mangyari sa inyo ang mga di-pagkakaunawaan tungkol sa anumang bagay, isangguni ito sa Diyos saman-talang ang Araw ay nagliliwanag pa sa ibabaw ng guhit-tagpuan ng Kalangitan na ito at, kung ito ay lumubog na, sumangguni kayo sa anumang Kaniyang ipinadala sa ibaba. Ito, sa katunayan, ay makasasapat sa mga tao ng daigdig. Sabihin: Huwag pahintulutang matigatig ang inyong mga puso, O mga tao, kapag ang luwalhati ng Aking Pagiging nasa Piling ninyo ay inalis, at ang karagatan ng Aking pananalita ay tumahimik. Na Ako ay nasa piling ninyo ay may isang karunungan, at sa Aking pagkawala ay mayroong iba pa, na hindi mauunawaan ng lahat liban sa Diyos, ang Walang Katulad, ang Nakababatid ng Lahat. Sa katunayan, nakikita Namin kayo mula sa Aming kaharian ng kaluwalhatian at tutulungan ang sinumang babangon para sa ikatatagumpay ng Aming Kapakanan, sa pamamagitan ng mga hukbo ng Kalipunan sa kaitaasan at ng isang pangkat ng Aming minamahal na mga anghel.

54. O peoples of the earth! God, the Eternal Truth, is My witness that streams of fresh and soft-flowing waters have gushed from the rocks through the sweetness of the words uttered by your Lord, the Unconstrained; and still ye slumber. Cast away that which ye possess, and, on the wings of detachment, soar beyond all created things. Thus biddeth you the Lord of creation, the movement of Whose Pen hath revolutionized the soul of mankind.

54. O mga tao ng daigdig! Ang Diyos, ang Walang Hanggang Katotohanan, ay ang Aking saksi na ang mga batis ng dalisay at mahinang daloy ng tubig ay bumulwak mula sa mga bato, sa pamamagitan ng katamisan ng mga pananalita na sinambit ng inyong Panginoon, ang Hindi Napipigilan; ngunit natutulog pa rin kayo. Itapon yaong inyong nakamtan, at, sa mga bagwis ng pagkawalay, pumailanglang sa hindi maaabot ng lahat ng nilalang na bagay. Sa gayon, inaatasan kayo ng Panginoon ng sangnilikha; na ang pagkilos ng Kaniyang Panulat ay pinagbago ng lubusan ang kaluluwa ng sangkatauhan.

55. Know ye from what heights your Lord, the All-Glorious, is calling? Think ye that ye have recognized the Pen wherewith your Lord, the Lord of all names, commandeth you? Nay, by My life! Did ye but know it, ye would renounce the world, and would hasten with your whole hearts to the presence of the Well-Beloved. Your spirits would be so transported by His Word as to throw into commotion the Greater World—how much more this small and petty one! Thus have the showers of My bounty been poured down from the heaven of My loving-kindness, as a token of My grace, that ye may be of the thankful.

55. Nalalaman ba ninyo kung mula saang mga kataasan nananawagan ang inyong Panginoon, ang Maluwalhati sa Lahat? Akala ba ninyo na nakilala na ninyo ang Panulat na pinag-uutos sa inyo ng inyong Panginoon, ang Panginoon ng lahat ng mga pangalan? Hindi, saksi ang Aking buhay! Kung alam lamang ninyo ito, itatatuwa ninyo ang daigdig, at magmamadaling tutungo nang buong puso sa kinaroroonan ng Lubos na Minamahal. Ang inyong mga espiritu ay lubhang mapasisilakbo ng Kaniyang Salita na matataranta nito ang

Higit na Malawak na Daigdig—gaano pa ang maliit at walang halaga na ito! Sa ganito ibinuhos ang mga ambon ng Aking biyaya mula sa kalangitan ng Aking mapagmahal na kagandahang-loob, bilang isang tanda ng Aking pagpapala; upang nawa kayo ay yaong maging mapagpasalamat.

56. The penalties for wounding or striking a person depend upon the severity of the injury; for each degree the Lord of Judgment hath prescribed a certain indemnity. He is, in truth, the Ordainer, the Mighty, the Most Exalted. We shall, if it be Our Will, set forth these payments in their just degrees—this is a promise on Our part, and He, verily, is the Keeper of His pledge, the Knower of all things.

56. Ang mga parusa sa pagsugat o sa paghampas sa isang tao ay nababatay sa kalubhaan ng pinsala; para sa bawat antas, ang Panginoon ng Paghuhukom ay nag-atas ng isang tanging kabayaran. Siya, sa katotohanan, ang Nagtatadhana, ang Makapangyarihan, ang Pinakadakila. Kung ito ang Aming Kagustuhan, ihahayag Namin ang mga kabayaran ng mga ito sa kanilang karampatang antas—ito ay isang pangako sa panig Namin, at Siya, sa katunayan, ay ang Tumutupad sa Kaniyang Pangako, ang Nakababatid ng lahat ng bagay.

57. Verily, it is enjoined upon you to offer a feast, once in every month, though only water be served; for God hath purposed to bind hearts together, albeit through both earthly and heavenly means.

57. Sa katunayan, iniaatas sa inyo na maghandog ng isang kapistahan minsan sa isang buwan, kahiman tubig lamang ang ihahanda, sapagkat nilayon ng Diyos na magkakasamang pagbigkisin ang mga puso, kahiman sa pamamagitan ng kapwa makalupa at makalangit na mga paraan.

58. Beware lest the desires of the flesh and of a corrupt inclination provoke divisions among you. Be ye as the fingers of one hand, the members of one body. Thus counseleth you the Pen of Revelation, if ye be of them that believe.

58. Mag-ingat na baka ang mga hangarin ng laman at ng isang masamang pagkahilig ay magbuyo sa inyo sa mga paghihiwa-hiwalay. Maging tulad kayo ng mga daliri ng iisang kamay, at mga bahagi ng iisang katawan. Nang ganoon, kayo ay pinapayuhan ng Panulat ng Rebelasyon, kung kayo ay yaong mga naniniwala.

59. Consider the mercy of God and His gifts. He enjoineth upon you that which shall profit you, though He Himself can well dispense with all creatures. Your evil doings can never harm Us, neither can your good works profit Us. We summon you wholly for the sake of God. To this every man of understanding and insight will testify.

59. Nilay-nilayin ang habag ng Diyos at ang mga kaloob Niya. Iniuutos Niya sa inyo yaong makabubuti sa inyo, kahima't Siya sa Sarili Niya ay ganap na hindi kailangan ang lahat ng nilalang. Ang inyong masasamang gawa ay hindi kailanman makapipinsala sa Amin, ni hindi Kami makikinabang sa inyong mabubuting gawa. Nananawagan Kami sa inyo alang-alang sa Diyos lamang. Sasaksi dito ang bawat tao na may pang-unawa at kabatiran ay sasaksi.

60. If ye should hunt with beasts or birds of prey, invoke ye the Name of God when ye send them to pursue their quarry; for then whatever they catch shall be lawful unto you, even should ye find it to have died. He, verily, is the Omniscient, the All-Informed. Take heed, however, that ye hunt not to excess. Tread ye the path of justice and equity in all things. Thus biddeth you He Who is the Dawning-place of Revelation, would that ye might comprehend.

60. Kung mangangaso kayo sa pamamagitan ng mga hayop o mga ibong mandaragit, tawagan mo ang Pangalan ng Diyos kapag itinaboy sila upang habulin ang kanilang tinutugis; sapagkat kung gayon, anuman ang kanilang mahuli ay magiging sang-ayon sa batas sa inyo, kahit na kung matagpuan ninyo itong namatay na. Siya, sa katunayan, ay ang may Walang-hanggang Kaalaman ng bagay, ang Nakaaalam ng Lahat. Mag-ingat, gayunpaman, na huwag kayong mangaso nang labis. Tahakin ninyo ang landas ng katarungan at pantay na pagtingin sa lahat. Nang ganito kayo ay inuutusan Niya Na Pook-Liwayway ng Rebelasyon, upang nawa'y makaunawa kayo.

61. God hath bidden you to show forth kindliness towards My kindred, but He hath granted them no right to the property of others. He, verily, is self-sufficient, above any need of His creatures.

61. Inaaatasan kayo ng Diyos na magpakita ng kagandahang-loob sa Aking kamag-anakan, ngunit hindi Niya sila binigyan ng karapatan sa ari-arian ng iba. Siya, sa katunayan, ay may sariling kakayahan, higit sa anumang pangangailangan ng mga Kaniyang nilalang.

62. Should anyone intentionally destroy a house by fire, him also shall ye burn; should anyone deliberately take another's life, him also shall ye put to death. Take ye hold of the precepts of God with all your strength and power, and abandon the ways of the ignorant. Should ye condemn the arsonist and the murderer to life imprisonment, it would be permissible according to the provisions of the Book. He, verily, hath power to ordain whatsoever He pleaseth.

62. Sinuman ang sadyang manunog ng isang bahay, siya rin ay dapat ninyong sunugin; sinuman ang sadyang kumitil ng buhay ng iba, siya rin ay dapat ninyong kitilan ng buhay. Mangapit kayo sa mga panuntunan ng Diyos nang inyong buong lakas at kapangyarihan, at iwanan ang mga gawi ng mangmang. Kung hahatulan ninyo ang manununog at ang mamamatay-tao ng habang buhay na pagkabilanggo, ito ay pinahihintulutan sang-ayon sa mga itinadhana sa Aklat. Siya, sa katunayan, ay may kapangyarihan na itadhana ang anumang ninanais Niya.

63. God hath prescribed matrimony unto you. Beware that ye take not unto yourselves more wives than two. Whoso contenteth himself with a single partner from among the maidservants of God, both he and she shall live in tranquillity. And he who would take into his service a maid may do so with propriety. Such is the ordinance which, in truth and justice, hath been recorded by the Pen of Revelation. Enter into wedlock, O people, that ye may bring forth one who will make mention of Me amid My servants. This is My bidding unto you; hold fast to it as an assistance to yourselves.

63. Iniutos sa inyo ng Diyos ang pag-aasawa. Mag-ingat na hindi kayo kukuha para sa inyong sarili ng higit pa sa dalawang maybahay. Sinuman ang masiyahan sa iisang kabiyak mula sa mga babaeng tagapaglingkod ng Diyos, kapwa siya at ang maybahay ay mamumuhay sa katiwasayan. At ang lalake na kukuha ng isang babaeng katulong upang maglingkod sa kaniya ay magagawa ito nang may kaangkupan. Gayon ang panuntunan, sa katotohanan at katarungan, ay naitala ng Panulat ng Rebelasyon. Magsipag-asawa, O

mga tao, upang harinawa ay magsilang kayo noong babanggit sa Akin na kasama ng Aking mga tagapaglingkod. Ito ang Aking utos sa inyo; mangapit nang mahigpit dito bilang tulong sa inyong mga sarili.

64. O people of the world! Follow not the promptings of the self, for it summoneth insistently to wickedness and lust; follow, rather, Him Who is the Possessor of all created things, Who biddeth you to show forth piety, and manifest the fear of God. He, verily, is independent of all His creatures. Take heed not to stir up mischief in the land after it hath been set in order. Whoso acteth in this way is not of Us, and We are quit of him. Such is the command which hath, through the power of truth, been made manifest from the heaven of Revelation.

64. O mga tao ng daigdig! Huwag sundin ang mga udyok ng sarili, sapagkat mapilit na nananawagan ito sa kasamaan at kalibugan; kundi, sundin Siya na Nagmamay-ari ng lahat ng nilalang na bagay, Siya na nag-uutos sa inyo na magpakita ng kabanalan, at ihayag ang takot sa Diyos. Siya, sa katunayan, ay di-umaasa sa lahat ng mga nilalang Niya. Mag-ingat na huwag magsimula ng kaguluhan sa lupain matapos na ito ay maisaayos. Sinuman ang kumilos sa ganitong gawi ay hindi sa Amin, at itinitiwalag Namin siya. Ganyan ang utos, na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan, ay ginawang mahayag mula sa kalangitan ng Rebelasyon.

65. It hath been laid down in the Bayán that marriage is dependent upon the consent of both parties. Desiring to establish love, unity and harmony amidst Our servants, We have conditioned it, once the couple's wish is known, upon the permission of their parents, lest enmity and rancor should arise amongst them. And in this We have yet other purposes. Thus hath Our commandment been ordained.

65. Inihayag sa Bayán na ang pag-aasawa ay nasasalalay sa pagsang-ayon ng dalawang panig. Sa paghahangad na maitatag ang pagmamahalan, pagkakaisa at pagkakasundo sa mga tagapaglingkod Namin, ibinatay Namin ito, kapagdaka na ang naisin ng dalawa ay nalaman na, sa pahintulot ng kanilang mga magulang, upang hindi magkaroon ng poot at matinding hinanakit sa kanila. At dito, Kami ay mayroon pang ibang mga layunin. Sa ganito itinadhana ang kautusan Namin.

66. No marriage may be contracted without payment of a dowry, which hath been fixed for city dwellers at nineteen mithqáls of pure gold, and for village dwellers at the same amount in silver. Whoso wisheth to increase this sum, it is forbidden him to exceed the limit of ninety-five mithqáls. Thus hath the command been writ in majesty and power. If he content himself, however, with a payment of the lowest level, it shall be better for him according to the Book. God, verily, enricheth whomsoever He willeth through both heavenly and earthly means, and He, in truth, hath power over all things.

66. Walang kasal ang maaaring isagawa nang hindi nagbabayad ng dote, na itinakda sa labinsiyam na mithqál ng dalisay na ginto para sa mga naninirahan sa lunsod, at sa gayunding halaga ng pilak para sa mga naninirahan sa mga nayon. Sinuman ang nagnanais na dagdagan ang halagang ito, ipinagbabawal sa kaniya na lampasan ang nakatakdang siyamnapu't limang mithqál. Nang ganyan, isinulat ang utos nang may kamaharlikaan at kapangyarihan. Datapuwat kung masisiyahan siya sa kabayaran ng pinakamababang halaga, ito ay higit na makabubuti sa kaniya sang-ayon sa Aklat. Ang Diyos, sa katunayan, ay pinayayaman ang sinumang niloloob Niya sa pamamagitan kapwa ng makalangit at

67. It hath been decreed by God that, should any one of His servants intend to travel, he must fix for his wife a time when he will return home. If he return by the promised time, he will have obeyed the bidding of his Lord and shall be numbered by the Pen of His behest among the righteous; otherwise, if there be good reason for delay, he must inform his wife and make the utmost endeavor to return to her. Should neither of these eventualities occur, it behooveth her to wait for a period of nine months, after which there is no impediment to her taking another husband; but should she wait longer, God, verily, loveth those women and men who show forth patience. Obey ye My commandments, and follow not the ungodly, they who have been reckoned as sinners in God's Holy Tablet. If, during the period of her waiting, word should reach her from her husband, she should choose the course that is praiseworthy. He, of a truth, desireth that His servants and His handmaids should be at peace with one another; take heed lest ye do aught that may provoke intransigence amongst you. Thus hath the decree been fixed and the promise come to pass. If, however, news should reach her of her husband's death or murder, and be confirmed by general report, or by the testimony of two just witnesses, it behooveth her to remain single; then, upon completion of the fixed number of months, she is free to adopt the course of her choosing. Such is the bidding of Him Who is mighty and powerful in His command.

68. Should resentment or antipathy arise between husband and wife, he is not to divorce her but to bide in patience throughout the course of one whole year, that perchance the fragrance of affection may be

makalupang paraan, at Siya, sa katotohanan, ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

67. Iniuutos ng Diyos na kung sinuman sa mga tagapaglingkod Niya ang may balak na maglakbay, dapat niyang itakda sa kaniyang maybahay kung kailan ang kaniyang pag-uwi. Kung siya ay umuwi sa ipinangakong panahon, nasunod niya ang utos ng kaniyang Panginoon at maibibilang siya ng Panulat ng Kaniyang kautusan na kasama sa mga makatarungan; kung hindi, kung mayroong mabuting dahilan sa pagka-antala, dapat niyang ipabatid sa kaniyang maybahay at gawain ang sukdulang pagsisikap upang makauwi sa kaniya. Kung wala isa man sa mga pangyayaring ito ang maganap, nararapat sa maybahay na maghintay sa loob ng siyam na buwan, na pagkatapos nito ay wala ng hadlang sa kaniya upang makipag-isang dibdib sa iba; ngunit kung siya ay maghihintay nang mas matagal pa, tunay, minamahal ng Diyos yaong mga babae at mga lalake na nagpapakita ng pagtitiyaga. Sundin ninyo ang Aking mga utos, at huwag sundin ang hindi maka-Diyos, sila na ipinalagay bilang mga makasalanan sa Banal na Tableta ng Diyos. Kung, sa panahon ng paghihintay ng maybahay ay may dumating na balita sa kaniya mula sa kaniyang asawa, dapat niyang piliin ang hakbang na kapuri-puri. Siya, sa katotohanan, ay hinahangad na ang Kaniyang mga tagapaglingkod at Kaniyang mga babaeng tagapaglingkod ay dapat na maging payapa sa isa't isa; maging maingat na baka gawain ninyo ang anumang makapupukaw ng katigasan ng kalooban sa inyo. Sa gayon ang batas ay itinakda at ang pangako ay magaganap. Subalit, kung ang balita ng pagkamatay o pagkapaslang sa kaniyang asawa ay umabot sa maybahay, at pinatotohanan ito ng laganap na ulat, o ng patunay ng dalawang makatarungang saksi, nararapat sa kaniya na manatiling hindi nakikipag-isang dibdib, pagkatapos, pagkabuo ng itinakdang bilang na mga buwan, siya ay malayang gawain ang hakbang na kaniyang pinili. Ganyan ang iniatas Niya Na Siyang makapang-yarihan at malakas sa Kaniyang utos.

68. Kung magkaroon ng paghihinakitan o pagkamuhi sa pagitan ng asawa at ng kaniyang maybahay, hindi dapat diborsiyohin ng lalake

renewed between them. If, upon the completion of this period, their love hath not returned, it is permissible for divorce to take place. God's wisdom, verily, hath encompassed all things. The Lord hath prohibited, in a Tablet inscribed by the Pen of His command, the practice to which ye formerly had recourse when thrice ye had divorced a woman. This He hath done as a favor on His part, that ye may be accounted among the thankful. He who hath divorced his wife may choose, upon the passing of each month, to remarry her when there is mutual affection and consent, so long as she hath not taken another husband. Should she have wed again, then, by this other union, the separation is confirmed and the matter is concluded unless, clearly, her circumstances change. Thus hath the decree been inscribed with majesty in this glorious Tablet by Him Who is the Dawning-place of Beauty.

ang babae kundi dapat maghintay nang matiyaga hanggang sa matapos ang isang taong singkad, upang baka sakali ang bango ng pagmamahalan ay manauli sa pagitan nila. Kung, sa pagwawakas ng panahong ito, ang kanilang pagmamahalan ay hindi manumbalik, pinahihintulutan na maganap ang diborsiyo. Ang wastong kaalaman ng Diyos, sa katunayan, ay nakapalibot sa lahat ng bagay. Ipinagbabawal ng Panginoon, sa isang Tableta na isinulat ng Panulat ng Kaniyang utos, ang kaugalian na datihan ninyong ginagawa kapag inyong diniborsiyo nang tatlong ulit ang isang babae. Ito ay ginawa Niya bilang isang kagandahang-loob sa panig Niya, upang kayo ay mabilang doon sa mga mapagpasalamat. Siya na diniborisyo ang kaniyang maybahay ay maaaring piliin, sa paglipas ng bawat buwan, na muling pakasalan siya kung mayroong pagmamahal sa isa't isa at pagsang-ayon, hangga't hindi pa nakikipag-isang dibdib sa iba ang maybahay. Kung ang maybahay ay muling mag-asawa, kung gayon., dahilan sa ibang pakikipag-isang dibdib na ito, ang paghihiwalay ay pinagtibay na at ang bagay ay nagwakas na, hangga't malinaw na ang kaniyang kalagayan ay nagbago. Siya na Pook-Liwayway ng Kagandahan ay may kamaharlikaang isinulat ang utos sa maluwalhating Tableta na ito.

69. If the wife accompany her husband on a journey, and differences arise between them on the way, he is required to provide her with her expenses for one whole year, and either to return her whence she came or to entrust her, together with the necessaries for her journey, to a dependable person who is to escort her home. Thy Lord, verily, ordaineth as He pleaseth, by virtue of a sovereignty that overshadoweth the peoples of the earth.

69. Kung ang maybahay ay sumama sa kaniyang asawa sa isang paglalakbay, at magkaroon sila ng di-pagkakaunawaan habang naglalakbay, ang asawa ay inaatasang bigyan ang maybahay ng kaniyang gugulin sa buong isang taon, at ibabalik siya sa kaniyang pinanggalingan o kaya ay ipagkakatiwala siya, kasama ng kaniyang kakailanganin sa kaniyang paglalakbay, sa isang maaasahang tao na sasamahan siya na makauwi. Ang iyong Panginoon, sa katunayan, ay nagtatadhana ayon sa ninanais Niya, sa pamamagitan ng isang kapangyarihan na nangingibabaw sa mga tao ng daigdig.

70. Should a woman be divorced in consequence of a proven act of infidelity, she shall receive no maintenance during her period of waiting. Thus hath the daystar of Our commandment shone forth resplendent from the firmament of justice. Truly, the Lord loveth union and harmony and abhorreth separation and divorce. Live ye one with another, O people, in radiance and joy. By My life! All that are on earth shall pass

70. Kung ang isang babae ay didiborsiyohin dahilan sa isang napatunayang gawain ng pagtataksil, hindi siya tatanggap ng sustento sa panahon ng kaniyang paghihintay. Sa gayon, ang araw-bituin ng Aming utos ay sumikat nang napakaningning mula sa

away, while good deeds alone shall endure; to the truth of My words God doth Himself bear witness. Compose your differences, O My servants; then heed ye the admonition of Our Pen of Glory and follow not the arrogant and wayward.

papawirin ng katarungan. Tunay, minamahal ng Panginoon ang pagkakaisa at pagkakaunawaan at kinamumuhian ang paghihiwalay at diborsiyo. Mamuhay kayo nang magkasama, O mga tao, sa kaningningan at kaligayahan. Saksi ang Aking Buhay! Lahat ng nasa kalupaan ay lilipas, samantalang ang mabubuting gawa lamang ang mananatili; sa katotohanan ng Aking mga salita ang Diyos Mismo ay sumasaksi. Isaayos ang inyong di-pagkakaunawaan, O Aking mga tagapaglingkod; pagkatapos ay unawain ninyo ang paalaala ng Aming Panulat ng Kaluwalhatian at huwag sundin ang mapalalo at ang suwail.

71. Take heed lest the world beguile you as it beguiled the people who went before you! Observe ye the statutes and precepts of your Lord, and walk ye in this Way which hath been laid out before you in righteousness and truth. They who eschew iniquity and error, who adhere to virtue, are, in the sight of the one true God, among the choicest of His creatures; their names are extolled by the Concourse of the realms above, and by those who dwell in this Tabernacle which hath been raised in the name of God.

71. Mag-ingat na baka malinlang kayo ng daigdig tulad nang panlilinlang nito sa mga tao na nauna sa inyo! Sundin ninyo ang mga batas at panuntunan ng inyong Panginoon, at lumakad kayo sa landas na ito na inilatag para sa inyo sa pagka-makatarungan at pagka-makatotohanan. Sila na kinamumuhian ang kawalang-katarungan at pagkakamali, na nangangapit sa kabutihan, sa paningin ng iisang tunay na Diyos, ay kasama sa mga pinakapili sa mga nilalang Niya; ang kanilang mga pangalan ay pinupuring maigi ng Kalipunan sa mga kaharian sa kaitaasan, at noong mga nananahan sa Tabernakulo na ito na itinatag sa pangalan ng Diyos.

72. It is forbidden you to trade in slaves, be they men or women. It is not for him who is himself a servant to buy another of God's servants, and this hath been prohibited in His Holy Tablet. Thus, by His mercy, hath the commandment been recorded by the Pen of justice. Let no man exalt himself above another; all are but bondslaves before the Lord, and all exemplify the truth that there is none other God but Him. He, verily, is the All-Wise, Whose wisdom encompasseth all things.

72. Ipinagbabawal sa inyo na mangalakal ng mga alipin, kahiman sila ay mga lalake o mga babae. Hindi nararapat para sa kaniya na isang tagapaglingkod mismo na bilhin ang ibang tagapaglingkod ng Diyos, at ito ay ipinagbabawal sa Kaniyang Banal na Tableta. Sa gayon, sa pamamagitan ng Kaniyang habag, ang kautusan ay naitala ng Panulat ng katarungan. Hindi pinahihintulutan ang sinuman na pataasin ang kaniyang sarili sa iba; lahat ay mga alipin lamang sa harap ng Panginoon; lahat ay nagpapakita ng halimbawa sa katotohanan na walang ibang Diyos maliban sa Kaniya. Siya, sa katunayan, ay ang Marunong sa Lahat, at ang Kaniyang wastong kaalaman ay pumapalibot sa lahat ng bagay.

73. Adorn yourselves with the raiment of goodly deeds. He whose deeds attain unto God's good pleasure is assuredly of the people of Bahá and is remembered before His throne. Assist ye the Lord of all creation

73. Palamutihan ang inyong mga sarili ng kasuotan ng mabubuting gawa. Siya na ang mga gawa ay nagtamo ng kalugod-lugod na

with works of righteousness, and also through wisdom and utterance. Thus, indeed, have ye been commanded in most of the Tablets by Him Who is the All-Merciful. He, truly, is cognizant of what I say. Let none contend with another, and let no soul slay another; this, verily, is that which was forbidden you in a Book that hath lain concealed within the Tabernacle of glory. What! Would ye kill him whom God hath quickened, whom He hath endowed with spirit through a breath from Him? Grievous then would be your trespass before His throne! Fear God, and lift not the hand of injustice and oppression to destroy what He hath Himself raised up; nay, walk ye in the way of God, the True One. No sooner did the hosts of true knowledge appear, bearing the standards of Divine utterance, than the tribes of the religions were put to flight, save only those who willed to drink from the stream of everlasting life in a Paradise created by the breath of the All-Glorious.

74. God hath decreed, in token of His mercy unto His creatures, that semen is not unclean. Yield thanks unto Him with joy and radiance, and follow not such as are remote from the Dawning-place of His nearness. Arise ye, under all conditions, to render service to the Cause, for God will assuredly assist you through the power of His sovereignty which overshadoweth the worlds. Cleave ye unto the cord of refinement with such tenacity as to allow no trace of dirt to be seen upon your garments. Such is the injunction of One Who is sanctified above all refinement. Whoso falleth short of this standard with good reason shall incur no blame. God, verily, is the Forgiving, the Merciful. Wash ye every soiled thing with water that hath undergone no alteration in any one of the three respects; take heed not to use water that hath been altered through exposure to the air or to some other agent. Be ye the very essence of cleanliness amongst mankind. This, truly, is what your Lord, the Incomparable, the All-Wise, desireth for you.

kasiyahan ng Diyos ay tiyak na nabibilang sa mga tao ng Bahá at naaalaala sa harap ng Kaniyang trono. Tulungan ninyo ang Panginoon ng buong sangnilikha sa pamamagitan ng mga gawaing makatarungan, at gayundin sa pamamagitan ng wastong kadahilanan at pananalita. Nang ganito, tunay na inuutusan kayo Niya Na Mahabagin sa Lahat sa karamihan ng Kaniyang mga Tableta. Siya, sa katotohanan, ang nakatatanto ng Aking sinasabi. Sinuman ay hindi pinahihintulutan na makipagtalo sa iba, at wala sinumang kaluluwa ang dapat pumatay sa iba; ito, sa katunayan, ay yaong ipinagbabawal sa inyo sa isang Aklat na nakatabi nang natatago sa loob ng Tabernakulo ng luwalhati. Ano! Papatayin ba ninyo siya na binigyang-buhay ng Diyos, siya na pinagkalooban ng Diyos ng espiritu sa pamamagitan ng isang hinga mula sa Kaniya? Malubha kung gayon ang inyong magiging paglalabag sa harap ng Kaniyang trono! Matakot sa Diyos, at huwag itaas ang kamay ng kawalang-katarungan at pang-aapi upang wasakin yaong ibinangon Niya Mismo; hindi, kundi tahakin ninyo ang landas ng Diyos, Siyang Tunay. Hindi pa natatagalan na ang mga hukbo ng tunay na kaalaman ay dumating, taglay ang mga bandila ng Banal na pananalita, nang ang mga pangkat ng mga relihiyon ay nagsitakas, maliban lamang doon sa mga nagpasiya na uminom mula sa batis ng walang hanggang buhay sa isang Paraiso na nilikha ng hininga ng Maluwalhati sa Lahat.

74. Iniutos ng Diyos, bilang tanda ng Kaniyang habag sa Kaniyang mga nilalang, na ang tamod ay hindi marumi. Mag-ukol ng pasasalamat sa Kaniya nang may kagalakan at kaningningan, at huwag sundin ang ganoong malalayo na sa Pook-Liwayway ng Kaniyang pagiging malapit. Magbangon kayo, sa ilalim ng lahat ng kalagayan, upang makapaglingkod sa Kapakanan, sapagka't tiyak na tutulungan kayo ng Diyos sa pamamagitan ng lakas ng Kaniyang naghaharing kapangyarihan na nangingibabaw sa mga daigdig. Mangapit kayo sa kurdon ng pagiging pino nang may gayong kahigpitan ng kapit na hindi mapahihintulot ang anumang bahid ng dumi na makita sa inyong mga damit. Ganyan ang utos Niya Na higit na sagrado sa lahat ng pagiging pino.

Sinuman ang magkulang sa pamantayang ito nang may magandang dahilan ay hindi bibigyan ng sisi. Ang Diyos, sa katunayan, ang Nagpapatawad, ang Mahabagin. Hugasan ninyo ang bawat maruming bagay sa tubig na hindi nagkaroon ng pagbabago sa alinman sa isa sa tatlong paraan: mag-ingat na hindi gumamit ng tubig na nagbago dahilan sa pagkakalantad sa hangin o sa ibang bagay. Maging pinakadiwa kayo ng kalinisan sa sangkatauhan. Ito, sa katotohanan, ang hinahangad para sa inyo ng inyong Panginoon, ang Walang Katulad, ang Marunong sa Lahat.

75. God hath, likewise, as a bounty from His presence, abolished the concept of "uncleanness," whereby divers things and peoples have been held to be impure. He, of a certainty, is the Ever-Forgiving, the Most Generous. Verily, all created things were immersed in the sea of purification when, on that first day of Riḍván, We shed upon the whole of creation the splendors of Our most excellent Names and Our most exalted Attributes. This, verily, is a token of My loving providence, which hath encompassed all the worlds. Consort ye then with the followers of all religions, and proclaim ye the Cause of your Lord, the Most Compassionate; this is the very crown of deeds, if ye be of them who understand.

75. Gayundin, ang Diyos, bilang isang pagpapala mula sa dakilang Kinaroonan Niya, ay inalis ang konsepto tungkol sa "di-kalinisan", na kung saan ang iba-ibang mga bagay at mga tao ay ipinapalagay na hindi malinis. Siya, nang buong katiyakan, ay ang Laging Nagpapatawad, ang Pinaka-Bukas-Palad. Sa katunayan, lahat ng nilikhang bagay ay inilubog sa karagatan na nagdadalisay nang, noong unang araw ng Ridván na iyon, isinabog Namin sa buong sangnilikha ang kaluwalhatian ng Aming pinaka-magagaling na Pangalan at ang Aming pinaka-dakilang mga katangian. Ito, sa katunayan, ay isang tanda ng Aking mapagmahal na pagkupkop, na pumalibot sa lahat ng mga daigdig. Makisama kayo, kung gayon, sa mga tagasunod ng lahat ng relihiyon, at ipahayag ninyo ang Kapakanan ng inyong Panginoon, ang Pinaka-Madamayin; ito ang pinaka-korona ng mga gawa, kung kayo ay yaong mga nakauunawa.

76. God hath enjoined upon you to observe the utmost cleanliness, to the extent of washing what is soiled with dust, let alone with hardened dirt and similar defilement. Fear Him, and be of those who are pure. Should the garb of anyone be visibly sullied, his prayers shall not ascend to God, and the celestial Concourse will turn away from him. Make use of rose water, and of pure perfume; this, indeed, is that which God hath loved from the beginning that hath no beginning, in order that there may be diffused from you what your Lord, the Incomparable, the All-Wise, desireth.

76. Iniutos ng Diyos sa inyo na gawain ang sukdulang kalinisan kahit na ang paghuhugas noong nadumihan ng alabok, gaano pa ang nanigas na dumi at katulad na karumihan. Matakot sa Kaniya, at maging yaong mga dalisay. Kung ang kasuotan ng sinuman ay kitang-kita na marumi, ang kaniyang mga panalangin ay hindi aakyat sa Diyos, at ang makalangit na Kalipunan ay lalayo sa kaniya. Gumamit ng tubig na may katas ng rosas, at ng dalisay na pabango; tunay na ito ay yaong minamahal ng Diyos mula sa simula na walang simula, upang doon ay maikalat mula sa inyo yaong hinahangad ng

77. God hath relieved you of the ordinance laid down in the Bayán concerning the destruction of books. We have permitted you to read such sciences as are profitable unto you, not such as end in idle disputation; better is this for you, if ye be of them that comprehend.

77. Pinalaya kayo ng Diyos mula sa batas na ibinigay sa Bayán tungkol sa pagsira ng mga aklat. Pinahihintulutan Namin kayo na basahin ang gayong mga agham na kapaki-pakinabang sa inyo, hindi yaong nagwawakas sa walang saysay na pagtatalo; makababuti ito para sa inyo, kung kayo ay sila na mga nakauunawa.

78. O kings of the earth! He Who is the sovereign Lord of all is come. The Kingdom is God's, the omnipotent Protector, the Self-Subsisting. Worship none but God, and, with radiant hearts, lift up your faces unto your Lord, the Lord of all names. This is a Revelation to which whatever ye possess can never be compared, could ye but know it.

78. O mga hari ng kalupaan! Siya na naghaharing Panginoon ng lahat ay dumating na. Ang Kaharian ay sa Diyos, ang pinakamabisang Tagapagsanggalang, ang Sariling-Ganap. Huwag sumamba sa anuman maliban sa Diyos, at, nang may maningning na puso, itaas ang inyong mukha sa inyong Panginoon, ang Panginoon ng lahat ng mga pangalan. Ito ay isang Rebelasyon na anuman ang inyong pag-aari ay hindi kailanman maaaring ihalintulad, kung nababatid ninyo ito.

79. We see you rejoicing in that which ye have amassed for others and shutting out yourselves from the worlds which naught except My guarded Tablet can reckon. The treasures ye have laid up have drawn you far away from your ultimate objective. This ill beseemeth you, could ye but understand it. Wash from your hearts all earthly defilements, and hasten to enter the Kingdom of your Lord, the Creator of earth and heaven, Who caused the world to tremble and all its peoples to wail, except them that have renounced all things and clung to that which the Hidden Tablet hath ordained.

79. Nakikita Namin kayo na nagagalak doon sa inyong natipon para sa iba at inihiwalay ang inyong mga sarili mula sa mga daigdig na wala maliban sa Aking natatanurang Tableta ang maaaring tumuos. Ang mga kayamanan na inyong naipon ay nakahila sa inyo nang palayo mula sa inyong pinakasukdulang layunin. Ito ay hindi nararapat sa inyo, kung nauunawaan ninyo ito. Hugasan mula sa inyong mga puso ang lahat ng makalupang karumihan, at magmadaling pumasok sa Kaharian ng inyong Panginoon, ang Manlilikha ng lupa at langit, na ginawang manginig ang daigdig at managis ang lahat ng mga tao nito, maliban sa kanila na tinalikuran ang lahat ng bagay at nangapit doon sa itinadhana ng Natatagong Tableta.

80. This is the Day in which He Who held converse with God hath attained the light of the Ancient of Days, and quaffed the pure waters of reunion from this Cup that hath caused the seas to swell. Say: By the one true God! Sinai is circling round the Dayspring of Revelation, while from the heights of the Kingdom the Voice of the Spirit of God is heard proclaiming: "Bestir yourselves, ye proud ones of the earth, and hasten ye unto Him." Carmel hath, in this Day, hastened in longing adoration to attain His court, whilst from the heart of Zion there cometh the cry: "The promise is fulfilled. That which had been announced in the holy

80. Ito ang Araw na Siya Na nakipag-usap sa Diyos ay natamo ang liwanag ng Napakatanda sa mga Araw, at ininom ang dalisay na tubig ng muling pagsasama mula sa Kopa na ito na dahilan ng pagbulwak ng karagatan. Sabihin: Sa pamamagitan ng iisang tunay na Diyos! Ang Sinai ay umiikot sa paligid ng Pamimitak ng Rebelasyon, samantalang mula sa mga kaitaasan ng Kaharian ang Tinig ng Espiritu ng Diyos ay

Writ of God, the Most Exalted, the Almighty, the Best-Beloved, is made manifest."

81. O kings of the earth! The Most Great Law hath been revealed in this Spot, this scene of transcendent splendor. Every hidden thing hath been brought to light by virtue of the Will of the Supreme Ordainer, He Who hath ushered in the Last Hour, through Whom the Moon hath been cleft, and every irrevocable decree expounded.

82. Ye are but vassals, O kings of the earth! He Who is the King of Kings hath appeared, arrayed in His most wondrous glory, and is summoning you unto Himself, the Help in Peril, the Self-Subsisting. Take heed lest pride deter you from recognizing the Source of Revelation, lest the things of this world shut you out as by a veil from Him Who is the Creator of heaven. Arise, and serve Him Who is the Desire of all nations, Who hath created you through a word from Him, and ordained you to be, for all time, the emblems of His sovereignty.

83. By the righteousness of God! It is not Our wish to lay hands on your kingdoms. Our mission is to seize and possess the hearts of men. Upon them the eyes of Bahá are fastened. To this testifieth the Kingdom of Names, could ye but comprehend it. Whoso followeth his Lord will renounce the world and all that is therein; how much greater, then, must be the detachment of Him Who holdeth so august a station! Forsake your palaces, and haste ye to gain admittance into His Kingdom. This, indeed, will profit you both in this world and in the next. To this testifieth the Lord of the realm on high, did ye but know it.

naririnig na nagpapahayag ng: "Gisingin ang inyong mga sarili, kayo na mga palalo sa kalupaan, at magmadali kayong magtungo sa Kaniya." Ang Carmel, sa Araw na ito, nang may nananabik na sumasambang pagmamahal ay nagmamadali upang makarating sa Kaniyang korte, samantalang mula sa puso ng Zion ay nagmula ang sigaw na: "Ang pangako ay natupad na. Yaong ipinahayag sa banal na Kasulatan ng Diyos, ang Pinaka-Dakila, ang Makapangyarihan sa Lahat, ang Pinaka-Mamahal, ay ginawa nang mahayag."

81. O mga hari ng kalupaan! Ang Pinaka-Dakilang Batas ay naipahayag na sa Pook na ito, ang lugar na ito ng nangingibabaw na kaluwalhatian. Bawat natatagong bagay ay dinala sa liwanag sa pamamagitan ng Kalooban ng Kataas-taasang Nagtatadhana, Siya Na nagpasimula sa Huling Oras, na sa pamamagitan Niya ang Buwan ay nahati, at bawat di-mababagong batas ay ipinaliwanag.

82. Kayo ay mga alipin lamang, O mga hari ng kalupaan! Siya Na Hari ng mga Hari ay dumating na, nagagayakan ng Kaniyang kaluwalhatian na sukdulang kahanga-hanga, at tinatawagan kayo patungo sa Kaniyang Sarili, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap. Mag-ingat na baka mahadlangan kayo ng kapalaluan sa pagkilala sa Pinagmumulan ng Rebelasyon, na baka ang mga bagay ng daigdig na ito ay ihiwalay kayo na tulad ng isang lambong mula sa Kaniya na Manlilikha ng kalangitan. Magbangon, at paglingkuran Siya Na Mithiin ng lahat ng mga bansa, Siya Na lumikha sa inyo sa pamamagitan ng isang salita mula sa Kaniya, at itinadhana kayo na maging mga sagisag, sa lahat ng panahon, ng Kaniyang paghahari.

83. Saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos! Hindi Namin ninanais na kunin ang inyong mga kaharian. Ang layunin Namin ay kunin at ariin ang mga puso ng tao. Nakatutok sa kanila ang mga mata ng Bahá. Sumasaksi dito ang Kaharian ng mga Pangalan kung mauunawaan lamang ninyo ito. Sinuman ang sumunod sa kaniyang Panginoon ay tatalikuran ang daigdig at lahat ng naroroon, gaanong higit na dakila pa, kung gayon, ang pagkawalay Niya Na may hawak sa lubhang

84. How great the blessedness that awaiteth the king who will arise to aid My Cause in My kingdom, who will detach himself from all else but Me! Such a king is numbered with the companions of the Crimson Ark—the Ark which God hath prepared for the people of Bahá. All must glorify his name, must reverence his station, and aid him to unlock the cities with the keys of My Name, the omnipotent Protector of all that inhabit the visible and invisible kingdoms. Such a king is the very eye of mankind, the luminous ornament on the brow of creation, the fountainhead of blessings unto the whole world. Offer up, O people of Bahá, your substance, nay your very lives, for his assistance.

85. O Emperor of Austria! He Who is the Dayspring of God's Light dwelt in the prison of ʻAkká at the time when thou didst set forth to visit the Aqṣá Mosque. Thou passed Him by, and inquired not about Him by Whom every house is exalted and every lofty gate unlocked. We, verily, made it a place whereunto the world should turn, that they might remember Me, and yet thou hast rejected Him Who is the Object of this remembrance, when He appeared with the Kingdom of God, thy Lord and the Lord of the worlds. We have been with thee at all times, and found thee clinging unto the Branch and heedless of the Root. Thy Lord, verily, is a witness unto what I say. We grieved to see thee circle round Our Name, whilst unaware of Us, though We were before thy face. Open thine eyes, that thou mayest behold this glorious Vision, and recognize Him Whom thou invokest in the daytime and in the night season, and gaze on the Light that shineth above this luminous Horizon.

kapita-pitagang katayuan! Lisanin ang inyong mga palasyo, at magmadali kayo upang makapasok sa Kaniyang Kaharian. Ito, sa katunayan, ang makabubuti sa inyo kapwa sa daigdig na ito at sa susunod. Dito ay sumasaksi ang Panginoon ng kaharian sa kaitaasan, kung nalalaman lamang ninyo ito.

84. Gaano kahanga-hanga ang pagpapala na naghihintay sa hari na babangon upang tulungan ang Aking Kapakanan sa Aking kaharian, na iwawalay ang kaniyang sarili sa lahat maliban sa Akin! Ang ganoong hari ay nabibilang sa mga kasamahan ng Krimson na Arko—ang Arko na ihinanda ng Diyos para sa mga tao ng Bahá. Lahat ay dapat magbigay-puri sa kaniyang pangalan, dapat magbigay pitagan sa kaniyang katayuan, at tulungan siya na buksan ang mga lunsod sa pamamagitan ng mga susi ng Aking Pangalan, ang pinakamabisang Tagapagsanggalang ng lahat ng naninirahan sa nakikita at hindi nakikitang mga kaharian. Ang gayong hari ay ang pinaka-mata ng sangkatauhan, ang makinang na palamuti sa noo ng sangnilikha, ang ulong-bukal ng mga pagpapala sa buong daigdig. Ialay, O mga tao ng Bahá, ang inyong kayamanan, hindi lamang iyon, kundi ang inyong mga pinaka-buhay, bilang tulong sa kaniya.

85. O Emperador ng Austria! Siya Na Pamimitak ng Liwanag ng Diyos ay naninirahan sa bilangguan ng ʻAkká sa panahon nang ikaw ay nagtungo doon upang dumalaw sa Moske ng Aqsá. Nilampasan mo Siya, at hindi ka nagtanong tungkol sa Kaniya na sa pamamagitan Niya ang bawat tahanan ay naging dakila at bawat mataas na pinto ay nabuksan. Ginawa Namin ito, sa katunayan, na isang pook kung saan ang daigdig ay dapat bumaling, upang harinawang magunita nila Ako, ngunit gayunpaman, iyong tinalikuran Siya Na Pakay ng paggunita na ito, nang Siya ay dumating kasama ang Kaharian ng Diyos, ang iyong Panginoon at Panginoon ng lahat ng mga daigdig. Kami ay kasama mo sa lahat ng panahon, at natagpuan ka na nangapit sa Sanga at walang kamalayan sa Ugat. Ang iyong Panginoon, sa katunayan, ay isang saksi sa Aking sinasabi! Nalulumbay Kami na makita kang umikot sa paligid ng Pangalan Namin,

samantalang hindi Kami namamalayan, kahiman Kami ay nasa harapan ng iyong mukha. Buksan ang iyong mga mata, upang harinawa ay mamalas mo ang maluwalhating Pangitain na ito, at makilala Siya Na iyong tinatawagan sa araw at sa gabi, at mamasdan nang mabuti ang Liwanag na sumikat sa ibabaw ng maliwanag na Guhit-Tagpuan na ito.

86. Say: O King of Berlin! Give ear unto the Voice calling from this manifest Temple: "Verily, there is none other God but Me, the Everlasting, the Peerless, the Ancient of Days." Take heed lest pride debar thee from recognizing the Dayspring of Divine Revelation, lest earthly desires shut thee out, as by a veil, from the Lord of the Throne above and of the earth below. Thus counseleth thee the Pen of the Most High. He, verily, is the Most Gracious, the All-Bountiful. Do thou remember the one[1] whose power transcended thy power, and whose station excelled thy station. Where is he? Whither are gone the things he possessed? Take warning, and be not of them that are fast asleep. He it was who cast the Tablet of God behind him when We made known unto him what the hosts of tyranny had caused Us to suffer. Wherefore, disgrace assailed him from all sides, and he went down to dust in great loss. Think deeply, O King, concerning him, and concerning them who, like unto thee, have conquered cities and ruled over men. The All-Merciful brought them down from their palaces to their graves. Be warned, be of them who reflect.

86. Sabihin: O Hari ng Berlin! Makinig sa Tinig na nananawagan mula sa hayag na Templo na ito: "Sa katunayan, walang ibang Diyos maliban sa Akin, ang Walang Hanggan, ang Walang Kaparis, ang Napakatanda ng mga Araw." Mag-ingat na baka ikaw ay mahadlangan ng kapalaluan upang makilala ang Pamimitak ng Banal na Rebelasyon, na baka ang makalupang mga hangarin ay ihiwalay ka, na tulad ng lambong, mula sa Panginoon ng Trono sa kaitaasan at ng daigdig sa ibaba. Nang ganito ikaw ay pinapayuhan ng Panulat ng Pinaka-Mataas. Siya, sa katunayan, ay ang Pinaka-Magiliw, ang Mapagbigay-biyaya sa Lahat. Naaalaala mo ba siya[1] na ang kapangyarihan ay higit sa iyong kapangyarihan, at ang katayuan ay daig ang iyong katayuan. Nasaan na siya ngayon? Saan napunta ang mga bagay na kaniyang inari? Tanggapin ang babala, at huwag maging tulad nila na mahimbing na natutulog. Siya yaong inihagis ang Tableta ng Diyos sa likuran niya nang ipaalam Namin sa kaniya kung ano ang ipinabata sa Amin ng mga hukbo ng paniniil. Kaya, kahihiyan ang sumalakay sa kaniya mula sa lahat ng panig, at siya ay bumagsak sa alabok nang malaki ang kapahamakan. Isipin nang malalim, O Hari, ang tungkol sa kaniya, at tungkol sa kanila na, katulad mo, ay nanakop sa mga lunsod at naghari sa mga tao. Sila ay pinabagsak ng Mahabagin sa Lahat mula sa kanilang mga palasyo tungo sa kanilang mga libingan. Ikaw ay binabalaan, maging tulad nila na nag-iisip ng malalim.

87. We have asked nothing from you. For the sake of God We, verily, exhort you, and will be patient as We have been patient in that which hath befallen Us at your hands, O concourse of kings!

87. Kami ay walang hiningi mula sa inyo. Alang-alang sa Diyos, Kami, sa katunayan, ay nagpapayo sa inyo, at magiging matiyaga tulad ng pagiging matiyaga Namin doon sa sinapit Namin sa inyong mga kamay, o kalipunan ng mga hari!

88. Hearken ye, O Rulers of America and the Presidents of the Republics therein, unto that which the Dove is warbling on the Branch of Eternity: “There is none other God but Me, the Ever-Abiding, the Forgiving, the All-Bountiful.” Adorn ye the temple of dominion with the ornament of justice and of the fear of God, and its head with the crown of the remembrance of your Lord, the Creator of the heavens. Thus counseleth you He Who is the Dayspring of Names, as bidden by Him Who is the All-Knowing, the All-Wise. The Promised One hath appeared in this glorified Station, whereat all beings, both seen and unseen, have rejoiced. Take ye advantage of the Day of God. Verily, to meet Him is better for you than all that whereon the sun shineth, could ye but know it. O concourse of rulers! Give ear unto that which hath been raised from the Dayspring of Grandeur: “Verily, there is none other God but Me, the Lord of Utterance, the All-Knowing.” Bind ye the broken with the hands of justice, and crush the oppressor who flourisheth with the rod of the commandments of your Lord, the Ordainer, the All-Wise.

88. Makinig kayo, O mga Namumuno sa Amerika at mga Pangulo ng mga Republika dito, doon sa inaawit ng Kalapati sa Sanga ng Kawalang-Hanggan: “Walang ibang Diyos maliban sa Akin, ang Mananatili Magpakailanman, ang Nagpapatawad, ang Mapagbigay-biyaya sa Lahat.” Gayakan ninyo ang templo ng pamamahala ng palamuti ng katarungan at ng takot sa Diyos, at ang ulo nito ng korona ng paggunita sa inyong Panginoon, ang Manlilikha ng mga kalangitan. Sa gayon pinapayuhan kayo Niya Na Pamimitak ng mga Pangalan, tulad ng iniutos Niya Na Nakababatid sa Lahat, ang Marunong sa Lahat. Siya Na Ipinangako ay dumating sa maluwalating Katayuan na ito, kung saan ang lahat ng nabubuhay, kapwa nakikita at hindi nakikita, ay nagsipagbunyi. Samantalahin ninyo ang pagkakataon na idinudulot ng Araw ng Diyos. Sa katunayan, ang makatagpo Siya ay higit na mabuti para sa inyo kaysa doon sa lahat ng sinisinagan ng araw, kung nalalaman lamang ninyo ito. O kalipunan ng mga pinuno! Pakinggan yaong hiniyaw mula sa Pamimitak ng Kamahalan: “Sa katunayan, walang ibang Diyos maliban sa Akin, ang Panginoon ng Pananalita, ang Nakababatid ng Lahat.” Bigkisin ninyo ang nawasak sa pamamagitan ng mga kamay ng katarungan, at durugin ang mang-aapi na lumalago sa pamamagitan ng baras ng kautusan ng inyong Panginoon, ang Nagtatadhana, ang Marunong sa Lahat.

89. O people of Constantinople! Lo, from your midst We hear the baleful hooting of the owl. Hath the drunkenness of passion laid hold upon you, or is it that ye are sunk in heedlessness? O Spot that art situate on the shores of the two seas! The throne of tyranny hath, verily, been established upon thee, and the flame of hatred hath been kindled within thy bosom, in such wise that the Concourse on high and they who circle around the Exalted Throne have wailed and lamented. We behold in thee the foolish ruling over the wise, and darkness vaunting itself against the light. Thou art indeed filled with manifest pride. Hath thine outward splendor made thee vainglorious? By Him Who is the Lord of mankind! It shall soon perish, and thy daughters and thy widows and all the kindreds that dwell within thee shall lament. Thus informeth thee the All-Knowing, the All-Wise.

89. O mga tao ng Constantinople! Masdan, mula sa kalagitnaan ninyo ay naririnig Namin ang masasamang huni ng kuwago. Ang pagkalango ba sa simbuyo ng dam-damin ay nakapangapit na sa inyo, o ito ba ay dahilan sa kayo ay nalubog na sa kapabayaan? O Pook na inilagay sa mga pampang ng dalawang karagatan! Ang trono ng paniniil, sa katunayan, ay naitatag na sa iyo, at ang lagablab ng pagkapoot ay pinagningas na sa loob ng iyong dibdib, at sa gayon ang Kalipunan sa kaitaasan at sila na umiikot sa paligid ng Dakilang Trono ay nanangis at nanaghoy. Nakikita Namin sa iyo ang hangal na namumuno sa mga marurunong, at ang dilim na ipinagyayabang ang sarili nito sa liwanag. Ikaw, sa katunayan ay puno ng hayag na kayabangan. Ginawa ka ba ng iyong

panlabas na kaluwal-hatian na naging napaka-palalo? Saksi Siya na Panginoon ng sangkatauhan! Hindi maglalaon at ito ay mawawala at ang iyong mga anak na babae at ang iyong mga biyuda at lahat ng mga kamag-anakan na nananahan sa loob mo ay magdadalamhati. Nang ganito, ipinababatid sa iyo ng Nakababatid sa Lahat, ang Marunong sa Lahat.

90. O banks of the Rhine! We have seen you covered with gore, inasmuch as the swords of retribution were drawn against you; and ye shall have another turn. And We hear the lamentations of Berlin, though she be today in conspicuous glory.

90. O mga pampang ng Rhine! Nakita ka namin na natatakpan ng danak ng dugo, dahilan sa ang mga espada ng kabayaran ay hinugot laban sa iyo; at ikaw ay tatanggap pa ng kasunod. At naririnig Namin ang mga taghoy ng Berlin, kahiman ngayon siya ay nasa hayag na kaluwalhatian.

91. Let nothing grieve thee, O Land of Ṭá,[2] for God hath chosen thee to be the source of the joy of all mankind. He shall, if it be His Will, bless thy throne with one who will rule with justice, who will gather together the flock of God which the wolves have scattered. Such a ruler will, with joy and gladness, turn his face towards, and extend his favors unto, the people of Bahá. He indeed is accounted in the sight of God as a jewel among men. Upon him rest forever the glory of God and the glory of all that dwell in the kingdom of His revelation.

91. Huwag hayaang makalumbay ang anuman sa iyo, O lupain ng Tá,[2] sapagka't pinili ka ng Diyos na maging pagmumulan ng kaligayahan ng buong sangkatauhan. Pagpapalain Niya, kung ito ang Kaniyang Kalooban, ang iyong trono ng isa na mamumuno nang may katarungan, na titipunin nang magkakasama ang kawan ng Diyos na ikinalat ng mga lobo. Ang gayong pinuno, nang may kaluguran at kaligayahan, ay ibabaling ang kaniyang mukha, at ibibigay ang kaniyang mga tangkilik sa mga tao ng Bahá. Siya, ay tunay na ipinapalagay sa paningin ng Diyos bilang isang hiyas sa mga tao. Mapasa-kaniya nang walang katapusan ang luwalhati ng Diyos at ang luwalhati ng lahat noong nananahan sa kaharian ng Kaniyang rebelasyon.

92. Rejoice with great joy, for God hath made thee "the Dayspring of His light," inasmuch as within thee was born the Manifestation of His Glory. Be thou glad for this name that hath been conferred upon thee—a name through which the daystar of grace hath shed its splendor, through which both earth and heaven have been illumined.

92. Magalak nang may matinding kaligayahan, sapagka't ginawa ka ng Diyos bilang "ang pamimitak ng Kaniyang Liwanag", dahilan sa loob mo ay isinilang ang Kahayagan ng Kaniyang Luwalhati. Maligayahan ka sa pangalan na ito na ipinagkaloob sa iyo—isang pangalan na sa pamamagitan ng araw-bituin ng pagpapala ay isinabog ang kaningningan nito, na sa pamamagitan nito ang kalupaan at kalangitan ay pinagliwanag.

93. Erelong will the state of affairs within thee be changed, and the reins of power fall into the hands of the people. Verily, thy Lord is the All-Knowing. His authority embraceth all things. Rest thou assured in the gracious favor of thy Lord. The eye of His loving-kindness shall

93. Hindi na magtatagal at ang kalagayan ng mga gawain mo ay magbabago, at ang renda ng kapangyarihan ay mapapasa-kamay ng mga tao. Sa katunayan, ang iyong

everlastingly be directed towards thee. The day is approaching when thy agitation will have been transmuted into peace and quiet calm. Thus hath it been decreed in the wondrous Book.

94. O Land of Khá![3] We hear from thee the voice of heroes, raised in glorification of thy Lord, the All-Possessing, the Most Exalted. Blessed the day on which the banners of the divine Names shall be upraised in the kingdom of creation in My Name, the All-Glorious. On that day the faithful shall rejoice in the victory of God, and the disbelievers shall lament.

95. None must contend with those who wield authority over the people; leave unto them that which is theirs, and direct your attention to men's hearts.

96. O Most Mighty Ocean! Sprinkle upon the nations that with which Thou hast been charged by Him Who is the Sovereign of Eternity, and adorn the temples of all the dwellers of the earth with the vesture of His laws through which all hearts will rejoice and all eyes be brightened.

97. Should anyone acquire one hundred mithqáls of gold, nineteen mithqáls thereof are God's and to be rendered unto Him, the Fashioner of earth and heaven. Take heed, O people, lest ye deprive yourselves of so great a bounty. This We have commanded you, though We are well able to dispense with you and with all who are in the heavens and on earth; in it there are benefits and wisdoms beyond the ken of anyone but God, the Omniscient, the All-Informed. Say: By this means He hath desired to purify what ye possess and to enable you to draw nigh unto such stations as none can comprehend save those whom God hath willed. He, in truth, is the Beneficent, the Gracious, the Bountiful. O people! Deal not faithlessly with the Right of God, nor, without His leave, make free with its disposal. Thus hath His commandment been established in the holy Tablets, and in this exalted Book. He who dealeth faithlessly with God shall in justice meet with faithlessness himself; he,

Panginoon ay ang Nakababatid ng Lahat. Ang kapangyarihan Niya ay sumasaklaw sa lahat ng bagay. Manalig ka sa mapagpalang tangkilik ng iyong Panginoon. Ang paningin ng Kaniyang mapagmahal na kagandahang-loob ay magpakailanmang nakatutok sa iyo. Ang araw ay nalalapit na nang ang iyong bagabag ay magbabago upang maging kapayapaan at matahimik na katiwasayan. Sa gayon, iniutos ito sa kamangha-manghang Aklat.

94. O Lupain ng Khá![3] Naririnig Namin mula sa iyo ang tinig ng mga bayani, na pinagdiriwang ang kaluwalhatian ng iyong Panginoon, ang Nagmamay-ari sa Lahat, ang Pinaka-Dakila. Pinagpala ang araw na ang mga bandila ng mga banal na Pangalan ay itataas sa kaharian ng sangnilikha sa Aking Pangalan, ang Maluwalhati sa Lahat. Sa araw na iyon, ang matatapat ay magsasaya sa tagumpay ng Diyos, at ang mga hindi nananalig ay magdadalamhati.

95. Walang sinuman ang dapat makipagtalo doon sa mga may-kapangyarihan sa mga tao; iwanan sa kanila yaong sa kanila, at itutok ang inyong paningin sa mga puso ng mga tao.

96. O Pinaka-Makapangyarihan na Karagatan! Idilig sa mga bansa yaong iniatas sa iyo Niya na Hari ng Kawalang-Hanggan, at gayakan ang mga templo ng lahat ng nananahan sa kalupaan ng kasuotan ng Kaniyang mga batas na sa pamamagitan nito ang lahat ng mga puso ay magagalak at lahat ng mga mata ay pagliliwanagin.

139. At ngayon isaalang-alang yaong naihayag na sa isa pang talata, upang harinawa ay talikuran ninyo ang inyong sariling mga kuro-kuro at ibaling ang inyong mga mukha tungo sa Diyos, ang Panginoon ng nilalang. Siya[4] ay nagsabi: "Labag sa batas na makipag-isang dibdib sa iba maliban sa isang nananalig sa Bayán. Kung isang panig lamang sa isang pag-aasawa ang tumanggap sa Kapakanan na ito, ang ari-arian ng lalake o babae ay magiging hindi ayon sa batas sa kabilang panig, hanggang sa gayong panahon na ang huling nabanggit ay nanalig. Ang batas na ito, gayunpaman, ay magkakaroon lamang ng bisa matapos ang pagkakaluklok ng Kapakanan Niya Na ihahayag Namin sa katotohanan, o niyong nagawa nang mahayag sa katarungan. Bago ito, kayo ay malaya na makipag-isang dibdib sang-ayon sa inyong

ninanais, upang harinawang sa pamamaraan na ito ay madakila ninyo ang Kapakanan ng Diyos.” Sa ganoon inawit ng Ruwinsenyor ang malamyos na himig sa makalangit na sanga, sa pagpupuri sa Panginoon nito, ang Mahabagin sa Lahat. Makababuti ito sa kanila na nakikinig.

140. O people of the Bayán, I adjure you by your Lord, the God of mercy, to look with the eye of fairness upon this utterance which hath been sent down through the power of truth, and not to be of those who see the testimony of God yet reject and deny it. They, in truth, are of those who will assuredly perish. The Point of the Bayán hath explicitly made mention in this verse of the exaltation of My Cause before His own Cause; unto this will testify every just and understanding mind. As ye can readily witness in this day, its exaltation is such as none can deny save those whose eyes are drunken in this mortal life and whom a humiliating chastisement awaiteth in the life to come.

140. O mga tao ng Bayán, Ako ay inaatasan kaya sa pamamagitan ng inyong Panginoon, ang Diyos ng habag, na tumingin ng may paningin ng pagkamakatarungan sa pananalita na ito na ipinadala dito sa ibaba sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan, at huwag maging yaong nakikita ang patunay ng Diyos ngunit tinatanggihan at itinatatuwa ito. Sila, sa katotohanan, ay yaong tiyak na mangamamatay. Ang Tuldok ng Bayán ay maliwanag na binanggit sa bersikulo na ito ang higit na kadakilaan ng Aking Kapakanan kaysa sa Sarili Niyang Kapakanan; dito ay sasaksi ang bawat makatarungan at nakauunawang isipan. Tulad ng inyong kaagad na masasaksihan sa araw na ito, ang kadakilaan nito ay ganoon na wala sinuman ang makapagkakaila maliban doon sa ang mga mata ay langgo sa makalupang buhay na ito at sa kaniya ay isang kahiya-hiyang kaparusahan ang naghihintay sa buhay na darating.

141. Say: By the righteousness of God! I, verily, am His[5] Best-Beloved; and at this moment He listeneth to these verses descending from the Heaven of Revelation and bewaileth the wrongs ye have committed in these days. Fear God, and join not with the aggressor. Say: O people, should ye choose to disbelieve in Him,[6] refrain at least from rising up against Him. By God! Sufficient are the hosts of tyranny that are leagued against Him!

141. Sabihin: Saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos! Ako, sa katunayan, ay ang Kaniyang[5] Pinakamamahal; at sa sandaling ito Siya ay nakikinig sa mga bersikulo na ito na bumababa mula sa Kalangitan ng Rebelasyon at itinatangis ang mga pagkakasala na inyong ginawa sa mga araw na ito. Matakot sa Diyos, at huwag sumama sa nananalakay. Sabihin: O mga tao, kung pipiliin ninyo na hindi manalig sa Kaniya,[6] magpigil man lamang kayo sa paghimagsik laban sa Kaniya. Saksi ang Diyos! Sapat na ang mga hukbo ng paniniil na nakahanay laban sa Kaniya!

142. Verily, He[7] revealed certain laws so that, in this Dispensation, the Pen of the Most High might have no need to move in aught but the glorification of His own transcendent Station and His most effulgent Beauty. Since, however, We have wished to evidence Our bounty unto you, We have, through the power of truth, set forth these laws with clarity and mitigated what We desire you to observe. He, verily, is the Munificent, the Generous.

142. Sa katunayan, Siya[7] ay nagpahayag ng ilang mga batas upang, sa Dispensasyon na ito, ang Panulat ng Pinaka-Mataas ay hindi na kakailanganin pang kumilos sa anuman maliban sa pagluluwalhati sa Kaniyang sariling nangingibabaw na Katayuan sa Kaniyang pinaka-maningning na Kagandahan. Gayunpaman, dahilan sa ninanais Namin na

patunayan ang Aming pagpapala sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan, inihayag Namin ang mga batas na ito nang may kalinawan at pinagaan yaong hinahangad Namin na sundin ninyo. Siya, sa katunayan, ay ang Lubos na Mapagbigay, ang Bukas-Palad.

143. He[8] hath previously made known unto you that which would be uttered by this Dayspring of Divine wisdom. He said, and He speaketh the truth: "He[9] is the One Who will under all conditions proclaim: 'Verily, there is none other God besides Me, the One, the Incomparable, the Omniscient, the All-Informed.'" This is a station which God hath assigned exclusively to this sublime, this unique and wondrous Revelation. This is a token of His bounteous favor, if ye be of them who comprehend, and a sign of His irresistible decree. This is His Most Great Name, His Most Exalted Word, and the Dayspring of His Most Excellent Titles, if ye could understand. Nay more, through Him every Fountainhead, every Dawning-place of Divine guidance is made manifest. Reflect, O people, on that which hath been sent down in truth; ponder thereon, and be not of the transgressors.

143. Ipina-aalam Niya[8] noong una pa sa inyo yaong bibigkasin nitong Pamimitak ng Banal na wastong kaalaman na ito. Sinabi Niya, at Siya ay nagsasabi ng katotohanan: "Siya[9] Yaong sa ilalim ng lahat ng kalagayan ay magpapahayag ng: 'Sa katunayan, walang ibang Diyos maliban sa Akin, ang Nag-iisa, ang Walang Katulad, ang may Walang-hanggang Kaalaman, ang Nakaaalam ng Lahat.'" Ito ay isang katayuan na tanging itinakda lamang dito sa maringal, dito sa bukod-tangi at kahanga-hangang Rebelasyon na ito. Ito ay isang palatandaan ng Kaniyang masaganang biyaya, kung kayo ay nabibilang doon sa mga nakauunawa, at isang tanda ng Kaniyang di-mapaglalabanang utos. Ito ang Kaniyang Pinaka-Dakilang Pangalan, ang Kaniyang Pinaka-Marangal na Salita, at ang Pamimitak ng Kaniyang Pinaka-Magaling na mga Titulo, kung mauunawaan ninyo. At higit pa dito, sa pamamagitan Niya, bawat Punong-Bukal, bawat Pook-liwayway ng Banal na patnubay ay ginawa na mahayag. Nilay-nilayin, O mga tao, yaong ipinadala dito sa ibaba sa katotohanan, bulay-bulayin iyon, at huwag maging yaong mga lumalabag.

144. Consort with all religions with amity and concord, that they may inhale from you the sweet fragrance of God. Beware lest amidst men the flame of foolish ignorance overpower you. All things proceed from God and unto Him they return. He is the source of all things and in Him all things are ended.

144. Makisama sa lahat ng mga relihiyon nang may pagkakaibigan at pagkakaunawaan, upang malanghap nila mula sa inyo ang mabangong halimuyak ng Diyos. Mag-ingat na baka sa gitna ng mga tao ang lagablab ng hangal na kamangmangan ay makagapi sa inyo. Lahat ng bagay ay nagmumula sa Diyos at sa Kaniya sila ay babalik. Siya ang pinagmumulaan ng lahat ng bagay at sa Kaniya ang lahat ng bagay ay nagwawakas.

145. Take heed that ye enter no house in the absence of its owner, except with his permission. Comport yourselves with propriety under all conditions, and be not numbered with the wayward.

145. Mag-ingat na huwag kayong pumasok ng bahay nang wala ang may-ari, maliban nang may kapahintulutan siya. Kumilos kayo nang may kagandahang-asal sa lahat ng kalagayan, at huwag mapabilang doon sa mga suwail.

146. It hath been enjoined upon you to purify your means of sustenance and other such things through payment of Zakát. Thus hath it been prescribed in this exalted Tablet by Him Who is the Revealer of verses. We shall, if it be God's will and purpose, set forth erelong the measure of its assessment. He, verily, expoundeth whatsoever He desireth by virtue of His own knowledge, and He, of a truth, is Omniscient and All-Wise.

146. Iniutos sa inyo na padalisayin ang inyong pamamaraan sa kabuhayan at ibang mga gayong bagay sa pamamagitan ng pagbabayad ng Zakát. Sa gayon ito ay iniutos Niya Na Tagapagpahayag ng mga bersikulo sa dakilang Tableta na ito. Aming ilalahad, sa madaling panahon, kung ito ang kalooban at layunin ng Diyos, ang paraan ng pagtasa sa halaga nito. Siya, sa katunayan, ay ipinaliliwanag ang anuman na Kaniyang ninanais sa pamamagitan ng Kaniyang sariling kaalaman, at Siya, sa katotohanan, ang may Walang-hanggang Kaalaman at ang Marunong sa Lahat.

147. It is unlawful to beg, and it is forbidden to give to him who beggeth. All have been enjoined to earn a living, and as for those who are incapable of doing so, it is incumbent on the Deputies of God and on the wealthy to make adequate provision for them. Keep ye the statutes and commandments of God; nay, guard them as ye would your very eyes, and be not of those who suffer grievous loss.

147. Labag sa batas ang mamalimos, at ipinagbabawal ang magbigay sa kaniya na namamalimos. Lahat ay inaatasan na maghanap-buhay, at para doon sa mga walang kakayanan, tungkulin ng mga Kinatawan ng Diyos at ng mamamayan na maglaan ng sapat na panustos para sa kanila. Sundin ninyo ang mga batas at kautusan ng Diyos; hindi lamang iyon, pangalagaan ang mga ito ng tulad din ng pangangalaga sa inyong mga sariling mata, at huwag maging yaong magdurusa ng malubhang kawalaan.

148. Ye have been forbidden in the Book of God to engage in contention and conflict, to strike another, or to commit similar acts whereby hearts and souls may be saddened. A fine of nineteen mithqáls of gold had formerly been prescribed by Him Who is the Lord of all mankind for anyone who was the cause of sadness to another; in this Dispensation, however, He hath absolved you thereof and exhorteth you to show forth righteousness and piety. Such is the commandment which He hath enjoined upon you in this resplendent Tablet. Wish not for others what ye wish not for yourselves; fear God, and be not of the prideful. Ye are all created out of water, and unto dust shall ye return. Reflect upon the end that awaiteth you, and walk not in the ways of the oppressor. Give ear unto the verses of God which He Who is the sacred Lote-Tree reciteth unto you. They are assuredly the infallible balance, established by God, the Lord of this world and the next. Through them the soul of man is caused to wing its flight towards the Dayspring of Revelation, and the heart of every true believer is suffused with light. Such are the laws which God hath enjoined upon you, such His commandments prescribed unto you in His Holy Tablet; obey them with joy and gladness, for this is best for you, did ye but know.

148. Pinagbabawalan kayo sa Aklat ng Diyos sa pagsama sa pagtatalo at pag-aaway, ang paghampas sa iba, o ang gumawa ng katulad na mga kilos na maaaring ikalungkot ng mga puso at kaluluwa. Isang multa na labinsiyam na mithqál ng ginto ang iniutos noon Niya na Panginoon ng buong sangkatauhan sa sinuman na naging sanhi ng kalungkutan sa iba; sa Dispensasyon na ito, gayunpaman, iyon ay hindi na pinatutupad sa inyo at pinapayuhan kayo na magpakita ng gayong pagkamakatarungan at kabanalan. Ganoon ang kautusan na iniutos Niya sa inyo dito sa napakaningning na Tabletang ito. Huwag hangarin para sa iba yaong hindi ninyo ninanais para sa inyong mga sarili; matakot sa Diyos, at huwag maging yaong mga palalo. Lahat kayo ay nilikha mula sa tubig, at sa alabok kayo ay babalik. Nilay-nilayin ang wakas na naghihintay sa inyo, at huwag mamuhay sa mga gawi ng mang-aapi. Pakinggan ang mga bersikulo ng Diyos na Siya Na Banal na Puno ng Lote ay binibigkas sa

inyo. Tiyak na ang mga ito ang hindi nagkakamaling timbangan na itinatag ng Diyos, ang Panginoon ng daigdig na ito at ng susunod. Sa pamamagitan ng mga ito ang kaluluwa ng tao ay lumipad tungo sa Pamimitak ng Rebelasyon, at ang puso ng bawat tunay na nananalig ay natitigmak ng liwanag. Gayon ang mga batas na iniutos sa inyo ng Diyos, gayon ang Kaniyang mga kautusan na iniatas sa inyo sa Kaniyang Banal na Tableta; sundin ang mga iyon nang may kagalakan at kaligayahan, sapagka't ito ang pinaka-mabuti para sa inyo, kung nalalaman lamang ninyo ito.

149. Recite ye the verses of God every morn and eventide. Whoso faileth to recite them hath not been faithful to the Covenant of God and His Testament, and whoso turneth away from these holy verses in this Day is of those who throughout eternity have turned away from God. Fear ye God, O My servants, one and all. Pride not yourselves on much reading of the verses or on a multitude of pious acts by night and day; for were a man to read a single verse with joy and radiance it would be better for him than to read with lassitude all the Holy Books of God, the Help in Peril, the Self-Subsisting. Read ye the sacred verses in such measure that ye be not overcome by languor and despondency. Lay not upon your souls that which will weary them and weigh them down, but rather what will lighten and uplift them, so that they may soar on the wings of the Divine verses towards the Dawning-place of His manifest signs; this will draw you nearer to God, did ye but comprehend.

149. Bigkasin ninyo ang mga bersikulo ng Diyos tuwing umaga at gabi. Sinuman ang di-maisagawang bigkasin ang mga iyon ay hindi naging matapat sa Banal na Kasunduan ng Diyos at sa Kaniyang Testamento, at sinuman ang tumalikod sa mga banal na bersikulo na ito sa Araw na ito ay katulad nila na sa buong kawalang hanggan ay tumalikod sa Diyos. Matakot kayo sa Diyos, O Aking mga tagapaglingkod, bawat isa at lahat. Huwag ipagmalaki ang inyong mga sarili dahilan sa maraming nababasa na mga bersikulo o sa karamihan ng banal na mga kilos sa gabi at araw; sapagka't kung ang isang tao ay babasa ng isang bersikulo nang may kagalakan at kaningningan, ito ay higit na makabubuti para sa kaniya kaysa sa basahin nang may pananamlay ang lahat ng mga Banal na Aklat ng Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap. Basahin ninyo ang mga banal na bersikulo sa gayong antas na hindi kayo magagapi ng pananamlay at lubhang kawalang pag-asa. Huwag ipataw sa inyong mga kaluluwa yaong makapapagod doon at makabibigat sa mga iyon, upang ang mga iyon ay pumailanlang sa mga bagwis ng Banal na mga bersikulo tungo sa Pook-liwayway ng Kaniyang hayag na mga palatandaan; ito ay higit na magpapalapit sa inyo sa Diyos, kung nauunawaan lamang ninyo.

150. Teach your children the verses revealed from the heaven of majesty and power, so that, in most melodious tones, they may recite the Tablets of the All-Merciful in the alcoves within the Mashriqu'l-Adhkárs. Whoever hath been transported by the rapture born of adoration for My Name, the Most Compassionate, will recite the verses of God in such wise as to captivate the hearts of those yet

150. Turuan ang inyong mga anak ng mga bersikulo na ipinahayag mula sa kalangitan ng karingalan at kapangyarihan, upang sa pinaka-malamyos na himig ay magawa nilang dalitin ang mga Tableta ng Mahabagin sa Lahat sa mga alkoba sa loob ng mga

wrapped in slumber. Well is it with him who hath quaffed the Mystic Wine of everlasting life from the utterance of his merciful Lord in My Name—a Name through which every lofty and majestic mountain hath been reduced to dust.

Mashriqu'l-Adhkár. Sinuman ang matangay ng masidhing kagalakan dahilan sa matimyas na pagsamba sa Aking Pangalan, ang Pinaka-Madamayin, ay bibigkasin ang mga bersikulo ng Diyos sa gayong gawi na mabibighani ang mga puso noong napakahimbing ang pagkakatulog. Mabuti ito para sa kaniya na nakainom ng Mahiwagang Alak ng walang hanggang buhay mula sa pananalita ng kaniyang mahabaging Panginoon sa Aking Pangalan—isang Pangalan na sa pamamagitan nito ang bawat matayog at maringal na bundok ay ginawang maging alabok.

151. Ye have been enjoined to renew the furnishings of your homes after the passing of each nineteen years; thus hath it been ordained by One Who is Omniscient and All-Perceiving. He, verily, is desirous of refinement, both for you yourselves and for all that ye possess; lay not aside the fear of God and be not of the negligent. Whoso findeth that his means are insufficient to this purpose hath been excused by God, the Ever-Forgiving, the Most Bounteous.

151. Iniuutos sa inyo na baguhin ang mga kasangkapan sa inyong mga tahanan matapos lumipas ang bawat labinsiyam na taon; sa gayon ito ay itinadhana Niya Na may Walang-hanggang Kaalaman at ang Nakauunawa sa Lahat. Siya, sa katunayan, ay naghahangad ng kapinuhan, kapwa para sa inyong mga sarili at sa lahat ng inyong pag-aari; huwag isa-isang tabi ang takot sa Diyos at huwag maging yaong pabaya. Sinuman ang makita na ang kaniyang kabuhayan ay hindi sapat sa layuning ito ay pinatatawad ng Diyos, ang Laging Nagpapatawad, ang Pinaka-Magandang-loob.

152. Wash your feet once every day in summer, and once every three days during winter.

152. Hugasan ang inyong mga paa minsan sa araw-araw sa tag-init, at minsan tuwing ikatlong araw kapag taglamig.

153. Should anyone wax angry with you, respond to him with gentleness; and should anyone upbraid you, forbear to upbraid him in return, but leave him to himself and put your trust in God, the omnipotent Avenger, the Lord of might and justice.

153. Kung sinuman ang mapoot sa iyo, tumugon sa kaniya nang may kahinahunan; at kung sinuman ang mumura sa iyo, magpigil na pagalitan din siya bilang ganti, kundi iwanan siya sa kaniyang sarili at ilagay ang iyong tiwala sa Diyos, ang pinakamabisang Tagapaghiganti, ang Panginoon ng kapangyarihan at katarungan.

154. Ye have been prohibited from making use of pulpits. Whoso wisheth to recite unto you the verses of his Lord, let him sit on a chair placed upon a dais, that he may make mention of God, his Lord, and the Lord of all mankind. It is pleasing to God that ye should seat yourselves on chairs and benches as a mark of honor for the love ye bear for Him and for the Manifestation of His glorious and resplendent Cause.

154. Pinagbabawalan kayo na gamitin ang mga pulpito. Sinuman ang nagnanais na bigkasin sa inyo ang mga bersikulo ng kaniyang Panginoon, hayaan siyang maupo sa isang upuan na inilagay sa ibabaw ng isang plataporma, upang mabanggit niya ang Diyos, ang kaniyang Panginoon, at ang Panginoon ng buong sangkatauhan. Kasiya-siya sa Diyos na iupo ninyo ang inyong mga sarili sa mga

upuan at bangko bilang isang tanda ng karangalan dahilan sa pag-ibig na taglay ninyo sa Kaniya at sa Kahayagan ng Kaniyang maluwalhati at maringal na Kapakanan.

155. Gambling and the use of opium have been forbidden unto you. Eschew them both, O people, and be not of those who transgress. Beware of using any substance that induceth sluggishness and torpor in the human temple and inflicteth harm upon the body. We, verily, desire for you naught save what shall profit you, and to this bear witness all created things, had ye but ears to hear.

155. Ang pagsusugal at ang paggamit ng opyo ay ipinagbabawal sa inyo. Iwasan kapwa ang mga iyon, O mga tao, at huwag mapasama sa mga lumalabag. Mag-ingat na hindi gagamit ng anumang sangkap na nagiging sanhi ng pananamlay at pamamanhid ng isipan ng tao at nakapipinsala sa katawan. Kami, sa katunayan, ay walang hinahangad para sa inyo maliban doon sa makabubuti sa inyo, at dito ay sumasaksi ang lahat ng nilalang na bagay, kung kayo lamang ay mayroong mga tainga na nakaririnig.

156. Whensoever ye be invited to a banquet or festive occasion, respond with joy and gladness, and whoever fulfilleth his promise will be safe from reproof. This is a Day on which each of God's wise decrees hath been expounded.

156. Kailanman na kayo ay inanyayahan sa isang salo-salo o kasayahan, tumugon nang may kagalakan at kasiyahan, at sinuman ang tumupad sa kaniyang pangako ay magiging ligtas sa panunumbat. Ito ay isang Araw na ang bawat mahusay na utos ng Diyos ay ipinaliwanag.

157. Behold, the "mystery of the Great Reversal in the Sign of the Sovereign" hath now been made manifest. Well is it with him whom God hath aided to recognize the "Six" raised up by virtue of this "Upright Alif"; he, verily, is of those whose faith is true. How many the outwardly pious who have turned away, and how many the wayward who have drawn nigh, exclaiming: "All praise be to Thee, O Thou the Desire of the worlds!" In truth, it is in the hand of God to give what He willeth to whomsoever He willeth, and to withhold what He pleaseth from whomsoever He may wish. He knoweth the inner secrets of the hearts and the meaning hidden in a mocker's wink. How many an embodiment of heedlessness who came unto Us with purity of heart have We established upon the seat of Our acceptance; and how many an exponent of wisdom have We in all justice consigned to the fire. We are, in truth, the One to judge. He it is Who is the manifestation of "God doeth whatsoever He pleaseth," and abideth upon the throne of "He ordaineth whatsoever He chooseth."

157. Masdan, ang "hiwaga ng Dakilang Pagbaligtad sa Palatandaan ng Hari" ay ginawa na ngayong mahayag. Mabuti para sa kaniya na tinulungan ng Diyos upang makilala ang "Anim" na itinaas dahilan sa "Tuwid na Alif" na ito; siya, sa katunayan, ay yaong ang pananalig ay totoo. Ilan doon sa mga may panlabas na kabanalan ang tumalikod, at ilan sa mga naliligaw ang lumapit, ibinulalas ang: "Lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, O Ikaw na Mithiin ng mga daigdig!" Sa katotohanan, nasa kamay ng Diyos ang pagbibigay kung ano ang niloloob Niya sa kaninuman na ninanais Niya, at ipagkait ang anumang Kaniyang naisin sa sinuman na gugustuhin Niya. Nalalaman Niya ang naloloob na mga lihim ng mga puso at ang kahulugan na natatago sa isang kindat ng nangungutya. Gaano karami ang mga may diwa ng kapabayaan ang lumapit sa Amin nang may dalisay na puso na itinatag Namin sa luklukan ng Aming pagtanggap; at ilan sa mga sagisag ng katalinuhan ang itinalaga Namin nang buong makatarungan sa apoy. Kami, sa katotohanan, ay Siya na humahatol. Siya Yaong kahayagan ng "Ginagawa ng Diyos ang anumang ninanais Niya", at namamalagi sa

158. Blessed is the one who discovereth the fragrance of inner meanings from the traces of this Pen through whose movement the breezes of God are wafted over the entire creation, and through whose stillness the very essence of tranquillity appeareth in the realm of being. Glorified be the All-Merciful, the Revealer of so inestimable a bounty. Say: Because He bore injustice, justice hath appeared on earth, and because He accepted abasement, the majesty of God hath shone forth amidst mankind.

159. It hath been forbidden you to carry arms unless essential, and permitted you to attire yourselves in silk. The Lord hath relieved you, as a bounty on His part, of the restrictions that formerly applied to clothing and to the trim of the beard. He, verily, is the Ordainer, the Omniscient. Let there be naught in your demeanor of which sound and upright minds would disapprove, and make not yourselves the playthings of the ignorant. Well is it with him who hath adorned himself with the vesture of seemly conduct and a praiseworthy character. He is assuredly reckoned with those who aid their Lord through distinctive and outstanding deeds.

160. Promote ye the development of the cities of God and His countries, and glorify Him therein in the joyous accents of His well-favored ones. In truth, the hearts of men are edified through the power of the tongue, even as houses and cities are built up by the hand and other means. We have assigned to every end a means for its accomplishment; avail yourselves thereof, and place your trust and confidence in God, the Omniscient, the All-Wise.

trono ng “Siya ang nagtatadhana ng anumang minamarapat Niya”.

158. Pinagpala siya na nakatuklas sa bango ng naloloob na mga kahulugan mula sa mga bakas ng Panulat na ito na sa pamamagitan ng pagkilos nito ang mga simoy ng Diyos ay isinasabog sa buong sangnilikha, at sa pamamagitan ng katahimikan nito ang pinaka-diwa ng katiwasayan ay nakikita sa larangan ng nilikha. Luwalhatiin ang Mahabagin sa Lahat, ang Tagapagpahayag ng biyaya na lubhang di-matataya. Sabihin: Dahilan sa nagtiis Siya ng kawalang-katarungan, ang katarungan ay dumating sa kalupaan, at dahilan sa tinanggap Niya ang pagkaaba, ang kamahalan ng Diyos ay nagningning sa gitna ng sangkatauhan.

159. Ipinagbabawal sa inyo ang magdala ng sandata kung hindi kailangang-kailangan, at pinahihintulutan kayo na magsuot ng sutla. Pinalaya kayo ng Panginoon, bilang isang pagpapala mula sa Kaniyang panig, sa mga pagbabawal na pinaiiral noong una tungkol sa pananamit at sa paggupit ng balbas. Siya, sa katunayan, ang Nagtatadhana, ang may Walang-hanggang Kaalaman. Huwag hayaan na anuman sa inyong kilos ay hindi mabutihin ng mga isipan na matino at may paninindigan, at huwag gawain ang inyong mga sarili na maging mga laruan ng mangmang. Makababuti ito sa kaniya na pinalamutihan ang kaniyang sarili ng pananamit ng marapat na asal at isang kapuri-puring ugali. Siya ay tiyak na nabibilang na kasama noong mga tumutulong sa kanilang Panginoon sa pamamagitan ng mga gawain na kakaiba at namumukod-tangi.

160. Itaguyod ninyo ang pag-unlad ng mga lungsod ng Diyos at ng Kaniyang mga bansa, at luwalhatiin Siya roon sa masayang mga tono ng Kaniyang mga pinakamamahal. Sa katotohanan, ang mga puso ng tao ay natuturuan upang mapabuti ang moral ang kaisipan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng dila, tulad ng pagtayo ng mga tahanan at mga lungsod sa pamamagitan ng kamay at ibang mga paraan. Itinadhana Namin sa bawat layunin ang isang pamamaraan para sa katuparan nito; gamitin ninyo iyon, at ilagay ang inyong pagtitiwala at matibay na

paniniwala sa Diyos, ang may Walang-hanggang Kaalaman, ang Lubos na Marunong.

161. Blessed is the man that hath acknowledged his belief in God and in His signs, and recognized that "He shall not be asked of His doings." Such a recognition hath been made by God the ornament of every belief and its very foundation. Upon it must depend the acceptance of every goodly deed. Fasten your eyes upon it, that haply the whisperings of the rebellious may not cause you to slip.

161. Pinagpala ang tao na pinanindigan ang kaniyang pananalig sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan, at kinilala na "Siya ay hindi pananagutin sa Kaniyang mga ginagawa". Ang gayong pagkilala ay ginawa ng Diyos na palamuti ng bawat pananalig at pinaka-saligan nito. Dito ay nakasalalay ang pagtanggap sa bawat mabuting gawa. Itutok ang inyong mga mata dito, na harinawang ang mga bulong ng mapaghimagsik ay hindi maging sanhi ng inyong pagkakamali.

162. Were He to decree as lawful the thing which from time immemorial had been forbidden, and forbid that which had, at all times, been regarded as lawful, to none is given the right to question His authority. Whoso will hesitate, though it be for less than a moment, should be regarded as a transgressor.

162. Kung iaatas Niya na naaayon sa batas ang bagay na mula sa hindi na magunitang panahon ay ipinagbawal at ipagbawal yaong sa lahat ng panahon ay kinikilalang ayon sa batas, hindi ibinibigay sa sinuman ang karapatan na tutulan ang Kaniyang kapangyarihan. Sinuman ang mag-atubili, kahiman ito ay kulang pa sa isang saglit, ay dapat ipalagay na isang lumalabag.

163. Whoso hath not recognized this sublime and fundamental verity, and hath failed to attain this most exalted station, the winds of doubt will agitate him, and the sayings of the infidels will distract his soul. He that hath acknowledged this principle will be endowed with the most perfect constancy. All honor to this all-glorious station, the remembrance of which adorneth every exalted Tablet. Such is the teaching which God bestoweth on you, a teaching that will deliver you from all manner of doubt and perplexity, and enable you to attain unto salvation in both this world and the next. He, verily, is the Ever-Forgiving, the Most Bountiful. He it is Who hath sent forth the Messengers, and sent down the Books to proclaim "There is none other God but Me, the Almighty, the All-Wise."

163. Sinuman ang hindi kumilala sa sukdulan at pangunahing katotohanang ito, at nabigong makamtan ang pinakadakilang katayuan na ito, siya ay babalisahin ng mga hangin ng pag-aalinlangan, at ang mga sinasabi ng mga hindi naniniwala ay guguluhin ang kaniyang kaluluwa. Siya na tinanggap ang simulaing ito ay pagkakalooban ng pinaka-ganap na katatagan. Lahat ng karangalan sa maluwalhati sa lahat na katayuang ito, na ang paggunita ay pumapalamuti sa bawat dakilang Tableta. Gayon ang turo ng Diyos na ipinagkaloob sa inyo; isang turo na magliligtas sa inyo mula sa lahat ng uri ng alinlangan at pagkataranta, at magagawa ninyong makamtan ang kaligtasan kapwa sa daigdig na ito at sa susunod. Siya, sa katunayan, ay ang Laging Nagpapatawad, ang Pinaka-Mapagbigay-biyaya. Siya Yaong nagpadala sa mga Sugo, at ipinadala ang mga Aklat upang ipahayag na "Walang ibang Diyos maliban sa Akin, ang Makapangyarihan sa Lahat, ang Marunong sa Lahat."

164. O Land of Káf and Rá![10] We, verily, behold thee in a state displeasing unto God, and see proceeding from thee that which is

164. O Lupain ng Káf at Rá![10] Kami, sa katunayan, ay namamasdan ka sa isang

inscrutable to anyone save Him, the Omniscient, the All-Informed; and We perceive that which secretly and stealthily diffuseth from thee. With Us is the knowledge of all things, inscribed in a lucid Tablet. Sorrow not for that which hath befallen thee. Erelong will God raise up within thee men endued with mighty valor, who will magnify My Name with such constancy that neither will they be deterred by the evil suggestions of the divines, nor will they be kept back by the insinuations of the sowers of doubt. With their own eyes will they behold God, and with their own lives will they render Him victorious. These, truly, are of those who are steadfast.

165. O concourse of divines! When My verses were sent down, and My clear tokens were revealed, We found you behind the veils. This, verily, is a strange thing. Ye glory in My Name, yet ye recognized Me not at the time your Lord, the All-Merciful, appeared amongst you with proof and testimony. We have rent the veils asunder. Beware lest ye shut out the people by yet another veil. Pluck asunder the chains of vain imaginings, in the name of the Lord of all men, and be not of the deceitful. Should ye turn unto God and embrace His Cause, spread not disorder within it, and measure not the Book of God with your selfish desires. This, verily, is the counsel of God aforetime and hereafter, and to this God's witnesses and chosen ones, yea, each and every one of Us, do solemnly attest.

166. Call ye to mind the shaykh whose name was Muḥammad-Ḥasan, who ranked among the most learned divines of his day. When the True One was made manifest, this shaykh, along with

katayuan na hindi kanais-nais sa Diyos, at nakikita na nagmumula sa iyo yaong hindi malirip ng sinuman maliban sa Kaniya, ang may Walang-hanggang Kaalaman, ang Nakaaalam ng Lahat; at batid Namin yaong palihim at pataksil na kumakalat mula sa iyo. Nasa sa Amin ang kaalaman ng lahat ng bagay, nakaukit sa isang malinaw na Tableta. Huwag malumbay doon sa sumapit sa iyo. Hindi maglalaon ay magtataas ang Diyos mula sa iyo ng mga tao na pinagkalooban ng napakalakas na kagitingan, na dadakila sa Aking Pangalan nang may gayong kataimtiman na kundi rin sila mahahadlangan ng masasamang mungkahi ng mga teologo, ni hindi sila mapipigilan ng mga pagpapasaring ng mga naghahasik ng alinlangan. Sa pamamagitan ng kanilang sariling mga mata mamamasdan nila ang Diyos, at sa pamamagitan ng kanilang sariling mga buhay gagawin nilang matagumpay Siya. Ang mga ito, sa katotohanan, ay yaong matatatag.

165. O kalipunan ng mga teologo! Nang ang Aking mga bersikulo ay ipinadala dito sa ibaba, at ang Aking malilinaw na palatandaan ay ipinahayag, natagpuan Namin kayo na nasa likod ng mga lambong. Ito, sa katunayan, ay isang kataka-takang bagay. Niluluwalhati ninyo ang inyong mga sarili sa Aking Pangalan subalit hindi ninyo Ako kinilala sa panahon na ang inyong Panginoon, ang Mahabagin sa Lahat, ay nagpakita sa inyo nang may matibay na patunay. Winasak Namin ang mga lambong. Mag-ingat na baka ihiwalay ninyo ang mga tao sa pamamagitan ng iba pang lambong. Lansagin ang mga tanikala ng walang kabuluhang mga kuro-kuro, sa pangalan ng Panginoon ng lahat ng tao, at huwag maging yaong mapanlinlang. Kung babaling kayo sa Diyos at tatanggapin ang Kaniyang Kapakanan, huwag magkalat ng kaguluhan sa loob nito, at huwag sukatin ang Aklat ng Diyos sang-ayon sa inyong makasariling mga hangarin. Ito, sa katunayan, ang payo ng Diyos noon pa at sa darating, at dito ang mga saksi at hinirang ng Diyos, oo, bawat isa at lahat sa Amin, ay taos-pusong nagpapatunay.

166. Gunitain ninyo ang shaykh na ang pangalan ay Muhammad-Hasan, na nabibilang sa pinakamarurunong na teologo noong

others of his calling, rejected Him, while a sifter of wheat and barley accepted Him and turned unto the Lord. Though he was occupied both night and day in setting down what he conceived to be the laws and ordinances of God, yet when He Who is the Unconstrained appeared, not one letter thereof availed him, or he would not have turned away from a Countenance that hath illumined the faces of the well-favored of the Lord. Had ye believed in God when He revealed Himself, the people would not have turned aside from Him, nor would the things ye witness today have befallen Us. Fear God, and be not of the heedless.

kaniyang panahon. Nang Siyang Tunay ay nahayag, ang shaykh na ito, kasama ang iba pang mula sa kaniyang propesiyon, ay itinatuwa Siya, samantalang ang isang taga-bithay ng trigo at barley ay tinanggap Siya at bumaling sa Panginoon. Kahiman siya ay abala sa gabi at araw sa paglalahad ng kaniyang naiisip na mga batas at utos ng Diyos, datapuwa't nang Siya Na Hindi Napipigilan ay dumating, wala kahit isang titik noon ang pinakinabangan niya, kung hindi sana siya tumalikod sa isang Anyo na pinagliwanag ang mga mukha ng mahal na mahal ng Panginoon. Kung naniniwala kayo sa Diyos nang ipahayag Niya ang Kaniyang sarili, hindi sana Siya tinalikuran ng mga tao, hindi sana sumapit sa Amin ang mga bagay na nasaksihan ninyo. Matakot sa Diyos, at huwag maging yaong pabaya.

167. Beware lest any name debar you from Him Who is the Possessor of all names, or any word shut you out from this Remembrance of God, this Source of Wisdom amongst you. Turn unto God and seek His protection, O concourse of divines, and make not of yourselves a veil between Me and My creatures. Thus doth your Lord admonish you, and command you to be just, lest your works should come to naught and ye yourselves be oblivious of your plight. Shall he who denieth this Cause be able to vindicate the truth of any cause throughout creation? Nay, by Him Who is the Fashioner of the universe! Yet the people are wrapped in a palpable veil. Say: Through this Cause the daystar of testimony hath dawned, and the luminary of proof hath shed its radiance upon all that dwell on earth. Fear God, O men of insight, and be not of those who disbelieve in Me. Take heed lest the word "Prophet" withhold you from this Most Great Announcement, or any reference to "Vicegerency" debar you from the sovereignty of Him Who is the Vicegerent of God, which overshadoweth all the worlds. Every name hath been created by His Word, and every cause is dependent on His irresistible, His mighty and wondrous Cause. Say: This is the Day of God, the Day on which naught shall be mentioned save His own Self, the omnipotent Protector of all worlds. This is the Cause that hath made all your superstitions and idols to tremble.

167. Mag-ingat na baka ang anumang pangalan ay makahadlang sa inyo mula sa Kaniya na Nagmamay-ari ng lahat ng Pangalan, o anumang salita ang maghiwalay sa inyo mula sa Alaala na ito ng Diyos, nitong Bukal ng Wastong Kaalaman na kasama ninyo. Bumaling sa Diyos at hanapin ang Kaniyang tangkilik, O kalipunan ng mga teologo, at huwag gawain ang inyong mga sarili na isang lambong sa pagitan Ko at ng Aking mga nilikha. Nang ganito, kayo ay binabalaan ng inyong Panginoon, at inuutusan kayo na maging makatarungan, kung hindi, baka ang inyong mga gawa ay mawalan ng kabuluhan at kayo mismo ay maging walang malay sa inyong kalagayan. Siya ba na nagtatuwa sa Kapakanan na ito ay magagawang panindigan ang katotohanan ng alinmang kapakanan sa buong sangnilikha? Hindi, saksi Siya Na Naghugis ng sangtinakpan! Subalit ang mga tao ay nababalot sa isang nadaramang lambong. Sabihin: Sa pamamagitan ng Kapakanan na ito ang araw-bituin ng pagpapatunay ay sumikat, at ang liwanag ng katibayan ay nagsabog ng ningning nito sa lahat ng nananahan sa kalupaan. Matakot sa Diyos, O mga tao na may pang-unawa, at huwag maging yaong hindi nananalig sa Akin. Mag-ingat na baka ang salitang "Propeta" ay hadlangan kayo mula dito sa Pinaka-Dakilang Patalastas, o anumang pagtukoy sa

“Pamamalakad ng Kinatawan” ay mahadlangan kayo sa naghaharing kapangyarihan Niya Na Kinatawan ng Diyos, na sumasaklaw sa lahat ng mga daigdig. Bawat pangalan ay nilalang ng Kaniyang Salita, at bawat layunin ay nasasalalay sa Kaniyang hindi mapaglabanan, sa Kaniyang napakalakas at kamangha-manghang Kapakanan. Sabihin: Ito ang Araw ng Diyos, ang Araw na walang anuman ang babanggitin maliban sa Kaniyang Sarili, ang pinakamabisang Tagapagsanggalang ng lahat ng mga daigdig. Ito ang Kapakanan na ginawang mayanig ang lahat ng inyong mga pamahiin at diyus-diyosan.

168. We, verily, see amongst you him who taketh hold of the Book of God and citeth from it proofs and arguments wherewith to repudiate his Lord, even as the followers of every other Faith sought reasons in their Holy Books for refuting Him Who is the Help in Peril, the Self-Subsisting. Say: God, the True One, is My witness that neither the Scriptures of the world, nor all the books and writings in existence, shall, in this Day, avail you aught without this, the Living Book, Who proclaimeth in the midmost heart of creation: “Verily, there is none other God but Me, the All-Knowing, the All-Wise.”

168. Sa katunayan, nakikita Namin na nakakapiling ninyo siya na humahawak sa Aklat ng Diyos at sinisipi mula dito ang mga katibayan at katuwiran at ginagamit upang itatwa ang kaniyang Panginoon, katulad ng mga tagasunod ng bawat ibang Pananampalataya na naghanap ng mga dahilan sa kanilang mga Banal na Aklat upang pabulaanan Siya Na Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap. Sabihin: Ang Diyos, Siyang Tunay, ay ang Aking saksi na ni ang mga Banal na Kasulatan ng daigdig, o lahat ng mga aklat at kasulatan na kasalukuyang naririto, sa Araw na ito, ay makatutulong sa inyo kung wala ito, ang Nabubuhay na Aklat, Na ipinahahayag sa pinakabuod ng puso ng sangnilikha ang: “Sa katunayan, walang ibang Diyos maliban sa Akin, ang Nakababatid ng Lahat, ang Marunong sa Lahat.”

169. O concourse of divines! Beware lest ye be the cause of strife in the land, even as ye were the cause of the repudiation of the Faith in its early days. Gather the people around this Word that hath made the pebbles to cry out: “The Kingdom is God’s, the Dawning-place of all signs!” Thus doth your Lord admonish you, as a bounty on His part; He, of a truth, is the Ever-Forgiving, the Most Generous.

169. O kalipunan ng mga teologo! Mag-ingat na baka kayo ang maging dahilan ng tunggalian sa kalupaan, tulad ng inyong pagiging dahilan ng pagtatakwil sa Pananam-palataya sa mga unang araw nito. Tipunin ang mga tao sa palibot ng Salita na ito na ginawa ang maliliit na bato na isigaw ang: “Ang Kaharian ay sa Diyos, ang Pook-liwayway ng lahat ng mga palatandaan!” Sa gayon binabalaan kayo ng inyong Panginoon, bilang isang pagpapala mula sa Kaniya. Siya, sa katotohanan, ay ang Laging Nagpapatawad, ang Pinaka-Bukas-Palad.

170. Call ye to mind Karím, and how, when We summoned him unto God, he waxed disdainful, prompted by his own desires; yet We had sent him that which was a solace to the eye of proof in the world of

170. Gunitain ninyo si Karím, at kung paano, nang ipatawag Namin siya tungo sa Diyos, siya ay naging mapanghamak,

being and the fulfillment of God's testimony to all the denizens of earth and heaven. As a token of the grace of Him Who is the All-Possessing, the Most High, We bade him embrace the Truth. But he turned away until, as an act of justice from God, angels of wrath laid hold upon him. Unto this We truly were a witness.

naudyukan ng kaniyang sariling mga hangarin; subalit ipinadala Namin sa kaniya yaong isang aliw sa paningin ng katibayan sa daigdig ng nabubuhay at ang katuparan ng patunay ng Diyos sa lahat ng mga mamamayan ng kalupaan at kalangitan. Bilang isang tanda ng pagpapala Niya Na Nagmamay-ari ng Lahat, ang Pinaka-Mataas, inutusan Namin siya na yakapin ang Katotohanan. Ngunit siya ay tinalikuran ito hanggang sa, bilang isang pagpapatupad ng katarungan mula sa Diyos, sinaklot siya ng mga anghel ng pagkapoot. Tunay na saksi Kami dito.

171. Tear the veils asunder in such wise that the inmates of the Kingdom will hear them being rent. This is the command of God, in days gone by and for those to come. Blessed the man that observeth that whereunto he was bidden, and woe betide the negligent.

171. Punitin ang mga lambong sa gayong gawi na ang mga nananahan sa Kaharian ay maririnig na pinipilas na ang mga iyon. Ito ang utos ng Diyos noong mga araw na nakaraan at para doon sa mga darating. Pinagpala ang tao na sinusunod yaong iniutos sa kaniya, at pagdurusa naman ang sasapit sa pabaya.

172. We, of a certainty, have had no purpose in this earthly realm save to make God manifest and to reveal His sovereignty; sufficient unto Me is God for a witness. We, of a certainty, have had no intent in the celestial Kingdom but to exalt His Cause and glorify His praise; sufficient unto Me is God for a protector. We, of a certainty, have had no desire in the Dominion on high except to extol God and what hath been sent down by Him; sufficient unto Me is God for a helper.

172. Kami, nang nakatitiyak, ay walang pakay sa makalupang kaharian na ito maliban sa gawaing hayag ang Diyos at ang ipahayag ang Kaniyang naghaharing kapangyarihan; sapat sa Akin ang Diyos bilang isang saksi. Kami, nang nakatitiyak, ay walang layunin sa makalangit na Kaharian maliban sa ang dakilain ang Kaniyang Kapakanan at luwalhatiin ang Kaniyang pagpuri; sapat sa Akin ang Diyos bilang isang tagapagsanggalang. Kami, nang nakatitiyak, ay walang hangarin sa Kaharian sa kaitaasan maliban sa purihin nang maigi ang Diyos at anumang ipinadala Niya; sapat sa Akin ang Diyos bilang isang tagatulong.

173. Happy are ye, O ye the learned ones in Bahá. By the Lord! Ye are the billows of the Most Mighty Ocean, the stars of the firmament of Glory, the standards of triumph waving betwixt earth and heaven. Ye are the manifestations of steadfastness amidst men and the daysprings of Divine Utterance to all that dwell on earth. Well is it with him that turneth unto you, and woe betide the froward. This day, it behooveth whoso hath quaffed the Mystic Wine of everlasting life from the Hands of the loving-kindness of the Lord his God, the Merciful, to pulsate even as the throbbing artery in the body of mankind, that through him may be quickened the world and every crumbling bone.

173. Maligaya kayo, O kayo na marurunong ni Bahá. Saksi ang Diyos! Kayo ang mga alon ng Pinaka-Malawak na Karagatan, ang mga bituin ng papawirin ng Kaluwalhatian, ang mga bandila ng tagumpay na wumawagayway sa pagitan ng lupa at langit. Kayo ang mga kahayagan ng katatagan sa gitna ng mga tao at ang mga pamimitak ng Banal na Pananalita sa lahat ng nananahan sa kalupaan. Mabuti para sa kaniya na bumabaling sa inyo, at kapighatian naman ang sasapit sa palatutol. Sa araw na ito, nararapat sa sinuman na nakainom sa Mahiwagang Alak ng walang hanggang buhay mula sa mga Kamay ng mapagmahal na

kagandahang-loob ng Panginoon na kaniyang Diyos, ang Mahabagin, na pumintig tulad ng tumitibok na artriya sa katawan ng sangkatauhan, na sa pamamagitan niya ay nabibigyang-buhay ang daigdig at bawat nadudurog na buto.

174. O people of the world! When the Mystic Dove will have winged its flight from its Sanctuary of Praise and sought its far-off goal, its hidden habitation, refer ye whatsoever ye understand not in the Book to Him Who hath branched from this mighty Stock.

174. O mga tao ng daigdig! Kapag ang Mahiwagang Kalapati ay lumipad na mula sa Santuwaryo ng Papuri nito at hinanap ang malayong paroroonan nito, ang natatagong tirahan nito, idulog ninyo ang anumang hindi ninyo nauunawaan sa Aklat sa Kaniya Na nagsanga mula sa makapangyarihang Puno na ito.

175. O Pen of the Most High! Move Thou upon the Tablet at the bidding of Thy Lord, the Creator of the Heavens, and tell of the time when He Who is the Dayspring of Divine Unity purposed to direct His steps towards the School of Transcendent Oneness; haply the pure in heart may gain thereby a glimpse, be it as small as a needle's eye, of the mysteries of Thy Lord, the Almighty, the Omniscient, that lie concealed behind the veils. Say: We, indeed, set foot within the School of inner meaning and explanation when all created things were unaware. We saw the words sent down by Him Who is the All-Merciful, and We accepted the verses of God, the Help in Peril, the Self-Subsisting, which He[11] presented unto Us, and hearkened unto that which He had solemnly affirmed in the Tablet. This We assuredly did behold. And We assented to His wish through Our behest, for truly We are potent to command.

175. O Panulat ng Pinaka-Mataas! Sumulat Ka sa Tableta ayon sa utos ng Iyong Panginoon, ang Manlilikha ng mga kalangitan, at isalaysay ang panahon nang Siya na Pamimitak ng Banal na Pagkakaisa ay nilayon na idako ang mga yapak Niya patungo sa Paaralan ng Nangingibabaw na Kaisahan; harinawang sa gayon ay matamo ng dalisay ang ang isang sulyap, kahima't maging kasing liit ng butas ng karayom, sa mga kahiwagaan ng Iyong Panginoon, ang Makapangyarihan sa Lahat, ang may Walang-hanggang Kaalaman, na naroroong nakatago sa likod ng mga lambong. Sabihin: Kami, sa katunayan, ay pumasok sa loob ng Paaralan ng naloloob na kahulugan at pagpapaliwanag samantalang hindi namamalayan ng lahat ng nilikhang bagay. Nakita Namin ang mga salita na ipinadala Niya Na Mahabagin sa Lahat, at tinanggap Namin ang mga bersikulo ng Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap, na Kaniyang[11] ibinigay sa Amin, at pinakinggan yaong taimtim na pinagtibay Niya sa Tableta. Ito ay tunay na nakita Namin. At Kami ay sumang-ayon sa naisin Niya sa pamamagitan ng Aming utos, sapagka't tunay na Kami ay may kakayahan na mag-utos.

176. O people of the Bayán! We, verily, set foot within the School of God when ye lay slumbering; and We perused the Tablet while ye were fast asleep. By the one true God! We read the Tablet ere it was revealed, while ye were unaware, and We had perfect knowledge of the Book when ye were yet unborn. These words are to your measure, not to God's. To this testifieth that which is enshrined within His knowledge, if ye be of them that comprehend; and to this the tongue of the Almighty

176. O mga tao ng Bayán! Kami, sa katunayan, ay tumuntong sa loob ng Paaralan ng Diyos nang kayo ay nakahimlay sa pagkakatulog; at binasa Namin ang Tableta samantalang kayo ay mahimbing na natutulog. Saksi ang iisang tunay na Diyos! Binasa Namin ang Tableta bago ito ipinahayag, samantalang hindi ninyo namamalayan, at

doth bear witness, if ye be of those who understand. I swear by God, were We to lift the veil, ye would be dumbfounded.

Kami ay may lubos na kaalaman sa Aklat nang hindi pa man kayo isinisilang. Ang mga salita na ito ay naaayon sa inyong sukat, hindi sa Diyos. Dito ay nagpapatunay yaong nakadambana sa loob ng Kaniyang kaalaman, kung kayo ay yaong mga nakakatalos; at dito ang dila ng Makapangyarihan sa Lahat ay sumasaksi, kung kayo ay yaong mga nakauunawa. Sumusumpa Ako sa Diyos, na kung iaangat Namin ang lambong, kayo ay mapapatigagal.

177. Take heed that ye dispute not idly concerning the Almighty and His Cause, for lo! He hath appeared amongst you invested with a Revelation so great as to encompass all things, whether of the past or of the future. Were We to address Our theme by speaking in the language of the inmates of the Kingdom, We would say: "In truth, God created that School ere He created heaven and earth, and We entered it before the letters B and E were joined and knit together." Such is the language of Our servants in Our Kingdom; consider what the tongue of the dwellers of Our exalted Dominion would utter, for We have taught them Our knowledge and have revealed to them whatever had lain hidden in God's wisdom. Imagine then what the Tongue of Might and Grandeur would utter in His All-Glorious Abode!

177. Mag-ingat na hindi kayo makipagtalo nang walang kabuluhan tungkol sa Makapangyarihan sa Lahat at sa Kaniyang Kapakanan, sapagka't, masdan! Siya ay humarap sa inyo nang taglay ang isang Rebelasyon na lubhang napakadakila na sumasaklaw sa lahat ng bagay, kahiman sa nakaraan o sa hinaharap. Kung tatalakayin Namin ang Aming paksa sa pananalita sa wika ng mga nananahan sa Kaharian, sasabihin Namin: "Sa katunayan, nilikha ng Diyos ang Paaralan na iyon bago Niya nilikha ang langit at lupa, at Kami ay pumasok dito bago pinagdugtong at pinagkabit ang mga pantig na Ma at Ging." Gayon ang pananalita ng Aming mga tagapaglingkod sa Kaharian Namin; isaalang-alang kung ano ang bibigkasin ng dila ng mga nananahan sa dakilang Kaharian Namin; sapagka't itinuro Namin sa kanila ang Aming kaalaman at ipinahayag sa kanila ang anumang natatago sa ganap na dunong ng Diyos. Gunitain kung gayon kung ano ang bibigkasin ng Dila ng Kapangyarihan at Kamahalan sa Kaniyang Maluwalhati sa Lahat na Tirahan!

178. This is not a Cause which may be made a plaything for your idle fancies, nor is it a field for the foolish and faint of heart. By God, this is the arena of insight and detachment, of vision and upliftment, where none may spur on their chargers save the valiant horsemen of the Merciful, who have severed all attachment to the world of being. These, truly, are they that render God victorious on earth, and are the dawning-places of His sovereign might amidst mankind.

178. Hindi ito isang Kapakanan na maaaring gawing isang laruan para sa inyong walang saysay na mga guni-guni, ni hindi isang larangan para sa hangal at sa duwag. Saksi ang Diyos, ito ay isang larangan ng mahusay na pag-unawa at pagkawalay, ng pananaw at pagpapataas, kung saan walang sinuman ang maaaring tadyakan ang kanilang mga kabayong pansugod liban sa magiting na mga mangangabayo ng Mahabagin, na pinutol ang lahat ng pagkagiliw sa daigdig ng nilalang. Ang mga ito, sa katotohanan, ay silang mga ginagawang matagumpay ang Diyos sa lupa, at

179. Beware lest aught that hath been revealed in the Bayán should keep you from your Lord, the Most Compassionate. God is My witness that the Bayán was sent down for no other purpose than to celebrate My praise, did ye but know! In it the pure in heart will find only the fragrance of My love, only My Name that overshadoweth all that seeth and is seen. Say: Turn ye, O people, unto that which hath proceeded from My Most Exalted Pen. Should ye inhale therefrom the fragrance of God, set not yourselves against Him, nor deny yourselves a portion of His gracious favor and His manifold bestowals. Thus doth your Lord admonish you; He, verily, is the Counselor, the Omniscient.

179. Mag-ingat na baka mailayo kayo mula sa inyong Panginoon, ang Pinaka-Madamayin, ng anumanang pinahayag sa Bayán. Ang Diyos ang Aking saksi na ang Bayán ay ipinadala sa tangi at wala nang iba pang layunin kundi ang ipagdiwang ang Aking papuri, kung nalalaman lamang ninyo! Ang matatagpuan dito ng dalisay ang puso ay ang halimuyak lamang ng Aking pagmamahal, ang Aking Pangalan lamang na sumasakop sa lahat ng nakakikita at nakikita. Sabihin: Bumaling kayo, O mga tao, doon sa nagmumula sa Aking Pinaka-Dakilang Panulat. Kung malalanghap ninyo mula doon ang halimuyak ng Diyos, na kayong lalaban pa sa Kaniya, ni ipagkait sa inyong sarili ang isang bahagi ng Kaniyang mapagmahal na tangkilik at ng Kaniyang maraming kaloob. Sa gayon, kayo ay binabalaan ng inyong Panginoon; Siya, sa katunayan, ang Tagapayo, ang may Walang-hanggang Kaalaman.

180. Whatsoever ye understand not in the Bayán, ask it of God, your Lord and the Lord of your forefathers. Should He so desire, He will expound for you that which is revealed therein, and disclose to you the pearls of Divine knowledge and wisdom that lie concealed within the ocean of its words. He, verily, is supreme over all names; no God is there but Him, the Help in Peril, the Self-Subsisting.

180. Anuman ang hindi ninyo nauunawaan sa Bayán, itanong ito sa Diyos, ang inyong Panginoon at ang Panginoon ng inyong mga ninuno. Kung nanaisin Niya, ipaliliwanag Niya para sa inyo yaong naipahayag doon, at isisiwalat sa inyo ang mga perlas ng Banal na kaalaman at wastong kadahilanan na natatago sa loob ng karagatan ng mga salita nito. Siya, sa katunayan, ay ang pinakamataas sa lahat ng mga pangalan; walang ibang Diyos maliban sa Kaniya, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.

181. The world's equilibrium hath been upset through the vibrating influence of this most great, this new World Order. Mankind's ordered life hath been revolutionized through the agency of this unique, this wondrous System—the like of which mortal eyes have never witnessed.

181. Ang paninimbang ng daigdig ay nagulo sa pamamagitan ng nakayayanig na impluwensiya nitong pinakadakila, nitong bagong Kaayusang Pandaigdig. Ang maayos na pamumuhay ng sangkatauhan ay bigla at marahas na nabago sa pamamagitan nitong walang-kaparis, nitong kahanga-hangang Sistema—na ang katulad nito ay hindi pa kailanman nasaksihan ng mata ng tao.

182. Immerse yourselves in the ocean of My words, that ye may unravel its secrets, and discover all the pearls of wisdom that lie hid in its depths. Take heed that ye do not vacillate in your determination to embrace the truth of this Cause—a Cause through which the potentialities of the might of God have been revealed, and His

182. Ilubog ang inyong sarili sa karagatan ng Aking mga salita, upang maibunyag ninyo ang mga lihim nito, at matuklasan ang lahat ng mga perlas ng wastong kaalaman na natatago sa mga kailaliman nito. Mag-ingat na kayo

sovereignty established. With faces beaming with joy, hasten ye unto Him. This is the changeless Faith of God, eternal in the past, eternal in the future. Let him that seeketh, attain it; and as to him that hath refused to seek it—verily, God is Self-Sufficient, above any need of His creatures.

183. Say: This is the infallible Balance which the Hand of God is holding, in which all who are in the heavens and all who are on the earth are weighed, and their fate determined, if ye be of them that believe and recognize this truth. Say: This is the Most Great Testimony, by which the validity of every proof throughout the ages hath been established, would that ye might be assured thereof. Say: Through it the poor have been enriched, the learned enlightened, and the seekers enabled to ascend unto the presence of God. Beware lest ye make it a cause of dissension amongst you. Be ye as firmly settled as the immovable mountain in the Cause of your Lord, the Mighty, the Loving.

184. Say: O source of perversion! Abandon thy willful blindness, and speak forth the truth amidst the people. I swear by God that I have wept for thee to see thee following thy selfish passions and renouncing Him Who fashioned thee and brought thee into being. Call to mind the tender mercy of thy Lord, and remember how We nurtured thee by day and by night for service to the Cause. Fear God, and be thou of the truly repentant. Granted that the people were confused about thy station, is it conceivable that thou thyself art similarly confused? Tremble before thy Lord and recall the days when thou didst stand before Our throne, and didst write down the verses that We dictated unto thee—verses sent down by God, the Omnipotent Protector, the Lord of might and power. Beware lest the fire of thy presumptuousness debar thee from attaining to God's Holy Court. Turn unto Him, and fear not because of thy deeds. He, in truth, forgiveth whomsoever He desireth as a bounty on His part;

mag-ulik-ulik sa inyong matibay na pasiya na yakapin ang katotohanan ng Kapakanang ito—isang Kapakanan na sa pamamagitan nito ang mga natatagong lakas ng kapangyarihan ng Diyos ay nabunyag at ang Kaniyang naghaharing kapangyarihan ay naitatag. Nang may mga mukha na nagniningning sa kaligayahan, magmadaling magtungo sa Kaniya. Ito ang hindi nagbabagong Pananampalataya ng Diyos, walang hanggan sa nakaraan, walang hanggan sa kinabukasan. Hayaan siya na naghahanap ay matagpuan ito; at tungkol sa kaniya na tumangging hanapin ito—sa katunayan, ang Diyos ay may Sariling Kakayahan, higit sa anumang pangangailangan sa Kaniyang mga nilalang.

183. Sabihin: Ito ang di-nagkakamaling Timbangan na hawak ng Kamay ng Diyos, na kung saan ang lahat ng nasa mga langit at lahat ng nasa lupa ay titimbangin, at ang kapalaran nila ay pagpapasiyahan, kung kayo ay yaong mga naniniwala at nakauunawa sa katotohanan na ito. Sabihin: Ito ang Pinaka-Dakilang Pagpapatunay, na sa pamamagitan nito, ang pagiging totoo ng lahat ng katibayan sa mga nakaraang panahon ay naitatag na, na harinawang magkaroon kayo ng katiyakan sa mga iyon. Sabihin: Sa pamamagitan nito ang mahirap ay napayaman, ang marunong ay naliwanagan, at ang mga naghahanap ay nagawang makaakyat sa kinaroroonan ng Diyos. Mag-ingat na baka gawain itong sanhi ng pag-aaway ninyo. Maging matatag kayo sa inyong kapasiyahan, tulad ng di-natitinag na bundok, sa Kapakanan ng inyong Panginoon, ang Makapangyarihan, ang Mapagmahal.

184. Sabihin: O pinagmumulan ng katiwalian! Iwanan ang iyong kinukusang pagkabulag, at bigkasin ang katotohanan sa gitna ng mga tao. Isinusumpa Ko sa Diyos na Ako ay lumuha para sa iyo nang makita ka na sinusunod ang iyong makasariling mga simbuyo at itinatakwil Siya Na nagbigay-anyo sa iyo at ginawa kang mabuhay. Gunitain ang magiliw na habag ng iyong Panginoon, at alalahanin kung paano ka Namin inaruga sa araw at sa gabi para sa paglilingkod sa Kapakanan. Matakot sa Diyos, at ikaw ay maging tunay na nagsisisi. Ipagpalagay na ang mga tao ay nalilito tungkol sa iyong katayuan,

no God is there but Him, the Ever-Forgiving, the All-Bounteous. We admonish thee solely for the sake of God. Shouldst thou accept this counsel, thou wilt have acted to thine own behoof; and shouldst thou reject it, thy Lord, verily, can well dispense with thee, and with all those who, in manifest delusion, have followed thee. Behold! God hath laid hold on him who led thee astray. Return unto God, humble, submissive and lowly; verily, He will put away from thee thy sins, for thy Lord, of a certainty, is the Forgiving, the Mighty, the All-Merciful.

185. This is the Counsel of God; would that thou mightest heed it! This is the Bounty of God; would that thou mightest receive it! This is the Utterance of God; if only thou wouldst apprehend it! This is the Treasure of God; if only thou couldst understand!

186. This is a Book which hath become the Lamp of the Eternal unto the world, and His straight, undeviating Path amidst the peoples of the earth. Say: This is the Dayspring of Divine knowledge, if ye be of them that understand, and the Dawning-place of God's commandments, if ye be of those who comprehend.

maipalalagay ba na ikaw mismo ay gayunding nalilito? Manginig sa harap ng iyong Panginoon at alalahaning muli ang mga araw nang ikaw ay tumayo sa harap ng Aming trono, at isinulat ang mga bersikulo na idinikta Namin sa iyo—mga bersikulo na ipinadala ng Diyos, ang Pinakamabisang Tagapagsanggalang, ang Panginoon ng kapangyarihan at lakas. Mag-ingat na baka mapigilan ka ng apoy ng iyong kapangahasan upang makarating sa Banal na Korte ng Diyos. Bumaling sa Kaniya, at huwag matakot dahilan sa iyong mga gawa. Siya, sa katotohanan, ay pinatatawad ang sinuman na ninanais Niya bilang isang pagpapala mula sa Kaniya; walang ibang Diyos maliban sa Kaniya, ang Laging Nagpapatawad, ang Magandang-Loob sa Lahat. Pinapayuhan ka Namin alang-alang lamang sa Diyos. Kung tatanggapin mo ang payo na ito, ikaw ay kikilos para sa sarili mong kabutihan; at kung tatanggihan mo ito, ang iyong Panginoon, sa katunayan, ay tunay na hindi ka kinakailangan, at gayundin ang lahat noong mga sumusunod sa iyo na maliwanag na naliligaw. Masdan! Hawak na ng Diyos siya na nanligaw sa iyo. Bumalik sa Diyos, nang mapagpakumbaba, masunurin, at nagpapakababa; sa katunayan, papawiin Niya sa iyo ang iyong mga kasalanan, sapagka't ang iyong Panginoon, nang nakatitiyak, ay ang Nagpapatawad, ang Makapangyarihan, ang Mahabagin sa Lahat.

185. Ito ang Payo ng Diyos; harinawang pakinggan mo ito! Ito ang Pagpapala ng Diyos, harinawang tanggapin mo ito! Ito ang Pananalita ng Diyos, kung iyo lamang iintindihin ito! Ito ang Kayamanan ng Diyos, kung uunawain mo lamang ito!

186. Ito ay isang Aklat na naging Tanglaw ng Kawalang-hanggan sa daigdig, ang Kaniyang tuwid at di-lumilihis na Landas sa gitna ng mga tao sa daigdig. Sabihin: Ito ang Pamimitak ng kaalamang Dibino, kung kayo ay yaong mga nakababatid, at ang Pook-liwayway ng mga kautusan ng Diyos, kung kayo ay yaong mga nakauunawa.

187. Burden not an animal with more than it can bear. We, truly, have prohibited such treatment through a most binding interdiction in the Book. Be ye the embodiments of justice and fairness amidst all creation.

188. Should anyone unintentionally take another's life, it is incumbent upon him to render to the family of the deceased an indemnity of one hundred mithqáls of gold. Observe ye that which hath been enjoined upon you in this Tablet, and be not of those who overstep its limits.

189. O members of parliaments throughout the world! Select ye a single language for the use of all on earth, and adopt ye likewise a common script. God, verily, maketh plain for you that which shall profit you and enable you to be independent of others. He, of a truth, is the Most Bountiful, the All-Knowing, the All-Informed. This will be the cause of unity, could ye but comprehend it, and the greatest instrument for promoting harmony and civilization, would that ye might understand! We have appointed two signs for the coming of age of the human race: the first, which is the most firm foundation, We have set down in other of Our Tablets, while the second hath been revealed in this wondrous Book.

190. It hath been forbidden you to smoke opium. We, truly, have prohibited this practice through a most binding interdiction in the Book. Should anyone partake thereof, assuredly he is not of Me. Fear God, O ye endued with understanding!

• • •

Some Texts Revealed by Bahá'u'lláh Supplementary to the Kitáb-i-Aqdas

187. Huwag bigyan ng gawain ang isang hayop nang higit pa sa makakaya nito. Kami, sa katotohanan, ay ipinagbabawal ang gayong pagtrato sa pamamagitan ng isang mahigpit na pinaiiral na kautusan sa Aklat. Maging mga sagisag kayo ng katarungan at walang kinikilingan sa gitna ng buong sangnilikha.

188. Kung sinuman ang kumitil ng buhay ng iba nang hindi sinasadya, nararapat sa kaniya na magbigay sa kaanak ng nasawi ng isang kabayaran na isandaang mithqál ng ginto. Sundin ninyo yaong iniuutos sa inyo sa Tabletang ito, at huwag maging yaong mga lumalampas sa mga hangganan nito.

189. O mga kaanib ng mga parliyamento sa buong daigdig! Pumili kayo ng isang wika lamang para gamitin ng lahat ng nasa daigdig, at pumili kayo, gayundin, ng isang pagsulat na para sa lahat. Ang Diyos, sa katunayan, ay ginagawang maliwanag para sa inyo yaong makababuti sa inyo at magagawa kayong hindi aasa sa iba. Siya, sa katotohanan, ay ang Pinaka-Mapagbigay-biyaya, ang Nakababatid ng Lahat, ang Nakaaalam ng Lahat. Ito ay magiging sanhi ng pagkakaisa. kung mawawatasan ninyo ito, at ang pinakadakilang istrumento para sa pagtataguyod ng pagkakasundo at kabihasnan, harinawang makaunawa kayo! Kami ay nagtakda ng dalawang palatandaan para sa pagdating ng kaganapan ng sangkatauhan: ang una, na pinakamatatag na saligan, ay inihayag Namin sa ibang mga Tableta Namin, samantalang ang ikalawa ay ipinahayag sa kamangha-manghang Aklat na ito.

190. Ipinagbabawal sa inyo ang humitit ng opyo. Kami, sa katotohanan, ay ipinagbabawal ang gawaing ito sa pamamagitan ng isang pinaka-matinding pagpapairal ng utos sa Aklat. Kung sinuman ang gagamit niyon, tiyak na siya ay hindi sa Akin. Matakot sa Diyos, O kayo na pinagkalooban ng pang-unawa!

• • •

Ilang mga Kasulatang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh bilang Karagdagan sa Kitáb-i-Aqdas

*

A number of Tablets revealed by Bahá'u'lláh after the Kitáb-i-Aqdas contain passages supplementary to the provisions of the Most Holy Book. The most noteworthy of these have been published in *Tablets of Bahá'u'lláh revealed after the Kitáb-i-Aqdas*. Included in this section is an extract from the Tablet of Ishráqát. The text of the three Obligatory Prayers referred to in Questions and Answers and the Prayer for the Dead mentioned in the Text are, likewise, reprinted here.

*

The Tablet of Ishráqát

The Eighth Ishráq

This passage, now written by the Pen of Glory, is accounted as part of the Most Holy Book: The men of God's House of Justice have been charged with the affairs of the people. They, in truth, are the Trustees of God among His servants and the daysprings of authority in His countries.

O people of God! That which traineth the world is Justice, for it is upheld by two pillars, reward and punishment. These two pillars are the sources of life to the world. Inasmuch as for each day there is a new problem and for every problem an expedient solution, such affairs should be referred to the House of Justice that the members thereof may act according to the needs and requirements of the time. They that, for the sake of God, arise to serve His Cause, are the recipients of divine inspiration from the unseen Kingdom. It is incumbent upon all to be obedient unto them. All matters of State should be referred to the House of Justice, but acts of worship must be observed according to that which God hath revealed in His Book.

*

Ilang bilang ng mga Tableta na ipinahayag ni Bahá'u'lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdás ay naglalaman ng mga sipi na karagdagan sa mga itinadhana sa Pinakabanal na Aklat. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay nailathala sa *Tablets of Bahá'u'lláh revealed after the Kitáb-i-Aqdás*. Kasama sa bahaging ito ay ang isang halaw mula sa Tableta ng Ishráqát. Ang Teksto ng tatlong Dalanging Katungkulang Isagawa na tinutukoy sa mga Katanungan at Kasagutan at ang Dalangin para sa Yumao na binanggit sa Teksto, gayundin ay muling inilathala rito.

*

Ang Tableta ng Ishráqát

Ang Ika-Walong Ishráq

Ang sipìng ito, na ngayon ay isinulat ng Panulat ng Luwalhati, ay ipinapalagay bilang bahagi ng Pinakabanal na Aklat: Ipinabahala sa mga tao ng House of Justice ng Diyos ang mga gawain ng mga tao. Sila, sa katotohanan, ang mga Katiwala ng Diyos sa Kaniyang mga tagapaglingkod at ang mga pamimitak ng Kapangyarihan sa Kaniyang mga bansa.

O mga tao ng Diyos! Yaong nagtuturo sa daigdig ay ang Katarungan, sapagkat ito ay pinagtitibay ng dalawang haligi, ang gantimpala at kaparusahan. Ang dalawang haliging ito ang mga pinanggagalingan ng buhay sa daigdig. Dahil sa bawat araw ay may bagong suliranin at sa bawat suliranin ay may angkop na kalutasan, ang gayong mga suliranin ay dapat iharap sa House of Justice na ang mga kasapi niyon ay maaaring kumilos sang-ayon sa mga nararapat at mga pangangailangan ng panahon. Silang bumangon, alang-alang sa Diyos, upang paglingkuran ang Kaniyang Kapakanan, ay ang mga tumatanggap ng banal na inspirasyon mula sa di-nakikitang Kaharian. Tungkulin ng lahat na sumunod sa kanila. Lahat ng mga gawaing Pampamahalaan ay dapat ibigay sa House of Justice, ngunit ang mga gawaing pagsamba ay dapat gawin

O people of Bahá! Ye are the dawning-places of the love of God and the daysprings of His loving-kindness. Defile not your tongues with the cursing and reviling of any soul, and guard your eyes against that which is not seemly. Set forth that which ye possess. If it be favorably received, your end is attained; if not, to protest is vain. Leave that soul to himself and turn unto the Lord, the Protector, the Self-Subsisting. Be not the cause of grief, much less of discord and strife. The hope is cherished that ye may obtain true education in the shelter of the tree of His tender mercies and act in accordance with that which God desireth. Ye are all the leaves of one tree and the drops of one ocean.

(*Tablets of Bahá'u'lláh revealed after the Kitáb-i-Aqdas*)

*

Long Obligatory Prayer

To be recited once in twenty-four hours

Whoso wisheth to recite this prayer, let him stand up and turn unto God, and, as he standeth in his place, let him gaze to the right and to the left, as if awaiting the mercy of his Lord, the Most Merciful, the Compassionate. Then let him say:

O Thou Who art the Lord of all names and the Maker of the heavens! I beseech Thee by them Who are the Daysprings of Thine invisible Essence, the Most Exalted, the All-Glorious, to make of my prayer a fire that will burn away the veils which have shut me out from Thy beauty, and a light that will lead me unto the ocean of Thy Presence.

sang-ayon doon sa inihayag ng Diyos sa Kaniyang Aklat.

O mga tao ng Bahá! Kayo ang mga pook-liwayway ng pag-ibig ng Diyos at ang mga pamimitak ng Kaniyang mapagmahal na kagandahang-loob. Huwag dungisan ang inyong mga dila ng pagsumpa at ng paninira sa sinumang kaluluwa, at pangalagaan ang inyong mga mata laban doon sa hindi nararapat. Ilahad yaong inyong taglay, kung ito ay tanggapin nang mabuti, natamo ninyo ang inyong adhikain; kung hindi, ang pagtutol ay walang saysay. Iwanan ang kaluluwang iyon sa kaniyang sarili at bumaling sa Panginoon, ang Tagapagsanggalang, ang Sariling-Ganap. Huwag maging sanhi ng kalungkutan, lalo na ang salungatan at tunggalian. Inimimithi ang pag-asa na matamo ninyo ang tunay na edukasyon sa lilim ng puno ng Kaniyang magiliw na mga kahabagan at kumilos sang-ayon doon sa ninanais ng Diyos. Kayo ay ang mga dahon ng iisang puno at ang mga patak ng iisang karagatan.

(Tablets of Bahá'u'lláh revealed after the Kitáb-i-Aqdás)

*

Mahabang Dalanging Katungkulang Isagawa

Dapat Usalin Minsan sa Dalawampu't Apat na Oras

Sinumang nagnanais na umusal sa panalanging ito, hayaang siya ay tumindig at humarap sa Diyos, at, habang siya ay nakatayo sa kaniyang lugar, hayaang siya ay tumingin sa kanan at sa kaliwa, na waring naghihintay ng habag ng kaniyang Panginoon, ang Pinaka-Mahabagin, ang Madamayin. Pagkatapos, hayaang sabihin niya:

O Ikaw na Panginoon ng lahat ng mga pangalan at Lumikha ng mga kalangitan! Isinasamo ko sa Iyo sa pamamagitan nila Na mga Pamimitak ng Iyong di-nakikitang Kalikasan, ang Pinaka-Dakila, ang Maluwalhati sa Lahat, na sa aking dalangin ay lumikha ng isang apoy na sisilab sa mga

lambong na naglingid sa akin sa Iyong kagandahan, at ng isang liwanag na mag-aakay sa akin patungo sa karagatan ng pagkamalas sa Iyo.

Let him then raise his hands in supplication toward God—blessed and exalted be He—and say:

Pagkatapos, hayaang itaas niya ang kaniyang mga kamay sa pagsusumamo sa Diyos – pagpalain at luwalhatiin Siya – at sabihin:

O Thou the Desire of the world and the Beloved of the nations! Thou seest me turning toward Thee, and rid of all attachment to anyone save Thee, and clinging to Thy cord, through whose movement the whole creation hath been stirred up. I am Thy servant, O my Lord, and the son of Thy servant. Behold me standing ready to do Thy will and Thy desire, and wishing naught else except Thy good pleasure. I implore Thee by the Ocean of Thy mercy and the Daystar of Thy grace to do with Thy servant as Thou willest and pleasest. By Thy might which is far above all mention and praise! Whatsoever is revealed by Thee is the desire of my heart and the beloved of my soul. O God, my God! Look not upon my hopes and my doings, nay rather look upon Thy will that hath encompassed the heavens and the earth. By Thy Most Great Name, O Thou Lord of all nations! I have desired only what Thou didst desire, and love only what Thou dost love.

O Ikaw na Mithiin ng daigdig at Minamahal ng mga bansa! Nakikita Mo akong bumabaling sa Iyo, at malaya sa lahat ng kaugnayan sa anuman maliban sa Iyo, at nangangapit sa Iyong kuldon na sa paggalaw nito ang buong santinakpan ay napukaw. Ako ang Iyong tagapaglingkod, O aking Panginoon, at anak ng Iyong tagapaglingkod. Iyo akong masdan nang nakatayo at handang gawain ang Iyong kalooban at ang Iyong nais, at walang ibang hinahangad maliban ang Iyong mabuting kasiyahan. Isinasamo ko sa Iyo sa Karagatan ng Iyong kahabagan at sa Araw-Bituin ng Iyong biyaya na gawain sa Iyong tagapaglingkod ang Iyong niloloob at ikinasisiya. Sa Iyong kapangyarihan na di-makakayang abutin ng lahat ng pagbanggit at pagpuri! Anuman ang Iyong ipinahayag ay ang hangarin ng aking puso at ang minamahal ng aking kaluluwa. O Diyos, aking Diyos! Huwag tingnan ang aking mga pag-asa at ang aking mga gawa, sa halip tingnan ang Iyong kalooban na pumapalibot sa mga kalangitan at kalupaan. Saksi ang Iyong Pinaka-Dakilang Pangalan, O Ikaw na Panginoon ng lahat ng mga bansa! Ang tanging hangad ko ay ang Iyong hinahangad, at ang tanging pag-ibig ko ay ang Iyong iniibig.

Let him then kneel, and bowing his forehead to the ground, let him say:

Hayaang siya ay lumuhod, at nang nakayukod ang noo sa lupa, hayaang sabihin niya:

Exalted art Thou above the description of anyone save Thyself, and the comprehension of aught else except Thee.

Ikaw ay dakila nang higit sa paglalarawan ng sinuman maliban sa Iyong Sarili, at pag-unawa ng sinumang iba pa liban sa Iyo.

Let him then stand and say:

Hayaang siya ay tumindig at sabihin:

Make my prayer, O my Lord, a fountain of living waters whereby I may live as long as Thy sovereignty endureth, and may make mention of Thee in every world of Thy worlds.

Gawain ang aking dalangin, O aking Panginoon, na isang bukal ng mga buhay na tubig upang dito ako ay maaaring mabuhay habang nananatili ang Iyong paghahari, at

maaaring banggitin kita sa bawat daigdig ng Iyong mga daigdig.

Let him again raise his hands in supplication, and say:

Hayaang muling itaas niya ang kaniyang mga kamay sa pagsusumamo, at sabihin:

O Thou in separation from Whom hearts and souls have melted, and by the fire of Whose love the whole world hath been set aflame! I implore Thee by Thy Name through which Thou hast subdued the whole creation, not to withhold from me that which is with Thee, O Thou Who rulest over all men! Thou seest, O my Lord, this stranger hastening to his most exalted home beneath the canopy of Thy majesty and within the precincts of Thy mercy; and this transgressor seeking the ocean of Thy forgiveness; and this lowly one the court of Thy glory; and this poor creature the orient of Thy wealth. Thine is the authority to command whatsoever Thou willest. I bear witness that Thou art to be praised in Thy doings, and to be obeyed in Thy behests, and to remain unconstrained in Thy bidding.

O Ikaw na ang pagkalayo sa Iyo ay ikinatutunaw ng mga puso at kaluluwa, at sa pamamagitan ng apoy ng Iyong pag-ibig ay nagliyab ang buong daigdig! Sumasamo ako sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong pangalan na sumakop sa buong santinakpan, na huwag ipagkait sa akin yaong nasa sa Iyo, O Ikaw Na naghahari sa lahat ng tao! Iyong nakikita, O aking Panginoon, ang dayuhang ito na nagmamadaling patungo sa kaniyang pinakadakilang tahanan sa lilim ng bubong ng Iyong kamahalan at sa loob ng mga bakuran ng Iyong kahabagan; at ang nagkasalang ito na hinahanap ang karagatan ng Iyong kapatawaran; at ang abang ito na hinahanap ang liwasan ng Iyong kaluwalhatian; at ang dukhang ito na hinahanap ang kinaroroonan ng Iyong kayamanan. Nasa Iyo ang kapangyarihan na mag-atas ng anumang Iyong niloloob. Saksi ako na Ikaw ay dapat purihin sa Iyong mga ginagawa, at dapat sundin ang Iyong mga utos, at dapat manatiling hindi napipigilan sa Iyong mga pag-uutos.

Let him then raise his hands, and repeat three times the Greatest Name. Let him then bend down with hands resting on the knees before God—blessed and exalted be He—and say:

Hayaang itaas niya ang kaniyang mga kamay at bigkasin nang tatlong ulit ang Pinaka-Dakilang Pangalan. Hayaan siyang yumuko nang nakapatong ang mga kamay sa mga tuhod sa harap ng Diyos—pagpalain at luwalhatiin Siya—at sabihin:

Thou seest, O my God, how my spirit hath been stirred up within my limbs and members, in its longing to worship Thee, and in its yearning to remember Thee and extol Thee; how it testifieth to that whereunto the Tongue of Thy Commandment hath testified in the kingdom of Thine utterance and the heaven of Thy knowledge. I love, in this state, O my Lord, to beg of Thee all that is with Thee, that I may demonstrate my poverty, and magnify Thy bounty and Thy riches, and may declare my powerlessness, and manifest Thy power and Thy might.

Iyong nakikita, O aking Diyos, kung papaanong ang aking espiritu ay ginising sa loob ng aking mga kamay at paa at mga bahagi ng aking katawan, sa paghahangad nitong sumamba sa Iyo, at sa pagnanasa nitong gunitain Ka at luwalhatiin Ka; kung papaanong pinatutunayan nito yaong pinatunayan ng Dila ng Iyong Kautusan sa kaharian ng Iyong pananalita at sa kalangitan ng Iyong kaalaman. Ninanais ko, sa ganitong kalagayan, O aking Panginoon, na hilingin sa Iyo ang lahat ng nasa Iyo, upang maipakita ko ang aking karukhaan, at mapalaki ang Iyong pagpapala at ang Iyong mga kayamanan, at maipahayag ang aking

kawalang-kakayahan, at maipakita ang Iyong lakas at ang Iyong kapangyarihan.

Let him then stand and raise his hands twice in supplication, and say:

Hayaang siya ay tumayo at dalawang ulit na itaas sa pagsusumamo ang kaniyang mga kamay, at sabihin:

There is no God but Thee, the Almighty, the All-Bountiful. There is no God but Thee, the Ordainer, both in the beginning and in the end. O God, my God! Thy forgiveness hath emboldened me, and Thy mercy hath strengthened me, and Thy call hath awakened me, and Thy grace hath raised me up and led me unto Thee. Who, otherwise, am I that I should dare to stand at the gate of the city of Thy nearness, or set my face toward the lights that are shining from the heaven of Thy will? Thou seest, O my Lord, this wretched creature knocking at the door of Thy grace, and this evanescent soul seeking the river of everlasting life from the hands of Thy bounty. Thine is the command at all times, O Thou Who art the Lord of all names; and mine is resignation and willing submission to Thy will, O Creator of the heavens!

Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Makapang-yarihan sa Lahat, ang Mapagbigay-biyaya sa Lahat. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Nagtatadhana sa simula at sa wakas. O Diyos, aking Diyos! Ang Iyong pagpapatawad ay nakapagpatapang sa akin, at ang Iyong habag ay nakapagpalakas sa akin, at ang Iyong panawagan ay nakapukaw sa akin, at ang Iyong biyaya ay nakapagpabangon sa akin, at umakay sa akin tungo sa Iyo. Sino, kung gayon, ako na magtatangkang tumayo sa pintuan ng lungsod ng Iyong pagkakalapit, o iharap ang aking mukha sa mga liwanag na nagniningning sa langit ng Iyong kalooban? Iyong nakikita, O aking Panginooon, ang hamak na nilikhang ito na kumakatok sa pintuan ng Iyong pagpapala, at ang napaparam na kaluluwang ito na nagha-hanap sa ilog ng walang hanggang buhay buhat sa mga kamay ng Iyong pagpapala. Nasa Iyo ang pag-uutos sa lahat ng panahon, O Ikaw na Panginoon ng lahat ng pangalan; at nasa akin ang pagtanggap at handang pagpapasailalim sa Iyong kalooban, O Maylikha ng mga kalangitan!

Let him then raise his hands thrice, and say:

Hayaang itaas niya nang tatlong ulit ang kaniyang mga kamay at sabihin:

Greater is God than every great one!

Higit na dakila ang Diyos kaysa sa bawat ibang dakila!

Let him then kneel and, bowing his forehead to the ground, say:

Hayaang lumuhod siya, at habang nakayukod ang ulo sa lupa ay sabihin:

Too high art Thou for the praise of those who are nigh unto Thee to ascend unto the heaven of Thy nearness, or for the birds of the hearts of them who are devoted to Thee to attain to the door of Thy gate. I testify that Thou hast been sanctified above all attributes and holy above all names. No God is there but Thee, the Most Exalted, the All-Glorious.

Ikaw ay napakataas para sa papuri ng mga malapit sa Iyo upang makaakyat sa kalangitan ng Iyong pagkamalapit, o para sa mga ibon ng mga puso ng matatapat sa Iyo upang makarating sa bungad ng Iyong pintuan. Pinatutunayan ko na Ikaw ay pinagpala nang higit sa lahat ng mga katangian at banal sa lahat ng mga pangalan. Walang Diyos maliban sa Iyo, ang Pinaka-Dakila, ang Maluwalhati sa Lahat.

Let him then seat himself and say:

I testify unto that whereunto have testified all created things, and the Concourse on high, and the inmates of the all-highest Paradise, and beyond them the Tongue of Grandeur itself from the all-glorious Horizon, that Thou art God, that there is no God but Thee, and that He Who hath been manifested is the Hidden Mystery, the Treasured Symbol, through Whom the letters B and E (Be) have been joined and knit together. I testify that it is He whose name hath been set down by the Pen of the Most High, and Who hath been mentioned in the Books of God, the Lord of the Throne on high and of earth below.

Let him then stand erect and say:

O Lord of all being and Possessor of all things visible and invisible! Thou dost perceive my tears and the sighs I utter, and hearest my groaning, and my wailing, and the lamentation of my heart. By Thy might! My trespasses have kept me back from drawing nigh unto Thee; and my sins have held me far from the court of Thy holiness. Thy love, O my Lord, hath enriched me, and separation from Thee hath destroyed me, and remoteness from Thee hath consumed me. I entreat Thee by Thy footsteps in this wilderness, and by the words "Here am I. Here am I" which Thy chosen Ones have uttered in this immensity, and by the breaths of Thy Revelation, and the gentle winds of the Dawn of Thy Manifestation, to ordain that I may gaze on Thy beauty and observe whatsoever is in Thy Book.

Let him then repeat the Greatest Name thrice, and bend down with hands resting on the knees, and say:

Hayaang umupo siya at sabihin:

Pinatutunayan ko yaong pinatunayan ng lahat ng nilalang na bagay, at ng Kalipunan sa itaas, at ng mga nananahan sa Paraiso ng pinakamataas sa lahat, at sa kabila ng mga iyon ay ang Dila ng Kamaharlikaan mismo mula sa maluwalhati sa lahat na Sugpungang-Guhit; na Ikaw ang Diyos, na walang ibang Diyos maliban sa Iyo, at Siya Na inihayag ay ang Natatagong Hiwaga, ang Pinaka-iingatang Sagisag, na sa pamamagitan Niya ang mga pantig na Ma at Ging ay napagkabit at napagsama. Pinatutunayan ko na Siya yaong ang pangalan ay isinulat ng panulat ng Pinakamataas, at Siya yaong binanggit sa mga Aklat ng Diyos, ang Panginoon ng Trono sa kaitaasan at ng daigdig sa ibaba.

Hayaang tumindig siya nang tuwid at sabihin:

O Panginoon ng lahat ng nilalang at Nagmamay-ari ng lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita! Iyong nakikita ang aking mga luha at naririnig ang aking mga buntung-hininga; at napakikinggan ang aking pagdaing, at ang aking pagtangis, at ang paghihinagpis ng aking puso. Saksi ang Iyong kapangyarihan! Ang aking mga pagkakamali ay nakapigil sa akin sa paglapit sa Iyo; at ang aking mga pagka-kasala ay nakapagpalayo sa akin sa liwasan ng Iyong kabanalan. Ang Iyong pag-ibig, O aking Panginoon, ay nag-payaman sa akin, at ang pagkahiwalay sa Iyo ay nakawasak sa akin, at ang pagkalayo sa Iyo ay nakatupok sa akin. Isina-samo ko sa Iyo sa pamamagitan ng mga bakas ng Iyong paa sa kagubatang ito, at sa pamamagitan ng mga salitang "Naririto Ako. Naririto Ako" na binigkas ng Iyong mga pinili sa kalawakang ito, at sa mga hininga ng Iyong Rebelasyon, at sa malulumanay na hangin ng Pagbubukang-liwayway ng Iyong Kahayagan, na itadhana na mamalas ko ang Iyong kagandahan at sundin ang anumang nasa Iyong Aklat.

Hayaang ulitin niya nang tatlong ulit ang Pinakadakilang Pangalan, at yumuko nang nakapatong sa mga tuhod ang mga kamay at sabihin:

Praise be to Thee, O my God, that Thou hast aided me to remember Thee and to praise Thee, and hast made known unto me Him Who is the Dayspring of Thy signs, and hast caused me to bow down before Thy Lordship, and humble myself before Thy Godhead, and to acknowledge that which hath been uttered by the Tongue of Thy grandeur.

Luwalhati sa Iyo, O aking Diyos na ako ay Iyong tinulungan upang Ikaw ay gunitain at Ikaw ay purihin, at Iyong ipinabatid sa akin Siya na Pamimitak ng Iyong mga palatandaan, at naging sanhi upang ako ay yumuko sa harap ng Iyong pagka-Panginoon, at magpakumbaba ng aking sarili sa harap ng Iyong Pagka-Diyos, at tanggapin yaong binanggit ng Dila ng Iyong kamaharlikaan.

Let him then rise and say:

Hayaang siya ngayon ay tumayo at sabihin:

O God, my God! My back is bowed by the burden of my sins, and my heedlessness hath destroyed me. Whenever I ponder my evil doings and Thy benevolence, my heart melteth within me, and my blood boileth in my veins. By Thy Beauty, O Thou the Desire of the world! I blush to lift up my face to Thee, and my longing hands are ashamed to stretch forth toward the heaven of Thy bounty. Thou seest, O my God, how my tears prevent me from remembering Thee and from extolling Thy virtues, O Thou the Lord of the Throne on high and of earth below! I implore Thee by the signs of Thy Kingdom and the mysteries of Thy Dominion to do with Thy loved ones as becometh Thy bounty, O Lord of all being, and is worthy of Thy grace, O King of the seen and the unseen!

O Diyos, aking Diyos! Ang aking likod ay nabaluktot sa bigat ng aking mga pagkakasala, at ang aking kapabayaan ay sumira sa akin. Kailanmang limiin ko ang aking mga ginagawang masama at ang Iyong kabaitan, ang aking puso ay natutunaw sa loob ng aking sarili, at ang aking dugo ay kumukulo sa aking mga ugat. Saksi ang Iyong Kagandahan, O Ikaw na Mithiin ng daigdig! Namumula ako sa hiya kung ako ay magtataas ng mukha sa Iyo, at ang aking nananabik na mga kamay ay napapahiyang umunat tungo sa kalangitan ng Iyong pagpapala. Iyong nakikita, O aking Diyos, kung papaanong pinipigilan ako ng aking mga luha sa paggunita sa Iyo at sa pagbibigay-puri sa Iyong mga katangian, O Ikaw na Panginoon ng Trono sa kaitaasan at ng daigdig sa ibaba! Sumasamo ako sa Iyo sa pamamagitan ng mga palatandaan ng Iyong Kaharian at sa mga hiwaga ng Iyong Kapangyarihan na gawain sa Iyong mga mina-mahal sang-ayon sa Iyong pagpapala, O Panginoon ng lahat ng nilalang, at yaong karapat-dapat sa Iyong biyaya, O Hari ng nakikita at ng di-nakikita!

Let him then repeat the Greatest Name thrice, and kneel with his forehead to the ground, and say:

Hayaang ulitin niya nang tatlong ulit ang Pinaka-Dakilang Pangalan, at lumuhod nang nasa lupa ang kaniyang noo, at sabihin:

Praise be unto Thee, O our God, that Thou hast sent down unto us that which draweth us nigh unto Thee, and supplieth us with every good thing sent down by Thee in Thy Books and Thy Scriptures. Protect us, we beseech Thee, O my Lord, from the hosts of idle fancies and vain imaginations. Thou, in truth, art the Mighty, the All-Knowing.

Purihin Ka nawa, O aming Diyos, pagka't Iyong inihulog sa amin yaong naglalapit sa amin sa Iyo, at Iyong ipinagkaloob sa amin ang bawat mabuting bagay na Iyong ipinadala sa Iyong mga aklat at sa Iyong mga banal na kasulatan. Iyo kaming iligtas, sumasamo kami sa Iyo, O aking Panginoon, sa mga hukbo ng mga walang kabuluhang mga isipan at walang saysay na mga guni-guni. Ikaw sa

kato-tohanan, ang Makapangyarihan, ang Nakababatid ng Lahat.

Let him then raise his head, and seat himself, and say:

Hayaang itaas niya ang kaniyang ulo, at iupo ang kaniyang sarili, at sabihin:

I testify, O my God, to that whereunto Thy chosen Ones have testified, and acknowledge that which the inmates of the all-highest Paradise and those who have circled round Thy mighty Throne have acknowledged. The kingdoms of earth and heaven are Thine, O Lord of the worlds!

Pinatutunayan ko, O aking Diyos, yaong pinatunayan ng Iyong mga hinirang, at tinatanggap yaong tinanggap ng mga nananahan sa pinakamataas sa lahat na Paraiso at yaong mga tinanggap ng mga lumilibot sa Iyong makapang-yarihang Trono. Ang mga kaharian ng kalupaan at kalangitan ay Iyo, O Panginoon ng mga daigdig!

(*Prayers and Meditations by Bahá'u'lláh*, CLXXXIII)

(*Prayers and Meditations by Bahá'u'lláh*, CLXXXIII)

*

*

Medium Obligatory Prayer

Katamtamang Dalanging Katungkulang Isagawa

To be recited daily, in the morning, at noon, and in the evening

Dapat usalin araw-araw, sa umaga, sa tanghali at sa gabi

Whoso wisheth to pray, let him wash his hands, and while he washeth, let him say:

Sinuman ang nagnanais na manalangin, hayaang hugasan niya ang kaniyang mga kamay, at samantalang siya ay naghuhugas, hayaang sabihin niya:

Strengthen my hand, O my God, that it may take hold of Thy Book with such steadfastness that the hosts of the world shall have no power over it. Guard it, then, from meddling with whatsoever doth not belong unto it. Thou art, verily, the Almighty, the Most Powerful.

Palakasin ang aking kamay, O aking Diyos, upang magawa nitong hawakan ang Iyong Aklat nang buong katatagan at nang ang mga hukbo ng daigdig ay hindi makapanaig dito. Ingatan ito, kung gayon, upang hindi makialam sa anumang hindi niya pag-aari. Ikaw, sa katunayan, ang Makapangyarihan sa Lahat, ang Pinakamalakas.

And while washing his face, let him say:

At habang naghihilamos, hayaang sabihin niya:

I have turned my face unto Thee, O my Lord! Illumine it with the light of Thy countenance. Protect it, then, from turning to anyone but Thee.

Ibinaling ko ang aking mukha sa Iyo, O aking Panginoon! Tanglawan ito ng liwanag ng Iyong kaanyuan. Pangalagaan ito, kung gayon, sa pagbaling sa sinuman liban sa Iyo.

Then let him stand up, and facing the Qiblih (Point of Adoration, i.e. Bahjí, 'Akká), let him say:

Pagkatapos hayaan siyang tumayo, at nakaharap sa Qiblih (Pook ng Pagsamba, alalaon baga ay ang Bahjí, 'Akká), hayaang sabihin niya:

God testifieth that there is none other God but Him. His are the kingdoms of Revelation and of creation. He, in truth, hath manifested Him Who is the Dayspring of Revelation, Who conversed on Sinai, through Whom the Supreme Horizon hath been made to shine, and the Lote-Tree beyond which there is no passing hath spoken, and through Whom the call hath been proclaimed unto all who are in heaven and on earth: "Lo, the All-Possessing is come. Earth and heaven, glory and dominion are God's, the Lord of all men, and the Possessor of the Throne on high and of earth below!"

Pinatutunayan ng Diyos na walang iba pang Diyos maliban sa Kaniya. Kaniya ang mga kaharian ng Rebelasyon at ng sangnilikha. Siya, sa katotohanan, ang nagpahayag sa Kaniya na Pamimitak ng Rebelasyon, Na nakipag-usap sa Sinai, na sa pamamagitan Niya ang Kataas-taasang Sugpungang-guhit ay ginawang sumikat, at ang Puno ng Lote na sa kabila niyon ay wala ng nakalalampas, at sa pamamagitan Niya ang panawagan ay ipinatalastas sa lahat ng nasa langit at nasa lupa: "Masdan, ang Nagmamay-ari sa Lahat ay dumating na. Ang lupa at langit, kaluwalhatian at kaharian ay sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng tao, ang Nagmamay-ari ng Trono sa itaas at sa daigdig sa ibaba!"

Let him, then, bend down, with hands resting on the knees, and say:

Hayaan siya, pagkatapos, na yumuko, nang ang mga kamay ay nakapatong sa mga tuhod, at sabihin:

Exalted art Thou above my praise and the praise of anyone beside me, above my description and the description of all who are in heaven and all who are on earth!

Ikaw ay higit na dakila kaysa sa aking pagpupuri at sa pagpupuri ng sinuman bukod sa akin, higit sa aking paglalarawan at paglalarawan ng lahat ng nasa langit at lahat ng nasa lupa!

Then, standing with open hands, palms upward toward the face, let him say:

Pagkatapos, nang nakatayo na bukas ang mga kamay, ang mga palad ay nakataas at nakaharap sa mukha, hayaang sabihin niya:

Disappoint not, O my God, him that hath, with beseeching fingers, clung to the hem of Thy mercy and Thy grace, O Thou Who of those who show mercy art the Most Merciful!

Huwag biguin, O aking Diyos, siya na may nagsu-sumamong mga daliri, ay nangapit sa laylayan ng Iyong kahabagan at ng Iyong biyaya, O Ikaw Na sa lahat ng nagpapakita ng habag ay ang Pinaka-Mahabagin!

Let him, then, be seated and say:

Hayaan siya, pagkatapos, na maupo at sabihin:

I bear witness to Thy unity and Thy oneness, and that Thou art God, and that there is none other God beside Thee. Thou hast, verily, revealed Thy Cause, fulfilled Thy Covenant, and opened wide the door of Thy grace to all that dwell in heaven and on earth. Blessing and peace, salutation and glory, rest upon Thy loved ones, whom the changes and chances of the world have not deterred from turning unto Thee, and who have given their all, in the hope of obtaining that which is with Thee. Thou art, in truth, the Ever-Forgiving, the All-Bountiful.

Sumasaksi ako sa Iyong kaisahan at sa Iyong pagkaisa, na ikaw ang Diyos, at wala ng iba pang Diyos maliban sa Iyo. Sa katunayan, Iyong ipinahayag ang Iyong Kapakanan, tinupad ang Iyong Banal na Kasunduan, at binuksan nang maluwang ang pinto ng Iyong biyaya sa lahat ng nananahan sa langit at sa lupa. Ang pagpapala at kapayapaan, pagbati at luwalhati, ay matuon sa Iyong mga minamahal, na ang mga pagbabago at pagkakataon ng daigdig ay hindi nakapigil sa kanila upang bumaling sa Iyo, at yaong ibinigay ang lahat ng

nasa kanila, sa pag-asang matamo yaong nasa Iyo. Ikaw, sa katunayan, ang Laging Nagpapatawad, ang Mapagbigay-biyaya sa Lahat.

(If anyone choose to recite instead of the long verse these words: "God testifieth that there is none other God but Him, the Help in Peril, the Self-Subsisting," *it would be sufficient. And likewise, it would suffice were he, while seated, to choose to recite these words:* "I bear witness to Thy unity and Thy oneness, and that Thou art God, and that there is none other God beside Thee.")

(*Kung nais ng sinuman na usalin, sa halip ng mahabang taludtod ang mga katagang ito:* "Pinatutunayan ng Diyos na walang iba pang Diyos maliban sa Kaniya, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap," *ito ay makasasapat. Gayundin, makasasapat na kung habang nakaupo ay usalin niya ang mga salitang ito:* "Saksi ako sa Iyong kaisahan at sa Iyong Pagkakaisa, na Ikaw ang Diyos, na walang iba pang Diyos liban sa Iyo.")

(*Prayers and Meditations by Bahá'u'lláh*, CLXXXII)

(*Prayers and Meditations by Bahá'u'lláh,* CLXXXII)

*

*

Short Obligatory Prayer

Maikling Dalanging Katungkulang Isagawa

To be recited once in twenty-four hours, at noon

Dapat usalin minsan sa dalawampu't apat na oras, sa tanghali

I bear witness, O my God, that Thou hast created me to know Thee and to worship Thee. I testify, at this moment, to my powerlessness and to Thy might, to my poverty and to Thy wealth.

Saksi ako, O aking Diyos, na ako ay Iyong nilalang upang Ikaw ay kilalanin at Ikaw ay sambahin. Sumasaksi ako, sa sandaling ito, sa aking kawalang-lakas at sa Iyong kapangyarihan, sa aking karukhaan at sa Iyong kayamanan.

There is none other God but Thee, the Help in Peril, the Self-Subsisting.

Walang iba pang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.

(*Prayers and Meditations by Bahá'u'lláh*, CLXXXI)

(*Prayers and Meditations by Bahá'u'lláh*, CLXXXI)

*

*

Prayer for the Dead

Dalangin para sa Yumao

O my God! This is Thy servant and the son of Thy servant who hath believed in Thee and in Thy signs, and set his face towards Thee, wholly detached from all except Thee. Thou art, verily, of those who show mercy the most merciful.

O aking Diyos! Ito ay ang Iyong tagapaglingkod at anak ng Iyong tagapaglingkod na nanalig sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan, at nagbaling ng kaniyang mukha sa Iyo, ganap na nakahiwalay sa lahat maliban sa Iyo. Ikaw, sa katunayan, ang pinaka-mahabagin sa lahat ng nagpapakita ng habag.

Deal with him, O Thou Who forgivest the sins of men and concealest their faults, as beseemeth the heaven of Thy bounty and the ocean of Thy grace. Grant him admission within the precincts of Thy transcendent mercy that was before the foundation of earth and heaven. There is no God but Thee, the Ever-Forgiving, the Most Generous.

Pakitunguhan siya, O Ikaw Na nagpapatawad sa mga kasalanan ng tao at nagkukubli sa kanilang mga pagkakamali, na nararapat sa kalangitan ng Iyong biyaya at sa karagatan ng Iyong pagpapala. Pahintulutan siyang makahantong sa loob ng Iyong nangingibabaw na habag na naroroon bago pa maitatag ang lupa at langit. Walang Diyos maliban sa Iyo, ang Laging Nagpapatawad, ang Pinaka-Bukas-Palad.

Let him, then, repeat six times the greeting "Alláh-u-Abhá," and then repeat nineteen times each of the following verses:

Hayaang pagkatapos nito, na ulitin nang anim na beses ang bati na "Alláh-u-Abhá", at pagkatapos ay ulitin ng labing siyam na beses ang bawat isa sa mga sumusunod na mga taludtod:

We all, verily, worship God.
We all, verily, bow down before God.
We all, verily, are devoted unto God.
We all, verily, give praise unto God.
We all, verily, yield thanks unto God.
We all, verily, are patient in God.

Kaming lahat, sa katunayan, ay sumasamba sa Diyos.
Kaming lahat, sa katunayan, ay yumuyuko sa harap ng Diyos.
Kaming lahat, sa katunayan, ay matapat sa Diyos.
Kaming lahat, sa katunayan, ay nagbibigay ng papuri sa Diyos.
Kaming lahat, sa katunayan, ay nagbibigay pasasalamat sa Diyos.
Kaming lahat, sa katunayan, ay mapagtiyaga sa Diyos.

(If the dead be a woman, let him say: This is Thy handmaiden and the daughter of Thy handmaiden, etc…)

(Kung ang yumao ay isang babae, hayaang sabihin niya: Ito ang Iyong tagapaglingkod na babae at anak ng Iyong tagapaglingkod na babae,...)

(*Prayers and Meditations by Bahá'u'lláh*, CLXVII)

(*Prayers and Meditations by Bahá'u'lláh*, CLXVII)

• • •

Questions and Answers

1. ***Question:*** *Concerning the Most Great Festival.*

Answer: The Most Great Festival commenceth late in the afternoon of the thirteenth day of the second month of the year according to the Bayán. On the first, ninth and twelfth days of this Festival, work is forbidden.

Mga Katanungan at Kasagutan

1. ***Tanong:*** *Tungkol sa Pinaka-Dakilang Pagdiriwang.*

Sagot: Ang Pinaka-Dakilang Pagdiriwang ay nagsisimula sa pagpasok ng dilim ng hapon ng ika-labing tatlong araw ng ikalawang buwan ng taon sang-ayon sa Bayán. Sa una, ika-siyam at ika-labindalawang mga araw ng

Pagdiriwang na ito, ipinagbabawal ang pagtratrabaho.

2. ***Question:*** *Concerning the Festival of the Twin Birthdays.*

Answer: The Birth of the Abhá Beauty[1] was at the hour of dawn on the second day of the month of Muḥarram,[2] the first day of which marketh the Birth of His Herald. These two days are accounted as one in the sight of God.

2. ***Tanong:*** *Tungkol sa Pagdiriwang ng Kambal na Kaarawan.*

Sagot: Ang kapanganakan ng Kagandahan ng Abhá[1] ay sa oras ng bukang liwayway sa ikalawang araw ng buwan ng Muharram,[2] na sa unang araw nito ay ang Kapanganakan ng Kaniyang Tagapag-patalastas. Ang dalawang araw na ito ay ibinibilang na iisa sa paningin ng Diyos.

3. ***Question:*** *Concerning the Marriage Verses.*[3]

Answer: For men: "We will all, verily, abide by the Will of God." For women: "We will all, verily, abide by the Will of God."

3. ***Tanong:*** *Tungkol sa mga Bersikulo ng Kasal.*[3]

56. Tanong: *Tungkol sa pagbabalot ng katawan ng namatay na iniutos na binubuo ng limang piraso: ang lima ba ay nangangahulugan ng limang tela na hanggang kasalukuyan ay karaniwang ginagamit o limang mahabang piraso ng tela na pambalot sa bangkay na nakabalot sa isa't isa?*

Answer: The use of five cloths is intended.

Sagot: Ang paggamit ng limang tela ang tinutukoy.

57. Question: *Concerning disparities between certain revealed verses.*

57. Tanong: *Tungkol sa mga pagkakaiba ng ilang mga ipinahayag na bersikulo.*

Answer: Many Tablets were revealed and dispatched in their original form without being checked and reviewed. Consequently, as bidden, they were again read out in the Holy Presence, and brought into conformity with the grammatical conventions of the people in order to forestall the cavils of opponents of the Cause. Another reason for this practice is that the new style inaugurated by the Herald, may the souls of all else but Him be offered up for His sake, was seen to be marked by substantial latitude in adherence to the rules of grammar; sacred verses therefore were then revealed in a style which is for the most part in conformity with current usage for ease of understanding and concision of expression.

Sagot: Maraming mga Tableta ang ipinahayag at ipinadala sa kanilang orihinal na anyo nang hindi natitingnan muli at nararepaso. Samakatuwid, tulad ng iniutos, ang mga iyon ay muling binasa sa Banal na Harapan, at ginawang nasasang-ayon sa kalakarang panggramatika ng mga tao upang maiwasan ang mga pamumula ng mga kalaban ng Kapakanan. Isa pang kadahilanan sa paggawa nito ay dahilan sa ang bagong estilo na sinimulan ng Tagapagpauna; harinawang ang mga kaluluwa ng lahat ng iba maliban sa Kaniya ay maialay alang-alang sa Kaniya, ay nakitang may kapansin-pansing malawak na kalayaan sa pagsunod sa mga panuntunan ng gramatika; samakatuwid ang mga banal na bersikulo kung gayon ay naipahayag sa isang estilo na kalimitan ay nasasang-ayon sa pangkasalukuyang paggamit upang mapadali

ang pag-unawa at mapaikli ngunit maliwanag pa rin.

58. ***Question:*** *Concerning the blessed verse, "When traveling, if ye should stop and rest in some safe spot, perform ye ... a single prostration in place of each unsaid Obligatory Prayer": is this compensation for the Obligatory Prayer missed by reason of insecure circumstances, or is obligatory prayer completely suspended during travel, and doth the prostration take its place?*

Answer: If, when the hour of obligatory prayer arriveth, there be no security, one should, upon arrival in safe surroundings, perform a prostration in place of each Obligatory Prayer that was missed, and after the final prostration, sit cross-legged and read the designated verse. If there be a safe place, obligatory prayer is not suspended during travel.

58. ***Tanong:*** *Tungkol sa banal na bersikulo, "Kapag naglalakbay, kung kayo ay hihinto at mamamahinga sa isang ligtas na lugar, isagawa ninyo…ang isang pagpapatirapa bilang kapalit ng bawat isang Dalanging Katungkulang Isagawa na hindi nausal": Ito ba ay bilang kapalit ng Dalanging Katungkulang Isagawa na hindi nagawa dahilan sa mapanganib na mga kalagayan, o ang dalanging katungkulang isagawa ay ganap na hindi dapat gawain sa panahon ng paglalakbay, at ang pagpapatirapa ang kapalit nito?*

Sagot: Kung sa pagsapit ng oras ng dalanging katungkulang isagawa, ay may panganib, sa pagdating sa matiwasay na kapaligiran, dapat gawain ang isang pagpapatirapa na kapalit ng bawat Dalanging Katungkulang Isagawa na di-naisagawa, at pagkatapos ng huling pagpapatirapa, maupo nang magkakrus ang mga paa at basahin ang itinakdang bersikulo. Kung mayroong matiwasay na pook, hindi inihihinto ang dalanging katungkulang isagawa samantalang nasa paglalakbay.

59. ***Question:*** *If, after a traveler hath stopped and rested it is the time for obligatory prayer, should he perform the prayer, or make the prostration in its stead?*

Answer: Except in insecure circumstances omission of the Obligatory Prayer is not permissible.

59. ***Tanong:*** *Kung ang naglalakbay ay huminto at nakapahinga na at oras na para sa dalanging katungkulang isagawa, dapat ba niyang gawain ang pagdarasal, o gawain sa halip nito ang pagpapatirapa?*

Sagot: Maliban sa hindi tiwasay na mga kala-gayan ang hindi pag-usal ng Dalanging Katungkulang Isagawa ay hindi pinahihintulutan.

60. ***Question:*** *If, due to missed Obligatory Prayers, a number of prostrations are required, must the verse be repeated after each compensating prostration or not?*

Answer: It is sufficient to recite the designated verse after the last prostration. The several prostrations do not require separate repetitions of the verse.

60. ***Tanong:*** *Kung, dahilan sa hindi naisagawa ang dalanging Katungkulang Isagawa, ang ilang mga pagpapatirapa ang kinakailangan, ang bersikulo ba ay dapat ulitin matapos ang bawat katumbas ng pagpapatirapa o hindi?*

Sagot: Sapat na ang pag-usal sa itinadhanang bersikulo matapos ang huling pagpapatirapa. Ang bawat pagpapatirapa ay hindi nangangailangan ng hiwalay na pag-ulit ng bersikulo.

61. ***Question:*** *If an Obligatory Prayer be omitted at home, is it to be compensated for by a prostration or not?*

Answer: In answer to previous questions it was written: "This provision regarding the compensating prostration applieth both at home and on a journey."

62. ***Question:*** *If, for another purpose, one hath performed ablutions, and the time of obligatory prayer arriveth, are these ablutions sufficient or must they be renewed?*

Answer: These same ablutions are sufficient, and there is no need for them to be renewed.

63. ***Question:*** *In the Kitáb-i-Aqdas obligatory prayer hath been enjoined, consisting of nine rak'ahs, to be performed at noon, in the morning and the evening, but the Tablet of Obligatory Prayers*[6] *appeareth to differ from this.*

Answer: That which hath been revealed in the Kitáb-i-Aqdas concerneth a different Obligatory Prayer. Some years ago a number of the ordinances of the Kitáb-i-Aqdas including that Obligatory Prayer were, for reasons of wisdom, recorded separately and sent away together with other sacred writings, for the purposes of preservation and protection. Later these three Obligatory Prayers were revealed.

64. ***Question:*** *In determining time, is it permissible to rely on clocks and watches?*

Answer: It is permissible to rely on clocks and watches.

65. ***Question:*** *In the Tablet of Obligatory Prayers, three prayers are revealed; is the performance of all three required or not?*

61. ***Tanong:*** *Kung ang isang Dalanging Katungkulang Isagawa ang hindi nagawa sa tahanan, ito ba ay dapat tumbasan ng isang pagpapatirapa o hindi?*

Sagot: Bilang sagot sa mga naunang katanungang naisulat na; "Ang itinadhanang ito tungkol sa katumbas na pagpapatirapa ay may bisa kapwa sa tahanan at sa isang paglalakbay."

62. ***Tanong:*** *Kung, sa ibang kadahilanan, ginawa ng isa ang ablusyon, at ang oras ng Dalanging Katungkulang Isagawa ay dumating, ang ablusyon na ito ba ay sapat na o dapat gawaing muli iyon?*

Sagot: Ang ablusyon ring ito ay sapat na, at hindi kailangang gawaing muli ang mga iyon.

63. ***Tanong:*** *Sa Kitáb-i-Aqdas, iniutos na ang dalanging katungkulang isagawa, na binubuo ng siyam na rak'ah, ay dapat gawain sa tanghali, sa umaga at sa gabi, ngunit ang Tableta ng Dalanging Katungkulang Isagawa*[6] *ay waring kaiba dito.*

Sagot: Yaong ipinahayag sa Kitáb-i-Aqdas ay tungkol sa ibang Dalanging Katungkulang Isagawa. Ilang taon na ang nakakaraan, ilang bilang ng mga alituntunin sa Kitáb-i-Aqdas kasama yaong Dalanging Katungkulang Isagawa, sa mga kadahilanan ng matalinong pang-unawa, ay itinala nang nabubukod at ipinadala sa ibang lugar kasama ang ibang mga banal na kasulatan, para sa mga layunin ng pagpapanatili at pangangalaga. Sa dakong huli ang nasabing tatlong Dalanging Katungkulang Isagawa ay ipinahayag.

64. ***Tanong:*** *Sa pagtiyak sa oras, ipinahihintulot ba ang umasa sa mga orasan at relo?*

Sagot: Ipinahihintulot ang gumamit ng mga orasan at relo.

65. ***Tanong:*** *Sa Tableta ng mga Dalanging Katungkulang Isagawa, tatlong mga dalangin ang ipinahayag; ang pagsasagawa ba ng lahat ng tatlong ito ay kinakailangan o hindi?*

Answer: It is enjoined to offer one of these three prayers; whichever is performed sufficeth.

Sagot: Iniuutos ang pag-aalay ng isa sa tatlo sa mga panalangin, alinman ang gagawain ay maka-sasapat.

66. ***Question:*** *Are ablutions for the morning prayer still valid for the noonday prayer? And similarly, are ablutions carried out at noon still valid in the evening?*

66. ***Tanong:*** *Ang ablusyon para sa pang-umagang panalangin ba ay may bisa pa para sa pangtanghaling panalangin? At, gayundin, ang ablusyon na ginawa sa tanghali ay maaari ba rin sa gabi?*

Answer: Ablutions are connected with the Obligatory Prayer for which they are performed, and must be renewed for each prayer.

Sagot: Ang ablusyon ay may kaugnayan sa ginagawang Dalanging Katungkulang Isagawa, at dapat gawaing muli para sa bawat panalangin.

67. ***Question:*** *Concerning the long Obligatory Prayer, it is required to stand up and "turn unto God." This seemeth to indicate that it is not necessary to face the Qiblih; is this so or not?*

67. ***Tanong:*** *Tungkol sa mahabang Dalanging Katungkulang Isagawa, kinakailangang tumayo at "bumaling sa Diyos". Ito ay waring nagpapahiwatig na hindi na kailangang humarap sa Qiblih; ito ba ay tama o hindi?*

Answer: The Qiblih is intended.

Sagot: Ang Qiblih ang tinutukoy.

68. ***Question:*** *Concerning the sacred verse: "Recite ye the verses of God every morn and eventide."*

68. ***Tanong:*** *Tungkol sa banal na bersikulo: "Bigkasin ninyo ang mga bersikulo ng Diyos tuwing umaga at gabi."*

Answer: The intention is all that hath been sent down from the Heaven of Divine Utterance. The prime requisite is the eagerness and love of sanctified souls to read the Word of God. To read one verse, or even one word, in a spirit of joy and radiance, is preferable to the perusal of many Books.

Sagot: Ang tinutukoy ay ang lahat ng ipinadala mula sa Kalangitan ng Banal na Pananalita. Ang pangunahing kailangan ay ang pananabik at pagmamahal ng mga banal na kaluluwa sa pagbasa sa Salita ng Diyos. Ang basahin ang isang bersikulo, o kahit na isang salita lamang, sa isang espiritu ng kagalakan at kaningningan, ay higit na mamabutihin kaysa sa pagbasa ng maraming Aklat.

69. ***Question:*** *May a person, in drawing up his will, assign some portion of his property—beyond that which is devoted to payment of Ḥuqúqu'lláh and the settlement of debts—to works of charity, or is he entitled to do no more than allocate a certain sum to cover funeral and burial expenses, so that the rest of his estate will be distributed in the manner fixed by God among the designated categories of heirs?*

69. ***Tanong:*** *Ang isang tao ba, sa paggawa ng kaniyang huling habilin, ay maaaring ibigay ang ilang bahagi ng kaniyang ari-arian—bukod doon sa iniuukol sa pagbabayad ng Huqúq'u'lláh at sa pagsasaayos ng mga utang—sa mga gawain ng kawanggawa, o wala ba siyang karapatan kung hindi maglaan ng isang halaga upang mabayaran ang mga gugulin sa libing; upang ang natitira sa kaniyang ari-arian ay maipamamahagi sa paraang itinakda ng Diyos sa mga itinadhanang mga uri ng tagapagmana?*

Answer: A person hath full jurisdiction over his property. If he is able to discharge the Ḥuqúqu'lláh, and is free of debt, then all that is recorded in his will, and any declaration or avowal it containeth, shall be acceptable. God, verily, hath permitted him to deal with that which He hath bestowed upon him in whatever manner he may desire.

Sagot: Ang isang tao ay may ganap na karapatan sa kaniyang ari-arian. Kung magagawa niyang mabayaran ang Huqúq'u'lláh, at malaya sa pagkakautang, ang lahat ng itinala sa kaniyang huling habilin, at anumang pagpapahayag o pangako na nilalaman nito ay tinatanggap. Ang Diyos, sa katunayan, ay pinahihintulutan siyang pagpasiyahan yaong ipinagkaloob sa kaniya sa anumang paraan na ninanais niya.

70. ***Question:*** *Is the use of the burial ring enjoined exclusively for adults, or is it for minors as well?*

70. ***Tanong:*** *Ang paggamit ba ng singsing na panlibing ay iniuutos lamang sa mga nasa hustong gulang, o ito ba ay para rin sa mga wala pa sa hustong gulang?*

Answer: It is for adults only. The Prayer for the Dead is likewise for adults.

Sagot: Ito ay para doon sa mga nasa hustong gulang lamang. Ang Panalangin para sa mga Yumao ay para din sa mga nasa hustong gulang.

71. ***Question:*** *Should a person wish to fast at a time other than in the month of 'Alá', is this permissible or not; and if he hath vowed or pledged himself to such a fast, is this valid and acceptable?*

71. ***Tanong:*** *Kung nais ng isang tao na mag-ayuno sa isang panahon na hindi buwan ng 'Alá', ito ba ay pinahihintulutan o hindi; at kung siya ay sumumpa o magpanata sa kaniyang sarili ng gayong pag-aayuno, ito ba ay kikilalanin at tatanggapin?*

Answer: The ordinance of fasting is such as hath already been revealed. Should someone pledge himself, however, to offer up a fast to God, seeking in this way the fulfillment of a wish, or to realize some other aim, this is permissible, now as heretofore. Howbeit, it is God's wish, exalted be His glory, that vows and pledges be directed to such objectives as will profit mankind.

Sagot: Ang kautusan sa pag-aayuno ay ganoon tulad ng naipahayag na. Kung mayroon nang isang gumawa ng panata, gayunpaman, na ialay ang isang pag-aayuno sa Diyos, hinahangad sa ganitong paraan ang katuparan ng isang naisin, o upang maisakatuparan ang iba pang layunin, ito ay pinahihintulutan, ngayon tulad ng dati. Datapuwa't, ninanais ng Diyos, dakila ang Kaniyang kaluwalhatian, na ang mga panata ay itutok sa gayong mga layunin na pakikinabangan ng sangkatauhan.

72. ***Question:*** *Again a question hath been asked concerning the residence and personal clothing: are these to revert, in the absence of male offspring, to the House of Justice, or are they to be distributed like the rest of the estate?*

72. ***Tanong:*** *Muli isang tanong ang ibinigay tungkol sa tirahan at personal na pananamit: ang mga ito ba ay tutungo, kung walang anak na lalake, sa House of Justice, o ang mga ito ba ay ipamamahagi tulad ng ibang ari-arian?*

Answer: Two-thirds of the residence and personal clothing pass to the female offspring, and one-third to the House of Justice, which God hath made to be the treasury of the people.

Sagot: Dalawang ikatlong bahagi ng tirahan at personal na pananamit ang pupunta sa anak na babae, at ang isang ikatlong bahagi ay sa

House of Justice, na ginawa ng Diyos na ingatang-yaman ng mga tao.

73. ***Question:*** *If, upon completion of the year of patience, the husband refuseth to allow divorce, what course should be adopted by the wife?*

73. ***Tanong:*** *Kung, sa pagkabuo ng taon ng pagtitiyaga, ang lalake ay tumangging magkaroon ng diborsiyo, anong hakbang ang maaaring gawin ng maybahay?*

Answer: When the period is ended divorce is effected. However, it is necessary that there be witnesses to the beginning and end of this period, so that they can be called upon to give testimony should the need arise.

Sagot: Kapag ang panahon ay natapos na, ang diborsiyo ay magkakaroon na ng bisa. Subalit kinakailangan na mayroong mga saksi sa pagsisimula at pagwawakas ng panahong ito, upang sila ay matawag upang magbigay ng pagpapatibay kung kakailanganin.

74. ***Question:*** *Concerning the definition of old age.*

74. ***Tanong:*** *Tungkol sa kahulugan ng pagiging matanda.*

Answer: To the Arabs it denoteth the furthest extremity of old age, but for the people of Bahá it is from the age of seventy.

Sagot: Sa mga Arabo ito ay nangangahulugan ng kasukdulan ng katandaan, ngunit sa mga tao ng Bahá ito ay mula sa gulang na pitumpu.

75. ***Question:*** *Concerning the limit of fasting for someone traveling on foot.*

75. ***Tanong:*** *Tungkol sa takda ng pag-aayuno para sa isang naglalakbay nang naglalakad.*

Answer: The limit is set at two hours. If this is exceeded, it is permissible to break the Fast.

Sagot: Ang takda ay dalawang oras. Kung ito ay lalampas pa, ipinahihintulot ang paghinto ng Pag-aayuno.

76. ***Question:*** *Concerning observance of the Fast by people engaged in hard labor during the month of fasting.*

76. ***Tanong:*** *Tungkol sa pagsasakatuparan ng Pag-aayuno ng mga tao na abala sa mabigat na gawain sa panahon ng pag-aayuno.*

Answer: Such people are excused from fasting; however, in order to show respect to the law of God and for the exalted station of the Fast, it is most commendable and fitting to eat with frugality and in private.

Sagot: Ang gayong mga tao ay pinahihintulutang hindi gawain ang pag-aayuno; gayunpaman, upang maipakita ang paggalang sa batas ng Diyos at sa dakilang katayuan ng Pag-aayuno, lubos na pinupuri at nararapat na kumain nang may katipiran at nang nag-iisa.

77. ***Question:*** *Do ablutions performed for the Obligatory Prayer suffice for the ninety-five repetitions of the Greatest Name?*

77. ***Tanong:*** *Ang ablusyon ba na ginagawa para sa Dalanging Katungkulang Isagawa ay sapat na para sa siyamnapu't limang pag-ulit sa Pinakadakilang Pangalan?*

Answer: It is unnecessary to renew the ablutions.

Sagot: Ang ablusyon muli ay hindi na kina-kailangan.

78. ***Question:*** *Concerning clothes and jewelry which a husband may have purchased for his wife: are these to be distributed, after his death, amongst his heirs, or are they specially for the wife?*

Answer: Aside from used clothing, whatever there may be, jewelry or otherwise, belongeth to the husband, except what is proven to have been gifts to the wife.

79. ***Question:*** *Concerning the criterion of justness when proving some matter dependent on the testimony of two just witnesses.*

Answer: The criterion of justness is a good reputation among the people. The testimony of all God's servants, of whatever faith or creed, is acceptable before His Throne.

80. ***Question:*** *If the deceased hath not settled his obligation to Ḥuqúq'u'lláh, nor paid his other debts, are these to be discharged by proportionate deductions from the residence, personal clothing and the rest of the estate, or are the residence and personal clothing set aside for the male offspring, and consequently the debts must be settled from the rest of the estate? And if the rest of the estate is insufficient for this purpose, how should the debts be settled?*

Answer: Outstanding debts and payments of Ḥuqúq should be settled from the remainder of the estate, but if this is insufficient for the purpose, the shortfall should be met from his residence and personal clothing.

81. ***Question:*** *Should the third Obligatory Prayer be offered while seated or standing?*

78. ***Tanong:*** *Tungkol sa mga damit at alahas na nabili ng asawa para sa kaniyang maybahay: ang mga ito ba ay ipamamahagi, pagkamatay niya, sa kaniyang mga tagapagmana, o ang mga iyon ba ay tanging sa maybahay?*

Sagot: Bukod sa mga pananamit na naisuot na, anumang mayroon, alahas at iba pa ay pag-aari ng asawang lalake, maliban doon sa napatunayang mga regalo sa maybahay.

79. ***Tanong:*** *Tungkol sa batayan ng pagkamakatarungan kapag ang pagpapatunay sa ilang bagay ay nasasalalay sa patunay ng dalawang makatarungang saksi.*

Sagot: Ang batayan ng pagkamakatarungan ay ang mabuting pagkakakilala sa mga tao. Ang patunay ng lahat ng tagapaglingkod ng Diyos, anuman ang pananampalataya o pinaniniwalaang doktrina, ay tinatanggap sa harap ng Kaniyang Trono.

80. ***Tanong:*** *Kung hindi naisaayos ng pumanaw ang kaniyang pananagutan sa Huqúq'u'lláh, ni hindi nabayaran ang kaniyang ibang mga utang, ang mga ito ba ay dapat bayaran sang-ayon sa kasukat na pagbabawas mula sa tirahan, personal na pananamit at sa natitirang ari-arian, o ang tirahan at personal na pananamit ay itatabi para sa anak na lalake, at samakatuwid ang mga utang ay dapat mabayaran mula sa natitirang ari-arian? At kung ang natitirang ari-arian ay hindi sapat para sa layuning ito, paano dapat bayaran ang mga utang?*

Sagot: Ang mga dapat bayarang mga utang at mga kabayaran sa Huquq ay dapat maisaayos mula sa natitirang ari-arian, ngunit kung ito ay hindi sapat para sa pakay, ang kakulangan ay dapat kunin mula sa kaniyang tirahan at personal na pananamit.

81. ***Tanong:*** *Ang ikatlong Dalanging Katungkulang Isagawa ay dapat bang usalin nang nakaupo o nakatayo?*

Answer: It is preferable and more fitting to stand in an attitude of humble reverence.

Sagot: Higit na mabuti at lalong naaangkop na tumayo sa isang gawi nang may mapagkumbabang pagpipitagan.

82. ***Question:*** *Concerning the first Obligatory Prayer it hath been ordained, "one should perform it at whatever time one findeth oneself in a state of humbleness and longing adoration": is it to be performed once in twenty-four hours, or more frequently?*

82. ***Tanong:*** *Tungkol sa unang Dalanging Katungkulang Isagawa na iniutos na "dapat gawain sa anumang oras na nadama niya na ang kaniyang sarili ay nasa kalagayan ng pagpapakumbaba at pananabik na sumamba": ito ba ay dapat gawain nang minsan sa dalawampu't apat na oras, o mas higit pa?*

Answer: Once in twenty-four hours is sufficient; this is that which hath been uttered by the Tongue of Divine Command.

Sagot: Minsan sa dalawampu't apat na oras ay sapat na; ito yaong sinabi ng Dila ng Banal na Kautusan.

83. ***Question:*** *Concerning the definition of "morning," "noon" and "evening."*

83. ***Tanong:*** *Tungkol sa kahulugan ng "umaga", "tanghali", at "gabi".*

Answer: These are sunrise, noon and sunset. The allowable times for Obligatory Prayers are from morning till noon, from noon till sunset, and from sunset till two hours thereafter. Authority is in the hand of God, the Bearer of the Two Names.

Sagot: Ang mga ito ay ang pagsikat ng araw, tanghaling tapat at paglubog ng araw. Ang pinahihintulutang oras sa Dalanging Katungkulang Isagawa ay mula sa umaga hanggang tanghali, mula tanghali hanggang sa paglubog ng araw, at mula sa paglubog ng araw hanggang sa makalipas ang dalawang oras. Ang kapangyarihan ay nasa kamay ng Diyos, ang Nagtataglay ng Dalawang Pangalan.

84. ***Question:*** *Is it permissible for a believer to marry an unbeliever?*

84. ***Tanong:*** *Ipinahihintulot ba sa isang nananalig ang magpakasal sa isang hindi nananalig?*

Answer: Both taking and giving in marriage are permissible; thus did the Lord decree when He ascended the throne of bounteousness and grace.

Sagot: Kapwa ang pagtanggap at ang pagbibigay sa isang kasalan ay ipinahihintulot, ang ganito ay iniutos ng Panginoon nang Siya ay umakyat sa trono ng pagpapala at biyaya.

85. ***Question:*** *Concerning the Prayer for the Dead: should it precede or follow the interment? And is facing the Qiblih required?*

85. ***Tanong:*** *Tungkol sa Dalangin para sa Yumao: ito ba ay dapat mauna o kasunod ng paglilibing. At ang pagharap ba sa Qiblih ay kinakailangan?*

Answer: Recital of this prayer should precede interment; and as regards the Qiblih: "Whichever way ye turn, there is the face of God."[7]

Sagot: Ang pag-usal sa panalanging ito ay dapat mauna sa paglilibing: at tungkol sa Qiblih: "Saanmang dako kayo bumaling, naroroon ang mukha ng Diyos."[7]

86. ***Question:*** *At noon, which is the time for two of the Obligatory Prayers—the short midday prayer, and the prayer to be offered in the*

86. ***Tanong:*** *Sa tanghali, na oras para sa dalawa sa Dalanging Katungkulang Isagawa—ang maikling pangtanghaling*

morning, noon, and evening—is it necessary in this case to perform two ablutions or would one suffice?

Answer: The renewal of ablutions is unnecessary.

87. Question: *Concerning the dowry for village dwellers which is to be of silver: is it the bride or bridegroom who is intended or both of them? And what is to be done if one is a city dweller and the other a village dweller?*

Answer: The dowry is determined by the dwelling place of the bridegroom; if he be a city dweller, the dowry is of gold, and if he be a village dweller, it is of silver.

88. Question: *What is the criterion for determining if one is a city dweller or a village dweller? If a city dweller taketh up residence in a village, or a village dweller in a city, intending to settle permanently, what ruling is applicable? Is the place of birth the deciding factor?*

Answer: The criterion is permanent residence and, depending on where this is, the injunction in the Book must be observed accordingly.

89. Question: *In the holy Tablets it hath been revealed that when someone acquireth the equivalent of nineteen mi<u>th</u>qáls of gold, he should pay the Right of God on that sum. Might it be explained how much of this nineteen should be paid?*

Answer: Nineteen out of one hundred is established by the ordinance of God. Computation should be made on this basis. It may then be ascertained what amount is due on nineteen.

90. Question: *When one's wealth exceeds nineteen, is it necessary for it to increase by a further nineteen before Ḥuqúq is due again, or would it be due on any increase?*

panalangin, at ang panalangin na dapat ialay sa umaga, tanghali, at gabi—kailangan ba sa pagkakataong ito na gawain ang dalawang ablusyon o ang isa ay makasasapat na?

Sagot: Ang panibagong ablusyon ay hindi kinakailangan.

87. Tanong: *Tungkol sa dote para sa mga naninirahan sa nayon na dapat na maging pilak; ang tinutukoy ba nito ay ang babaeng ikakasal o lalakeng ikakasal o kapwa silang dalawa? At ano ang dapat gawin kung ang isa ay taga-lunsod at ang isa ay taga-nayon?*

Sagot: Ang dote ay itinatakda ayon sa tirahan ng lalakeng ikakasal; kung siya ay taga-lunsod, ang dote ay ginto, at kung siya ay taga-nayon, ito ay pilak.

88. Tanong: *Ano ang saligan sa pagpapasiya kung ang isa ay taga-lunsod o taga-nayon? Kung ang isang taga-lunsod ay naninirahan na sa isang nayon, o isang taga-nayon sa isang lunsod, nilalayong pirmihang manirahan doon, ano ang alituntunin na dapat pairalin? Ang pook ba ng kapanganakan ang pagbabatayan?*

Sagot: Ang batayan ay ang pirmihang tirahan sang-ayon kung nasaan ito, ang ipinag-utos sa Aklat ay dapat sundin nang nasasang-ayon.

89. Tanong: *Sa mga banal na Tableta ay ipinahayag na kapag nakamtan ng isang tao ang katumbas ng labing siyam na mithqál ng ginto, dapat siyang magbayad ng Karapatan ng Diyos sa halagang iyon. Maaari bang ipaliwanag kung magkano sa labinsiyam na ito ang dapat ibayad?*

Sagot: Labinsiyam mula sa isandaan ang itinadhana sa utos ng Diyos. Ang pagtutuos ay dapat gawain sa batayang ito. Samakatuwid, matitiyak kung anong halaga ang dapat bayaran sa labing siyam.

90. Tanong: *Kapag ang kayamanan ng isang tao ay lumabis sa labinsiyam, kailangan bang madagdagan ito ng isa pang karagdagang labinsiyam bago bayaran na*

Answer: Any amount added to nineteen is exempt from Ḥuqúq until it reacheth a further nineteen.

91. ***Question:*** *Concerning pure water, and the point at which it is considered used.*

Answer: Small quantities of water, such as one cupful, or even two or three, must be considered used after a single washing of the face and hands. But a kurr[8] or more of water remaineth unchanged after one or two washings of the face, and there is no objection to its use unless it is altered in one of the three ways,[9] for example its color is changed, in which case it should be looked upon as used.

92. ***Question:*** *In a treatise in Persian on various questions, the age of maturity hath been set at fifteen; is marriage likewise conditional upon the reaching of maturity, or is it permissible before that time?*

Answer: Since the consent of both parties is required in the Book of God, and since, before maturity, their consent or lack of it cannot be ascertained, marriage is therefore conditional upon reaching the age of maturity, and is not permissible before that time.

93. ***Question:*** *Concerning fasting and obligatory prayer by the sick.*

Answer: In truth, I say that obligatory prayer and fasting occupy an exalted station in the sight of God. It is, however, in a state of health that their virtue can be realized. In time of ill health it is not permissible to observe these obligations; such hath been the bidding of the Lord, exalted be His glory, at all times. Blessed be such men and women as pay heed, and observe His precepts. All praise be unto God, He who hath sent down the verses and is the Revealer of undoubted proofs!

muli ang Huqúq, o dapat bang bayaran ang anumang karagdagan?

Sagot: Anumang maidagdag sa labinsiyam ay hindi kailangang bayaran ang Huqúq hangga't hindi maabot nito ang karagdagang labing siyam.

91. ***Tanong:*** *Tungkol sa dalisay na tubig, at kung kailan ito ipinapalagay na nagamit na.*

Sagot: Ang kakaunting tubig, tulad ng isang tasa, o kahit na dalawa o tatlo, ay dapat ipalagay na nagamit na matapos ang minsang paghuhugas ng mukha at ng mga kamay. Ngunit ang isang kurr[8] o higit pa dito ng tubig ay nanatiling di-nababago matapos ang isa o dalawang paghuhugas ng mukha, at walang pagtutol sa paggamit nito hanggang hindi ito nababago sa isa sa tatlong paraan,[9] halimbawa ang kulay nito ay nagbago, na sa ganitong pangyayari ito ay ipinapalagay na nagamit na.

92. ***Tanong:*** *Sa isang pagtalakay sa wikang Persiano tungkol sa iba't ibang katanungan, ang hustong gulang ay naitakda sa labinlima; ang pag-aasawa rin ba ay nasasalalay sa pagsapit sa hustong gulang, o pahihintulutan ba ito bago ang panahong iyon?*

Sagot: Dahilan sa ang pagsang-ayon ng dalawang panig ay kinakailangan sang-ayon sa Aklat ng Diyos, at dahilan sa ang kanilang pagsang-ayon o pagtutol dito ay hindi matitiyak bago dumating sa hustong gulang, ang pag-aasawa samakatuwid ay nababatay sa pagsapit sa hustong gulang, at hindi pinahihintulutan bago sa panahong iyon.

93. ***Tanong:*** *Tungkol sa pag-aayuno at dalanging katungkulang isagawa ng may karamdaman.*

Sagot: Sa katotohanan, Aking sinasabi na ang dalanging katungkulang isagawa at pag-aayuno ay may napakataas na katayuan sa paningin ng Diyos. Datapuwa't nasa kalagayan ng kalusugan makakamtan ang pagpapala nito. Sa panahon ng karamdaman hindi pinahihintulutang isagawa ang mga tungkuling ito; ganyan ang iniuutos ng Panginoon,

dakilain nawa ang Kaniyang kaluwalhatian sa lahat ng panahon. Pinagpala ang gayong mga lalake at mga babae na nakinig, at sinunod ang Kaniyang mga utos. Lahat ng papuri nawa ay mapasa Diyos, Siya na ipinadala dito ang mga bersikulo at ang Nagpapahayag ng hindi mapag-aalinlanganang mga katibayan!

94. ***Question:*** *Concerning mosques, chapels and temples.*

Answer: Whatever hath been constructed for the worship of the one true God, such as mosques, chapels and temples, must not be used for any purpose other than the commemoration of His Name. This is an ordinance of God, and he who violateth it is verily of those who have transgressed. No harm attacheth to the builder, for he hath performed his deed for the sake of God, and hath received and will continue to receive his just reward.

94. ***Tanong:*** *Tungkol sa mga moske, kapilya at templo.*

Sagot: Anuman ang itinayo para sambahin ang iisang tunay na Diyos, tulad ng mga moske, kapilya, at templo, ay hindi dapat gamitin para sa ibang layunin maliban sa paggunita sa Kaniyang Pangalan. Ito ay isang utos ng Diyos, at siya na sumuway dito ay tunay na kabilang sa yaong mga lumabag. Walang kapahamakan ang makakamtan ng nagtatag ng gusali, sapagka't isinagawa niya ang kaniyang gawain alang-alang sa Diyos, at tumanggap at patuloy na tatanggap ng kaniyang nararapat na makatarungang gantimpala.

95. ***Question:*** *Regarding the appointments of a place of business, which are needed for carrying on one's work or profession: are they subject to the payment of Ḥuqúqu'lláh, or are they covered by the same ruling as the household furnishings?*

Answer: They are covered by the same ruling as the household furnishings.

95. ***Tanong:*** *Tungkol sa mga kasangkapan ng isang lugar para sa pagtatrabahuhan, na kinakailangan upang maisagawa ang trabaho o propesyon: ang mga ito ba ay nasasaklaw ng pagbabayad ng Huqúq'u'lláh, o ang mga iyon ba ay nasasaklaw ng panuntunan na tulad ng mga kasangkapan sa tirahan?*

Sagot: Ang mga iyon ay saklaw ng panuntunan tulad ng mga kasangkapan sa tirahan.

96. ***Question:*** *Concerning the exchange of property held in trust for cash or other forms of property, to guard against depreciation or loss.*

Answer: Regarding the written question on the exchange of property held in trust to guard against depreciation and loss, such exchange is permissible on condition that the substitute will be equivalent in value. Thy Lord, verily, is the Expounder, the Omniscient, and He, truly, is the Ordainer, the Ancient of Days.

96. ***Tanong:*** *Tungkol sa ari-arian na ipinagkatiwala na ipinagpalit sa salapi o ibang uri ng ari-arian, upang mapangalagaan laban sa pagbaba ng halaga o pagkalugi.*

Sagot: Tungkol sa nakasulat na katanungan sa pagpapalit ng ari-arian na ipinagkatiwala upang mapangalagaan laban sa pagbaba ng halaga at pagkalugi, ang gayong pagpapalit ay pinahihintulutan sa kondisyon na ang kapalit ay gayundin ang halaga. Ang iyong Panginoon, sa katunayan, ay ang Tagapagpaliwanag, ang may Walang-hanggang Kaalaman, at Siya, sa katotohanan ay ang Nagtatadhana, ang Napakatanda ng mga Araw.

97. ***Question:*** *Concerning the washing of the feet in winter and summer.*

Answer: It is the same in both cases; warm water is preferable, but there can be no objection to cold.

98. ***Question:*** *A further question on divorce.*

Answer: Since God, exalted be His glory, doth not favor divorce, nothing was revealed on this issue. However, from the beginning of the separation until the end of one year, two people or more must remain informed as witnesses; if, by the end, there is no reconciliation, divorce taketh place. This must be recorded in the registry by the religious judicial officer of the city appointed by the Trustees of the House of Justice. Observance of this procedure is essential lest those that are possessed of an understanding heart be saddened.

99. ***Question:*** *Concerning consultation.*

Answer: If consultation among the first group of people assembled endeth in disagreement, new people should be added, after which persons to the number of the Greatest Name, or fewer or more, shall be chosen by lot. Whereupon the consultation shall be renewed, and the outcome, whatever it is, shall be obeyed. If, however, there is still disagreement, the same procedure should be repeated once more, and the decision of the majority shall prevail. He, verily, guideth whomsoever He pleaseth to the right way.

100. ***Question:*** *Concerning inheritance.*

Answer: Regarding inheritance, that which the Primal Point hath ordained—may the souls of all else but Him be offered up for His sake—is well pleasing. The existing heirs should receive their allotted shares of the inheritance, while a statement of the remainder must be submitted to the Court of the Most High. In His hand is the source of

97. **Tanong:** Tungkol sa paghuhugas ng mga paa sa panahon ng taglamig at tag-init.

Sagot: Ito ay magkapareho sa dalawang kalagayan; ang mainit na tubig ay higit na mabuti, ngunit walang tutol sa malamig.

98. ***Tanong:*** *Isang karagdagang tanong sa diborsiyo.*

Sagot: Dahilan sa ang Diyos, dakilain nawa ang Kaniyang kaluwalhatian, ay hindi sumasang-ayon sa diborsiyo, walang ipinahayag tungkol sa paksang ito. Gayunpaman, mula sa simula ng paghihiwalay hanggang sa pagwawakas ng isang taon, dalawang tao o higit pa ang dapat manatiling nakababatid bilang mga saksi; kung sa katapusan, walang muling pagkakaunawaan, ang diborsiyo ay magaganap. Ito ay dapat maitala sa talaan ng pangrelihiyong pinuno ng pagtatala ng lunsod na hinirang ng mga Katiwala ng House of Justice. Ang pagsunod sa pamamaraang ito ay kailangan upang hindi mangalungkot yaong mga nagtataglay ng nakakaunawang puso.

99. ***Tanong:*** *Tungkol sa pagsasanggunian.*

Sagot: Kung ang pagsasanggunian sa unang pangkat ng mga nagkakatipong tao ay magwakas sa hindi pagkakasundo, ay dapat magdagdag ng bagong mga tao na pagkatapos ang mga tao sa bilang ng Pinakadakilang Pangalan, o kulang o higit, ay pipiliin sa pamamagitan ng palabunutan. Pagkatapos niyon ang pagsasanggunian ay gagawain muli, at ang kinalabasan, maging anuman iyon, ay dapat sundin. Datapuwa't, kung mayroon pa ring di-pagkakasundo, ang gayunding paraan ay dapat na muling gawain, at ang pasiya ng nakararami ang masusunod. Siya, sa katunayan, ay pinapatnubayan ang sinumang ninanais Niya sa tamang landas.

100. ***Tanong:*** *Tungkol sa mana.*

Sagot: Tungkol sa mana, yaong itinadhana ng Pinagmulang Tuldok—harinawang ang mga kaluluwa ng lahat ng iba maliban sa Kaniya ay maialay alang-alang sa Kaniya—ay lubos na kasiya-siya. Ang nabubuhay na mga

authority; He ordaineth as He pleaseth. In this regard, a law was revealed in the Land of Mystery,[10] temporarily awarding the missing heirs' inheritance to the existing heirs until such time as the House of Justice shall be established, when the decree concerning this will be promulgated. The inheritance, however, of those who emigrated in the same year as the Ancient Beauty, hath been awarded to their heirs, and this is a bounty of God bestowed upon them.

tagapagmana ay dapat tumanggap ng kanilang nauukol na bahagi ng mana, samantalang isang ulat tungkol sa natitira ang dapat na ibigay sa Korte ng Pinaka-Mataas. Nasa Kaniyang kamay ang bukal ng kapangyarihan; itinatadhana Niya ang Kaniyang ninanais. Kaugnay nito, isang batas ang ipinahayag sa Lupain ng Hiwaga,[10] pansamantalang ibinibigay ang mana ng uri ng walang tagapagmana sa mga tagapagmana na naroroon hanggang sa panahon na ang House of Justice ay maitatag, kung kailan ang batas tungkol dito ay paiiralin. Ang mana, samakatuwid, noong mga nandayuhan sa taon ring kasabay ng Napakatandang Kagandahan, ay ibinigay sa kanilang mga tagapagmana, at ito ay isang pagpapala ng Diyos na ipinagkaloob sa kanila.

101. ***Question:*** *Concerning the law on treasure trove.*

Answer: Should a treasure be found, one-third thereof is the right of the discoverer, and the other two-thirds should be expended by the men of the House of Justice for the welfare of all people. This shall be done after the establishment of the House of Justice, and until that time it shall be committed to the keeping of trustworthy persons in each locality and territory. He, in truth, is the Ruler, the Ordainer, the Omniscient, the All-Informed.

101. ***Tanong:*** *Tungkol sa batas ng nakatipon na kayamanan na natagpuan.*

Sagot: Kung ang isang kayamanan ay matagpuan, ang ikatlong bahagi noon ay karapatan ng nakatagpo, at ang dalawang ikatlong bahagi ay dapat gugulin ng mga tao ng House of Justice para sa kapakanan ng lahat ng mga tao. Ito ay gagawain matapos ang pagtatatag ng House of Justice, at hanggang sa panahong iyon, ito ay ibibigay sa pangangalaga ng mapagkakatiwalaang mga tao sa bawat pamayanan at lupain. Siya, sa katotohanan, ay ang Pinuno, ang Nagtatadhana, ang may Walang-hanggang Kaalaman, ang Nakaaalam ng Lahat.

102. ***Question:*** *Concerning Ḥuqúq on real estate which yieldeth no profit.*

Answer: The ordinance of God is that real estate which hath ceased to yield income, that is, from which no profit accrueth, is not liable to payment of Ḥuqúq. He, verily, is the Ruler, the Munificent.

102. ***Tanong:*** *Tungkol sa Huqúq sa pag-aaring lupain na hindi nagbibigay ng tubo.*

Sagot: Ang alituntunin ng Diyos ay yaong lupa na huminto nang magbigay ng kita, iyon ay yaong wala nang tubo na naidaragdag, ay wala nang pananagutang magbayad ng Huqúq. Siya, sa katunayan, ay ang Pinuno, ang Lubos na Mapagbigay.

103. ***Question:*** *Concerning the holy verse: "In regions where the days and nights grow long, let times of prayer be gauged by clocks…"*

103. ***Tanong:*** *Tungkol sa banal na bersikulo: "Sa mga pook na ang mga araw at gabi ay humahaba, hayaang ang oras ng pananalangin ay kalkulahin ng mga orasan…"*

Answer: The intention is those territories that are remote. In these climes, however, the difference in length is but a few hours, and therefore this ruling doth not apply.

104. In the Tablet to Abá Badí‘, this holy verse hath been revealed: “Verily, We have enjoined on every son to serve his father.” Such is the decree which We have set forth in the Book.

105. *And in another Tablet, these exalted words have been revealed:* O Muḥammad! The Ancient of Days hath turned His countenance towards thee, making mention of thee, and exhorting the people of God to educate their children. Should a father neglect this most weighty commandment laid down in the Kitáb-i-Aqdas by the Pen of the Eternal King, he shall forfeit rights of fatherhood, and be accounted guilty before God. Well is it with him who imprinteth on his heart the admonitions of the Lord, and steadfastly cleaveth unto them. God, in truth, enjoineth on His servants what shall assist and profit them, and enable them to draw nigh unto Him. He is the Ordainer, the Everlasting.

106. He is God, exalted be He, the Lord of majesty and power! The Prophets and Chosen Ones have all been commissioned by the One True God, magnified be His glory, to nurture the trees of human existence with the living waters of uprightness and understanding, that there may appear from them that which God hath deposited within their inmost selves. As may be readily observed, each tree yieldeth a certain fruit, and a barren tree is but fit for fire. The purpose of these Educators, in all they said and taught, was to preserve man’s exalted station. Well is it with him who in the Day of God hath laid fast hold upon His precepts and hath not deviated from His true and fundamental Law. The fruits that best befit the tree of human life are trustworthiness and godliness, truthfulness and sincerity; but greater than all, after recognition of the unity of God, praised and glorified be He, is regard for the rights that are due to one’s parents. This teaching hath been mentioned in all the Books of God, and reaffirmed by the Most Exalted Pen. Consider that which the Merciful Lord hath revealed in the Qur’án, exalted are His words: “Worship ye God, join with Him no peer or likeness; and show forth kindliness and charity towards your parents…” Observe how

Sagot: Ang tinutukoy ay yaong mga lupain napakalayo. Sa mga klimang ito, gayunpaman, ang pagkakaiba sa haba ay ilang oras lamang, at sa gayon ang alituntuning ito ay hindi umiiral.

104. Sa Tableta kay Abá Badí, ang banal na bersikulong ito ay ipinahayag: “Sa katunayan, iniutos Namin sa bawat anak na lalake na paglingkuran ang kaniyang ama.” Gayon ang utos na Aming inihayag sa Aklat.

105. *At sa ibang Tableta, ang dakilang mga salitang ito ay ipinahayag:* O Muhammad! Ang Napakatanda ng mga Araw ay ibinaling ang Kaniyang mukha sa iyo, binabanggit ka, at nagtatagubilin sa mga tao ng Diyos na pangaralan ang kanilang mga anak. Kung pababayaan ng isang ama ang pinaka-matimbang na kautusang ito na ibinigay sa Kitáb-i-Aqdas ng Panulat ng Walang Hanggang Hari, mawawalan siya ng mga karapatan sa pagka-ama, at ibibilang na may kasalanan sa harap ng Diyos. Makababuti sa kaniya na ikinintal sa kaniyang puso ang mga paalaala ng Panginoon, at matatag na nangapit sa mga iyon. Ang Diyos, sa katotohanan, ay iniuutos sa Kaniyang mga tagapaglingkod yaong makatutulong at makababuti sa kanila, at bigyang-kakayahan sila na makalapit sa Kaniya. Siya ang Nagtatadhana, ang Walang Hanggan Magpakailanman.

106. Siya ang Diyos, dakilain nawa Siya, ang Panginoon ng kamahalan at lakas! Ang mga Propeta at Sila na mga Hinirang ay inatasang lahat, ng Iisang Tunay na Diyos, dakilain nawa ang Kaniyang kaluwalhatian, na pangalagaan ang mga punong kahoy ng buhay ng tao sa pamamagitan ng mga buhay na tubig ng pagkamakatarungan at pagkamaunawain, upang may lumitaw sa kanila yaong inilagak ng Diyos sa loob ng pinaka-buod ng kanilang mga sarili. Tulad nang kaagad na makikita, bawat puno ay nagbibigay ng kaniyang bunga, at ang isang hindi namumungang puno ay nararapat lamang sa apoy. Ang layunin ng mga Tagapagturo na ito, sa lahat ng sinabi at itinuro nila, ay ang pangalagaan ang dakilang katayuan ng tao. Makababuti sa kaniya na sa Araw ng Diyos ay mahigpit na nangapit sa

loving-kindness to one's parents hath been linked to recognition of the one true God! Happy they who are endued with true wisdom and understanding, who see and perceive, who read and understand, and who observe that which God hath revealed in the Holy Books of old, and in this incomparable and wondrous Tablet.

107. In one of the Tablets He, exalted be His words, hath revealed: And in the matter of Zakát, We have likewise decreed that you should follow what hath been revealed in the Qur'án.

• • •

Synopsis and Codification of the Laws and Ordinances of the Kitáb-i-Aqdas

Summary of Contents

I. The Appointment of 'Abdu'l-Bahá as the Successor of Bahá'u'lláh and Interpreter of His Teachings

   A. Turn towards Him

   B. Refer to Him

Kaniyang mga itinuro at hindi lumihis mula sa Kaniyang tunay at saligang Batas. Ang mga bunga na lubos na karapat-dapat sa puno ng buhay ng tao ay ang pagkamapag-kakatiwalaan at pagkamaka-Diyos, pagka-makatotohanan at pagiging taos-puso; ngunit ang higit na mahalaga sa lahat, matapos ang pagkilala sa kaisahan ng Diyos, purihin at luwalhatiin nawa Siya, ay ang pagpapahalaga sa mga karapatan na tungkuling ibigay sa mga magulang. Ang turo na ito ay binanggit na sa lahat ng mga Aklat ng Diyos, at muling pinagtibay ng Pinaka-Dakilang Panulat. Isaalang-alang yaong ipinahayag ng Mahabaging Panginoon sa Qur'án, dakilain nawa ang Kaniyang mga salita: "Sambahin ninyo ang Diyos, huwag mag-ugnay sa Kaniya ng kauri o kaparis; at magpakita ng kagandahang-loob at kawang-gawa sa inyong mga magulang..." Bigyang-pansin kung paanong ang mapagmahal na kagandahang-loob sa mga magulang ay iniugnay sa pagkilala sa iisang tunay na Diyos! Maligaya sila na pinagkalooban ng tunay na wastong kaalaman at pag-uunawa, ang nakakikita at nakadadama, siya na nakababasa at nakauunawa, at yaong sumusunod doon sa ipinahayag ng Diyos sa mga Banal na Aklat ng nakaraan at dito sa walang katulad at kamangha-manghang Tableta na ito.

107. Sa isa sa mga Tableta, dakilain nawa ang Kaniyang mga salita, ay ipinahayag Niya ang: At tungkol sa Zakát, iniutos din Namin na dapat ninyong sundin yaong ipinahayag sa Qur'án.

• • •

Lagom at Pagsasaayos ng mga Batas at Alituntunin ng Kitáb-i-Aqdas

Buod ng mga Nilalaman

I. Ang Paghirang kay 'Abdu'l-Bahá bilang Tagapagmana ng Tungkulin ni Bahá'u'lláh at Tagapagpaliwanag ng Kaniyang mga Turo

   A. Bumaling sa Kaniya.

   B. Sumangguni sa Kaniya.

II. Anticipation of the Institution of the Guardianship

III. The Institution of the House of Justice

IV. Laws, Ordinances and Exhortations

A. Prayer

B. Fasting

C. Laws of Personal Status

D. Miscellaneous Laws, Ordinances and Exhortations

V. Specific Admonitions, Reproofs and Warnings

VI. Miscellaneous Subjects

Synopsis and Codification

I. The Appointment of ‘Abdu’l-Bahá as the Successor of Bahá’u’lláh and Interpreter of His Teachings

A. The faithful are enjoined to turn their faces towards the One *“Whom God hath purposed, Who hath branched from this Ancient Root.”*

B. The faithful are bidden to refer whatsoever they do not understand in the Bahá’í writings to *“Him Who hath branched from this mighty Stock.”*

II. Anticipation of the Institution of the Guardianship

III. The Institution of the House of Justice

A. The House of Justice is formally ordained.

B. Its functions are defined.

C. Its revenues are fixed.

IV. Laws, Ordinances and Exhortations

II. Ang Pagkakahiwatig sa Institusyon ng Panunungkulan ng Guardian

III. Ang Institusyon ng House of Justice

IV. Mga Batas, mga Alituntunin at mga Tagubilin

A. Panalangin

B. Pag-aayuno

C. Mga Batas tungkol sa Personal na Kalagayan

D. Iba’t ibang mga Batas, mga Alituntunin at mga Tagubilin

V. Mga Paalala, Panunumbat at Babala na may Tanging Kinauukulan

VI. Iba’t ibang mga Paksa

Lagom at Pagsasaayos

I. Ang Paghirang kay ‘Abdu’l-Bahá bilang tagapagmana ng tungkulin ni Bahá’u’lláh at Tagapagpaliwag ng Kaniyang mga Turo

A. Inaatasan ang matatapat na ibaling ang kanilang mga mukha sa Kaniya *“Na nilayon ng Diyos, Siya Na nagsanga mula sa Napakatandang Ugat na ito.”*

B. Ang matatapat ay inuutusan na isangguni ang anumang hindi nila nauunawaan sa mga kasulatang Bahá’í sa *“Kaniya Na nagsanga mula sa makapangyarihang Puno na ito.”*

II. Ang Pagkakahiwatig sa Institusyon ng Panunungkulan ng Guardian

III. Ang Institusyon ng House of Justice

A. Ang House of Justice ay pormal na itinadhana.

B. Ang mga tungkulin nito ay tiniyak.

C. Ang mga kita nito ay itinakda.

IV. Mga Batas, mga Alituntunin at mga Tagubilin

A. Prayer

1. The sublime station occupied by the Obligatory Prayers in the Bahá'í Revelation.

2. The Qiblih:

   a. Identified by the Báb with *"the One Whom God will make manifest."*

   b. The appointment made by the Báb is confirmed by Bahá'u'lláh.

   c. Bahá'u'lláh ordains His resting-place as the Qiblih after His passing.

   d. Turning to the Qiblih is mandatory while reciting the Obligatory Prayers.

3. The Obligatory Prayers are binding on men and women on attaining the age of maturity, which is fixed at 15.

4. Exemption from offering the Obligatory Prayers is granted to:

   a. Those who are ill.

   b. Those who are over 70.

   c. Women in their courses provided they perform their ablutions and repeat a specifically revealed verse 95 times a day.

5. The Obligatory Prayers should be offered individually.

6. The choice of one of the three Obligatory Prayers is permissible.

7. By "morning," "noon" and "evening," mentioned in connection with the Obligatory Prayers, is meant

The Obligatory Prayer (see note 9) referred to in this verse has been superseded by the three Obligatory Prayers later revealed by Bahá'u'lláh (Q&A 63). The texts of the three prayers currently in use, together with instructions regarding their recital, are to be found in this volume in Some Texts Supplementary to the Kitáb-i-Aqdas.

Ang Dalanging Katungkulang Isagawa (tingnan ang tala 9) na tinutukoy sa bersikulong ito ay pinalitan na ng tatlong Dalanging Katungkulang Isagawa na ipinahayag ni Bahá'u'lláh sa dakong huli (K&K 63). Ang mga teksto ng tatlong panalangin na kasalukuyang ginagamit, kasama ang mga tagubilin tungkol sa pag-usal sa mga iyon, ay matatagpuan sa aklat na ito sa Ilang Mga Kasulatan na Ipinahayag Bilang Karagdagan sa Kitáb-i-Aqdas.

A number of the items in Questions and Answers deal with aspects of the three new Obligatory Prayers. Bahá'u'lláh clarifies that the individual is permitted to choose any one of the three Obligatory Prayers (Q&A 65). Other provisions are elucidated in Questions and Answers, numbers 66, 67, 81, and 82.

Ilang mga paksa sa mga Katanungan at Kasagutan ay may kinalaman sa mga aspeto ng tatlong bagong mga Dalanging Katungkulang Isagawa. Nililinaw ni Bahá'u'lláh na ang bawat isa ay pinahihintulutang pumili ng alinman sa tatlong Dalanging Katungkulang

Isagawa (K&K 65). Ang ibang mga itinadhana ay ipinaliwanag pa sa Mga Katanungan at Kasagutan, bilang 66, 67, 81, at 82.

The details of the law concerning obligatory prayer are summarized in section IV.A.1.–17. of the Synopsis and Codification.

Ang mga detalye ng batas tungkol sa dalanging katungkulang isagawa ay ginawaan ng buod sa bahaging IV. A. 1.–17. ng Lagom at Pagsasaayos.

4. nine rak‘ahs ¶6

4. siyam na rak’ah ¶6

A rak‘ah is the recitation of specifically revealed verses accompanied by a prescribed set of genuflections and other movements.

Ang isang rak’ah ay ang pag-usal ng natatanging ipinahayag na mga bersikulo na may kasamang ipinag-uutos na takdang mga pagluhod at ibang mga kilos.

The Obligatory Prayer originally enjoined by Bahá’u’lláh upon His followers consisted of nine rak‘ahs. The precise nature of this prayer and the specific instructions for its recitation are unknown, as the prayer has been lost. (See note 9.)

Ang Dalanging Katungkulang Isagawa na sa simula ay iniutos ni Bahá’u’lláh sa mga nananalig sa Kaniya ay binubuo ng siyam na mga rak’ah. Ang tumpak na kalikasan ng panalanging ito at ang tiyak na mga utos para sa pag-usal nito ay hindi alam, sapagka’t ang dasalin ay nawala na. (Tingnan ang tala 9)

In a Tablet commenting on the presently binding Obligatory Prayers, ‘Abdu’l-Bahá indicates that *“in every word and movement of the Obligatory Prayer there are allusions, mysteries and a wisdom that man is unable to comprehend, and letters and scrolls cannot contain.”*

Sa isang Tableta na nagpapaliwanag hinggil sa kasalukuyang pinaiiral na mga Dalanging Katungkulang Isagawa, ipinahahayag ni ‘Abdu’l-Bahá na *“sa bawat salita at kilos ng Dalanging Katungkulang Isagawa ay may mga ipinapahiwatig, mga hiwaga at isang dunong na di-kayang maunawaan ng tao, at hindi mailalaman sa mga liham at pergamino.”*

Shoghi Effendi explains that the few simple directions given by Bahá’u’lláh for the recital of certain prayers not only have a spiritual significance but that they also help the individual “to fully concentrate when praying and meditating.”

Ipinaliliwanag ni Shoghi Effendi na ang ilang mada-daling mga tagubilin na ibinibigay ni Bahá’u’lláh para sa pag-usal ng ilang mga panalangin ay hindi lamang may espirituwal na kahalagahan kundi tinutulungan din nila ang isang tao “upang lubos na maibuhos ang isipan kapag nananalangin at nagninilay-nilay”.

5. at noon and in the morning and the evening ¶6

5. sa tanghali at sa umaga at sa gabi ¶6

Regarding the definition of the words *“morning,” “noon”* and *“evening,”* at which times the currently binding medium Obligatory Prayer is to be recited, Bahá’u’lláh has stated that these coincide with *“sunrise, noon and sunset”* (Q&A 83). He specifies that the *“allowable times for Obligatory Prayers are from morning till noon, from noon till sunset, and from sunset till two hours thereafter.”* Further, ‘Abdu’l-Bahá has stated that the morning Obligatory Prayer may be said as early as dawn.

Tungkol sa kahulugan ng mga salitang *“umaga,” “tanghali”* at *“gabi,”* na mga oras na dapat usalin ang kasalukuyang pinaiiral na katamtamang Dalanging Katungkulang Isagawa, sinabi ni Bahá’u’lláh na ang mga ito ay kasabay ng *“pagsikat ng araw, tanghali at paglubog ng araw”* (K&K 83). Binabanggit Niya na ang *“pinahihintulutang mga oras para sa mga Dalanging Katungkulang Isagawa ay mula sa umaga hanggang tanghali, mula sa tanghali hanggang sa paglubog ng araw, at mula sa paglubog ng araw hanggang sa makalipas ang dalawang oras.”* Bilang karagdagan, sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá na ang

pang-umagang Dalanging Katungkulang Isagawa ay maaaring usalin nang kasing aga ng bukang-liwayway.

The definition of *"noon"* as the period *"from noon till sunset"* applies to the recitation of the short Obligatory Prayer as well as the medium one.

Ang kahulugan ng *"tanghali"* bilang panahon *"mula sa tanghali hanggang sa paglubog ng araw"* ay nauukol sa pag-usal ng maikling Dalanging Katungkulang Isagawa gayundin doon sa katamtaman.

6. We have relieved you of a greater number ¶6

6. Binawasan Namin kayo ng lalong higit dito ¶6

The requirements for obligatory prayer called for in the Bábí and Islamic Dispensations were more demanding than those for the performance of the Obligatory Prayer consisting of nine rak'ahs that was prescribed in the Kitáb-i-Aqdas (see note 4).

Ang mga kilos na kailangang gawain sa dalanging katungkulang isagawa na iniatas sa Dispensasyong Babí at Islam ay higit na matindi ang pangangailangan kaysa doon sa pagsasagawa ng Dalanging Katungkulang Isagawa na binubuo ng siyam na mga rak'ah na iniutos sa Kitáb-i-Aqdas (tingnan ang tala 4).

In the Bayán, the Báb prescribed an Obligatory Prayer consisting of nineteen rak'ahs which was to be performed once in a twenty-four-hour period—from noon of one day to noon of the next.

Sa Bayán, iniutos ng Báb ang isang Dalanging Katungkulang Isagawa na binubuo ng labinsiyam na mga rak'ah na dapat isagawa minsan sa loob ng dalawampu't apat na oras—mula sa tanghali ng isang araw hanggang sa tanghali ng susunod na araw.

The Muslim prayer is recited five times a day, namely, in the early morning, at midday, in the afternoon and evening, and at night. While the number of rak'ahs varies according to the time of recitation, a total of seventeen rak'ahs are offered in the course of a day.

Ang panalanging Muslim ay inuusal ng limang beses isang araw, alalaon baga ay, sa umagang-umaga, sa tanghali, sa hapon at sa paglubog ng araw at sa gabi. Samantalang ang bilang ng mga rak'ah ay nag-iiba-iba sang-ayon sa oras ng pag-usal, may kabuuang labinpitong mga rak'ah ang iniaalay sa loob ng isang araw.

7. When ye desire to perform this prayer, turn ye towards the Court of My Most Holy Presence, this Hallowed Spot that God hath … decreed to be the Point of Adoration for the denizens of the Cities of Eternity ¶6

7. Kapag ninanais ninyong usalin ang panalanging ito, bumaling kayo sa Korte ng Aking Pinakabanal na Kinaroroonan, ang Banal na Pook na ito na ginawa ng Diyos . . . na maging Pook ng Pagsamba para sa mga mamamayan ng mga Lungsod ng Kawalang-hanggan ¶6

The *"Point of Adoration,"* that is, the point to which the worshiper should turn when offering obligatory prayer, is called the Qiblih. The concept of Qiblih has existed in previous religions. Jerusalem in the past had been fixed for this purpose. Muḥammad changed the Qiblih to Mecca. The Báb's instructions in the Arabic Bayán were:

Ang *"Pook ng Pagsamba,"* iyon ay, ang pook kung saan dapat humarap ng sumasamba kapag nag-aalay ng dalanging katungkulang isagawa, ay tinatawag na Qiblih. Ang konsepto sa Qiblih ay napapaloob sa mga nakalipas na relihiyon. Noong nakaraan ang Jerusalem ay itinakda para sa layuning ito. Inilipat ni Muhammad ang Qiblih sa Mecca. Ang mga utos ng Báb sa Bayán sa wikang Arabiko ay:

The Qiblih is indeed He Whom God will make manifest; whenever He moveth, it moveth, until He shall come to rest.

This passage is quoted by Bahá'u'lláh in the Kitáb-i-Aqdas (¶137) and confirmed by Him in the above-noted verse. He has also indicated that facing in the direction of the Qiblih is a *"fixed requirement for the recitation of obligatory prayer"* (Q&A 14 and 67). However, for other prayers and devotions the individual may face in any direction.

8. and when the Sun of Truth and Utterance shall set, turn your faces towards the Spot that We have ordained for you ¶6

Bahá'u'lláh ordains His resting-place as the Qiblih after His passing. The Most Holy Tomb is at Bahjí, 'Akká. 'Abdu'l-Bahá describes that Spot as the *"luminous Shrine," "the place around which circumambulate the Concourse on high."*

In a letter written on his behalf, Shoghi Effendi uses the analogy of the plant turning in the direction of the sun to explain the spiritual significance of turning towards the Qiblih:

… just as the plant stretches out to the sunlight—from which it receives life and growth—so we turn our hearts to the Manifestation of God, Bahá'u'lláh, when we pray; … we turn our faces … to where His dust lies on this earth as a symbol of the inner act.

9. We have set forth the details of obligatory prayer in another Tablet. ¶8

The original Obligatory Prayer had *"for reasons of wisdom"* been revealed by Bahá'u'lláh in a separate Tablet (Q&A 63). It was not released to the believers in His lifetime, having been superseded by the three Obligatory Prayers now in use.

Ang Qiblih ay tunay na Siya Na Ihahayag ng Diyos; kailanman Siya lumipat, ito ay lumilipat, hanggang sa Siya ay tumigil.

Ang talatang ito ay sinipi ni Bahá'u'lláh sa Kitáb-i-Aqdas (¶137) at pinagtibay Niya sa bersikulong nakatala sa itaas. Ipinahayag din Niya na ang pagharap sa gawi ng Qiblih ay *"isang nakatakdang panganngailangan sa pag-usal ng dalanging katungkulang isagawa"* (K&K 14 at 67). Gayunpaman, para sa ibang mga panalangin at pagsamba maaaring humarap sa alinmang dako.

8. at kapag ang Araw ng Katotohanan at Pananalita ay lumubog na, ibaling ang inyong mga mukha tungo sa Pook na itinadhana Namin para sa inyo ¶6

Itinatadhana ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang puntod bilang Qiblih pagkamatay Niya. Ang Pinakabanal na Puntod ay nasa Bahjí, 'Akká. Inilalarawan ni 'Abdu'l-Bahá ang Pook na iyon bilang *"maningning na Dambana," "ang pook na sa paligid nito ay umiikot ang Kalipunan sa kaitaasan."*

Sa isang liham na isinulat sa ngalan niya, ginagamit ni Shoghi Effendi ang paghahalintulad ng halaman na bumabaling sa gawi ng araw upang ipaliwanag ang espiritwal na kahulugan ng pagbaling sa Qiblih:

…tulad ng halaman na inaabot ang liwanag ng araw—na kung saan tinatanggap nito ang buhay at paglaki—ibinabaling din natin ang ating mga puso sa Kahayagan ng Diyos, si Bahá'u'lláh, kapag tayo ay nananalangin; … ibinabaling natin ang ating mga mukha; … doon sa pinaglalagakan ng Kaniyang alabok sa daigdig na ito bilang isang palatandaan ng naloloob na kilos.

9. Ibinigay Namin ang mga detalye ng dalanging katungkulang isagawa sa ibang Tableta ¶8

Ang orihinal na Dalanging Katungkulang Isagawa *"sa mga kadahilanan ng matalinong pang-unawa"* ay ipinahayag ni Bahá'u'lláh sa isang hiwalay na Tableta (K&K 63). Hindi ito ibinigay sa mga nananampalataya noong Siya ay nabu-buhay pa, at ngayon ay pinalitan na ng tatlong Dalanging Katungkulang Isagawa na ginagamit sa kasalukuyan.

Shortly after the Ascension of Bahá'u'lláh, the text of this prayer, along with a number of other Tablets, was stolen by Muḥammad-'Alí, the Arch-breaker of His Covenant.

Hindi natagalan matapos ang Pagyao ni Bahá'u'lláh, ang teksto ng panalanging ito, kasama ang ilang bilang ng mga Tableta ay ninakaw ni Muhammad-'Alí, ang Pangunahing-lumabag sa Kaniyang Banal na Kasunduan.

10. the Prayer for the Dead ¶8

The Prayer for the Dead (see Some Texts Supplementary to the Kitáb-i-Aqdas) is the only Bahá'í obligatory prayer which is to be recited in congregation; it is to be recited by one believer while all present stand in silence (see note 19). Bahá'u'lláh has clarified that the Prayer for the Dead is required only when the deceased is an adult (Q&A 70), that the recital should precede the interment of the deceased, and that there is no requirement to face the Qiblih when saying this prayer (Q&A 85).

10. Dalangin para sa Yumao ¶8

Ang Dalangin para sa yumao (tingnan ang Ilang mga Kasulatan Bilang Karagdagan sa Kitáb-i-Aqdas) ay ang natatanging panalanging Bahá'í na katungkulang bigkasin ng kongregasyon; ito ay dapat usalin ng isang mananam-palataya samantalang ang lahat ng naroroon ay tahimik na nakatayo (tingnan ang tala 19). Nilinaw ni Bahá'u'lláh na ang Dalangin para sa Yumao ay kailangan lamang kung ang yumao ay nasa hustong gulang (K&K 70), na ang pag-usal ay dapat mauna sa paglilibing ng pumanaw, at hindi kinakailangang humarap sa Qiblih kapag inuusal ang panalanging ito (K&K 85).

Further details concerning the Prayer for the Dead are summarized in the Synopsis and Codification, section IV.A. 13.–14.

Ang karagdagang mga detalye tungkol sa Dalangin para sa Yumao ay binuod sa Lagom at Pagsasaayos, bahagi IV.A. 13.–14.

11. six specific passages have been sent down by God, the Revealer of Verses ¶8

The passages that form part of the Prayer for the Dead comprise the repetition of the greeting "Alláh-u-Abhá" (God is the All-Glorious) six times, each followed by nineteen repetitions of one of six specifically revealed verses. These verses are identical with those in the Prayer for the Dead revealed by the Báb in the Bayán. Bahá'u'lláh added a supplication to precede these passages.

11. anim na tanging mga talata ang ibinigay ng Diyos, ang Tagapagpahayag ng mga Bersikulo ¶8

Ang mga talata na bumubuo sa bahagi ng panalangin para sa yumao ay binubuo ng pag-ulit sa pagbating Alláh-u-Abhá (ang Diyos ang Maluwalhati sa Lahat) nang anim na beses, bawat isa ay sinusundan ng labinsiyam na pag-ulit ng isa sa anim na natatanging inihayag na mga bersikulo. Ang mga bersikulong ito ay katulad noong mga nasa Dalangin para sa yumao na inihayag ng Báb sa Bayán. Dinagdagan ni Bahá'u'lláh ng pagsamo na nauuna sa mga talatang ito.

12. Hair doth not invalidate your prayer, nor aught from which the spirit hath departed, such as bones and the like. Ye are free to wear the fur of the sable as ye would that of the beaver, the squirrel, and other animals ¶9

In some earlier religious Dispensations, the wearing of the hair of certain animals or having certain other objects on one's person was held to invalidate one's prayer. Bahá'u'lláh here confirms the Báb's

12. Hindi pinawawalang-bisa ng buhok ang inyong panalangin, ni anuman kung saan lumisan ang espiritu, tulad ng mga buto at mga katulad nito. Malaya kayong magsuot ng balahibo ng sable tulad ng inyong paggamit ng beaver, ng squirrel, at iba pang mga hayop ¶9

Sa ilang naunang mga panrelihiyong Dispensasyon, ang pagsusuot ng balahibo ng ilang mga hayop o ang pagkakaroon ng ilang mga bagay sa sariling katawan ay

pronouncement in the Arabic Bayán that such things do not invalidate one's prayer.

pinaniniwalaan na pinawawalang-bisa ang panalangin ng isang tao. Pinagtibay dito ni Bahá'u'lláh ang pahayag ng Báb sa Bayán sa wikang Arabiko na ang gayong mga bagay ay hindi pinawawalang-bisa ang pananalangin ng isang tao.

13. We have commanded you to pray and fast from the beginning of maturity ¶10

13. Inuutusan Namin kayo na manalangin at mag-ayuno mula sa pagsapit ng hustong gulang ¶10

Bahá'u'lláh defines the "age of maturity with respect to religious duties" as *"fifteen for both men and women"* (Q&A 20). For details of the period of fasting, see note 25.

Ipinaliwanag ni Bahá'u'lláh ang "hustong gulang kaugnay sa mga tungkuling pangrelihiyon" na *"labinlima sa kapwa mga lalake at mga babae"* (K&K 20). Para sa mga detalye ng panahon ng pag-aayuno tingnan ang tala 25.

14. He hath exempted from this those who are weak from illness or age ¶10

14. Hindi Niya pinananagot dito yaong mahihina dahilan sa karamdaman o katandaang gulang ¶10

The exemption of those who are weak due to illness or advanced age from offering the Obligatory Prayers and from fasting is explained in Questions and Answers. Bahá'u'lláh indicates that in *"time of ill health it is not permissible to observe these obligations"* (Q&A 93). He defines old age, in this context, as being from seventy (Q&A 74). In answer to a question, Shoghi Effendi has clarified that people who attain the age of seventy are exempt, whether or not they are weak.

Ang kapahintulutan na huwag mag-alay ng mga Dalanging Katungkulang Isagawa at pag-aayuno doon sa mahihina dahilan sa karamdaman o katandaang gulang ay ipinaliwa-nag sa Mga Katanungan at Kasagutan. Sinasabi ni Bahá'u'lláh na sa *"panahon ng karamdaman hindi ipinahihintulot ang pag-sagawa ng mga tungkuling ito"* (K&K 93). Ipinaliwanag Niya na ang katandaang gulang kaugnay sa nabanggit, ay nagsisimula sa pitumpo (K&K 74). Bilang tugon sa isang katanungan, nilinaw ni Shoghi Effendi na ang mga taong umabot na sa gulang na pitumpong taon ay pinahihin-tulutang huwag isagawa ito, kahiman o hindi sila mahina.

Exemption from fasting is also granted to the other specific categories of people listed in the Synopsis and Codification, section IV.B.5. See notes 20, 30 and 31 for additional discussion.

Ang hindi pag-aayuno ay ipinahihintulot din sa ibang tiyak na uri ng mga tao na nakatala sa Lagom at Pagsasa-ayos, bahagi IV.B.5. Tingnan ang mga tala 20, 30 at 31 para sa karagdagang pagtalakay.

15. God hath granted you leave to prostrate yourselves on any surface that is clean, for We have removed in this regard the limitation that had been laid down in the Book ¶10

15. Pinahihintulutan na kayo ng Diyos na magpatirapa ng inyong mga sarili sa anumang lugar na malinis, sapagka't inalis na Namin ang pagtatakda rito na inilahad sa Aklat ¶10

The requirements of prayer in previous Dispensations have often included prostration. In the Arabic Bayán the Báb called upon the believers to lay their foreheads on surfaces of crystal when prostrating. Similarly, in Islám, certain restrictions are imposed with regard to the surface on which Muslims are permitted to prostrate. Bahá'u'lláh

Ang mga natatakdang pangangailangan para sa pananalangin sa mga naunang Dispensasyon kalimitan ay may kasamang pagpapatirapa. Sa Bayán, sa wikang Arabiko, nananawagan ang Báb sa mga nananampalataya na ilagay ang kanilang mga noo sa mga lugar na kristal

abrogates such restrictions and simply specifies *"any surface that is clean."*

kapag nagpapatirapa. Gayundin, sa Islám, ilang mga pagbabawal ang iniutos kaugnay sa lugar na pinahihintulutang magpatirapa ang mga Muslim. Pinawawalang-bisa ni Bahá'u'lláh ang gayong mga pagbabawal at iniuutos lamang ang *"anumang lugar na malinis."*

16. Let him that findeth no water for ablution repeat five times the words "In the Name of God, the Most Pure, the Most Pure," and then proceed to his devotions. ¶10

16. Hayaan siya na hindi makahanap ng tubig para sa ablusyon ay ulitin nang limang beses ang mga salitang "Sa ngalan ng Diyos, ang Pinaka-Dalisay, ang Pinaka-Dalisay", at pagkatapos ay ituloy ang kaniyang mga pananalangin. ¶10

Ablutions are to be performed by the believer in preparation for the offering of obligatory prayer. They consist of washing the hands and face. If water is unavailable, the repetition five times of the specifically revealed verse is prescribed. See note 34 for a general discussion of ablutions.

Ang ablusyon ay dapat isagawa ng nananampalataya bilang paghahanda sa pag-aalay ng dalanging katung-kulang isagawa. Ang mga iyon ay binubuo ng paghuhugas ng mga kamay at mukha. Kung walang makuhang tubig, ang pag-ulit nang limang beses ng natatanging ipinahayag na bersikulo ay iniuutos. Tingnan ang tala 34 para sa isang pangkalahatang pagtalakay sa ablusyon.

Antecedents in earlier Dispensations for the provision of substitute procedures to be followed when no water is available are found in the Qur'án and in the Arabic Bayán.

Ang mga naunang alituntunin sa mga nakaraang Dispensasyon para sa itinakdang kapalit na mga kaparaanan na dapat sundin kapag walang makuhang tubig ay matatagpuan sa Qur'án at sa Bayán sa wikang Arabiko.

17. In regions where the days and nights grow long, let times of prayer be gauged by clocks and other instruments that mark the passage of the hours. ¶10

17. Sa mga pook na ang mga araw at gabi ay humahaba, hayaang ang oras ng pananalangin ay kalkulahin ng mga orasan at ibang mga kasangkapan na nagtatanda sa paglipas ng mga oras. ¶10

This refers to territories situated in the extreme north or south, where the duration of days and nights varies markedly (Q&A 64 and 103). This provision applies also to fasting.

Tinutukoy nito ang mga pook na naroroon sa mga dulong hilaga o timog, kung saan ang tagal ng mga araw at gabi ay lubhang naiiba (K&K 64 at 103). Ang tadhanang ito ay may bisa rin sa pag-aayuno.

18. We have absolved you from the requirement of performing the Prayer of the Signs. ¶11

18. Pinalaya na Namin kayo mula sa kinakailangang pagtupad sa Dalangin ng mga Palatandaan. ¶11

The Prayer of the Signs is a special form of Muslim obligatory prayer that was ordained to be said in times of natural events, like earthquakes, eclipses, and other such phenomena, which may cause fear and are taken to be signs or acts of God. The requirement of performing this prayer has been annulled. In its place a Bahá'í may say, *"Dominion is God's, the Lord of the seen and the unseen, the Lord of creation,"* but this is not obligatory (Q&A 52).

Ang Dalangin ng mga Palatandaan ay isang natatanging uri ng panalanging katungkulang isagawa ng Muslim na itinadhanang usalin sa mga panahon ng mga na mga pang-yayari, tulad ng mga lindol, mga eklipse, at ibang gayong mga pangyayari na maaaring maging dahilan ng takot at pinaniniwalaang mga palatandaan o gawa ng Diyos. Ang pangangailangan sa pagsasagawa ng panalanging ito ay pinawalan na ng bisa.

Bilang kapalit nito, ang isang Bahá'í ay maaaring sabihin ang *"Ang Kaharian ay sa Diyos, ang Panginoon ng nakikita at hindi nakikita, ang Panginoon ng sangnilikha,"* ngunit ito ay hindi sapilitan. (K&K 52)

19. Save in the Prayer for the Dead, the practice of congregational prayer hath been annulled. ¶12

19. Maliban sa Dalangin para sa Yumao, ang pagsasagawa ng pangkongregasyon na panalangin ay pinawalan na ng bisa. ¶12

Congregational prayer, in the sense of formal obligatory prayer which is to be recited in accordance with a prescribed ritual as, for example, is the custom in Islám where Friday prayer in the mosque is led by an imám, has been annulled in the Bahá'í Dispensation. The Prayer for the Dead (see note 10) is the only congregational prayer prescribed by Bahá'í law. It is to be recited by one of those present while the remainder of the party stands in silence; the reader has no special status. The congregation is not required to face the Qiblih (Q&A 85).

Ang pangkongregasyon na panalangin, sa kahulugan ng pormal na panalanging katungkulang isagawa na dapat usalin nang naaayon sa isang iniutos na ritwal, tulad halimbawa, ng kaugalian sa Islám kung saan ang pang-Biyernes na panalangin sa moske ay pinamumunuan ng isang imám, ay pinawalan na ng bisa sa Dispensasyong Bahá'í. Ang Dalangin para sa Yumao (tingnan ang tala 10) ay ang pang-kongregasyong panalangin lamang na iniutos sa batas ng Bahá'í. Ito ay dapat usalin ng isa sa mga naroroon samantalang ang natitirang pangkat ay tahimik na nakatayo; ang bumabasa ay walang natatanging katayuan. Ang kongregasyon ay hindi kinakailangang humarap sa Qiblih (K&K 85).

The three daily Obligatory Prayers are to be recited individually, not in congregation.

Ang tatlong Dalanging Katungkulang Isagawa sa araw-araw ay dapat usalin ng bawat isa, at hindi sa kongregasyon.

There is no prescribed way for the recital of the many other Bahá'í prayers, and all are free to use such non-obligatory prayers in gatherings or individually as they please. In this regard, Shoghi Effendi states that

Walang inutos na pamamaraan ng pag-usal sa iba pang maraming panalanging Bahá'í, at lahat ay malayang gamitin ang gayong mga panalanging hindi katungkulang isagawa sa mga pagtitipon o nang nag-iisa sang-ayon sa kanilang kagustuhan. Kaugnay nito, sinabi ni Shoghi Effendi na

…although the friends are thus left free to follow their own inclination … they should take the utmost care that any manner they practice should not acquire too rigid a character, and thus develop into an institution. This is a point which the friends should always bear in mind, lest they deviate from the clear path indicated by the Teachings.

…kahiman ang mga kaibigan gayunpaman ay pinahihintulutang sundin ang kanilang sariling kagustuhan … dapat nilang gawain ang sukdulang pag-iingat na anumang pamamaraan ang kanilang ginagawa ay yaong di na maaaring mabago, at sa gayon ay mauwi na maging isang institusyon. Ito ay isang bagay na laging dapat tandaan ng mga kaibigan, upang hindi sila lumihis mula sa malinaw na landas na ipinakikita ng mga Turo.

20. God hath exempted women who are in their courses from obligatory prayer and fasting. ¶13

20. Pinahintulutan ng Diyos ang mga babae na nasa kanilang panahon ng regla na hindi na isagawa ang dalanging katungkulang isagawa at pag-aayuno ¶13

Exemption from obligatory prayer and fasting is granted to women who are menstruating; they should, instead, perform their ablutions (see note 34) and repeat 95 times a day between one noon and the next, the verse *"Glorified be God, the Lord of Splendor and Beauty."* This provision has its antecedent in the Arabic Bayán, where a similar dispensation was granted.

Ang pahintulot na hindi isagawa ang dalanging katungkulang isagawa at pag-aayuno ay ipinagkaloob sa mga babae na may regla; sa halip, dapat nilang gawain ang kanilang ablusyon (tingnan ang tala 34) at ulitin nang 95 na beses sa isang araw mula sa tanghali hanggang sa susunod na tanghali, ang bersikulo na *"Luwalhatiin nawa ang Diyos, ang Panginoon ng Karingalan at Kagandahan"*. Ang utos na ito ay natutulad din doon sa naroroon sa Bayán sa wikang Arabiko, na kung saan ay isang katulad na kapahintulutan ang ipinagkaloob.

In some earlier religious Dispensations, women in their courses were considered ritually unclean and were forbidden to observe the duties of prayer and fasting. The concept of ritual uncleanness has been abolished by Bahá'u'lláh (see note 106).

Sa ilang mga naunang pangrelihiyong Dispensasyon, sang-ayon sa ritwal, ang mga babae na rineregla ay ipinapalagay na hindi malinis at ipinagbabawal na isagawa ang mga tungkulin ng pananalangin at pag-aayuno. Ang konsepto na ayon sa ritwal ng pagiging di-malinis ay inalis ni Bahá'u'lláh (tingnan ang tala 106).

The Universal House of Justice has clarified that the provisions in the Kitáb-i-Aqdas granting exemptions from certain duties and responsibilities are, as the word indicates, exemptions and not prohibitions. Any believer is, therefore, free to avail himself or herself of an applicable exemption if he or she so wishes. However, the House of Justice counsels that, in deciding whether to do so or not, the believer should use wisdom and realize that Bahá'u'lláh has granted these exemptions for good reason.

Nilinaw ng Universal House of Justice na ang mga itinadhana sa Kitáb-i-Aqdas na nagkakaloob ng mga kapahin-tulutan sa hindi pagsasagawa ng ilang mga tungkulin at panana-gutan, tulad ng inihahayag ng salita, ay mga kapahintulutang hindi isagawa at hindi mga pagbabawal. Sinumang nananalig, kung gayon, lalake o babae man, ay malaya upang isagawa ang isang pinaiiral na kapahintulutan kung ninanais nila. Data-puwa't ipinapayo ng House of Justice na sa pagpapasiya kung dapat isagawa o hindi dapat, ang nananampalataya ay kailangang gamitin ang dunong at maunawaan na ipinag-kaloob ni Bahá'u'lláh ang mga kapahintulutang ito dahilan sa mabuting kadahilanan.

The prescribed exemption from obligatory prayer, originally related to the Obligatory Prayer consisting of nine rak'ahs, is now applicable to the three Obligatory Prayers which superseded it.

Ang iniutos na kapahintulutan na huwag isagawa ang dalanging katungkulang isagawa, na datihang kaugnay ng Dalanging Katungkulang Isagawa na binubuo ng siyam na mga rak'ah ay may bisa na ngayon sa tatlong Dalanging Katungkulang Isagawa na humalili dito.

21. When traveling, if ye should stop and rest in some safe spot, perform ye—men and women alike—a single prostration in place of each unsaid Obligatory Prayer ¶14

21. Kapag naglalakbay, kung kayo ay hihinto at mamamahinga sa isang ligtas na lugar, isagawa ninyo—kapwa mga lalake at mga babae—ang isang pagpapatirapa bilang kapalit ng bawat isang Dala-nging Katungkulang Isagawa na hindi nausal ¶14

Exemption from obligatory prayer is granted to those who find themselves in such a condition of insecurity that the saying of the Obligatory Prayers is not possible. The exemption applies whether one is traveling or at home, and it provides a means whereby Obligatory Prayers which have remained unsaid on account of these insecure circumstances may be compensated for.

Ang pahintulot na huwag isagawa ang dalanging katungkulang isagawa ay ipinagkakaloob doon sa mga nalagay sa isang mapanganib na kalagayan na ang pag-usal ng mga Dalanging Katungkulang Isagawa ay hindi magagawa. Ang kapahintulutan sa hindi pagsasagawa ay may bisa kahiman ang isang tao ay naglalakbay o nasa tahanan, at ito ay nagbibigay ng isang paraan upang ang mga Dalanging Katungkulang Isagawa na hindi nausal dahilan sa mga mapanganib na kalagayang ito ay mabibigyan ng kapalit.

Bahá'u'lláh has made it clear that obligatory prayer *"is not suspended during travel"* so long as one can find a *"safe spot"* in which to perform it (Q&A 58).

Ginawang malinaw ni Bahá'u'lláh na ang dalanging katungkulang isagawa *"ay hindi itinitigil sa panahon ng paglalakbay"* hangga't makakakita ng isang *"matiwasay na pook"* na kung saan maisasagawa niya ito (K&K 58).

Numbers 21, 58, 59, 60, and 61 in Questions and Answers amplify this provision.

Ganap na ipinaliwanag pa ang tadhanang ito sa bilang 21, 58, at 61 sa mga Katanungan at Kasagutan.

22. Upon completing your prostrations, seat yourselves cross-legged ¶14

22. Sa pagtatapos ng inyong mga pagpapatirapa, iupo ninyo ang inyong sarili nang magkakrus ang mga paa ¶14

The Arabic expression "haykalu't-tawḥíd," translated here as *"cross-legged,"* means the "posture of unity." It has traditionally signified a cross-legged position.

Sa wikang Arabiko ang salitang "haykalu't-tawhíd", na isinalin dito na *"magka-krus ang mga paa"*, ay may kahulugan ang "ayos ng pagkakaisa". Kinaugalian nang ipakita ito sa katayuang magkakrus ang paa.

23. Say: God hath made My hidden love the key to the Treasure ¶15

23. Sabihin: Ginawa ng Diyos ang Aking natatagong pag-ibig na maging susi sa Kayamanan ¶15

There is a well-known Islamic tradition concerning God and His creation:

Mayroong kilalang-kilala na tradisyon sa Islám tungkol sa Diyos at sa Kaniyang kinapal:

I was a Hidden Treasure. I wished to be made known, and thus I called creation into being in order that I might be known.

Ako ay isang Natatagong Kayamanan. Aking ninais na makilala, at sa gayon ay binigyang-buhay Ko ang sangnilikha upang Ako ay makilala.

References and allusions to this tradition are found throughout the Bahá'í Writings. For example, in one of His prayers, Bahá'u'lláh reveals:

Ang mga pagtukoy at mga pahiwatig sa tradisyong ito ay matatagpuan sa lahat ng mga kasulatang Bahá'í. Halimbawa, sa isa sa Kaniyang dasalin, ipinahahayag ni Bahá'u'lláh:

Lauded be Thy name, O Lord my God! I testify that Thou wast a hidden Treasure wrapped within Thine immemorial Being and an impenetrable Mystery enshrined in Thine own Essence. Wishing to reveal Thyself, Thou didst call into being the Greater and the Lesser Worlds, and didst

Purihin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon aking Diyos! Sumasaksi ako na Ikaw ang isang natatagong Kayamanan na napapaloob sa Iyong Sarili na naroroon na

choose Man above all Thy creatures, and didst make Him a sign of both of these worlds, O Thou Who art our Lord, the Most Compassionate!

mula sa kasimula-simula pang panahon at ng isang hindi malirip na Kahiwagaan na nadadambana sa Iyong sariling Diwa. Ninanais na ipahayag ang Iyong Sarili, Iyong nilikha ang Malalaki at ng Maliliit na mga Daigdig, at pinili ang Tao na mangibabaw sa lahat ng Iyong mga nilalang, at ginawa Siya na isang sagisag ng kapwa mga daigdig na ito, O Ikaw Na aming Panginoon, ang Pinaka-Madamayin!

Thou didst raise Him up to occupy Thy throne before all the people of Thy creation. Thou didst enable Him to unravel Thy mysteries, and to shine with the lights of Thine inspiration and Thy Revelation, and to manifest Thy names and Thine attributes. Through Him Thou didst adorn the preamble of the book of Thy creation, O Thou Who art the Ruler of the universe Thou hast fashioned! (*Prayers and Meditations by Bahá'u'lláh*, XXXVIII)

Iyong itinaas Siya upang umupo sa Iyong trono sa harap ng lahat ng mga tao ng Iyong sangnilikha. Iyong ginawa Siya na maibunyag ang Iyong mga kahiwagaan, at sumikat nang taglay ang mga liwanag ng Iyong inspirasyon at Iyong Rebelasyon, at upang maihayag ang Iyong mga pangalan at Iyong mga katangian. Sa pamamagitan Niya Iyong pinalamutihan ang paunang salita ng aklat ng Iyong sangnilikha, O Ikaw na Pinuno ng sangtinakpan na Iyong nilikha! (Prayers & Meditations by Bahá'u'lláh, XXXVIII)

Likewise, in the Hidden Words, He states:

Gayundin, sa Natatagong mga Salita, sinasabi Niya:

O Son of Man! I loved thy creation, hence I created thee. Wherefore, do thou love Me, that I may name thy name and fill thy soul with the Spirit of life.

O Anak ng Tao! Inibig Ko ang paglikha sa iyo, kaya't nilikha Ko ikaw. Dahil doon, pakaibigin mo Ako, nang sa ganyan ay banggitin Ko ang pangalan mo at puspusin ang iyong kaluluwa ng espiritu ng buhay.

'Abdu'l-Bahá, in His commentary on the above-cited tradition, wrote:

Si 'Abdu'l-Bahá, sa Kaniyang pagtalakay sa tradisyong sinipi sa itaas, ay sumulat:

O wayfarer in the path of the Beloved! Know thou that the main purpose of this holy tradition is to make mention of the stages of God's concealment and manifestation within the Embodiments of Truth, They who are the Dawning-places of His All-Glorious Being. For example, before the flame of the undying fire is lit and manifest, it existeth by itself within itself in the hidden identity of the universal Manifestations, and this is the stage of the "Hidden Treasure." And when the blessed Tree is kindled by itself within itself, and that Divine fire burneth by its essence within its essence, this is the stage of "I wished to be made known." And when it shineth forth from the Horizon of the universe with infinite Divine Names and Attributes upon the contingent and placeless worlds, this constituteth the emergence of a new and wondrous creation which correspondeth to the stage of "Thus I called creation into being." And when the sanctified souls rend asunder the veils of all earthly attachments and worldly conditions, and hasten to the stage of gazing on the beauty of the Divine Presence and are honored by recognizing the Manifestation and are able to witness the splendor of God's Most Great Sign in their hearts, then will the purpose of creation, which is the knowledge of Him Who is the Eternal Truth, become manifest.

O manlalakbay sa landas ng Minamahal! Alamin mo na ang pangunahing layunin ng banal na tradisyong ito ay upang banggitin ang mga yugto ng pagiging tago at pagiging hayag ng Diyos sa loob ng mga Sagisag ng Katotohanan, Sila na mga Pook-liwayway ng Kaniyang Maluwalhati sa Lahat na Sarili. Halimbawa, bago masindihan at mahayag ang ningas ng di-namamatay na Apoy, ito ay naroroon na sa kaniyang sarili sa loob nito mismo sa natatagong pagkakakilanlan ng pangsantinakpang mga Kahayagan, at ito ang yugto ng "Natatagong Kayamanan". At nang ang pinagpalang Puno ay pinagningas ang sarili nito sa loob mismo nito at ang Banal na Apoy ay nagningas sa sariling diwa sa loob ng kaniyang diwa, ito ang yugto ng "Ninais ko na makilala". At nang ito ay magningning mula sa Guhit-Tagpuan ng santinakpan nang may walang hanggang mga Banal na Pangalan at mga Katangian sa umaasang nilikha at

takdang mga daigdig, ito ang bumubuo sa paglitaw ng isang bago at kahanga-hangang nilikha na tanda ng yugto ng "Kung kaya binigyang-buhay Ko ang sangnilikha". At nang ang pinabanal na mga kaluluwa ay pinagpunit-punit ang mga lambong ng lahat ng mga makalupang pinangangapitan at makamundong kalagayan, at nagmamadaling magtungo sa yugto ng pagtitig sa kagandahan ng Kaniyang Kabanalan at pinarangalan sa pamamagitan ng pagkilala sa Kahayagan at nagawang masaksihan ang karilagan ng Pinaka-Dakilang Palatandaan ng Diyos sa kanilang mga puso, saka lamang mahahayag ang layunin ng paglalalang, at ito ang pagkilala sa Kaniya na Siyang Walang Hanggang Katotohanan, ay magiging hayag.

24. O Pen of the Most High! ¶16

"Pen of the Most High," "the Supreme Pen" and *"the Most Exalted Pen"* are references to Bahá'u'lláh, illustrating His function as Revealer of the Word of God.

24. O Panulat ng Pinaka-Mataas! ¶16

"Panulat ng Pinaka-Mataas," "ang Kataas-taasang Panulat" at *"ang Pinaka-Dakilang Panulat"* ay mga tumutukoy kay Bahá'u'lláh, inilalarawan ang tungkulin Niya bilang Tagapagpahayag ng Salita ng Diyos.

25. We have enjoined upon you fasting during a brief period ¶16

Fasting and obligatory prayer constitute the two pillars that sustain the revealed Law of God. Bahá'u'lláh in one of His Tablets affirms that He has revealed the laws of obligatory prayer and fasting so that through them the believers may draw nigh unto God.

Shoghi Effendi indicates that the fasting period, which involves complete abstention from food and drink from sunrise till sunset, is

…essentially a period of meditation and prayer, of spiritual recuperation, during which the believer must strive to make the necessary readjustments in his inner life, and to refresh and reinvigorate the spiritual forces latent in his soul. Its significance and purpose are, therefore, fundamentally spiritual in character. Fasting is symbolic, and a reminder of abstinence from selfish and carnal desires.

25. Iniutos Namin sa inyo ang pag-aayuno sa loob ng isang maikling panahon ¶16

Ang pag-aayuno at dalanging katungkulang isagawa ang bumubuo sa dalawang haligi na nagtataguyod sa ipinahayag na Batas ng Diyos. Sa isa sa Kaniyang mga Tableta ay pinagtitibay ni Bahá'u'lláh na nagpahayag Siya ng mga batas ng dalanging katungkulang isagawa at pag-aayuno upang sa pamamagitan ng mga iyon ang mga mananampalataya ay mapalapit sa Diyos.

Sinasabi ni Shoghi Effendi na ang panahon ng pag-aayuno, na nangangailangan ng ganap na hindi pagkain o pag-inom mula sa bukang-liwayway hanggang sa paglubog ng araw, ay

... itinalagang isang panahon ng pagninilay-nilay at panalangin, ng espiritwal na muling pagpapalakas, kung kailan ang mananampalataya ay dapat magsikap na gawain ang kinakailangang mga muling pag-aayos ng kaniyang panloob na buhay, at upang muling panariwain at pasiglahin ang mga espiritwal na lakas na natatago sa kaniyang kaluluwa. Ang kahalagahan at layunin nito, samakatuwid, ay may pangunahing katangian na espiritwal. Ang pag-aayuno ay may sinasagisag at isang

pagpapaalaala sa pag-iwas sa makasarili at mahalay na mga hangarin.

Fasting is enjoined on all the believers once they attain the age of 15 and until they reach the age of 70 years.

Ang pag-aayuno ay iniuutos sa lahat ng mga mana-nampalataya kapag narating na nila ang gulang na 15 at hanggang sa maabot nila ang gulang na 70 taon.

A summary of the detailed provisions concerning the law of fasting and of the exemptions granted to certain categories of people is contained in the Synopsis and Codification, section IV.B.1.–6. For a discussion of the exemptions from fasting see notes 14, 20, 30 and 31.

Ang isang buod ng madetalyeng mga tadhana tungkol sa batas ng pag-aayuno at sa mga kapahintulutan na huwag isagawa ito na ipinagkaloob sa ilang uri ng tao ay napapaloob sa Lagom at Pagsasaayos, bahagi IV.B.1.–6. Para sa pagtatalakay sa mga kapahintulutan na huwag isagawa ang pag-aayuno, tingnan ang mga tala 14, 20, 30 at 31.

The nineteen-day period of fasting coincides with the Bahá'í month of 'Alá', usually 2–20 March, immediately after the termination of the Intercalary Days (see notes 27 and 147), and is followed by the feast of Naw-Rúz (see note 26).[1]

Ang labinsiyam na araw na panahon ng pag-aayuno ay kasabay ng buwan ng Bahá'í na 'Alá', na kalimitan ay 2-20 ng Marso, at ito ay kasunod kaagad ng pagwawakas ng Paningit na mga Araw (tingnan ang mga tala 27 at 147), at sinusundan ng pista ng Naw-Rúz (tingnan ang tala 26).[1]

26. and at its close have designated for you Naw-Rúz as a feast ¶16

26. at sa pagwawakas nito ay itinakda para sa inyo ang Naw-Rúz bilang isang pagdiriwang ¶16

The Báb introduced a new calendar, known now as the Badí' or Bahá'í calendar (see notes 27 and 147). According to this calendar, a day is the period from sunset to sunset. In the Bayán, the Báb ordained the month of 'Alá' to be the month of fasting, decreed that the day of Naw-Rúz should mark the termination of that period, and designated Naw-Rúz as the Day of God. Bahá'u'lláh confirms the Badí' calendar wherein Naw-Rúz is designated as a feast.

Sinimulan ng Báb ang isang bagong kalendaryo, na kilala ngayon na kalendaryong Badí' o Bahá'í (tingnan ang mga tala 27 at 147). Sang-ayon sa kalendaryong ito, ang isang araw ay ang panahon mula sa paglubog ng araw hanggang sa paglubog ng araw. Sa Bayán, itinadhana ng Báb ang buwan ng 'Alá' na maging buwan ng pag-aayuno, iniutos na ang araw ng Naw-Rúz ay dapat na maging tanda ng pagtatapos ng panahong iyon, at pinangalanan ang Naw-Rúz bilang Araw ng Diyos. Pinagtibay ni Bahá'u'lláh ang kalendaryong Badí kung saan ang Naw-Rúz ay itinakda bilang isang pista.

Naw-Rúz is the first day of the new year. It coincides with the spring equinox in the Northern Hemisphere, which usually occurs on 21 March. Bahá'u'lláh explains that this feast day is to be celebrated on whatever day the sun passes into the constellation of Aries (i.e. the vernal equinox), even should this occur one minute before sunset (Q&A 35). Hence Naw-Rúz could fall on 20, 21, or 22 March, depending on the time of the equinox.

Ang Naw-Rúz ay ang unang araw ng bagong taon. Ito ay kasabay ng equinox ng tagsibol sa Hilagang Hating-daigdig na kalimitan nagaganap sa 21 ng Marso. Ipinaliwanag ni Bahá'u'lláh na ang araw ng kapistahan na ito ay dapat ipagdiwang sa anumang araw na ang araw ay pumapasok sa konstelasyon ng Aries (a.b. ang vernal equinox), kahit na ito ay mangyari ng isang minuto bago lumubog ang araw (K & K 35). Kung gayon ang Naw-Rúz ay maaaring pumatak sa 20, 21, o 22 ng Marso, sang-ayon sa oras ng equinox.

Bahá'u'lláh has left the details of many laws to be filled in by the Universal House of Justice. Among these are a number of matters affecting the Bahá'í calendar. The Guardian has stated that the implementation, worldwide, of the law concerning the timing of Naw-Rúz will require the choice of a particular spot on earth which will serve as the standard for the fixing of the time of the spring equinox. He also indicated that the choice of this spot has been left to the decision of the Universal House of Justice.[2]

Iniwanan ni Bahá'u'lláh ang mga detalye ng maraming batas na pupunuan ng Universal House of Justice. Kabilang dito ay ilang mga bagay na makapagpapabago sa kalendaryong Bahá'í. Sinabi ng Guardian na ang pagsasakatuparan, sa buong daigdig, ng batas tungkol sa pagsasa-oras ng Naw-Rúz ay mangangailangan ng pagpili ng isang natatanging pook sa daigdig na magsisilbi bilang batayan para sa pagtatakda ng oras ng equinox ng tagsibol. Sinabi rin niya na ang pagpili sa pook na ito ay iniwanan sa pagpapasiya ng Unisal House of Justice.[2]

27. Let the days in excess of the months be placed before the month of fasting. ¶16

27. Hayaang ang mga araw na labis sa mga buwan ay ilagay bago sumapit ang buwan ng pag-aayuno ¶16

The Badí' calendar is based on the solar year of 365 days, 5 hours, and 50 odd minutes. The year consists of 19 months of 19 days each (i.e. 361 days), with the addition of four extra days (five in a leap year). The Báb did not specifically define the place for the intercalary days in the new calendar. The Kitáb-i-Aqdas resolves this question by assigning the *"excess"* days a fixed position in the calendar immediately preceding the month of 'Alá', the period of fasting. For further details see the section on the Bahá'í calendar in *The Bahá'í World*, volume XVIII.

Ang kalendaryong Badí' ay nababatay sa taon ayon sa araw na may 365 na mga araw, 5 oras, at higit ng kaunti sa 50 sandali. Ang taon ay binubuo ng 19 na buwan na may 19 na araw ang bawat buwan (a.b. 361 na araw), na may karagdagang 4 na karagdagang araw (lima kung taong bisyesto). Hindi tiniyak ng Báb ang kalalagyan ng paningit na mga araw sa bagong kalendaryo. Nilutas ng Kitáb-i-Aqdas ang katanungang ito sa pamamagitan ng pagtatakda sa *"labis"* na mga araw sa isang tiyak na kalalagyan sa kalendaryo kagyat bago sa buwan ng 'Alá', ang panahon ng pag-aayuno. Para sa karagdagang mga detalye tingnan ang bahagi ng kalendaryong Bahá'í sa *The Bahá'í World*, tomo XVIII.

28. We have ordained that these … shall be the manifestations of the letter Há ¶16

28. Iniutos Namin na ang mga ito ... ay maging kahayagan ng titik na Há ¶16

Known as the Ayyám-i-Há (the Days of Há), the Intercalary Days have the distinction of being associated with *"the letter Há."* The abjad numerical value of this Arabic letter is five, which corresponds to the potential number of intercalary days.

Kilala bilang Ayyám-í-Há (ang mga Araw ng Há), ang Paningit na mga Araw ay may katangian ng pagiging may kaugnayan sa *"titik na Há"*. Ayon sa abjad, ang bilang ng Arabikong titik na ito ay lima, na katumbas sa maaaring maging bilang ng paningit na mga araw.

The letter "Há" has been given several spiritual meanings in the Holy Writings, among which is as a symbol of the Essence of God.

Ang titik na "Há" ay pinagkalooban ng ilang mga espirituwal na kahulugan sa mga Banal na Kasulatan, isa sa mga iyon ay bilang isang sagisag ng Diwa ng Diyos.

29. these days of giving that precede the season of restraint. ¶16

29. ang mga araw na ito ng pagbibigayan na nauuna sa panahon ng pagtitimpi ¶16

Bahá'u'lláh enjoined upon His followers to devote these days to feasting, rejoicing and charity. In a letter written on Shoghi Effendi's

Iniutos ni Bahá'u'lláh sa mga nananalig sa Kaniya na ilaan ang mga araw na ito sa

behalf it is explained that "the intercalary days are specially set aside for hospitality, the giving of gifts, etc."

pagpipiging, pagsasaya at kawanggawa. Sa isang liham na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi ipinaliwanag na "ang paningit na mga araw ay tanging ibinukod para sa mabuting pagtanggap sa mga panauhin, sa pagbibigay ng mga regalo, atbp."

30. The traveler … not bound by the Fast ¶16

30. Ang manlalakbay … ay hindi nasasaklaw ng Pag-aayuno ¶16

The minimum duration of a journey which exempts the believer from fasting is defined by Bahá'u'lláh (Q&A 22 and 75). The details of this provision are summarized in the Synopsis and Codification, section IV.B.5.a.i.–v.

Ang pinakamaikling tagal ng isang paglalakbay na nagbibigay pahintulot sa nananampalataya na hindi mag-ayuno ay ipinaliwanang ni Bahá'u'lláh (K&K 22 at 75). Ang mga detalye ng tadhanang ito ay binuod sa Lagom at Pagsasaayos, bahagi IV.B.5.a.i.–v.

Shoghi Effendi has clarified that while travelers are exempt from fasting, they are free to fast if they so wish. He also indicated that the exemption applies during the whole period of one's travel, not just the hours one is in a train or car, etc.

Nilinaw ni Shoghi Effendi na samantalang ang mga manlalakbay ay pinahihintulutang hindi mag-ayuno, sila ay malayang makapag-ayuno kung ninanais nila. Sinabi rin niya na ang kapahintulutan ay may bisa sa buong panahon ng paglalakbay ng isang tao, hindi lamang sa mga oras na ang isa ay nasa tren o kotse, atbp.

31. The traveler, the ailing, those who are with child or giving suck, are not bound by the Fast; they have been exempted by God as a token of His grace. ¶16

31. Ang manlalakbay, ang may karamdaman, yaong nagdadalang-tao o nagpapasuso, ay hindi nasasaklaw ng Pag-aayuno; sila ay pinahihintulutan ng Diyos na hindi na gawain ito bilang tanda ng pagpapala Niya. ¶16

Exemption from fasting is granted to those who are ill or of advanced age (see note 14), women in their courses (see note 20), travelers (see note 30) and to women who are pregnant and those who are nursing. This exemption is also extended to people who are engaged in heavy labor, who, at the same time, are advised *"to show respect to the law of God and for the exalted station of the Fast"* by eating *"with frugality and in private"* (Q&A 76). Shoghi Effendi has indicated that the types of work which would exempt people from the Fast will be defined by the Universal House of Justice.

Ang pahintulot na hindi mag-ayuno ay ipinagkakaloob sa mga may karamdaman o matatanda (tingnan ang tala 14), mga babaeng may regla (tingnan ang tala 20), mga manlalakbay (tingnan ang tala 30) at sa mga babae na nagdadalang-tao at yaong mga nagpapasuso. Ang kapahintulutang ito ay ibinibigay din sa mga tao na gumagawa ng mabibigat na trabaho, na, sa katulad na pagkakataon, ay pinapayuhang *"upang maipakita ang paggalang sa batas ng Diyos at sa dakilang katayuan ng Pag-aayuno"* sa pamamagitan ng pagkain *"nang may katipiran at nang nag-iisa"* (K&K 76). Sinabi ni Shoghi Effendi na ang mga uri ng gawain na nagpapahintulot sa mga tao upang hindi mag-ayuno ay liliwanagin ng Universal House of Justice.

32. Abstain from food and drink from sunrise to sundown ¶17

32. Huwag kumain at uminom mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog ng araw ¶17

This relates to the period of fasting. In one of His Tablets, 'Abdu'l-Bahá, after stating that fasting consists of abstinence from food

Ito ay nauukol sa panahon ng pag-aayuno. Sa isa sa Kaniyang mga Tableta, si 'Abdu'l-Bahá,

and drink, further indicates that smoking is a form of "drink." In Arabic the verb "drink" applies equally to smoking.

matapos na maihayag na ang pag-aayuno ay binubuo ng pag-iwas sa pagkain at inumin, bilang karagdagan ay nagsabi na ang paninigarilyo ay isang uri ng "inumin". Sa wikang Arabiko ang pandiwa na "uminom" ay ginagamit din sa paninigarilyo.

33. It hath been ordained that every believer in God … shall, each day … repeat "Alláh-u-Abhá" ninety-five times. ¶18

33. Iniatas na ang bawat isang nananalig sa Diyos … ay dapat, sa araw-araw … ay ulit-ulitin ang Alláh-u-Abhá nang siyamnapu't limang beses. ¶18

"Alláh-u-Abhá" is an Arabic phrase meaning "God the All-Glorious." It is a form of the Greatest Name of God (see note 137). In Islám there is a tradition that among the many names of God, one was the greatest; however, the identity of this Greatest Name was hidden. Bahá'u'lláh has confirmed that the Greatest Name is "Bahá."

Ang "Alláh-u-Abhá" ay isang parirala sa wikang Arabiko na nangangahulugang "ang Diyos ang Maluwalhati sa Lahat". Ito ay isang uri ng Pinakadakilang Pangalan ng Diyos (tingnan ang tala 137). Mayroong isang tradisyon sa Islám na sa maraming pangalan ng Diyos, may isang pinakadakila; gayunpaman, ang pagkakakilanlan sa Pinakadakilang Pangalan na ito ay natatago. Pinagtibay ni Bahá'u'lláh na ang Pinakadakilang Pangalan ay "Bahá".

The various derivatives of the word "Bahá" are also regarded as the Greatest Name. Shoghi Effendi's secretary writing on his behalf explains that

Ang iba't ibang mga salitang nanggaling mula sa salitang "Bahá" ay ipinapalagay din na Pinakadakilang Pangalan. Ang kalihim ni Shoghi Effendi na sumulat sa ngalan niya ay nagpaliwanag na

The Greatest Name is the Name of Bahá'u'lláh. "Yá Bahá'u'l-Abhá" is an invocation meaning: "O Thou Glory of Glories!" "Alláh-u-Abhá" is a greeting which means: "God the All-Glorious." Both refer to Bahá'u'lláh. By Greatest Name is meant that Bahá'u'lláh has appeared in God's Greatest Name, in other words, that He is the supreme Manifestation of God.

Ang Pinakadakilang Pangalan ay ang Pangalan ni Bahá'u'lláh. Ang "Yá Bahá'u'l-Abhá" ay isang panawagan na nangangahulugan ng: "O Ikaw na Luwalhati ng mga Kaluwalhatian!". Ang "Alláh-u-Abhá" ay isang pagbati na nangangahulugan ng: "Ang Diyos ang Maluwalhati sa Lahat". Kapwa tinutukoy nito si Bahá'u'lláh. Ang kahulugan ng Pinakadakilang Pangalan ng Diyos ay si Bahá'u'lláh ay dumating sa Pinakadakilang Pangalan ng Diyos, sa ibang salita, Siya ang pinakadakilang Kahayagan ng Diyos.

The greeting "Alláh-u-Abhá" was adopted during the period of Bahá'u'lláh's exile in Adrianople.

Ang pagbati na "Alláh-u-Abhá" ay sinimulang ginamit noong panahon ng pagkakatapon ni Bahá'u'lláh sa Adrianople.

The repetition of "Alláh-u-Abhá" ninety-five times is to be preceded by the performance of ablutions (see note 34).

Ang pag-ulit-ulit ng "Alláh-u-Abhá" ng siyamnapu't limang beses ay dapat pangunahan ng pagsasagawa ng ablusyon (tingnan ang tala 34).

34. Perform ye … ablutions for the Obligatory Prayer ¶18

34. Gawain ninyo … ang ablusyon para sa Dalanging Katungkulang Isagawa ¶18

Ablutions are specifically associated with certain prayers. They must precede the offering of the three Obligatory Prayers, the daily recitation

Ang ablusyon ay natatanging may kaugnayan sa ilang mga panalangin. Ang mga ito ay

of "Alláh-u-Abhá" ninety-five times, and the recital of the verse prescribed as an alternative to obligatory prayer and fasting for women in their courses (see note 20).

dapat mauna sa pag-aalay ng tatlong Dalanging Katungkulang Isagawa, sa araw-araw na pag-usal ng "Alláh-u-Abhá" nang siyamnapu't limang beses, at ang pag-usal ng bersikulo na iniutos bilang kapalit ng dalanging katungkulang isagawa at pag-aayuno para sa mga babae na may regla (tingnan ang tala 20).

The prescribed ablutions consist of washing the hands and the face in preparation for prayer. In the case of the medium Obligatory Prayer, this is accompanied by the recitation of certain verses (see Some Texts Revealed by Bahá'u'lláh Supplementary to the Kitáb-i-Aqdas).

Ang iniutos na ablusyon ay binubuo ng paghuhugas ng mga kamay at mukha bilang paghahanda sa pananalangin. Sa kaso ng katamtamang Dalanging Katungkulang Isagawa, ito ay sinasamahan ng pag-usal ng ilang mga bersikulo (tingnan ang Ilang Mga Kasulatan na Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Bilang Karagdagan sa Kitáb-i-Aqdas).

That ablutions have a significance beyond washing may be seen from the fact that even should one have bathed oneself immediately before reciting the Obligatory Prayer, it would still be necessary to perform ablutions (Q&A 18).

Na ang ablusyon ay may kahalagahan nang higit pa sa paghuhugas ay makikita mula sa katotohanan na kahit na ang isa ay nakapaligo na kagyat bago usalin ang Dalanging Katungkulang Isagawa, kinakailangan pa ring isagawa ang mga ablusyon (K&K 18).

When no water is available for ablutions, a prescribed verse is to be repeated five times (see note 16), and this provision is extended to those for whom the use of water would be physically harmful (Q&A 51).

Kung walang makukuhang tubig para sa ablusyon, isang iniatas na bersikulo ang dapat ulitin nang limang beses (tingnan ng tala 16), at ang itinadhanang ito ay umiiral din doon sa ang paggamit ng tubig ay maaaring makapinsala sa katawan (K&K 51).

The detailed provisions of the law concerning ablutions are set out in the Synopsis and Codification, section IV.A.10.a.–g., as well as in Questions and Answers numbers 51, 62, 66, 77 and 86.

Ang madetalyeng mga itinadhana ng batas kaugnay ng ablusyon ay nakalagay sa Lagom at Pagsasayos, bahagi IV.A.10.a.–g., gayundin sa Mga Katanungan at Kasagutan bilang 51, 62, 66, 77 at 86.

35. Ye have been forbidden to commit murder ¶19

35. Kayo ay pinagbawalan na pumatay ¶19

The prohibition against taking another's life is repeated by Bahá'u'lláh in paragraph 73 of the Kitáb-i-Aqdas. Penalties are prescribed for premeditated murder (see note 86). In the case of manslaughter, it is necessary to pay a specified indemnity to the family of the deceased (see Kitáb-i-Aqdas, ¶188).

Ang pagbabawal sa pagputol ng buhay ng iba ay inulit ni Bahá'u'lláh sa parapo 73 ng Kitáb-i-Aqdas. Itinakda ang mga kaparusahan sa sadyang pagpatay (tingnan ang tala 86). Sa kaso ng di-sadyang pagpatay, kinakailangang magbayad ng isang tiniyak na kabayaran sa pamilya ng napatay (tingnan ang Kitáb-i-Aqdas ¶188).

36. or adultery ¶19

36. o makiapid ¶19

The Arabic word "ziná," here translated as *"adultery,"* signifies both fornication and adultery. It applies not only to sexual relations between a married person and someone who is not his or her spouse, but also to extramarital sexual intercourse in general. One form of "ziná" is rape. The only penalty prescribed by Bahá'u'lláh is for those who commit

Ang salitang "ziná" sa wikang Arabiko, isinalin dito bilang *"pakikiapid"*, ay kapwa nangangahulugan ng pakikitalik labas sa kasal at pakikiapid. Ito ay tumutukoy hindi lamang sa sekswal na mga ugnayan ng isang may-asawang tao at sa hindi niya asawa ngunit pati sa mga karaniwang pagtatalik na labas sa

fornication (see note 77); penalties for other kinds of sexual offense are left to the Universal House of Justice to determine.

mag-asawa. Ang isang uri ng "ziná" ay ang panggagahasa. Ang kaparusahan lamang na iniutos ni Bahá'u'lláh ay para doon sa mga gumawa ng pakikitalik labas sa kasal (tingnan ang tala 77); ang mga kaparusahan para sa ibang uri ng sekswal na kasalanan ay iniwanan sa pagpapasiya ng Universal House of Justice.

37. backbiting or calumny ¶19

Backbiting, slander and dwelling on the faults of others have been repeatedly condemned by Bahá'u'lláh. In the Hidden Words, He clearly states: *"O Son of Being! How couldst thou forget thine own faults and busy thyself with the faults of others? Whoso doeth this is accursed of Me."* And again: *"O Son of Man! Breathe not the sins of others so long as thou art thyself a sinner. Shouldst thou transgress this command, accursed wouldst thou be, and to this I bear witness."* This strong admonition is further reiterated in His last work, *"the Book of My Covenant"*: *"Verily I say, the tongue is for mentioning what is good, defile it not with unseemly talk. God hath forgiven what is past. Henceforward everyone should utter that which is meet and seemly, and should refrain from slander, abuse and whatever causeth sadness in men."*

37. paninirang-puri o malisyosong pagbibintang ¶19

Ang paninirang-puri, pagbibintang ng masama sa kapwa at laging pag-ungkat sa mga pagkakamali ng iba ay paulit-ulit na isinumpa ni Bahá'u'lláh. Sa Natatagong mga Salita, malinaw na sinasabi Niya: *"O Anak ng Katauhan! Papaano mong maaaring malimutan ang iyong sariling mga pagkakamali at inaabala ang iyong sarili sa mga pagkakamali ng iba? Sinumang gumawa nito ay isinusumpa Ko."* At muli: *"O Anak ng Tao! Huwag ihinga ang mga pagkakasala ng iba habang ikaw sa iyong sarili ay isang makasalanan. Kapag iyong lalabagin ang kautusang ito, ikaw ay isusumpa, at sa bagay na ito Ako ay sumasaksi."* Ang malakas na babala na ito ay inulit pa sa Kaniyang huling kasulatan, *"ang Aklat ng Aking Banal na Kasunduan"*: *"Sa katunayan sinasabi Ko, ang dila ay para sa pagbanggit noong kabutihan, huwag itong dungisan ng hindi nararapat na usapan. Pinatawad na ng Diyos ang nakalipas. Mula ngayon dapat bigkasin ng bawat isa ang nararapat at nababagay at dapat magpigil sa malisyosong pagbibintang, kalabisan at anumang magiging sanhi ng kalungkutan sa mga tao."*

38. We have divided inheritance into seven categories ¶20

The Bahá'í laws of inheritance apply only in case of intestacy, that is, when the individual dies without leaving a will. In the Kitáb-i-Aqdas (¶109), Bahá'u'lláh instructs every believer to write a will. He elsewhere clearly states that the individual has full jurisdiction over his property and is free to determine the manner in which his or her estate is to be divided and to designate, in the will, those, whether Bahá'í or non-Bahá'í, who should inherit (Q&A 69). In this connection, a letter written on behalf of Shoghi Effendi explains that:

38. Hinati Namin ang mana sa pitong kaurian ¶20

Ang mga batas ng Bahá'í tungkol sa mana ay may bisa lamang kung walang testamento, iyon ay, kapag ang isang tao ay namatay nang hindi nag-iwan ng isang habilin. Sa Kitáb-i-Aqdas (¶109), iniutos ni Bahá'u'lláh sa bawat mananampalataya na sumulat ng isang habilin. Sa ibang lugar malinaw na sinasabi Niya na ang isang tao ay may ganap na karapatan sa kaniyang ari-arian at malayang ipasiya ang paraan kung paano dapat hatiin ang kaniyang ari-arian at itakda, doon sa habilin, yaong dapat magmana, kahiman Bahá'í o hindi Bahá'í (K&K 69). Tungkol dito, isang liham na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi ang nagpapaliwanag na:

…even though a Bahá'í is permitted in his will to dispose of his wealth in the way he wishes, yet he is morally and conscientiously bound to always bear in mind, while writing his will, the necessity of his upholding the principle of Bahá'u'lláh regarding the social function of wealth, and the consequent necessity of avoiding its overaccumulation and concentration in a few individuals or groups of individuals.

… kahiman ang isang Bahá'í ay pinahihintulutang ipamahagi sa kaniyang habilin ang kaniyang kayamanan sa paraang ninanais niya, gayunpaman siya ay nasasaklaw ng moralidad at budhi na palaging alalahanin, samantalang isinusulat ang kaniyang habilin, ang pangangailangan na kaniyang itaguyod ang simulain ni Bahá'u'lláh tungkol sa panlipunang tungkulin ng kayamanan, at ang kasunod na pangangailangan sa pag-iwas sa lubhang pagkakamal nito, ang pagkakaipon nito sa ilang mga tao o pangkat ng mga tao.

This verse of the Aqdas introduces a lengthy passage in which Bahá'u'lláh elaborates the Bahá'í law of inheritance. In reading this passage one should bear in mind that the law is formulated with the presumption that the deceased is a man; its provisions apply, *mutatis mutandis*, when the deceased is a woman.

Ipinaaalam ng bersikulong ito sa Aqdas ang isang mahabang talata kung saan ipinaliliwanag pa ni Bahá'u'lláh ang batas ng Bahá tungkol sa mana. Sa pagbasa sa talatang ito dapat tandaan ng isa na ang batas ay binalangkas sa pagpapalagay na ang pumanaw ay isang lalake; ang mga itinadhana nito ay may bisa rin, *mutatis mutandis*, kapag ang pumanaw ay isang babae.

The system of inheritance which provides for distribution of the deceased's estate among seven categories of heirs (children, spouse, father, mother, brothers, sisters, and teachers) is based on the provisions set out by the Báb in the Bayán. The major features of the Bahá'í laws of inheritance in the case of intestacy are:

Ang pamamaraan ng pagpapamana na nagtatadhana sa pamamahagi ng ari-arian ng pumanaw sa pitong uri ng mga tagapagmana (mga anak, asawa, ama, ina, mga kapatid na lalake, mga kapatid na babae, at mga guro) ay nababatay sa mga itinadhana na itinakda ng Báb sa Bayán. Ang mahahalagang katangian ng mga batas ng Bahá'í tungkol sa mana kung walang testamento ay:

1. If the deceased is a father and his estate includes a personal residence, such residence passes to the eldest son (Q&A 34).

1. Kung ang pumanaw ay isang ama at ang kaniyang ari-arian ay kasama ang isang pansariling tirahan, ang tirahang iyon ay pupunta sa panganay na anak na lalake (K&K 34).

2. If the deceased has no male descendants, two-thirds of the residence pass to his female descendants and the remaining third passes to the House of Justice (Q&A 41, 72). See note 42 concerning the levels of the institution of the House of Justice to which this law applies. (See also note 44.)

2. Kung ang pumanaw ay walang mga anak na lalake, dalawang ikatlong bahagi ng tirahan ay pupunta sa kaniyang mga anak na babae at ang natitirang ikatlong bahagi ay pupunta sa House of Justice (K&K 41, 72). Tingnan ang tala 42 tungkol sa mga antas ng institisyon ng House of Justice na ang batas na ito ay may bisa. (Tingnan rin ang tala 44.)

3. The remainder of the estate is divided among the seven categories of heirs. For details of the number of shares to be received by each group, see Questions and Answers, number 5, and Synopsis and Codification, section IV.C.3.a.

3. Ang natitira sa ari-arian ay hahatiin sa pitong uri ng mga tagapagmana. Sa mga detalye ng bilang ng parte na dapat tanggapin ng bawat pangkat, tingnan ang Mga Katanungan at

Kasagutan bilang 5, at ang Lagom at Pagsasaayos, bahagi IV.C.3.a.

4. In case there is more than one heir in any category the share allotted to that class should be divided between them equally, be they male or female.

4. Sa mga pangyayari na mayroong higit pa sa isang tagapagmana sa anumang uri, ang bahaging itinakda sa uri na iyon ay dapat hatiin sa kanila nang pantay, kahiman lalake o babae sila.

5. In cases where there is no issue, the share of the children reverts to the House of Justice (Q&A 7, 41).

5. Sa mga pangyayari na walang anak, ang bahagi ng mga anak ay tutungo sa House of Justice (K&K 7, 41).

6. Should one leave offspring, but either part or all of the other categories of heirs be nonexistent, two-thirds of their shares revert to the offspring and one-third to the House of Justice (Q&A 7).

6. Kung ang isa ay mag-iwan ng anak, ngunit ilan man o lahat ng ibang uri ng mga tagapagmana ay wala, dalawang ikatlo ng kanilang bahagi ay tutungo sa anak at ang ikatlong bahagi ay sa House of Justice (K&K 7).

7. Should none of the specified categories exist, two-thirds of the estate revert to the nephews and nieces of the deceased. If these do not exist, the same shares revert to the aunts and uncles; lacking these, to their sons and daughters. In any case the remaining third reverts to the House of Justice.

7. Kung alinman sa nabanggit na mga uri ay wala, dalawang ikatlong bahagi ng ari-arian ay tutungo sa mga pamangkin na lalake at babae ng pumanaw. Kung wala ang mga ito, ang gayunding bahagi ay tutungo sa mga tiyahin at tiyuhin; kung wala ang mga ito, sa kanilang mga anak na lalake at babae. Sa anuman gang pangyayari ang natitirang ikatlong bahagi ay tutungo sa House of Justice.

8. Should one leave none of the aforementioned heirs, the entire estate reverts to the House of Justice.

8. Kung alinman sa mga nabanggit na tagapagmana ay wala, ang lahat ng ari-arian ay tutungo sa House of Justice.

9. Bahá'u'lláh states that non-Bahá'ís have no right to inherit from their Bahá'í parents or relatives (Q&A 34). Shoghi Effendi in a letter written on his behalf indicates that this restriction applies "only to such cases when a Bahá'í dies without leaving a will and when, therefore, his property will have to be divided in accordance with the rules set forth in the Aqdas. Otherwise, a Bahá'í is free to bequeath his property to any person, irrespective of religion, provided however he leaves a will, specifying his wishes." It is always possible, therefore, for a Bahá'í to provide for his or her non-Bahá'í partner, children or relatives by leaving a will.

9. Sinasabi ni Bahá'u'lláh na ang mga hindi Bahá'í ay walang karapatang magmana mula sa kanilang mga magulang o kamag-anak na Bahá'í (K&K 34). Si Shoghi Effendi, sa isang liham na isinulat sa ngalan niya, ay nagsabi na ang pagbabawal na ito ay may bisa "lamang sa mga pangyayaring ang isang Bahá'í ay namatay nang hindi nag-iiwan ng isang habilin at kapag, samakatuwid, ang kaniyang ari-arian ay dapat na hatiin sang-ayon sa mga batas na inihayag sa Aqdas. Kung hindi, ang isang Bahá'í ay malayang ipamana

ang kaniyang ari-arian sa sinumang tao, anuman ang pananampalataya, gayunpaman sa kondisyon na siya ay nag-iwan ng isang habilin, na tinitiyak ang kaniyang mga kagustuhan." Laging maaaring mangyari, kung gayon, para sa isang Bahá'í na mag-iwan para sa kaniyang hindi Bahá'í na asawa o maybahay, mga anak o mga kamag-anak sa pamamagitan ng pag-iiwan ng isang habilin.

Additional details of the laws of inheritance are summarized in the Synopsis and Codification, section IV.C.3.a.–o.

Ang karagdagang detalye ng mga batas ng Bahá'í tungkol sa mana ay binuod sa Lagom at Pagsasaayos, bahagi IV.C.3.a.–0.

39. to the brothers, five parts … to the sisters, four parts ¶20

39. sa mga kapatid na lalake, limang parte … sa mga kapatid na babae, apat na parte ¶20

Questions and Answers amplifies the provisions of the law as it relates to the shares of the inheritance allocated to the brothers and sisters of the deceased. If the brother or sister is from the same father as the deceased, he or she will inherit his or her full allotted share. If, however, the brother or sister is from another father he or she will inherit only two-thirds of the allotted share, the remaining one-third reverting to the House of Justice (Q&A 6). Further, in the case where the deceased has full brothers or full sisters among his heirs, half-brothers and half-sisters from the mother's side do not inherit (Q&A 53). The half-brothers and half-sisters will, of course, be due to receive inheritance from their own father's estate.

Ang Mga Katanungan at Kasagutan ay nagdaragdag sa alitun-tunin ng batas na may kinalaman sa mga parte ng mana na ipagkakaloob sa mga kapatid na lalake at babae ng yumao. Kung ang kapatid na lalake o babae ay mula sa iisang ama tulad ng namatay, ang kapatid na lalake o babae ay magma-mana ng kanilang buong natatakdang bahagi. Kung, gayun-paman, ang kapatid na lalake o babae ay mula sa ibang ama, ang lalake o babae ay magmamana lamang ng dalawang ikatlong bahagi ng naitakdang bahagi; ang natitirang ikatlong bahagi ay tutungo sa House of Justice (K&K 6). Bukod dito, kung ang pumanaw ay mayroong buong kapatid na lalake o babae sa kaniyang mga tagapag-mana, ang kaniyang mga kapatid na lalake at babae mula sa panig ng kaniyang ina ay hindi magmamana (K&K 53). Ang mga kapatid na lalake at babae sa ina ay maliwanag lamang na tatanggap ng mana mula sa ari-arian ng kanilang sariling ama.

40. the teachers ¶20

40. sa mga guro ¶20

In a Tablet, 'Abdu'l-Bahá compares teachers who are involved with the spiritual education of the child to the *"spiritual father"* who *"endoweth his child with life everlasting."* He explains that this is the reason that *"teachers are listed among the heirs"* in the *"law of God."*

Sa isang Tableta, inihahalintulad ni 'Abdu'l-Bahá ang mga guro na may kinalaman sa espirituwal na edukasyon ng bata sa "espiritual na ama" na "pinagkalooban ang kaniyang anak ng buhay na walang hanggan". Ipinaliliwanag Niya na ito ang dahilan kung bakit ang "mga guro ay itinala sa mga tagapagmana" sa "Batas ng Diyos".

Bahá'u'lláh specifies the conditions under which the teacher inherits and the share he or she receives (Q&A 33).

Tinitiyak ni Bahá'u'lláh ang mga kalagayan na kung kailan ang mga guro ay magmamana at ang bahagi na tatanggapin nila, lalake o babae man (K&K 33).

41. When We heard the clamor of the children as yet unborn, We doubled their share and decreased those of the rest. ¶20

41. Nang Aming marinig ang maingay na pamimilit ng mga batang hindi pa ipinanganganak, Aming dinoble ang kanilang bahagi at binawasan yaong sa natitira. ¶20

In the Báb's laws of inheritance the children of the deceased were allotted nine parts consisting of 540 shares. This allocation constituted less than a quarter of the whole estate. Bahá'u'lláh doubled their portion to 1,080 shares and reduced those allotted to the other six categories of heirs. He also outlines the precise intention of this verse and its implications for the distribution of the inheritance (Q&A 5).

Sa mga batas ng Báb sa pagpapamana ang mga anak ng pumanaw ay binigyan ng siyam na parte na binubuo ng 540 na bahagi. Ang itinakdang ito ay binuo ng kulang sa ika-apat na bahagi ng buong pag-aari. Dinoble ni Bahá'u'lláh ang kanilang parte sa 1,080 na bahagi at binawasan yaong itinakda sa anim na uri ng mga tagapagmana. Binalangkas rin Niya ang tunay na layunin ng bersikulong ito at ang mga pahiwatig nito para sa pamamahagi ng mana (K&K 5).

42. the House of Justice ¶21

42. sa House of Justice ¶21

In referring to the House of Justice in the Kitáb-i-Aqdas, Bahá'u'lláh does not always explicitly distinguish between the Universal House of Justice and the Local House of Justice, both of which institutions are ordained in that Book. He usually refers simply to *"the House of Justice,"* leaving open for later clarification the level or levels of the whole institution to which each law would apply.

Sa pagtukoy sa House of Justice sa Kitáb-i-Aqdas, hindi laging tiyak na nililiwanag ni Bahá'u'lláh kung ito ay ang Universal House of Justice o ang Local House of Justice na ang kapwa institusyon ay itinadhana sa Aklat na iyon. Kalimitang tinutukoy lamang Niya "ang House of Justice", na iniiwanang bukas para sa paglilinaw sa dakong huli ang antas o mga antas ng buong institusyon na kung saan paiiralin ang bawat batas.

In a Tablet enumerating the revenues of the local treasury, 'Abdu'l-Bahá includes those inheritances for which there are no heirs, thus indicating that the House of Justice referred to in these passages of the Aqdas relating to inheritance is the local one.

Sa isang Tableta na inisa-isa ang mga kita ng lokal na ingatang-yaman, isinasama ni 'Abdu'l-Bahá yaong mga mana na walang mga tagapagmana, na ipinahihiwatig sa gayon na ang House of Justice na tinutukoy sa mga talatang ito sa Aqdas na may kaugnayan sa mana ay yaong lokal.

43. Should the deceased leave offspring, but none of the other categories of heirs ¶22

43. Kung ang yumao ay mag-iwan ng anak, ngunit wala doon sa ibang mga uri ng mga tagapagmana ¶22

Bahá'u'lláh clarifies that *"This ruling hath both general and specific application, which is to say that whenever any category of this latter class of heirs is absent, two-thirds of their inheritance pass to the offspring and the remaining third to the House of Justice"* (Q&A 7).

Nililinaw ni Bahá'u'lláh na "Ang utos na ito ay mayroong kapwa pangkalahatan at tiyakang pagpapairal, na ang ibig sabihin ay kailanman ang anumang kategoriya ng nahuhuling uri ng tagapagmana ay wala, ang dalawang ikatlong bahagi ng kanilang mana ay tutungo sa anak at

44. We have assigned the residence and personal clothing of the deceased to the male, not female, offspring, nor to the other heirs. ¶25

In a Tablet, ‘Abdu’l-Bahá indicates that the residence and personal clothing of a deceased man remain in the male line. They pass to the eldest son and in the absence of the eldest son, they pass to the second-eldest son, and so on. He explains that this provision is an expression of the law of primogeniture, which has invariably been upheld by the Law of God. In a Tablet to a follower of the Faith in Persia He wrote: *“In all the Divine Dispensations the eldest son hath been given extraordinary distinctions. Even the station of prophethood hath been his birthright.”* With the distinctions given to the eldest son, however, go concomitant duties. For example, he has the moral responsibility, for the sake of God, to care for his mother and also to consider the needs of the other heirs.

Bahá’u’lláh clarifies various aspects of this part of the law of inheritance. He specifies that if there be more than one residence, the principal and most important one passes to the male offspring. The remaining residences will, together with the other possessions of the deceased, have to be divided among the heirs (Q&A 34), and He indicates that in the absence of male offspring, two-thirds of the principal residence and the personal clothing of the deceased father will revert to the female issue and one-third to the House of Justice (Q&A 72). Further, when the deceased is a woman, Bahá’u’lláh states that all her used clothing is to be equally divided amongst her daughters. Her unworn clothing, jewels and property must be divided among her heirs, as well as her used clothing if she leaves no daughter (Q&A 37).

ang natitirang ikatlong bahagi ay sa House of Justice” (K&K 7).

44. Aming itinalaga ang tirahan at ang personal na pananamit ng yumao sa anak na lalake, hindi sa babae, ni hindi sa ibang mga tagapagmana. ¶25

Sa isang Tableta, tinutukoy ni ‘Abdu’l-Bahá na ang tirahan at ang personal na pananamit ng isang namatay na lalake ay mananatili sa kaanakan na lalake. Ang mga iyon ay tutungo sa panganay na anak na lalake at kung walang pinakamatandang anak na lalake, ang mga iyon ay tutungo sa pangalawang anak na lalake, at gayundin ang pagkakasunod-sunod. Ipinaliliwanag Niya na ang pagtatadhanang ito ay isang pagpapahayag ng batas ng karapatan ng pinakamatandang anak na lalake, na walang pagbabagong pinagtitibay ng Batas ng Diyos. Sa isang Tableta para sa isang nananalig sa Pananampalataya sa Persia, isinulat Niya: “Sa lahat ng mga Banal na Dispensasyon ang pinakamatandang anak na lalake ay binigyan ng mga di-pangkaraniwang pagtatangi. Kahit na ang katayuan ng pagka-propeta ay naging karapatan niya.” Gayunpaman, kasama ng mga pagtatanging ibinigay sa pinakamatandang anak na lalake, ay ang kapanabay na mga tungkulin. Halimbawa, siya ay may moral na pananagutan, alang-alang sa Diyos, na alagaan ang kaniyang ina at isaalang-alang ang mga pangangailangan ng ibang mga tagapagmana.

Nililinaw ni Bahá’u’lláh ang iba’t ibang mga aspeto sa bahaging ito ng batas ng pagpapamana. Tinitiyak Niya na kung mayroong higit sa isang tirahan, ang pangunahin at pinakamahalaga ay tutungo sa anak na lalake. Ang natitirang mga tirahan, kasama ng iba pang mga pag-aari ng pumanaw, ay dapat hatiin sa mga tagapagmana (K&K 34), at sinasabi Niya na kung walang anak na lalake, dalawang ikatlong bahagi ng pangunahing tirahan at ng personal na pananamit ng pumanaw na ama ay tutungo sa anak na babae at ang ikatlong bahagi ay sa House of Justice (K&K 72). Bilang karagdagan, kapag ang pumanaw ay babae, sinasabi ni Bahá’u’lláh na ang lahat ng kaniyang nagamit na pananamit ay dapat hatiin nang pantay sa kaniyang mga anak na babae. Ang kaniyang hindi nagamit na pananamit, mga alahas at ari-arian ay dapat hatiin sa lahat ng kaniyang mga tagapagmana, gayundin ang

kaniyang mga pananamit na naisuot na kung wala siyang anak na babae (K&K 37).

45. Should the son of the deceased have passed away in the days of his father and have left children, they will inherit their father's share ¶26

45. Kung ang anak na lalake ng yumao ay sumakabilang-buhay nang nabubuhay pa ang kaniyang ama at nag-iwan ng mga anak, sila ang magmamana ng kaparte ng kanilang ama ¶26

This aspect of the law applies only in the case of the son who predeceases his father or mother. If the daughter of the deceased be dead and leave issue, her share will have to be divided according to the seven categories specified in the Most Holy Book (Q&A 54).

Ang aspetong ito sa batas ay may bisa lamang kung ang anak na lalake ay naunang namatay sa kaniyang ama o ina. Kung ang anak na babae ng pumanaw ay patay na at nag-iwan ng anak, ang kaniyang bahagi ay dapat hatiin sang-ayon sa pitong kategoriya na tiniyak sa Pinakabanal na Aklat (K&K 54).

46. If the deceased should leave children who are under age, their share of the inheritance must be entrusted to a reliable individual ¶27

46. Kung ang yumao ay mag-iwan ng mga anak na wala pa sa hustong gulang, ang kanilang bahagi sa mana ay dapat ipagkatiwala sa isang tao na mapagkakatiwalaan ¶27

The word "amín," translated in this paragraph as *"reliable individual"* and *"trustee,"* conveys in Arabic a wide range of meanings connected principally with the idea of trustworthiness, but signifying also such qualities as reliability, loyalty, faithfulness, uprightness, honesty, and so forth. Used in legal parlance "amín" denotes, among other things, a trustee, guarantor, custodian, guardian, and keeper.

Ang salitang "amin", na isinalin sa parapong ito na "tao na mapagkakatiwalaan" at "katiwala", ay nangangahulugan sa wikang Arabiko ng isang malawak ang saklaw na mga kahulugan na may pangunahing kaugnayan sa paksa ng pagka-mapagkakatiwalaan, ngunit nangangahulugan din ng gayong mga katangian tulad ng pagka-maaasahan, katapatan, mapagmahal nang tapat, pagkamatuwid, makatotohanan, at iba pa. Kapag ginamit sa mga pana-nalita tungkol sa batas, ang "amin" ay nangangahulugan, bukod sa iba pang mga bagay, bilang isang katiwala, tagapanagot, tagapag-ingat, tagapangalaga, at taga-pangasiwa.

47. Division of the estate should take place only after the Ḥuqúqu'lláh hath been paid, any debts have been settled, the expenses of the funeral and burial defrayed ¶28

47. Ang paghahati sa ari-arian ay dapat lamang gawain matapos mabayaran na ang Huqúqu'lláh, ang anumang mga utang ay naisaayos na, ang mga ginu-gol na kaugnay sa paglilibing ay nabayaran na ¶28

Bahá'u'lláh specifies that the order of precedence for payment of these expenses is first the funeral and burial expenses, then the debts of the deceased, then the Ḥuqúqu'lláh (see note 125) (Q&A 9). He also specifies that when applying the estate to these, payment must first be made out of the residue of the estate and then, if this is insufficient, out of the residence and personal clothing of the deceased (Q&A 80).

Sinasabi ni Bahá'u'lláh na ang pagkakasunod-sunod para sa pagbabayad ng mga guguling ito ay una ang mga gugulin na kaugnay sa paglilibing, pagkatapos ay ang mga utang ng pumanaw, pagkatapos ay ang Huqúqu'lláh (tingnan ang tala 125) (K&K 9). Binabanggit din Niya na kapag gagamitin ang ari-arian sa mga ito, ang kabayaran ay dapat munang kunin mula sa natitira sa ari-arian at pagkatapos, kung ito ay hindi makasasapat,

mula sa tirahan at personal na pananamit ng pumanaw (K&K 80).

48. This is that hidden knowledge which shall never change, since its beginning is with nine ¶29

48. Ito yaong natatagong kaalaman na hindi kailanman magbabago, dahilan sa ang simula nito ay siyam ¶29

In the Arabic Bayán the Báb described His inheritance law as being *"in accordance with a hidden knowledge in the Book of God—a knowledge that shall never change or be replaced."* He also stated that the numbers by which the division of the inheritance was expressed had been invested with a significance intended to aid in the recognition of Him Whom God will make manifest.

Sa Bayán sa wikang Arabiko, inilarawan ng Báb ang Kaniyang batas sa mana bilang "nasasang-ayon sa isang natatagong kaalaman sa Aklat ng Diyos—isang kaalaman na hindi kailanman mababago o mapapalitan". Ipinahayag din Niya na ang bilang na kung saan ang paghahati ng mana ay sinabi, ay binigyan ng kahalagahan na naglalayong tumulong sa pagkilala sa Kaniya Na ihahayag ng Diyos.

The *"nine"* mentioned here is represented in the Arabic text by the letter "Ṭá," which is its equivalent in the abjad notation (see Glossary). It is the first element of the Báb's division of inheritance, where He designates *"nine parts"* as the share of the children. The significance of nine lies in its being the numerical equivalent of the Greatest Name "Bahá," alluded to in the next part of this verse as *"the concealed and manifest, the inviolable and unapproachably exalted Name."* (See also note 33.)

Ang "siyam" na binanggit dito ay kumakatawan sa teksto sa wikang Arabiko ng titik na "Tá", na katumbas nito sa talaan ng abjad (tingnan ang Talakahuluganan). Ito ang unang saligan ng paghahati ng Báb sa mana, kung saan itinadhana Niya ang "siyam na bahagi" bilang kaparte ng mga anak. Ang kahalagahan ng siyam ay napapaloob sa pagiging katumbas na bilang ng Pinakadakilang Pangalang "Bahá", na ipinahiwatig sa susunod na bahagi ng bersikulong ito bilang "ang natatago at hayag, ang di- malalabag at di-mapapantayan ang kadakilaan na pangalan". (Tingnan rin ang tala 33)

49. The Lord hath ordained that in every city a House of Justice be established ¶30

49. Iniutos ng Panginoon na sa bawat lungsod, ay isang House of Justice ang dapat itatag ¶30

The institution of the House of Justice consists of elected councils which operate at the local, national and international levels of society. Bahá'u'lláh ordains both the Universal House of Justice and the Local Houses of Justice in the Kitáb-i-Aqdas. 'Abdu'l-Bahá, in His Will and Testament, provides for the Secondary (National or Regional) Houses of Justice and outlines the method to be pursued for the election of the Universal House of Justice.

Ang institusyon ng House of Justice ay binubuo ng nahalal na mga lupon na nanunungkulan sa lokal, pambansa at pandaigdig na mga antas ng lipunan. Kapwa itinadhana ni Bahá'u'lláh ang Universal House of Justice at ang mga Local House of Justice sa Kitáb-i-Aqdas. Si 'Abdu'l-Bahá, sa Kaniyang Habilin at Testamento, ay itinatadhana ang Pangpangalawang (Pambansa o Pangrehiyon) na mga House of Justice at binabalangkas ang paraan na dapat gawain para sa paghalal ng Universal House of Justice.

In the verse cited above, the reference is to the Local House of Justice, an institution which is to be elected in a locality whenever there are nine or more resident adult Bahá'ís. For this purpose, the definition of adult was temporarily fixed at the age of 21 years by the Guardian, who

Sa bersikulong nabanggit sa itaas, ang tinutukoy ay para sa Local House of Justice, isang institusyon na ihahalal sa isang pamayanan kapag mayroon ng siyam o higit na ninirahang mga Bahá'í na nasa hustong gulang. Sa layuning ito, ang kahulugan ng hustong

indicated it was open to change by the Universal House of Justice in the future.

Local and Secondary Houses of Justice are, for the present, known as Local Spiritual Assemblies and National Spiritual Assemblies. Shoghi Effendi has indicated that this is a "temporary appellation" which,

…as the position and aims of the Bahá'í Faith are better understood and more fully recognized, will gradually be superseded by the permanent and more appropriate designation of House of Justice. Not only will the present-day Spiritual Assemblies be styled differently in future, but they will be enabled also to add to their present functions those powers, duties, and prerogatives necessitated by the recognition of the Faith of Bahá'u'lláh, not merely as one of the recognized religious systems of the world, but as the State Religion of an independent and Sovereign Power.

50. the number of Bahá ¶30

The abjad numerical equivalent of "Bahá" is nine. The Universal House of Justice and the National and Local Spiritual Assemblies currently have nine members each, the minimum number prescribed by Bahá'u'lláh.

51. It behooveth them to be the trusted ones of the Merciful among men ¶30

The general powers and duties of the Universal House of Justice, the National Spiritual Assemblies and the Local Spiritual Assemblies and the qualifications for membership are set forth in the Writings of Bahá'u'lláh and 'Abdu'l-Bahá, in the letters of Shoghi Effendi, and in the elucidations of the Universal House of Justice. The major functions of these institutions are outlined in the Constitution of the Universal House of Justice, and in those of the National and Local Spiritual Assemblies.

52. take counsel together ¶30

gulang ay pansamantalang itinakda ng Guardian sa edad na 21, na binanggit na maaaring baguhin ito ng Universal House of Justice sa hinaharap.

Ang Lokal at Pangpangalawang mga House of Justice para sa kasalukuyan, ay kilala bilang mga Local Spiritual Assembly at mga National Spiritual Assembly. Sinasabi ni Shoghi Effendi na ito ay "pansamantalang pangalan" na,

… habang ang katayuan at mga layunin ng Pananampalatayang Bahá'í ay higit na nauunawaan at higit na lubos na makikilala, ito ay unti-unting mapapalitan ng permanente at higit na karapat-dapat na pangalang House of Justice. Hindi lamang maiiba ang pagkilala sa pangkasalukuyang mga Spiritual Assembly sa hinaharap, kundi magagawa rin nilang idagdag sa kanilang kasalukuyang mga tungkulin yaong mga kapangyarihan, mga gawain, at mga karapatan na kakailanganin dahilan sa pagkilala sa Pananampalataya ni Bahá'u'lláh, hindi lamang bilang isa sa mga kinikilalang pangrelihiyong pamamaraan ng daigdig, kundi bilang isang Pambansang Relihiyon ng isang malaya ay May-Kapangyarihang Lakas.

50. sa bilang ng Bahá ¶30

Ang katumbas sa bilang na abjad ng "Bahá" ay siyam. Ang Universal House of Justice, at ang mga National at mga Local Spiritual Assembly sa kasalukuyan ay may siyam na kasapi ang bawat isa, ang pinakamaliit na bilang na itinadhana ni Bahá'u'lláh.

51. Nararapat sa kanila na maging mga katiwala ng Mahabagin sa mga tao ¶30

Ang karaniwang mga kapangyarihan at tungkulin ng Universal House of Justice, ng mga National Spiritual Assembly at ng mga Local Spiritual Assembly at ang mga pangangailangan para sa pagiging kasapi ay inihayag sa mga Banal na Kasulatan nina Bahá'u'lláh at 'Abdu'l-Bahá, sa mga liham ni Shoghi Effendi, at sa mga paliwanag ng Universal House of Justice. Ang pangkalahatang mga tungkulin ng mga institusyong ito ay binalangkas sa Saligang-Batas ng Universal House of Justice, at doon sa mga National at Local Spiritual Assembly.

52. magsanggunian nang sama-sama ¶30

Bahá'u'lláh has established consultation as one of the fundamental principles of His Faith and has exhorted the believers to *"take counsel together in all matters."* He describes consultation as *"the lamp of guidance which leadeth the way"* and as *"the bestower of understanding."* Shoghi Effendi states that the "principle of consultation … constitutes one of the basic laws" of the Bahá'í Administrative Order.

Ginawa ni Bahá'u'lláh ang pagsasanggunian bilang isa sa mga pangunahing simulain ng Kaniyang Pananampalataya at pinayuhan ang mga nananampalataya na *"magsanggunian nang sama-sama tungkol sa lahat ng mga bagay"*. Inilarawan Niya ang sanggunian bilang *"ang ilaw ng patnubay na umaakay sa landas"* at bilang *"ang nagkakaloob ng pang-unawa"*. Sinasabi ni Shoghi Effendi na ang "simulain ng pagsasanggunian … ang bumubuo sa isa sa mga saligang batas" ng Pampangasiwaang Kaayusan ng Bahá'í.

In Questions and Answers, number 99, Bahá'u'lláh outlines an approach to consultation and stresses the importance of achieving unanimity in decision making, failing which the majority decision must prevail. The Universal House of Justice has clarified that this guidance concerning consultation was revealed before Spiritual Assemblies had been established and was in answer to a question about the Bahá'í teachings on consultation. The House of Justice affirms that the emergence of Spiritual Assemblies, to which the friends may always turn for assistance, in no way prohibits them from following the procedure outlined in Questions and Answers. This approach may be used by the friends, should they wish, when they desire to consult on their personal problems.

Sa Mga Katanungan at Kasagutan, bilang 99, binabalangkas ni Bahá'u'lláh ang isang paraan sa pagsasanggunian at binigyang-diin ang kahalagahan sa pagtatamo ng buong pagkakaisa sa pagsasagawa ng pasiya, na kung mabigo rito ang kapasiyahan ng nakararami ang dapat mamayani. Nilinaw ng Universal House of Justice na ang patnubay na ito tungkol sa sanggunian ay ipinahayag bago naitatag ang mga Spiritual Assembly at ito ay isang kasagutan sa isang katanungan sa mga turo ng Bahá'í tungkol sa sanggunian. Pinagtitibay ng House of Justice na ang paglitaw ng mga Spiritual Assembly, na maaaring laging balingan ng mga kaibigan upang hingian ng tulong, ay hindi sila kailanman pinagbabawalan sa pagsunod sa pamamaraan na binalangkas sa Mga Katanungan at Kasagutan. Ang paraang ito ay maaaring gamitin ng mga kaibigan, kung ninanais nila, kapag hangad nilang isangguni ang kanilang mga personal na suliranin.

53. Build ye houses of worship throughout the lands ¶31

53. Magtayo kayo ng mga bahay-sambahan sa lahat ng mga lupain ¶31

The Bahá'í House of Worship is dedicated to the praise of God. The House of Worship forms the central edifice of the Mashriqu'l-Adhkár (the Dawning-place of the Praise of God), a complex which, as it unfolds in the future, will comprise in addition to the House of Worship a number of dependencies dedicated to social, humanitarian, educational, and scientific pursuits. 'Abdu'l-Bahá describes the Mashriqu'l-Adhkár as *"one of the most vital institutions in the world,"* and Shoghi Effendi indicates that it exemplifies in tangible form the integration of "Bahá'í worship and service." Anticipating the future development of this institution, Shoghi Effendi envisages that the House of Worship and its dependencies *"shall afford relief to the suffering, sustenance to the poor, shelter to the wayfarer, solace to the bereaved, and education to the ignorant."* In the future, Bahá'í Houses of Worship will be constructed in every town and village.

Ang Bahay-Sambahan ng Bahá'í ay iniuukol sa pagpupuri sa Diyos. Ang Bahay-Sambahan ay ang pinakamahalagang gusali ng Mashriqu'l-Adhkár (ang Pook-Liwayway ng Pagpupuri sa Diyos), isang bilang ng mga gusali na, sa pamumukadkad nito sa hinaharap na panahon, ay bubuo bilang karagdagan sa Bahay-Sambahan ng ilang mga kaugnay na institusyong nauukol sa panlipunan, pantao, pang-edukasyon at pang-agham na mga adhikain. Inilalarawan ni 'Abdu'l-Bahá ang Mashriqu'l-Adhkár bilang *"isa sa pinaka-mahalagang institusyon sa daigdig"* at sinasabi ni Shoghi Effendi na nagbibigay halimbawa ito sa isang nakikitang anyo ng pagsasanib ng "pagsamba at paglilingkod ng Bahá'í". Sa pag-aasam ng darating na

pag-unlad ng institusyong ito, nakikita ni Shoghi Effendi na ang Bahay-Sambahan at mga kaugnay na institusyon nito, ay *"makapagbibigay ng ginhawa sa mga nagdurusa, panustos sa mga nagdarahop, kanlungan para sa manlalakbay, aliw sa nagdadalamhati, at edukasyon sa mangmang"*. Sa darating na panahon, ang mga Bahay-Sambahan ng Bahá'í ay itatayo sa bawat bayan at nayon.

54. The Lord hath ordained that those of you who are able shall make pilgrimage to the sacred House ¶32

54. Iniutos ng Panginoon na yaong may kakayahan sa inyo ay magsagawa ng peregrinasyon sa banal na Tahanan ¶32

Two sacred Houses are covered by this ordinance, the House of the Báb in Shíráz and the House of Bahá'u'lláh in Baghdád. Bahá'u'lláh has specified that pilgrimage to either of these two Houses fulfills the requirement of this passage (Q&A 25, 29). In two separate Tablets, known as Súriy-Ḥajj (Q&A 10), Bahá'u'lláh has prescribed specific rites for each of these pilgrimages. In this sense, the performance of a pilgrimage is more than simply visiting these two Houses.

Dalawang banal na Tahanan ang sinasaklaw ng kautusang ito, ang Tahanan ng Báb sa Shíráz at ang Tahanan ni Bahá'u'lláh sa Baghdád. Nilinaw ni Bahá'u'lláh na ang peregrinasyon sa alinman sa dalawang Tahanang ito ay katuparan na sa hinihingi sa sipi na ito (K&K 25, 29). Sa dalawang magkahiwalay na Tableta, kilala sa ngalang Súriy-i-Hajj (K&K 10), iniutos ni Bahá'u'lláh ang mga tiyak na ritwal para sa bawat isa sa mga peregrinasyong ito. Dahil sa isinasagawang ito, ang pagsasagawa ng isang peregrinasyon ay higit pa kaysa sa pagdalaw lamang sa dalawang Tahanang ito.

After the passing of Bahá'u'lláh, 'Abdu'l-Bahá designated the Shrine of Bahá'u'lláh at Bahjí as a place of pilgrimage. In a Tablet, He indicates that the *"Most Holy Shrine, the Blessed House in Baghdád and the venerated House of the Báb in Shíráz"* are *"consecrated to pilgrimage,"* and that it is *"obligatory"* to visit these places *"if one can afford it and is able to do so, and if no obstacle stands in one's way."* No rites have been prescribed for pilgrimage to the Most Holy Shrine.

Pagkamatay ni Bahá'u'lláh, itinalaga ni 'Abdu'l-Bahá ang Dambana ni Bahá'u'lláh sa Bahjí bilang isang pook ng peregrinasyon. Sa isang Tableta sinasabi Niya na ang *"Pinakabanal na Dambana, ang Banal na Tahanan sa Baghdád at ang iginagalang na Tahanan ng Báb sa Shíráz"* ay *"banal na itinalaga para sa peregrinasyon,"* at ang pag-dalaw sa mga pook na ito ay *"sapilitan kung makakayang matustusan ito at kung magagawa iyon, at kung walang humahadlang sa kaniyang landas."* Walang iniutos na mga ritwal para sa peregrinasyon sa Pinakabanal na Dambana.

55. and from this He hath exempted women as a mercy on His part ¶32

55. at dito ay Kaniyang pinahintulutan ang mga babae na maaaring hindi isagawa ito bilang isang habag mula sa Kaniya ¶32

In the Bayán, the Báb enjoined the ordinance of pilgrimage once in a lifetime upon those of His followers who were financially able to undertake the journey. He stated that the obligation was not binding on women in order to spare them the rigors of travel.

Sa Bayán, iniutos ng Báb ang panuntunan ng peregrinasyon nang minsan habang nabubuhay doon sa mga nananalig sa Kaniya na magagawang matustusan ang paglalakbay. Sinabi Niya na ang tungkuling ito ay hindi pinaiiral sa kababaihan upang makaiwas sila sa mga hirap ng paglalakbay.

Bahá'u'lláh likewise exempts women from His pilgrimage requirements. The Universal House of Justice has clarified that this exemption is not a prohibition, and that women are free to perform the pilgrimage.

Gayundin ay pinahihintulutan ni Bahá'u'lláh na hindi isagawa ng kababaihan ang Kaniyang mga kautusan sa peregrinasyon. Nilinaw ng Universal House of Justice na ang kapahintulutang ito ay hindi isang pagbabawal, at ang mga babae ay malayang magsagawa ng peregrinasyon.

56. to engage in some occupation ¶33

56. maging abala sa anumang hanap-buhay ¶33

It is obligatory for men and women to engage in a trade or profession. Bahá'u'lláh exalts *"engagement in such work"* to the *"rank of worship"* of God. The spiritual and practical significance of this law, and the mutual responsibility of the individual and society for its implementation are explained in a letter written on behalf of Shoghi Effendi:

Tungkulin ng mga lalake at mga babae na maging abala sa isang trabaho o propesyon. Itinataas ni Bahá'u'lláh ang *"pagiging abala sa gayong gawain"* sa *"antas ng pagsamba"* sa Diyos. Ang espiritwal at praktikal na kahulugan ng batas na ito, at ang kapwa tungkulin ng tao at ng lipunan para sa pagsasagawa nito ay ipinaliwanag sa isang liham na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi:

With reference to Bahá'u'lláh's command concerning the engagement of the believers in some sort of profession: the Teachings are most emphatic on this matter, particularly the statement in the Aqdas to this effect which makes it quite clear that idle people who lack the desire to work can have no place in the new World Order. As a corollary of this principle, Bahá'u'lláh further states that mendicity should not only be discouraged but entirely wiped out from the face of society. It is the duty of those who are in charge of the organization of society to give every individual the opportunity of acquiring the necessary talent in some kind of profession, and also the means of utilizing such a talent, both for its own sake and for the sake of earning the means of his livelihood. Every individual, no matter how handicapped and limited he may be, is under the obligation of engaging in some work or profession, for work, especially when performed in the spirit of service, is according to Bahá'u'lláh a form of worship. It has not only a utilitarian purpose, but has a value in itself, because it draws us nearer to God, and enables us to better grasp His purpose for us in this world. It is obvious, therefore, that the inheritance of wealth cannot make anyone immune from daily work.

Tungkol sa utos ni Bahá'u'lláh na may kaugnayan sa pagiging abala ng mga nananalig sa anumang uri ng propesyon: Lubhang binigyang-diin ng mga Turo ang bagay na ito, lalo na ang sinabi sa Aqdas sa pagpapairal nito na ginagawang malinaw na ang walang ginagawang tao na walang hangaring magtrabaho ay hindi maaaring magkaroon ng lugar sa bagong Pandaigdig na Kaayusan. Bilang isang kaagapay ng simulaing ito, sinasabi ni Bahá'u'lláh, bilang karagdagan, na ang pamamalimos ay hindi lamang dapat sikaping pigilin kundi ganap na mapawi sa mukha ng lipunan. Tungkulin ito noong mga nangangasiwa sa pagsasaayos ng lipunan na maibigay sa bawat tao ang pagkakataon na makapagtamo ng kinakailangang kakayahan sa anumang uri ng propesyon, at gayundin ang pamamaraan sa paggamit ng gayong kakayahan, kapwa alang-alang sa sarili nito at alang-alang sa pagkakamit ng mga pamamaraan sa kaniyang ikabubuhay. Bawat isa, gaanuman ang maaaring maging balakid at kakulangan sa kaniya, ay may tungkuling maging abala sa isang gawain o propesyon, sapagka't ang gawain, lalo na kung ginagawa sa diwa ng paglilingkod, sang-ayon kay Bahá'u'lláh, ay isang anyo ng pagsamba. Hindi lamang sa ito ay may kapakinabangan, kundi may halaga rin mismo sa sarili nito, dahilan sa lalo tayong inilalapit nito sa Diyos, at nagagawa nating higit na maunawaan ang layunin Niya para sa atin sa daigdig na ito. Maliwanag, kung gayon, na ang pagmamana ng kayamanan ay hindi maaaring

magpahintulot sa sinuman na huwag magtrabaho sa araw-araw.

In one of His Tablets, ‘Abdu’l-Bahá states that *“if a person is incapable of earning a living, is stricken by dire poverty or becometh helpless, then it is incumbent on the wealthy or the Deputies to provide him with a monthly allowance for his subsistence.… By ‘Deputies’ is meant the representatives of the people, that is to say the members of the House of Justice.”* (See also note 162 on mendicancy.)

Sa isa sa Kaniyang mga Tableta, sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá na *“kung ang isang tao ay walang kakayahang maghanap-buhay, dinapuan ng malubhang kasalatan o nawalan ng kakayahan, tungkulin kung gayon ng mayayaman o ng mga Kinatawan na mabigyan siya ng isang buwanang panustos para sa kaniyang ikabubuhay. … Ang kahulugan ng mga ‘Kinatawan’ ay yaong mga kinatawan ng mga tao na ang ibig sabihin ay ang mga kaanib ng House of Justice.”* (Tingnan rin ang tala 162 tungkol sa pamamalimos.)

In response to a question concerning whether Bahá’u’lláh’s injunction requires a wife and mother, as well as her husband, to work for a livelihood, the Universal House of Justice has explained that Bahá’u’lláh’s directive is for the friends to be engaged in an occupation which will profit themselves and others, and that homemaking is a highly honorable and responsible work of fundamental importance to society.

Bilang tugon sa isang katanungan tungkol sa kung ang tagubilin ni Bahá’u’lláh ay kinakailangan na ang maybahay at ang ina, gayundin ang kaniyang asawa, ay dapat magtrabaho para sa ikabubuhay, ipinaliwanag ng Universal House of Justice na ang iniuutos ni Bahá’u’lláh na ang mga kaibigan ay dapat maging abala sa isang gawain na pakikinabangan nila at ng iba, at ang pag-aalaga ng tahanan ay isang lubhang marangal at may malaking pananagutang gawain na may pangunahing kahalagahan sa lipunan.

Concerning the retirement from work for individuals who have reached a certain age, Shoghi Effendi in a letter written on his behalf stated that “this is a matter on which the International House of Justice will have to legislate as there are no provisions in the Aqdas concerning it.”

Tungkol sa pamamahinga mula sa gawain ng mga tao na narating ang isang tiyak na gulang, sinabi ni Shoghi Effendi sa isang liham na isinulat sa ngalan niya na “ang bagay na ito ay pagpapasiyahan ng International House of Justice dahilan sa walang mga itinadhana sa Aqdas tungkol dito”.

57. The kissing of hands hath been forbidden in the Book. ¶34

57. Ang paghalik sa kamay ay ipinagbabawal sa Aklat ¶34

In a number of earlier religious Dispensations and in certain cultures the kissing of the hand of a religious figure or of a prominent person was expected as a mark of reverence and deference to such persons and as a token of submission to their authority. Bahá’u’lláh prohibits the kissing of hands and, in His Tablets, He also condemns such practices as prostrating oneself before another person and other forms of behavior that abase one individual in relation to another. (See note 58.)

Sa ilang bilang ng mga naunang pangrelihiyong Dispensasyon at sa ilang mga kalinangan ang paghalik sa kamay ng isang tanyag na relihiyoso o ng bantog na tao ay inaasahan bilang isang tanda ng banal na paggalang at pagpapauna sa gayong mga tao at bilang sagisag ng pagpapailalim sa kanilang kapangyarihan. Ipinagbabawal ni Bahá’u’lláh ang paghalik sa mga kamay, sa Kaniyang mga Tableta, at mahigpit na ipinagbabawal din Niya ang gayong mga gawain tulad ng pagpapatirapa ng sarili sa harap ng ibang tao at ibang mga gawi ng kilos na nagiging hamak ang isang tao sa harap ng iba. (Tingnan ang tala 58)

58. To none is it permitted to seek absolution from another soul ¶34

Bahá'u'lláh prohibits confession to, and seeking absolution of one's sins from, a human being. Instead one should beg forgiveness from God. In the Tablet of Bishárát, He states that *"such confession before people results in one's humiliation and abasement,"* and He affirms that God *"wisheth not the humiliation of His servants."*

Shoghi Effendi sets the prohibition into context. His secretary has written on his behalf that we

…are forbidden to confess to any person, as do the Catholics to their priests, our sins and shortcomings, or to do so in public, as some religious sects do. However, if we spontaneously desire to acknowledge we have been wrong in something, or that we have some fault of character, and ask another person's forgiveness or pardon, we are quite free to do so.

The Universal House of Justice has also clarified that Bahá'u'lláh's prohibition concerning the confession of sins does not prevent an individual from admitting transgressions in the course of consultations held under the aegis of Bahá'í institutions. Likewise, it does not preclude the possibility of seeking advice from a close friend or of a professional counselor regarding such matters.

59. Amongst the people is he who seateth himself amid the sandals by the door whilst coveting in his heart the seat of honor. ¶36

Traditionally in the East it has been the practice to remove sandals and shoes before entering a gathering. The part of a room farthest from the entrance is regarded as the head of the room and a place of honor where the most prominent among those present are seated. Others sit in descending order towards the door, by which the shoes and sandals have been left and where the most lowly would sit.

58. Ang sinuman ay hindi pinahihintulutang humingi ng kapatawaran mula sa ibang kaluluwa ¶34

Ipinagbabawal ni Bahá'u'lláh ang pangungumpisal, at paghingi ng kapatawaran ng mga kasalanan, sa ibang tao. Sa halip ay dapat sumamo ng kapatawaran mula sa Diyos. Sa Tableta ng Bishárát, sinasabi Niya na "ang ganyang pangungumpisal sa harap ng tao ay nagiging dahilan ng kahihiyan at pagkahamak ng isa", at pinagtibay Niya na ang Diyos "ay hindi naghahangad ng kahihiyan ng Kaniyang mga tagapaglingkod".

Ipinaliliwanag ni Shoghi Effendi ang kahulugan ng pagbabawal. Ang kaniyang kalihim ay sumulat sa ngalan niya na tayo

… ay pinagbabawalang mangumpisal sa sinumang tao, na katulad ng ginagawa ng mga Katoliko sa kanilang mga pari, ang ating mga kasalanan at mga pagkukulang, o gawain iyon nang lantaran, na tulad ng ginagawa ng ibang mga sekta ng relihiyon. Gayumpaman, kung bigla na lamang at kusang loob nating hahangarin na tanggapin na tayo ay nagkamali sa ilang bagay, o kaya na tayo ay mayroong pagkukulang sa ugali, at hiningi ang kapatawaran o pagpapaumanhin ng ibang tao, tayo ay malayang gawain iyon.

Nilinaw din ng Universal House of Justice na ang pagbabawal ni Bahá'u'lláh tungkol sa pangungumpisal ng mga kasalanan ay hindi hadlang sa isang tao na aminin ang mga pagkakamali habang nagaganap ang sanggunian sa ilalim ng pangangasiwa ng mga institusyong Bahá'í. Gayundin, hindi nito hinahadlangan ang maaaring paghingi ng payo mula sa isang malapit na kaibigan o ng isang propesyonal na tagapayo tungkol sa ganitong mga bagay.

59. Kabilang sa mga tao ay siya na iniupo ang kaniyang sarili na kasama sa mga sandalyas sa tabi ng pintuan samantalang ninanasa sa kaniyang puso ang luklukang pandangal. ¶36

Nang nakaugalian na sa Silangan, naging gawi na ang hubarin ang mga sandalyas at sapatos bago pumasok sa isang pagtitipon. Ang panig ng isang silid na pinakamalayo sa pasukan ang ipinapalagay na bilang ulo ng silid at pandangal na lugar kung saan ang

pinakabantog doon sa mga naroroon ay umuupo. Ang iba ay nakaupo sa pababang antas patungo sa pintuan, kung saan iniiwanan ang mga sapatos at sandalyas, at kung saan ang pinakahamak ay mauupo.

60. And among the people is he who layeth claim to inner knowledge ¶36

This is a reference to people who claim access to esoteric knowledge and whose attachment to such knowledge veils them from the Revelation of the Manifestation of God. Elsewhere Bahá'u'lláh affirms: *"They that are the worshipers of the idol which their imaginations have carved, and who call it Inner Reality, such men are in truth accounted among the heathen."*

60. At sa mga tao ay mayroong yaong umaangkin ng panloob na kaalaman ¶36

Ito ay nauukol doon sa mga tao na nag-aangkin na sila ay mayroong lihim na kaalaman para sa pinili lamang, at ang kanilang pangangapit sa gayong kaalaman ang nagkukubli sa kanila mula sa Rebelasyon ng Kahayagan ng Diyos. Sa ibang dako pinagtitibay ni Bahá'u'lláh: *"Silang mga sumasamba sa diyus-diyusan na inukit ng kanilang mga hinagap, at tinatawag itong Panloob na Katotohanan, ang ganoong mga tao sa katotohanan ay nabibilang sa mga walang Diyos."*

61. How many a man hath secluded himself in the climes of India, denied himself the things that God hath decreed as lawful, imposed upon himself austerities and mortifications ¶36

These verses constitute the prohibition of monasticism and asceticism. See the Synopsis and Codification, section IV.D. 1.y.iii.-iv. In the Words of Paradise Bahá'u'lláh amplifies these provisions. He states: *"Living in seclusion or practicing asceticism is not acceptable in the presence of God,"* and He calls upon those involved to *"observe that which will cause joy and radiance."* He instructs those who have taken up *"their abodes in the caves of the mountains"* or who have *"repaired to graveyards at night"* to abandon these practices, and He enjoins them not to deprive themselves of the *"bounties"* of this world which have been created by God for humankind. And in the Tablet of Bishárát, while acknowledging the *"pious deeds"* of monks and priests, Bahá'u'lláh calls upon them to *"give up the life of seclusion and direct their steps towards the open world and busy themselves with that which will profit themselves and others."* He also grants them leave *"to enter into wedlock that they may bring forth one who will make mention of God."*

61. Gaano karami ang inilayo ang kaniyang sarili sa mga klima sa India, ipinagkait sa kaniyang sarili ang mga bagay na iniatas ng Diyos na naaayon sa batas, ipinataw sa kaniyang sarili ang mga karahupan at pagpepenitensiya ¶36

Ang mga bersikulong ito ang bumubuo sa pagbabawal sa pagmomonghe at matinding pagkakait sa sarili. Tingnan ang Lagom at Pagsasaayos, bahagi IV.D.1.y.iii. –iv. Sa Mga Salita ng Paraiso ipinaliwanag ni Bahá'u'lláh ang mga tadhanang ito. Sinasabi Niya: *"Ang pamumuhay ng hiwalay sa lipunan o pagsasagawa ng lubhang pagkakait sa sarili ay hindi tinatanggap sa harap ng Diyos,"* at nananawagan Siya doon sa mga nasasangkot na *"isagawa yaong magiging dahilan ng kaligayahan at kaningningan."* Iniuutos Niya doon sa mga ginawa ang *"kanilang mga tahanan sa mga yungib ng mga kabundukan"* o yaong mga *"nagtutungo sa mga libingan kung gabi"* na iwanan ang mga gawaing ito, at iniuutos Niya sa kanila na huwag ipagkait sa kanilang mga sarili ang mga *"biyaya"* ng daigdig na ito na nilikha ng Diyos para sa sangkatauhan. At sa Tableta ng Bishárát, samantalang kinikilala ang *"mga banal na gawa"* ng mga monghe at pari, nananawagan si Bahá'u'lláh sa kanila na *"iwanan ang pamumuhay na hiwalay sa lipunan at ibaling ang kanilang mga yapak doon sa lantad na daigdig at maging abala ang kanilang mga sarili doon sa pakikinabangan ng kanilang sarili at ng iba."* Pinagkalooban din Niya sila ng pahintulot na *"mag-asawa upang mula sa*

kanila ay manggaling ang isang babanggit sa Diyos."

62. Whoso layeth claim to a Revelation direct from God, ere the expiration of a full thousand years ¶37

62. Sinuman ang umangkin sa isang Rebelasyon na tuwirang nanggaling sa Diyos, bago lumipas ang buong isang libong taon ¶37

The Dispensation of Bahá'u'lláh will last until the coming of the next Manifestation of God, Whose advent will not take place before at least *"a full thousand years"* will have elapsed. Bahá'u'lláh cautions against ascribing to *"this verse"* anything other than its *"obvious meaning,"* and in one of His Tablets, He specifies that *"each year"* of this thousand year period consists of *"twelve months according to the Qur'án, and of nineteen months of nineteen days each, according to the Bayán."*

Ang Dispensasyon ni Bahá'u'lláh ay tatagal hanggang sa pagdating ng susunod na Kahayagan ng Diyos, Na ang pagsapit ay hindi magaganap, bago matapos ang *"buong isang libong taon."* Nagbabala si Bahá'u'lláh sa pagbibigay ng kahulugan sa *"bersikulong ito"* ng anupaman maliban doon sa *"maliwanag na kahulugan"* nito, at sa isa sa mga Tableta Niya, nililiwanag Niya na *"ang bawat taon"* ng isang libong taon na ito ay binubuo ng *"labindalawang buwan sang-ayon sa Qur'án, at ng labinsiyam na buwan ng may labinsiyam na araw ang bawat buwan, sang-ayon sa Bayán."*

The intimation of His Revelation to Bahá'u'lláh in the Síyáh-Chál of Ṭihrán, in October 1852, marks the birth of His Prophetic Mission and hence the commencement of the one thousand years or more that must elapse before the appearance of the next Manifestation of God.

Ang pahiwatig ng Rebelasyon Niya kay Bahá'u'lláh sa Síyáh-Chál ng Tihrán, noong Oktubre 1852, ay ang tanda sa pagsilang ng Kaniyang Maka-propetang Misyon at sa gayon ay ang simula ng isang libong taon o higit pa na dapat lumipas bago sumapit ang susunod na Kahayagan ng Diyos.

63. This is that of which We gave you forewarning when We were dwelling in 'Iráq, then later while in the Land of Mystery, and now from this Resplendent Spot. ¶37

63. Nauukol dito yaong Aming ibinigay sa inyo na naunang babala noong Kami ay naninirahan pa sa 'Iráq, at pagkatapos sa dakong huli samantalang nasa Lupain ng Hiwaga, at ngayon mula sa Maringal na Pook na ito. ¶37

The *"Land of Mystery"* refers to Adrianople, and *"this Resplendent Spot"* is a reference to 'Akká.

Ang *"Lupain ng Hiwaga"* ay tumutukoy sa Adrianople, at ang *"Maringal na Pook na ito"* ay isang pagtukoy sa 'Akká.

64. Amongst the people is he whose learning hath made him proud … who, when he heareth the tread of sandals following behind him, waxeth greater in his own esteem ¶41

64. Kabilang sa mga tao ay siya na ang karunungan ay ginawa siyang palalo … na nang marinig niya ang yapak ng mga sandalyas na sumusunod sa kaniya, lalong tumindi ang kaniyang pagpapahalaga sa sarili ¶41

In the East, the practice has been for followers of a religious leader, out of deference, to walk a pace or two behind him.

Sa Silangan, bilang paggalang sa isang pinuno ng relihiyon, ang kaugalian ay ang paglakad ng mga nananalig nang isa o dalawang hakbang sa likuran niya.

65. Nimrod ¶41

65. Nimrod ¶41

The Nimrod referred to in this verse is, in both Jewish and Islamic traditions, a King who persecuted Abraham and whose name became symbolic of great pride.

Ang Nimrod na tinutukoy sa bersikulong ito sa kapwa mga tradisyon ng Hudyo at Islam, ay isang Hari na umusig kay Abraham at ang pangalan ay naging sagisag ng isang lubhang palalo.

66. Aghṣán ¶42

"Aghṣán" (plural of Ghuṣn) is the Arabic word for "Branches." This term is used by Bahá'u'lláh to designate His male descendants. It has particular implications not only for the disposition of endowments but also for the succession of authority following the passing of Bahá'u'lláh (see note 145) and of 'Abdu'l-Bahá. Bahá'u'lláh, in the Book of His Covenant, appointed 'Abdu'l-Bahá, His eldest son, as the Center of His Covenant and the Head of the Faith. 'Abdu'l-Bahá, in His Will and Testament, appointed Shoghi Effendi, His eldest grandson, as the Guardian and Head of the Faith.

66. Aghsán ¶42

"Aghsán" (pangmaramihan ng Ghusn) ay ang salita sa wikang Arabiko para sa mga "Sanga". Ang salitang ito ay ginamit ni Bahá'u'lláh upang itawag sa mga anak at inapo na lalake Niya. Ito ay may natatanging mga pahiwatig, hindi lamang para sa pamamahagi ng mga kaloob kundi para rin sa susunod na hahawak ng kapangyarihan matapos ang pagyao ni Bahá'u'lláh (tingnan ang tala 145) at ni 'Abdu'l-Bahá. Si Bahá'u'lláh, sa Kaniyang Aklat ng Banal na Kasunduan ay inatasan si 'Abdu'l-Bahá, ang Kaniyang panaganay na anak na lalake, bilang Sentro ng Kaniyang Banal na Kasunduan at ang Pinuno ng Pananampalataya. Si 'Abdu'l-Bahá, sa Kaniyang Habilin at Testamento, ay inatasan si Shoghi Effendi, ang Kaniyang pinaka-panganay na apong lalake, bilang Guardian at Pinuno ng Pananampalataya.

This passage of the Aqdas, therefore, anticipates the succession of chosen Aghṣán and thus the institution of the Guardianship and envisages the possibility of a break in their line. The passing of Shoghi Effendi in 1957 precipitated the very situation provided for in this passage, in that the line of Aghṣán ended before the Universal House of Justice had been established (see note 67).

Ang talatang ito ng Aqdas, kung gayon, ay inaasam ang pagpapamana ng tungkulin sa napiling Aghsán at samakatuwid ang institusyon ng Panunungkulan ng Guardian at isinaisip ang maaaring pagkaputol ng kanilang angkan. Ang pagyao ni Shoghi Effendi noong 1957 ang nagbunsod sa pinaka-pangyayari na itinadhana sa talatang ito, na ang angkan ng Aghsán ay nagwakas bago naitatag ang Universal House of Justice (tingnan ang tala 67).

67. revert to the people of Bahá ¶42

Bahá'u'lláh provides for the possibility that the line of Aghṣán would terminate prior to the establishment of the Universal House of Justice. He designated that in such a situation *"endowments shall revert to the people of Bahá."* The term *"people of Bahá"* is used with a number of different meanings in the Bahá'í Writings. In this instance, they are described as those *"who speak not except by His leave and judge not save in accordance with what God hath decreed in this Tablet."* Following the passing of Shoghi Effendi in 1957, the Hands of the Cause of God directed the affairs of the Cause until the election of the Universal House of Justice in 1963 (see note 183).

67. babalik sa mga tao ng Bahá ¶42

Binanggit ni Bahá'u'lláh ang maaaring mangyari na ang angkan ng Aghsán ay magwawakas bago maitatag ang Universal House of Justice. Itinadhana Niya na sa gayong pagkakataon *"ang mga ipinagkaloob na ari-arian ay babalik sa mga tao ng Bahá."* Ang taguring "tao ng Bahá" ay ginagamit sa ilang bilang ng magkakaibang pakahulugan sa mga Kasulatang Bahá'í. Sa halimbawang ito, inilalarawan sila bilang yaong mga *"hindi nagsasalita maliban sa kapahintulutan Niya at hindi nagpapasiya maliban kung naaayon doon sa iniutos ng Diyos sa Tabletang ito."* Kasunod ng pagkamatay ni Shoghi Effendi

noong 1957, ang mga Hands of the Cause of God ang nangasiwa sa mga gawain ng Kapakanan hanggang maihalal ang Universal House of Justice noong 1963 (tingnan ang tala 183).

68. Shave not your heads ¶44

In some religious traditions it is considered desirable to shave one's head. The shaving of the head is forbidden by Bahá'u'lláh, and He makes it clear that the provision contained in His Súriy-i-Ḥajj requiring pilgrims to the Holy House in Shíráz to shave their heads has been superseded through this verse of the Kitáb-i-Aqdas (Q&A 10).

68. Huwag mag-ahit ng inyong mga ulo ¶44

Sa ilang mga pangrelihiyong tradisyon ipinalalagay na kalugod-lugod ang pag-aahit ng ulo. Ang pag-aahit ng ulo ay ipinagbawal ni Bahá'u'lláh, at nililiwanag Niya na ang utos na napapaloob sa Kaniyang Súriy-i-Haji na hinihingi sa mga peregrino sa Banal na Tahanan sa Shíráz na ahitin ang kanilang mga ulo ay napalitan na sa pamamagitan ng bersikulong ito ng Kitáb-i-Aqdas (K&K 10).

69. it is not seemly to let the hair pass beyond the limit of the ears ¶44

Shoghi Effendi has made clear that, unlike the prohibition on shaving the head, this law forbidding the growing of the hair beyond the lobe of the ear pertains only to men. The application of this law will require clarification by the Universal House of Justice.

69. hindi marapat na hayaang lumampas ang buhok sa hangganan ng mga tainga ¶44

Nilinaw ni Shoghi Effendi na, hindi tulad ng pag-aahit ng ulo, ang batas na nagbabawal sa pagpapahaba ng buhok nang lampas sa lambi ng tainga ay para sa mga lalake lamang. Ang pagpapairal ng batas na ito ay nangangailangan ng paglilinaw ng Universal House of Justice.

70. Exile and imprisonment are decreed for the thief ¶45

Bahá'u'lláh states that the determination of the degree of penalty, in accordance with the seriousness of the offense, rests with the House of Justice (Q&A 49). The punishments for theft are intended for a future condition of society, when they will be supplemented and applied by the Universal House of Justice.

70. Ang pagpapatapon at pagbibilanggo ay iniutos para sa magnanakaw ¶45

Sinasabi ni Bahá'u'lláh na ang kapasiyahan ng antas ng parusa sang-ayon sa kalubhaan ng kasalanan, ay nasasalalay sa House of Justice (K&K 49). Ang mga parusa sa pagnanakaw ay nilalayon para sa darating na kalagayan ng lipunan, kung kailan ang mga iyon ay daragdagan at paiiralin ng Universal House of Justice.

71. on the third offense, place ye a mark upon his brow so that, thus identified, he may not be accepted in the cities of God and His countries ¶45

The mark to be placed on the thief's forehead serves the purpose of warning people of his proclivities. All details concerning the nature of the mark, how the mark is to be applied, how long it must be worn, on what conditions it may be removed, as well as the seriousness of various degrees of theft have been left by Bahá'u'lláh for the Universal House of Justice to determine when the law is applied.

71. sa ikatlong pagkakasala, ay lagyan ninyo ng isang tatak sa kaniyang noo upang, sa ganitong pagkakakilanlan, hindi na siya maaaring tanggapin sa mga lunsod ng Diyos at Kaniyang sa mga bansa ¶45

Ang tanda na itatatak sa noo ng magnanakaw ay magsisilbing babala sa mga tao tungkol sa kaniyang mga masasamang hilig. Lahat ng mga detalye tungkol sa uri ng tanda, kung paano ilalagay ang tanda, gaano katagal ito mananatili, sa anong mga kalagayan ito ay maaaring alisin, gayundin ang kalubhaan ng iba't ibang antas ng pagnanakaw ay iniwanan ni Bahá'u'lláh sa Universal House of Justice

upang pagpasiyahan kapag pinairal na ang batas.

72. Whoso wisheth to make use of vessels of silver and gold is at liberty to do so. ¶46

72. Sinuman ang nagnanais na gumamit ng mga kagamitan sa pagkain na yari sa pilak at ginto ay malayang gawain iyon. ¶46

In the Bayán the Báb allowed the use of gold and silver utensils, thus abrogating the Islamic condemnation of their use which stems not from an explicit injunction of the Qur'án but from Muslim traditions. Bahá'u'lláh here confirms the Báb's ruling.

Sa Bayán, pinahintulutan ng Báb ang paggamit ng mga kagamitan sa pagkain na yari sa ginto at pilak, na pinawawalang-bisa, kung gayon, ang pagbabawal sa Islam ng paggamit sa mga iyon na hindi naman nanggagaling mula sa maliwanag na utos ng Qur'án, kundi mula sa mga tradisyong Muslim. Pinagtitibay dito ni Bahá'u'lláh ang panuntunan ng Báb.

73. Take heed lest, when partaking of food, ye plunge your hands into the contents of bowls and platters. ¶46

73. Mag-ingat at baka kung kumakain, ay itubog ang inyong mga kamay sa nilalaman ng mga mangkok at bandehado. ¶46

This prohibition was defined by Shoghi Effendi as "plunging one's hand in food." In many parts of the world it has been customary to eat with the hands from a communal bowl.

Ang pagbabawal na ito ay ipinaliwanag ni Shoghi Effendi bilang ang "paglulublob ng kamay sa pagkain". Sa maraming panig ng daigdig naging kaugalian ang paggamit ng mga kamay sa pagkain mula sa iisang mangkok para sa lahat.

74. Adopt ye such usages as are most in keeping with refinement. ¶46

74. Isagawa ninyo ang gayong mga kilos na pinaka-angkop sa kapinuhan ng asal ¶46

This is the first of several passages referring to the importance of refinement and cleanliness. The original Arabic word "laṭáfah" rendered here as *"refinement,"* has a wide range of meanings with both spiritual and physical implications, such as elegance, gracefulness, cleanliness, civility, politeness, gentleness, delicacy and graciousness, as well as being subtle, refined, sanctified and pure. In accordance with the context of the various passages where it occurs in the Kitáb-i-Aqdas, it has been translated either as "refinement" or "cleanliness."

Ito ang una sa ilang mga talata na tumutukoy sa kahalagahan ng kapinuhan ng asal at kalinisan. Ang orihinal na salitang "latáfat" sa salitang Arabiko, na isinalin dito bilang "kapinuhan ng asal", ay may malawak na saklaw ng mga kahulugan na kapwa espirituwal at pisikal na mga pakahulugan tulad ng dingal, kagandahan ng kilos, kalinisan, pagkamapitagan, pagkamagalang, pagkamahinahon, kapinuhan at pagkamagiliw, pati na ang pagiging maingat, pino, banal at dalisay. Sang-ayon sa ibig sabihin ng iba't ibang mga talata kung saan ito makikita sa Kitáb-i-Aqdas, isinasalin ito bilang "kapinuhan ng asal" o "kalinisan".

75. He Who is the Dawning-place of God's Cause hath no partner in the Most Great Infallibility. ¶47

75. Siya Na Pook-Liwayway ng Kapakanan ng Diyos ay walang kasama sa Pinaka-Dakilang Walang Pagkakamali ¶47

In the Tablet of Ishráqát, Bahá'u'lláh affirms that the Most Great Infallibility is confined to the Manifestations of God.

Sa Tableta ng Ishráqát, pinagtitibay ni Bahá'u'lláh na ang Pinaka-Dakilang Walang Pagkakamali ay para sa mga Kahayagan ng Diyos lamang.

Chapter 45 in *Some Answered Questions* is devoted to an explanation by 'Abdu'l-Bahá of this verse of the Aqdas. In this chapter He stresses,

Ang Kabanata 45 ng Some Answered Questions ay iniuukol sa isang paliwanag ni

among other things, the inseparability of essential *"infallibility"* from the Manifestations of God, and asserts that *"whatever emanates from Them is identical with the truth, and conformable to reality,"* that *"They are not under the shadow of the former laws,"* and *"Whatever They say is the word of God, and whatever They perform is an upright action."*

'Abdu'l-Bahá tungkol sa bersikulong ito sa Aqdas. Sa kabanatang ito binibigyang-diin Niya, kabilang sa ibang mga bagay, na hindi mapaghi-hiwalay ang likas na "walang pagkakamali" mula sa mga Kahayagan ng Diyos, at iginigiit na "anuman ang magmula sa Kanila ay siya rin ang katotohanan, at nasasang-ayon sa katotohanan", na "Sila ay hindi napapailalim sa anino ng dating mga batas", at "Anuman ang sabihin Nila ay ang salita ng Diyos, at anuman ang gawain Nila ay isang makatuwirang kilos".

76. Unto every father hath been enjoined the instruction of his son and daughter in the art of reading and writing ¶48

76. Sa bawat ama ay iniatas ang pagtuturo sa kaniyang anak na lalake at anak na babae sa sining ng pagbabasa at pagsusulat ¶48

'Abdu'l-Bahá, in His Tablets, not only calls attention to the responsibility of parents to educate all their children, but He also clearly specifies that the *"training and culture of daughters is more necessary than that of sons,"* for girls will one day be mothers, and mothers are the first educators of the new generation. If it is not possible, therefore, for a family to educate all the children, preference is to be accorded to daughters since, through educated mothers, the benefits of knowledge can be most effectively and rapidly diffused throughout society.

Si 'Abdu'l-Bahá, sa Kaniyang mga Tableta, ay hindi lamang tinatawag ang pansin sa tungkulin ng mga magulang upang turuan ang lahat ng kanilang mga anak, ngunit maliwanag na tiniyak Niya na ang "pagsasanay at pagtuturo sa mga anak na babae ay higit na kailangan kaysa doon sa mga anak na lalake", sapagka't ang mga batang babae isang araw ay magiging mga ina, at ang mga ina ang unang tagapagturo ng bagong salinlahi. Samakatuwid, kung hindi magagawa ng isang mag-anak na paaralin ang lahat ng mga anak, ang pagkiling ay dapat ibigay sa mga anak na babae dahilan sa pamamagitan ng nakapag-aral na mga ina, ang mga kapakinabangan ng kaalaman ay higit na may bisa at mabilis na mapala-laganap sa buong lipunan.

77. God hath imposed a fine on every adulterer and adulteress, to be paid to the House of Justice ¶49

77. Ang Diyos ay nagpataw ng multa sa bawat makikiapid na lalake at babae, na ibabayad sa House of Justice ¶49

Although the term translated here as adultery refers, in its broadest sense, to unlawful sexual intercourse between either married or unmarried individuals (see note 36 for a definition of the term), 'Abdu'l-Bahá has specified that the punishment here prescribed is for sexual intercourse between persons who are unmarried. He indicates that it remains for the Universal House of Justice to determine the penalty for adultery committed by a married individual. (See also Q&A 49.)

Kahima't ang taguri ay isinalin dito na pakikiapid, sa pinakamalawak na kahulugan nito, tinutukoy nito ang labag sa batas na seksuwal na pakikipagtalik ng isang tao kahiman may asawa o wala (tingnan ang tala 36 para sa kahulugan ng taguri), nilinaw ni 'Abdu'l-Bahá na ang parusang iniutos dito ay para sa pagtatalik ng mga taong hindi kasal. Sinasabi Niya na nasa kapasiyahan ito ng Universal House of Justice upang pagpasiyahan ang kaparusahan para sa pakikiapid na ginawa ng isang may-asawang tao. (Tingnan rin ang K&K 49.)

In one of His Tablets, 'Abdu'l-Bahá refers to some of the spiritual and social implications of the violation of the laws of morality and, concerning the penalty here described, He indicates that the aim of this

Sa isa sa mga Tableta Niya, tinutukoy ni 'Abdu'l-Bahá ang ilan sa mga espirituwal at panglipunang pahiwatig ng paglabag sa mga

law is to make clear to all that such an action is shameful in the eyes of God and that, in the event that the offense can be established and the fine imposed, the principal purpose is the exposure of the offenders—that they are shamed and disgraced in the eyes of society. He affirms that such exposure is in itself the greatest punishment.

batas ng moralidad, at tungkol sa kaparusahang iniutos dito, sinasabi Niya na ang layunin ng batas na ito ay upang gawaing malinaw para sa lahat na ang gayong kilos ay kahiya-hiya sa mata ng Diyos at kung ang kasalanan ay mapapatunayan at ang multa ay maipataw, ang pangunahing layunin ay ang mailantad ang mga nagkasala—nang sila ay mapahiya at mawalan ng mukha sa mata ng lipunan. Pinagtitibay Niya na ang gayong paglalantad ay ang pinakamatinding parusa mismo.

The House of Justice referred to in this verse is presumably the Local House of Justice, currently known as the Local Spiritual Assembly.

Ang House of Justice na tinutukoy sa bersikulong ito ay ipinapalagay na ang Local House of Justice, na kasalukuyang kilala bilang Local Spiritual Assembly.

78. nine mithqáls of gold, to be doubled if they should repeat the offense ¶49

78. siyam na mithqál ng ginto, na gagawaing doble kung uulitin nila ang pagkakasala ¶49

A mithqál is a unit of weight. The weight of the traditional mithqál used in the Middle East is equivalent to 24 nakhuds. However, the mithqál used by the Bahá'ís consists of 19 nakhuds, *"in accordance with the specification of the Bayán"* (Q&A 23). The weight of nine of these mithqál equals 32.775 grams or 1.05374 troy ounces.

Ang mithqál ay isang sukat ng timbang. Ang timbang ng kinaugaliang mithqál na ginagamit sa Gitnang Silangan ay katumbas ng 24 na nakhud. Gayunpaman, ang mithqál na ginagamit ng mga Bahá'í ay binubuo ng 19 na nakhud, "sang-ayon sa itinakda ng Bayán" (K&K 23). Ang timbang ng siyam na mga mithqál na ito ay katumbas ng 32.775 na gramo o 1.05374 troy ounces.

In relation to the application of the fine, Bahá'u'lláh clearly specifies that each succeeding fine is double the preceding one (Q&A 23); thus the fine imposed increases in geometrical progression. The imposition of this fine is intended for a future condition of society, at which time the law will be supplemented and applied by the Universal House of Justice.

Tungkol sa pagpapairal ng multa, malinaw na itinadhana ni Bahá'u'lláh na ang bawat kasunod na multa ay doble ng nauna (K&K 23); kung gayon ang multa na ipinapataw ay lumalaki nang may geometrikong paglaki. Ang pagpapataw ng multang ito ay para sa isang hinaharap na kalagayan ng lipunan, na sa panahong iyon ang batas ay daragdagan at paiiralin ng Universal House of Justice.

79. We have made it lawful for you to listen to music and singing. ¶51

79. Ginawa Namin na naaalinsunod sa batas na makinig kayo sa musika at awit. ¶51

'Abdu'l-Bahá has written that *"Among certain nations of the East, music was considered reprehensible."* Though the Qur'án contains no specific guidance on the subject, some Muslims consider listening to music as unlawful, while others tolerate music within certain bounds and subject to particular conditions.

Isinulat ni 'Abdu'l-Bahá na "Sa ilang mga bansa sa Silangan, ang musika ay ipinapalagay na hindi kanais-nais". Kahiman ang Qur'án ay hindi naglalaman ng maliwanag na patnubay sa paksang ito, ipinapalagay ng ilang mga Muslim na ang pakikinig ng musika ay labag sa batas, samantalang ang iba ay pumapayag sa musika sa loob ng ilang mga pagtatakda at napapailalim sa natatanging mga kalagayan.

There are a number of passages in the Bahá'í Writings in praise of music. 'Abdu'l-Bahá, for example, asserts that *"music, sung or played, is spiritual food for soul and heart."*

Mayroong ilang bilang ng mga talata sa mga Kasulatang Bahá'í na pumupuri sa musika. Halimbawa, ipinahayag ni 'Abdu'l-Bahá na ang "musika, inaawit o tinutugtog, ay

espirituwal na pagkain para sa kaluluwa at puso".

80. O ye Men of Justice! ¶52

It has been elucidated in the writings of 'Abdu'l-Bahá and Shoghi Effendi that, while the membership of the Universal House of Justice is confined to men, both women and men are eligible for election to Secondary and Local Houses of Justice (currently designated as National and Local Spiritual Assemblies).

80. O kayong mga Tao ng Katarungan ¶52

Ipinaliwanag na sa mga kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá at Shoghi Effendi na, samantalang ang pagiging kaanib ng Universal House of Justice ay para sa mga lalake lamang, kapwa mga babae at mga lalake ay maaaring ihalal sa Sekondarya at Lokal na mga House of Justice (sa ngayon ay tinatawag na National at Local Spiritual Assemblies).

81. The penalties for wounding or striking a person depend upon the severity of the injury; for each degree the Lord of Judgment hath prescribed a certain indemnity. ¶56

While Bahá'u'lláh specified that the extent of the penalty depends upon *"the severity of the injury,"* there is no record of His having set out the details of the size of the indemnity with regard to each degree of offense. The responsibility to determine these devolves upon the Universal House of Justice.

81. Ang mga parusa sa pagsugat o sa paghampas sa isang tao ay nababatay sa kalubhaan ng pinsala; para sa bawat antas ang Panginoon ng Paghuhukom ay nag-atas ng isang tanging kabayaran. ¶56

Samantalang nililiwanag ni Bahá'u'lláh na ang tindi ng kaparusahan ay nababatay sa "kalubhaan ng pinsala", walang tala na Siya ay nagbigay ng mga detalye tungkol sa laki ng kabayaran na kaugnay ng bawat antas ng pagkakasala. Ang tungkulin ng pagpapasiya sa mga ito ay iniaatas Universal House of Justice.

82. Verily, it is enjoined upon you to offer a feast, once in every month ¶57

This injunction has become the basis for the holding of monthly Bahá'í festivities and as such constitutes the ordination of the Nineteen Day Feast. In the Arabic Bayán the Báb called upon His followers to gather together once every nineteen days to show hospitality and fellowship. Bahá'u'lláh here confirms this and notes the unifying role of such occasions.

82. Sa katunayan, iniatas sa inyo na maghandog ng isang kapistahan minsan sa isang buwan ¶57

Ang tagubilin na ito ay naging batayan para sa pagkakaroon ng isang pagdiriwang ng Bahá'í sa bawat buwan at kung gayon binubuo ang tadhana ng Nineteen Day Feast. Sa Bayán sa wikang Arabiko nananawagan ang Báb sa mga nananampalataya sa Kaniya na magsama-sama nang minsan sa labing-siyam na araw upang magpakita ng kagandahang-loob at pagkakaibigan. Ito ay pinagtibay ni Bahá'u'lláh dito at binaggit na ang gayong mga pagkakataon ay nagtataguyod sa pagkakaisa.

'Abdu'l-Bahá and Shoghi Effendi after Him have gradually unfolded the institutional significance of this injunction. 'Abdu'l-Bahá emphasized the importance of the spiritual and devotional character of these gatherings. Shoghi Effendi, besides further elaborating the devotional and social aspects of the Feast, has developed the administrative element of such gatherings and, in systematically instituting the Feast, has provided for a period of consultation on the affairs of the Bahá'í community, including the sharing of news and messages.

Si 'Abdu'l-Bahá at si Shoghi Effendi, pagkatapos Niya, ay unti-unting inilahad ang pang-institusyong kahalagahan ng tagubilin na ito. Binigyang-diin ni 'Abdu'l-Bahá ang kahalagahan ng espirituwal at madalanging katangian ng mga pagtitipong ito. Si Shoghi Effendi, bukod sa higit pang pagpapaliwanag sa mapanalangin at panlipunang bahagi ng Feast ay sinimulan ang pangasiwaang bahagi ng gayong mga pagtitipon at, sa maparaang pagtatatag ng Feast ay nagtadhana ng isang panahon para sa pagsasanggunian tungkol sa

mga gawain ng pamayanang Bahá'í, kasama ang pagpapaabot ng mga balita at mga mensahe.

In answer to a question as to whether this injunction is obligatory, Bahá'u'lláh stated it was not (Q&A 48). Shoghi Effendi in a letter written on his behalf further comments:

Bilang tugon sa isang katanungan kung ang kautusang ito ay sapilitan, sinabi ni Bahá'u'lláh na ito ay hindi sapilitan (K&K 48). Si Shoghi Effendi sa isang liham na isinulat sa kaniyang ngalan, bilang dagdag, ay nagsabi:

Attendance at Nineteen Day Feasts is not obligatory but very important, and every believer should consider it a duty and privilege to be present on such occasions.

Ang pagdalo sa mga Nineteen Day Feast ay hindi sapilitan ngunit napakahalaga, at bawat mananampalataya ay dapat isaalang-alang na ito ay isang tungkulin at tanging karapatan na makadalo sa gayong mga pagkakataon.

83. If ye should hunt with beasts or birds of prey, invoke ye the Name of God when ye send them to pursue their quarry; for then whatever they catch shall be lawful unto you, even should ye find it to have died. ¶60

83. Kung mangangaso kayo sa pamamagitan ng mga hayop o mga ibong mandaragit, tawagan mo ang Pangalan ng Diyos kapag itinaboy sila upang habulin ang kanilang tinutugis; sapagka't kung gayon, anuman ang kanilang mahuli ay magiging sang-ayon sa batas sa inyo, kahit na kung matagpuan ninyo itong namatay na. ¶60

By this law, Bahá'u'lláh greatly simplifies practices and religious regulations of the past relating to hunting. He has also stated that hunting with such weapons as bows and arrows, guns, and the like, is included in this ruling, but that the consumption of game if it is found dead in a trap or a net is prohibited (Q&A 24).

Sa pamamagitan ng batas na ito, lubhang pinadali ni Bahá'u'lláh ang mga gawain at mga pangrelihiyong alituntunin ng nakaraan tungkol sa pangangaso. Ipinahayag rin Niya na ang pangangaso sa pamamagitan ng gayong mga sandata tulad ng pana, baril at katulad nito, ay kasama sa panuntunang ito, ngunit ipinagbawal ang pagkain ng mga nahuling hayop kung natagpuan itong patay na sa isang patibong o lambat (K&K 24)

84. hunt not to excess ¶60

84. huwag kayong mangaso nang labis ¶60

While hunting is not forbidden by Bahá'u'lláh, He warns against excessive hunting. The Universal House of Justice will, in due course, have to consider what constitutes an excess in hunting.

Samantalang ang pangangaso ay hindi ipinagbabawal ni Bahá'u'lláh, nagbabala Siya laban sa labis na pangangaso. Ang Universal House of Justice, sa tamang panahon, ay isasaalang-alang kung ano ang bumubuo sa labis na pangangaso.

85. He hath granted them no right to the property of others. ¶61

85. hindi Niya sila binigyan ng karapatan sa ari-arian ng iba. ¶61

The injunction to show kindness to Bahá'u'lláh's kindred does not give them a share in the property of others. This is in contrast to Shí'ih Muslim practice, in which lineal descendants of Muḥammad are entitled to receive a share of a certain tax.

Ang tagubilin na magpakita ng kagandahang-loob sa angkan ni Bahá'u'lláh ay hindi nagbibigay sa kanila ng isang bahagi sa ari-arian ng iba. Ito ay naiiba sa kinagawian sa Shí'ih Muslim, kung saan ang mga inapo ng angkan ni Muhammad ay may karapatang tumanggap ng isang bahagi ng isang uri ng buwis.

86. Should anyone intentionally destroy a house by fire, him also shall ye burn; should anyone deliberately take another's life, him also shall ye put to death. ¶62

The law of Bahá'u'lláh prescribes the death penalty for murder and arson, with the alternative of life imprisonment (see note 87).

In His Tablets 'Abdu'l-Bahá explains the difference between revenge and punishment. He affirms that individuals do not have the right to take revenge, that revenge is despised in the eyes of God, and that the motive for punishment is not vengeance, but the imposition of a penalty for the committed offense. In *Some Answered Questions*, He confirms that it is the right of society to impose punishments on criminals for the purpose of protecting its members and defending its existence.

With regard to this provision, Shoghi Effendi in a letter written on his behalf gives the following explanation:

In the Aqdas Bahá'u'lláh has given death as the penalty for murder. However, He has permitted life imprisonment as an alternative. Both practices would be in accordance with His Laws. Some of us may not be able to grasp the wisdom of this when it disagrees with our own limited vision; but we must accept it, knowing His Wisdom, His Mercy and His Justice are perfect and for the salvation of the entire world. If a man were falsely condemned to die, can we not believe Almighty God would compensate him a thousandfold, in the next world, for this human injustice? You cannot give up a salutary law just because on rare occasions the innocent may be punished.

86. Sinuman ang sadyang manunog ng isang bahay, siya rin ay dapat ninyong sunugin; sinuman ang sadyang kumitil sa buhay ng iba, siya rin ay dapat ninyong kitilan ng buhay. ¶62

Ang batas ni Bahá'u'lláh ay nag-uutos ng kaparusahang kamatayan sa pagpatay at sadyang panununog, na maaaring mapalitan ng panghabang buhay na pagkabilanggo (tingnan ang tala 87).

Sa Kaniyang mga Tableta, ipinaliliwanag ni 'Abdu'l-Bahá ang kaibahan ng paghihiganti at kaparusahan. Pinagtitibay Niya na ang mga indibidwal ay walang karapatang maghiganti, na ang paghihiganti ay kinapopootan sa paningin ng Diyos, at ang layunin ng pagpaparusa ay hindi pagganti, kundi ang pagpataw ng isang parusa para sa ginawang pagkakasala. Sa Some Answered Questions, pinagtitibay Niya na karapatan ng lipunan na magpataw ng mga kaparusahan sa mga kriminal para sa layuning mapangalagaan ang mga kaanib nito at maipagtanggol ang pananatili ng buhay nito.

Tungkol sa itinadhanang ito, si Shoghi Effendi sa isang liham na isinulat sa ngalan niya ay nagbibigay ng sumusunod na paliwanag:

Sa Aqdas ipinataw ni Bahá'u'lláh ang kamatayan bilang parusa sa pagpatay. Gayunpaman, ipinahintulot Niya ang habang-buhay na pagkabilanggo bilang kapalit. Ang kapwa pamamaraan ay magiging sang-ayon sa Kaniyang mga Batas. Ilan sa atin ay maaaring hindi maunawaan ang wastong kadahilanan nito kung ito ay salungat sa ating sariling makitid na pananaw; ngunit dapat nating tanggapin ito, nababatid na ang Kaniyang Wastong Kadahilanan, ang Kaniyang Habag at ang Kaniyang Katarungan ay lubos at para sa kaligtasan ng buong daigdig. Kung ang isang tao ay maling nahatulan ng kamatayan, hindi ba natin mapapaniwalaan na ang Makapangyarihan sa Lahat na Diyos ay babayaran siya ng libong ulit, sa susunod na daigdig, para dito sa kawalang-katarungan na gawa ng tao? Hindi ninyo maaaring di-pairalin ang isang kapaki-pakinabang na batas dahilan lamang na sa bihirang pagkakataon ay maaaring maparusahan ang isang walang kasalanan.

The details of the Bahá'í law of punishment for murder and arson, a law designed for a future state of society, were not specified by Bahá'u'lláh. The various details of the law, such as degrees of offense, whether extenuating circumstances are to be taken into account, and which of the two prescribed punishments is to be the norm are left to the Universal House of Justice to decide in light of prevailing conditions when the law is to be in operation. The manner in which the punishment is to be carried out is also left to the Universal House of Justice to decide.

Ang mga detalye ng batas ng Bahá'í sa kaparusahan para sa pagpatay at panununog, isang batas na binalangkas para sa isang darating na kalagayan ng lipunan, ay hindi tiniyak ni Bahá'u'lláh. Ang iba't ibang detalye ng batas, tulad ng mga antas ng pagkakasala, kung ang mga may kinalamang pangyayari ay isasaalang-alang, at alin sa dalawang ipinag-uutos na mga kaparusahan ang dapat na maging pamantayan ay ibinibigay sa Universal House of Justice upang pagpasiyahan sang-ayon sa namamayaning mga kalagayan kapag ang batas ay isasagawa na. Ang paraan kung paano isasagawa ang kaparusahan ay ibinibigay din sa Universal House of Justice upang pagpasiyahan.

In relation to arson, this depends on what *"house"* is burned. There is obviously a tremendous difference in the degree of offense between the person who burns down an empty warehouse and one who sets fire to a school full of children.

Tungkol sa sadyang panununog, ito ay nasasalalay kung anong "bahay" ang sinunog. Maliwanag na may napakalaking pagkakaiba sa antas ng pagkakasala sa taong susunog ng isang walang lamang bodega at sa isang susunog ng isang paaralang puno ng mga bata.

87. Should ye condemn the arsonist and the murderer to life imprisonment, it would be permissible according to the provisions of the Book. ¶62

87. Kung hahatulan ninyo ang manununog at ang mamamatay-tao ng habang buhay na pagkabilanggo, ito ay pinahihintulutan sang-ayon sa mga itinadhana sa Aklat. ¶62

Shoghi Effendi, in response to a question about this verse of the Aqdas, affirmed that while capital punishment is permitted, an alternative, "life imprisonment," has been provided "whereby the rigors of such a condemnation can be seriously mitigated." He states that "Bahá'u'lláh has given us a choice and has, therefore, left us free to use our own discretion within certain limitations imposed by His law." In the absence of specific guidance concerning the application of this aspect of Bahá'í law, it remains for the Universal House of Justice to legislate on the matter in the future.

Pinagtibay ni Shoghi Effendi, bilang tugon sa katanungan tungkol sa bersikulong ito ng Aqdas, na samantalang ang kaparusahang kamatayan ay pinahihintulutan, isang mapagpipilian, ang "habang buhay na pagkabilanggo", ang itinadhana "upang ang mga paghihirap ng gayong hatol ay lubhang mababawasan". Sinasabi niya na "binigyan tayo ni Bahá'u'lláh ng mapagpipilian at sa gayon hinayaan tayong gamitin nang malaya ang ating sariling pasiya na saklaw ng ilang hangganang ipinasusunod ayon sa Kaniyang batas." Kung walang tiyak na patnubay tungkol sa pagpapasunod sa aspetong ito ng batas ng Bahá'í, nasa Universal House of Justice ang pagsasabatas sa bagay na ito sa hinaharap na panahon.

88. God hath prescribed matrimony unto you. ¶63

88. Iniutos sa inyo ng Diyos ang pag-aasawa. ¶63

Bahá'u'lláh, in one of His Tablets, states that God, in establishing this law, has made marriage *"a fortress for well-being and salvation."*

Si Bahá'u'lláh, sa isa sa Kaniyang mga Tableta, ay nagsabi na ang Diyos, sa pagtatatag ng batas na ito, ay ginawa ang pag-aasawa na

"isang muog para sa katiwasayan at kaligtasan".

The Synopsis and Codification, section IV.C.1.a.–o., summarizes and synthesizes the provisions in the Kitáb-i-Aqdas and Questions and Answers concerning marriage and the conditions under which it is permitted (Q&A 3, 13, 46, 50, 84, and 92), the law of betrothal (Q&A 43), the payment of the dowry (Q&A 12, 26, 39, 47, 87, and 88), the procedures to be adopted in the event of the prolonged absence of a spouse (Q&A 4 and 27), and sundry other circumstances (Q&A 12 and 47). (See also notes 89–99.)

Ang Lagom at Pagsasaayos, bahagi IV.C.I.a.–0., ay binubuod at pinag-iisa ang mga itinadhana sa Kitáb-i-Aqdas at sa Mga Katanungan at Kasagutan tungkol sa pag-aasawa at ang mga kalagayan na nagpapahintulot dito (K&K 3, 13, 46, 50, 84, at 92), at ang batas ng kasunduan sa pagpa-pakasal (K&K 43), ang pagbabayad ng dote (K&K 12, 26, 39, 47, 87, at 88), ang mga hakbang na dapat gawain kapag nangyari ang matagal na pagkawala ng asawa (K&K 4 at 27), at ang ibang sari-saring mga kalagayan (K&K 12 at 47). (Tingnan rin ang mga tala 89-99.)

89. Beware that ye take not unto yourselves more wives than two. Whoso contenteth himself with a single partner from among the maidservants of God, both he and she shall live in tranquillity. ¶63

89. Mag-ingat na hindi kayo kukuha para sa inyong sarili ng higit pa sa dalawang maybahay. Sinuman ang masiyahan sa iisang kabiyak mula sa mga babaing tagapaglingkod ng Diyos, kapwa siya at ang maybahay ay mamumuhay sa katiwasayan. ¶63

While the text of the Kitáb-i-Aqdas appears to permit bigamy, Bahá'u'lláh counsels that tranquillity and contentment derive from monogamy. In another Tablet, He underlines the importance of the individual's acting in such a way as to *"bring comfort to himself and to his partner."* 'Abdu'l-Bahá, the authorized Interpreter of the Bahá'í Writings, states that in the text of the Aqdas monogamy is in effect enjoined. He elaborates this theme in a number of Tablets, including the following:

Samantalang ang teksto ng Kitáb-i-Aqdas ay waring pinahihintulutan ang pagkakaroon ng dalawang asawa, nagpapayo si Bahá'u'lláh na ang kapanatagan at kasiyahan ay nagmumula sa pagkakaroon ng isang asawa lamang. Sa isa pang Tableta, ibinabatay Niya ang kahalagahan ng pagkilos ng isang tao sa gayong gawi na "makapagbibigay ng kaginhawahan sa kaniyang sarili at sa kaniyang kasama sa buhay". Si 'Abdu'l-Bahá, ang binigyang-kapangyarihang Tagapagpaliwanag ng mga Kasulatang Bahá'í, ay nagsasabi na sa teksto ng Aqdas ang pagkakaroon ng iisang asawa sa gayon ay iniuutos. Ipinaliliwanag Niya ang paksang ito sa ilang bilang ng mga Tableta, kasama ang sumusunod:

Know thou that polygamy is not permitted under the law of God, for contentment with one wife hath been clearly stipulated. Taking a second wife is made dependent upon equity and justice being upheld between the two wives, under all conditions. However, observance of justice and equity towards two wives is utterly impossible. The fact that bigamy has been made dependent upon an impossible condition is clear proof of its absolute prohibition. Therefore it is not permissible for a man to have more than one wife.

Alamin mo na ang pag-aasawa ng higit pa sa isa ay hindi pinahihintulutan sa batas ng Diyos, sapagka't ang kasiyahan sa iisang maybahay ay malinaw na itinadhana. Ang pagkuha ng pangalawang maybahay ay ginawang nababatay sa walang-kinikilingang pagkamakatao at pagkamakatarungan sa dalawang maybahay sa lahat ng pagkakataon. Datapuwa't ang pagsasakatuparan ng katarungan at walang-kinikilingan pagkamakatao sa dalawang maybahay ay ganap na hindi mangyayari. Ang katotohanan na ang pagkakaroon ng dalawang asawa ay ginawang nababatay sa isang di-maaaring

Polygamy is a very ancient practice among the majority of humanity. The introduction of monogamy has been only gradually accomplished by the Manifestations of God. Jesus, for example, did not prohibit polygamy, but abolished divorce except in the case of fornication; Muḥammad limited the number of wives to four, but making plurality of wives contingent on justice, and reintroducing permission for divorce; Bahá'u'lláh, Who was revealing His Teachings in the milieu of a Muslim society, introduced the question of monogamy gradually in accordance with the principles of wisdom and the progressive unfoldment of His purpose. The fact that He left His followers with an infallible Interpreter of His Writings enabled Him to outwardly permit two wives in the Kitáb-i-Aqdas but uphold a condition that enabled 'Abdu'l-Bahá to elucidate later that the intention of the law was to enforce monogamy.

mangyaring kalagayan ay malinaw na katibayan sa lubos na pagbabawal nito. Kung gayon, hindi pinahihintulutan ang isang lalake na magkaroon ng higit pa sa isang maybahay.

Ang pag-aasawa ng higit sa isa ay isang matandang kaugalian sa karamihan ng sangkatauhan. Ang pagsisimula ng pag-aasawa ng isa lamang ay unti-unting nagawa ng mga Kahayagan ng Diyos. Si Jesus, halimbawa, ay hindi ipinagbawal ang pagkakaroon ng maraming asawa, ngunit inalis ang diborsiyo maliban sa kaso ng pakikiagulo; itinakda ni Muhammad ang bilang ng mga asawa sa apat, ngunit ginawa ang pagkakaroon ng maraming asawa na nababatay sa katarungan, at pinairal na muli ang kapahintulutan sa diborsiyo; si Bahá'u'lláh, na ipinahahayag ang mga Turo Niya sa kalagayan ng lipunang Muslim, ay sinimulan ang paksa ng monogamiya nang unti-unti nang naaayon sa mga simulain ng wastong kadahilanan at ng papaunlad na paglalahad ng Kaniyang layunin. Ang katotohanan na nag-iwan Siya sa mga nananalig sa Kaniya ng isang hindi magkakamaling Tagapagpaliwanag ng Kaniyang mga Banal na Kasulatan ay nagbigay-daan na magawa Niyang waring nagpapahintulot, ng dalawang asawa sa Kitáb-i-Aqdas ngunit itinaguyod ang kalagayan upang magawa ni 'Abdu'l-Bahá na ipaliwanag sa dakong-huli na ang layunin ng batas ay ang isakatuparan ang monogamiya.

90. he who would take into his service a maid may do so with propriety ¶63

90. ang lalake na kukuha ng isang babaeng katulong upang maglingkod sa kaniya ay magagawa ito nang may kaangkupan ¶63

Bahá'u'lláh states that a man may employ a maiden for domestic service. This was not permissible under Shí'ih Muslim practice unless the employer entered into a marriage contract with her. Bahá'u'lláh emphasizes that the *"service"* referred to in this verse is solely *"such as is performed by any other class of servants, be they young or old, in exchange for wages"* (Q&A 30). An employer has no sexual rights over his maid. She is *"free to choose a husband at whatever time she pleaseth,"* for the purchase of women is forbidden (Q&A 30).

Sinasabi ni Bahá'u'lláh na ang isang lalake ay maaaringkumuha ng mamamasukang babae para sa pantahanang paglilingkod. Ito ay hindi pinahihintulutan sa ilalim ng kaugalian ng Shí'ih Muslim hangga't ang pinaglilingkuran ay hindi nagpa-pakasal sa kaniya. Binigyang-diin ni Bahá'u'lláh na ang "paglilingkod" na tinutukoy sa bersong ito ay para lamang "sa gayong gawain nasa paglilingkod tulad ng ginagawa ng anumang uri ng mga tagapaglingkod, maging sila ay bata o matanda, na may kapalit na sahod" (K&K 30). Ang isang pinaglilingkuran ay walang sekswal na karapatan sa kaniyang tagapaglingkod na babae. Siya ay "malayang pumili ng asawa sa anumang oras na nanaisin

niya", sapagka't ang pagbili ng mga babae ay ipinagbabawal (K&K 30).

91. This is My bidding unto you; hold fast to it as an assistance to yourselves. ¶63

91. Ito ang Aking utos sa inyo; mangapit nang mahigpit dito bilang tulong sa inyong mga sarili. ¶63

While marriage is enjoined in the Kitáb-i-Aqdas, Bahá'u'lláh clarifies that it is not obligatory (Q&A 46). Shoghi Effendi, in a letter written on his behalf, also declared that "marriage is by no means an obligation," and he affirmed that "in the last resort it is for the individual to decide whether he wishes to lead a family life or live in a state of celibacy." If a person has to wait a considerable period of time before finding a spouse, or ultimately must remain single, it does not mean that the individual is thereby unable to fulfill his or her life's purpose, which is fundamentally spiritual.

Bagaman ang pag-aasawa ay iniuutos sa Kitáb-i-Aqdas, nilinaw ni Bahá'u'lláh na hindi ito sapilitan (K&K 46). Si Shoghi Effendi, sa isang liham na isinulat sa kaniyang ngalan, ay nagpahayag din na "ang pag-aasawa sa anumang gawi ay hindi sapilitan", at pinagtibay niya na "sa dakong huli nasa sa tao ang pagpapasiya kung ninanais niyang mag-karoon ng isang buhay na may pamilya o mamuhay sa kalagayang walang asawa". Kung ang isang tao ay mag-hintay ng isang mahabang panahon bago makatagpo ng asawa, o sa katapusan ay dapat manatiling walang asawa hindi ito nangangahulugan na ang isang tao kung magkagayon ay hindi nagawang tuparin ang kaniyang layunin sa buhay, na ang pangunahing simulain ay espiritwal.

92. We have conditioned it … upon the permission of their parents ¶65

92. ibinatay Namin ito . . . sa pahintulot ng kanilang mga magulang ¶65

In a letter written on his behalf, Shoghi Effendi has commented on this provision of the law:

Sa isang liham na isinulat sa ngalan niya, tinalakay ni Shoghi Effendi ang itinadhanang pangangailangan ng batas na ito:

Bahá'u'lláh has clearly stated the consent of all living parents is required for a Bahá'í marriage. This applies whether the parents are Bahá'ís or non-Bahá'ís, divorced for years or not. This great law He has laid down to strengthen the social fabric, to knit closer the ties of the home, to place a certain gratitude and respect in the hearts of the children for those who have given them life and sent their souls out on the eternal journey towards their Creator.

Malinaw na ipinahayag ni Bahá'u'lláh na kailangan ang pahintulot ng lahat ng nabubuhay na magulang para sa isang Bahá'í na pagpapakasal. Ito ay may bisa kahiman ang mga magulang ay mga Bahá'í o hindi, matagal nang diborsiyo o hindi. Ang dakilang batas na ito ay ipinataw Niya upang palakasin ang balangkas ng lipunan, upang lalong magkasama ang mga bigkis sa tahanan, upang magbigay ng isang tiyak na pasasalamat at pagpipitagan sa mga puso ng mga anak doon sa nagbigay sa kanila ng buhay at pinasulong ang kanilang mga kaluluwa doon sa walang hanggang paglalakbay patungo sa Maylikha sa kanila.

93. No marriage may be contracted without payment of a dowry ¶66

93. Walang kasal ang maaaring isagawa nang hindi nagbabayad ng dote ¶66

The Synopsis and Codification, section IV.C.1.j.i.–v., summarizes the main provisions concerning the dowry. These provisions have their antecedents in the Bayán.

Binuod ng Lagom at Pagsasaayos, bahagi IV.C.I.j.i.–v., ang pangunahing mga itinadhana tungkol sa dote. Ang mga pinagmulan ng mga tadhanang ito ay nasa Bayán.

The dowry is to be paid by the bridegroom to the bride. It is fixed at 19 mithqáls of pure gold for city dwellers, and 19 mithqáls of silver for village dwellers (see note 94). Bahá'u'lláh indicates that, if, at the time of the wedding, the bridegroom is unable to pay the dowry in full, it is permissible for him to issue a promissory note to the bride (Q&A 39).

Ang dote ay dapat ibayad ng nobyo sa nobya. Ito ay nakatakda sa 19 na mithqál ng purong ginto para sa mga taga-lunsod, at 19 na mithqál ng pilak para sa taga-nayon (tingnan ang tala 94). Sinasabi ni Bahá'u'lláh na, kung sa oras ng kasalan, hindi magawang bayaran nang buo ng nobyo ang dote, pinahihintulutan siyang magbigay ng isang nakasulat ng pangako sa nobya (K&K 39).

With the Revelation of Bahá'u'lláh many familiar concepts, customs and institutions are redefined and take on new meaning. One of these is the dowry. The institution of dowry is a very ancient practice in many cultures and takes many forms. In some countries it is a payment made by the parents of the bride to the bridegroom; in others it is a payment made by the bridegroom to the parents of the bride, called a "bride-price." In both such cases the amount is often quite considerable. The law of Bahá'u'lláh abolishes all such variants and converts the dowry into a symbolic act whereby the bridegroom presents a gift of a certain limited value to the bride.

Sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh muling niliwanag at binigyan ng bagong kahulugan ang maraming kilalang mga konsepto, mga kaugalian at mga institusyon. Ang isa dito ay ang dote. Ang institusyon ng dote ay isang napakatandang kaugalian sa maraming mga kultura at mayroong maraming kaparaanan. Sa ilang mga bansa ito ay isang kabayaran na ibinibigay ng mga magulang ng nobya sa nobyo; sa iba ito ay kabayaran na ibinibigay ng nobyo sa mga magulang ng nobya, tinatawag na "isang halaga ng nobya". Sa kapwa mga pangyayari ang halaga kalimitan ay may kalakihan. Inalis ng batas ni Bahá'u'lláh ang lahat ng gayong mga iba-ibang anyo at ginawa ang dote na isang makahulugang kilos sa pamamagitan ng pagbibigay ng nobyo ng isang handog sa nobya ng isang maliit na natatakdang halaga.

94. for city dwellers at nineteen mithqáls of pure gold, and for village dwellers at the same amount in silver ¶66

94. na itinakda sa labinsiyam na mithqál ng dalisay na ginto para sa mga naninirahan sa lunsod, at sa gayunding halaga ng pilak para sa mga naninirahan sa mga nayon ¶66

Bahá'u'lláh specifies that the criterion for determining the dowry payment is the location of the permanent residence of the bridegroom, not of the bride (Q&A 87, 88).

Tinitiyak ni Bahá'u'lláh na ang batayan para mapag-pasiyahan ang kabayaran ng dote ay ang pook ng pirmihang tirahan ng nobyo, hindi ng nobya (K&K 87, 88).

95. Whoso wisheth to increase this sum, it is forbidden him to exceed the limit of ninety-five mithqáls … If he content himself, however, with a payment of the lowest level, it shall be better for him according to the Book. ¶66

95. Sinuman ang nagnanais na dagdagan ang halagang ito, ipinagbabawal sa kaniya na lampasan ang nakatakdang siyamnapu't limang mithqál … Datapuwa't kung masisiyahan siya sa kabayaran ng pinakamababang halaga, ito ay higit na makabubuti sa kaniya sang-ayon sa Aklat. ¶66

In answer to a question about the dowry, Bahá'u'lláh stated:

Bilang tugon sa isang katanungan tungkol sa dote, sinabi ni Bahá'u'lláh:

Whatever is revealed in the Bayán, in respect to those residing in cities and villages, is approved and should be carried out. However, in the Kitáb-i-Aqdas mention is made of the lowest level. The intention is

Anuman ang ipinahayag sa Bayán, tungkol doon sa mga naninirahan sa mga lunsod at mga nayon, ay pinahihintulutanpinagtibay at dapat

nineteen mithqáls of silver, specified in the Bayán for village dwellers. This is more pleasing unto God, provided the two parties agree. The purpose is to promote the comfort of all, and to bring about concord and union among the people. Therefore, the greater the consideration shown in these matters the better it will be ... The people of Bahá must associate and deal with each other with the utmost love and sincerity. They should be mindful of the interests of all, especially the friends of God.

isagawa. Gayunpaman, binanggit sa Kitáb-i-Aqdas ang pinakamababang halaga. Ang layunin ay labing siyam na mithqál ng pilak, na itinakda sa Bayán para sa mga taga-nayon. Ito ay higit na kasiya-siya sa Diyos, kung ang dalawang panig ay sumang-ayon. Ang layunin ay ang itaguyod ang kaginhawahan ng lahat, at maging dahilan ng pagkakasundo at pagkakaisa ng mga tao. Kung gayon, ang higit na pagpapakita ng pagsasaalang-alang sa mga bagay na ito ay higit na makabubuti … Ang mga tao ng Bahá ay dapat makisalamuha at makisama sa isa't isa nang mayroong sukdulang pagmamahal at katapatan. Dapat nilang isaalang-alang ang kapakanan ng lahat, lalo na ang mga kaibigan ng Diyos.

'Abdu'l-Bahá, in one of His Tablets, summarized some of the provisions for determining the level of the dowry. The unit of payment mentioned in the extract, cited below, is the "váḥid." One váḥid is equivalent to nineteen mithqáls. He stated:

Si 'Abdu'l-Bahá, sa isa sa Kaniyang mga Tableta ay binuod ang ilang mga itinadhana sa pagpapasiya ng halaga ng dote. Ang pamantayan ng bayad na binanggit sa halaw, na sinipi sa ibaba, ay ang "váhid". Ang isang váhid ay may katumbas na labinsiyam na mithqál. Sinabi niya:

City dwellers must pay in gold and village dwellers in silver. It dependeth on the financial means at the disposal of the groom. If he is poor, he payeth one váḥid; if of modest means, he payeth two váḥids; if well-to-do, three váḥids; if wealthy, four váḥids; and if very rich, he giveth five váḥids. It is, in truth, a matter for agreement between the bridegroom, the bride, and their parents. Whatever agreement is reached should be carried out.

Ang mga taga-lunsod ay dapat magbayad sa ginto at ang mga taga-nayon ay sa pilak. Ito ay nasasalalay sa kakayahan sa pananalapi na maibibigay ng nobyo. Kung siya ay mahirap, siya ay magbabayad ng isang váhid; kung may katamtamang kayamanan, magba-bayad siya ng dalawang váhid; kung may malaki-laking kayamanan, tatlong váhid; kung mayaman, apat na váhid; at kung napakayaman siya ay magbibigay ng limang váhid. Ito, sa katotohanan, ay isang bagay na dapat pagkasunduan ng nobyo, ng nobya, at ng kanilang mga magulang. Anuman ang mapagkayariang kasun-duan ay dapat isagawa.

In this same Tablet, 'Abdu'l-Bahá encouraged the believers to refer questions concerning the application of this law to the Universal House of Justice, which has *"the authority to legislate."* He stressed that *"it is this body which will enact laws and legislate upon secondary matters which are not explicit in the Holy Text."*

Sa Tableta ring ito, hinikayat ni 'Abdu'l-Bahá ang mga mana-nampalataya na isangguni ang mga katanungan tungkol sa pagpapairal ng batas na ito sa Universal House of Justice, na may "kapangyarihang gumawa ng batas". Binigyang-diin Niya na "ito ang lupon na magsasagawa ng mga batas at magpapasiya sa mga di-pangunahing bagay na hindi malinaw sa Banal na Teksto".

96. should any one of His servants intend to travel, he must fix for his wife a time when he will return home ¶67

96. kung sinuman sa mga tagapaglingkod Niya ang may balak na maglakbay, dapat niyang itakda sa kaniyang maybahay kung kailan ang kaniyang pag-uwi ¶67

If the husband leaves without informing his wife of the date of his return, and no news of him reaches her and all trace of him is lost, Bahá'u'lláh has stated that, should the husband have been aware of the law prescribed in the Kitáb-i-Aqdas, the wife may remarry after waiting a full year. If, however, the husband was unaware of the law, the wife must wait until news of her husband reaches her (Q&A 4).

Kung ang asawa ay aalis nang hindi sinasabi sa kaniyang maybahay ang petsa ng kaniyang pagbabalik, at walang balita tungkol sa kaniya ang makaaabot sa maybahay at lahat ng bakas niya ay mawawala, sinabi ni Bahá'u'lláh na kung nalalaman ng asawa ang batas na itinadhana sa Kitáb-i-Aqdas, ang maybahay ay maaaring mag-asawang muli matapos ang paghihintay ng isang taong singkad. Ngunit kung hindi nalalaman ng asawa ang batas, ang maybahay ay dapat maghintay hanggang may balitang makarating tungkol sa kaniyang asawa (K&K 4).

97. it behooveth her to wait for a period of nine months, after which there is no impediment to her taking another husband ¶67

97. nararapat sa maybahay na maghintay sa loob ng siyam na buwan, na pagkatapos nito ay walang makahahadlang sa kaniya upang makipag-isang dibdib sa iba ¶67

In the event of the husband's failure, either to return at the end of the specified period of time or to notify his wife of a delay, the wife must wait nine months, after which she is free to remarry, though it is preferable for her to wait longer (see note 147 for the Bahá'í calendar).

Sa pangyayaring mabigo ang asawa, alinman sa pagbabalik sa katapusan ng itinakdang panahon o pasabihan ang kaniyang maybahay ng isang pagkabalam, ang maybahay ay dapat maghintay ng siyam na buwan, na pagkatapos ay malaya siyang makapag-aasawang muli, ngunit lalong mabuti kung siya ay maghintay nang mas matagal (tingnan ang tala 147 sa kalendaryong Bahá'í).

Bahá'u'lláh states that, in such circumstances, should news reach the wife of *"her husband's death or murder,"* she must also wait nine months, prior to remarrying (Q&A 27). 'Abdu'l-Bahá, in a Tablet, has further clarified that the nine months' waiting period following news of the husband's death applies only if the husband had been away at the time of his death, and not if he dies while at home.

Ipinahahayag ni Bahá'u'lláh na sa gayong mga pangyayari, kung ang balita ay makarating sa maybahay ng "pagkamatay ng kaniyang asawa o pagpatay dito", siya ay dapat ring maghintay ng siyam na buwan, bago mag-asawang muli (K&K 27). Si 'Abdu'l-Bahá, sa isang Tableta, ay nilinaw pa na ang siyam na buwan na panahon ng paghihintay kasunod ng balita ng pagkamatay ng kaniyang asawa ay may bisa lamang kung ang asawa ay nasa malayo nang siya ay mamatay, at hindi kung siya ay namatay sa tahanan.

98. she should choose the course that is praiseworthy ¶67

98. dapat niyang piliin ang hakbang na kapuri-puri ¶67

Bahá'u'lláh defines *"the course that is praiseworthy"* as *"the exercise of patience"* (Q&A 4).

Ipinaliwanag ni Bahá'u'lláh na "ang hakbang na kapuri-puri" ay "ang pagsasagawa ng pagtitiyaga" (K&K 4).

99. two just witnesses ¶67

99. dalawang makatarungang saksi ¶67

Bahá'u'lláh sets out *"the criterion of justness"* in relation to witnesses as *"a good reputation among the people."* He states that it is not necessary that the witnesses should be Bahá'ís since *"The testimony of*

Ipinahayag ni Bahá'u'lláh "ang batayan ng pagkamakata-rungan" kaugnay sa mga saksi na may "mabuting pagkaka-kilala sa mga tao". Sinasabi Niya na ang mga saksi ay hindi

all God's servants, of whatever faith or creed, is acceptable before His Throne" (Q&A 79).

kailangan na mga Bahá'í ang mga saksi dahilan sa "Ang patunay ng lahat ng tagapaglingkod ng Diyos, anuman ang pana-nampalataya o paniniwalang doktrina, ay tinatanggap sa harap ng Kaniyang Trono" (K&K 79).

100. Should resentment or antipathy arise between husband and wife, he is not to divorce her but to bide in patience throughout the course of one whole year ¶68

100. Kung magkaroon ng paghihinanakitan o pagkamuhi sa pagitan ng asawa at ng kaniyang may-bahay, hindi dapat diborsiyohin ng lalake ang babae kundi dapat maghintay nang matiyaga hanggang sa matapos ang isang taong singkad ¶68

Divorce is strongly condemned in the Bahá'í Teachings. If, however, antipathy or resentment develop between the marriage partners, divorce is permissible after the lapse of one full year. During this year of patience, the husband is obliged to provide for the financial support of his wife and children, and the couple is urged to strive to reconcile their differences. Shoghi Effendi affirms that both the husband and wife "have equal right to ask for divorce" whenever either partner "feels it absolutely essential to do so."

Ang diborsiyo ay malubhang isinusumpa sa mga Turo ng Bahá'í. Ngunit, kung ang pagkapoot o hinanakit ay mangyari sa pagitan ng mag-asawa, ang diborsiyo ay pinahi-hintulutan matapos ang paglipas ng isang buong taon. Sa loob ng taon ng pagtitiyaga na ito, tungkulin ng asawa na tustusan ang pangangailangan ng kaniyang maybahay at mga anak, at ang mag-asawa ay hinihimok na magsikap upang pagkasunduin ang kanilang mga alitan. Pinagtitibay ni Shoghi Effendi na kapwa ang asawa at maybahay "ay may pantay na karapatan upang humingi ng diborsiyo" kailanman ang alinman sa mag-asawa ay maramdamang ganap na kailangang gawain iyon".

In Questions and Answers, Bahá'u'lláh elaborates a number of issues concerning the year of patience, its observance (Q&A 12), establishing the date of its beginning (Q&A 19 and 40), the conditions for reconciliation (Q&A 38), and the role of witnesses and the Local House of Justice (Q&A 73 and 98). In relation to the witnesses, the Universal House of Justice has clarified that in these days the duties of the witnesses in cases of divorce are performed by the Spiritual Assemblies.

Sa Mga Katanungan at Kasagutan, ipinaliliwanag nang lubos ni Bahá'u'lláh ang ilang bilang ng mga paksa tungkol sa taon ng pagtitiyaga, ang pagsasagawa nito (K&K 12), pagtatakda ng petsa ng simula nito (K&K 19 & 40), ang mga kondisyon sa muling pagkakasundo (K&K 38), at ang bahagi ng mga saksi at ng Local House of Justice (K&K 73 & 98). Tungkol sa mga saksi, nilinaw ng Universal House of Justice na sa mga araw na ito ang mga tungkulin ng mga saksi sa mga kaso ng diborsiyo ay ginagampanan ng mga Spiritual Assembly.

The detailed provisions of the Bahá'í laws on divorce are summarized in the Synopsis and Codification, section IV.C.2.a.–i.

Ang madetalyeng mga tadhana ng mga batas ng Bahá'í sa diborsiyo ay binuod sa Lagom at Pagsasaayos, bahagi IV.C.2.a.–i.

101. The Lord hath prohibited … the practice to which ye formerly had recourse when thrice ye had divorced a woman. ¶68

101. Ipinagbabawal ng Panginoon … ang kaugalian na datihan ninyong ginagawa kapag inyong diniborsiyo nang tatlong ulit ang isang babae. ¶68

This relates to a law of Islám set out in the Qur'án which decreed that under certain conditions a man could not remarry his divorced wife

Ito ay may kaugnayan sa batas ng Islám na nasusulat sa Qur'án na nag-uutos na sa ilalim

unless she had married and been divorced by another man. Bahá'u'lláh affirms that this is the practice which has been prohibited in the Kitáb-i-Aqdas (Q&A 31).

ng ilang mga kalagayan ang isang lalake ay hindi maaaring pakasalang muli ang kaniyang diniborsiyong maybahay hanggang hindi siya nag-asawa at diniborsiyo ng ibang lalake. Pinagtitibay ni Bahá'u'lláh na ang kaugaliang ito ang ipinagbabawal sa Kitáb-i-Aqdas (K&K 31).

102. He who hath divorced his wife may choose, upon the passing of each month, to remarry her when there is mutual affection and consent, so long as she hath not taken another husband … unless, clearly, her circumstances change. ¶68

102. Siya na diniborsiyo ang kaniyang maybahay ay maaaring piliin, sa paglipas ng bawat buwan, na muling pakasalan siya kung mayroong pagmamahal sa isa't isa at pagsang-ayon, hangga't hindi pa nakikipag-isang dibdib sa iba ang maybahay … hangga't malinaw na ang kaniyang kalagayan ay nagbago. ¶68

Shoghi Effendi states, in a letter written on his behalf, that the intention of "the passing of each month" is not to impose a limitation, and that it is possible for a divorced couple to remarry at any time after their divorce, so long as neither party is currently married to another person.

Sinasabi ni Shoghi Effendi, sa isang liham na isinulat sa kaniyang ngalan, na ang layunin ng "paglipas ng bawat buwan" ay hindi upang magpataw ng isang pagtatakda, at maaaring mangyari sa nagdiborsiyong mag-asawa na muling magpakasal sa anumang oras matapos ang kanilang diborsiyo, hangga't ang alinmang panig ay hindi nakakasal sa ibang tao.

103. semen is not unclean ¶74

103. ang tamod ay hindi marumi ¶74

In a number of religious traditions and in Shí'ih Muslim practice semen has been declared ritually unclean. Bahá'u'lláh has here dispelled this concept. See also note 106 below.

Sa ilang bilang ng mga pangrelihiyong tradisyon at sa kaugaliang Shí'ih Muslim ang tamod ay ipinahayag na ritwal na hindi malinis. Iwinawaksi ni Bahá'u'lláh dito ang konsepto na ito. Tingnan rin ang tala 106 sa ibaba.

104. Cleave ye unto the cord of refinement ¶74

104. Mangapit kayo sa kurdon ng pagiging pino ¶74

'Abdu'l-Bahá refers to the effect of *"purity and holiness, cleanliness and refinement"* on the exaltation of *"the human condition"* and *"the development of man's inner reality."* He states: *"The fact of having a pure and spotless body exercises an influence upon the spirit of man."* (See also note 74.)

Tinutukoy ni 'Abdu'l-Bahá ang bisa ng "kadalisayan at kabanalan, kalinisan at pagiging pino" sa pagdadakila ng "kalagayan ng tao" at sa "pag-unlad ng panloob na tunay na kalikasan ng tao". Sinasabi Niya: "Ang katotohanan ng pagkakaroon ng isang dalisay at walang batik na katawan ay may bisa sa espiritu ng tao." (Tingnan rin ang tala 74.)

105. Wash ye every soiled thing with water that hath undergone no alteration in any one of the three respects ¶74

105. Hugasan ninyo ang bawat maruming bagay sa tubig na hindi nagkaroon ng pagbabago sa alinman sa isa sa tatlong paraan ¶74

The *"three respects"* referred to in this verse are changes in the color, taste or smell of the water. Bahá'u'lláh provides additional guidance concerning pure water and the point at which it is considered unsuitable for use (Q&A 91).

Ang "tatlong paraan" na tinutukoy sa bersikulong ito ay ang mga pagbabago sa kulay, lasa o amoy ng tubig. Nagbibigay si Bahá'u'lláh ng karagdagang patnubay tungkol sa dalisay na tubig at ang kalagayan kung

kailan ipinapalagay na hindi na ito nararapat gamitin (K&K 91).

106. God hath … abolished the concept of "uncleanness," whereby divers things and peoples have been held to be impure. ¶75

106. ...ang Diyos … ay inalis ang konsepto tungkol sa "di-kalinisan", na kung saan ang iba-ibang mga bagay at mga tao ay ipinapalagay na hindi malinis. ¶75

The concept of ritual "uncleanness," as understood and practiced in some tribal societies and in the religious communities of certain earlier Dispensations, has been abolished by Bahá'u'lláh. He states that through His Revelation *"all created things were immersed in the sea of purification."* (See also notes 12, 20, and 103.)

Winaksi ni Bahá'u'lláh ang konsepto ng ritwal na "di-kalinisan", tulad ng pagkaunawa at ginagawa ng ilang mga pangtribong lipunan at sa mga pangrelihiyong pamayanan ng ilang naunang mga Dispensasyon. Sinasabi Niya na sa pamamagitan ng Kaniyang Rebelasyon "lahat ng nilalang na bagay ay inilubog sa karagatan na nagdadalisay". (Tingnan rin ang mga tala 12, 20 at 103.)

107. first day of Riḍván ¶75

107. unang araw ng Ridván ¶75

This is a reference to the arrival of Bahá'u'lláh and His companions in the Najíbíyyih Garden outside the city of Baghdád, subsequently referred to by the Bahá'ís as the Garden of Riḍván. This event, which took place thirty-one days after Naw-Rúz, in April 1863, signalized the commencement of the period during which Bahá'u'lláh declared His Mission to His companions. In a Tablet, He refers to His Declaration as *"the Day of supreme felicity"* and He describes the Garden of Riḍván as *"the Spot from which He shed upon the whole of creation the splendors of His Name, the All-Merciful."* Bahá'u'lláh spent twelve days in this Garden prior to departing for Istanbul, the place to which He had been banished.

Ito ay isang pagtukoy sa pagdating ni Bahá'u'lláh at ng Kaniyang mga kasamahan sa Hardin ng Najíbíyyih sa labas ng lunsod ng Baghdád, na sa dakong huli ay tinawag ng mga Bahá'í na Hardin ng Ridván. Ang pangyayaring ito, na naganap makalipas ang tatlumpu't isang araw pagkatapos ng Naw-Rúz, noong Abril 1863, ang nagtanda sa pagsisimula ng panahon nang ipahayag ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang Misyon sa Kaniyang mga kasamahan. Sa isang Tableta, tinutukoy Niya ang Kaniyang Pagpapahayag bilang "ang Araw ng sukdulang kaligayahan" at inilalarawan Niya ang Hardin ng Ridván na "ang Pook na kung saan isinabog Niya sa buong sangnilikha ang mga karingalan ng Kaniyang Pangalan, ang Mahabagin sa Lahat". Labindalawang araw ang ginugol ni Bahá'ulláh sa Hardin na ito bago nagtungo sa Istanbul, ang lugar na pinagtapunan sa Kaniya.

The Declaration of Bahá'u'lláh is celebrated annually by the twelve-day Riḍván Festival, described by Shoghi Effendi as "the holiest and most significant of all Bahá'í festivals" (see notes 138 and 140).

Ang Pagpapahayag ni Bahá'u'lláh ay ipinagdiriwang taon-taon sa pamamagitan ng labindalawang araw ng Pagdiriwang ng Ridván, na inilarawan ni Shoghi Effendi bilang ang "pinakabanal at pinakamahalaga sa lahat ng mga pagdiriwang ng Bahá'í" (tingnan ang mga tala 138 at 140).

108. the Bayán ¶77

108. sa Bayán ¶77

The Bayán, the Mother Book of the Bábí Dispensation, is the title given by the Báb to His Book of Laws, and it is also applied to the entire body of His Writings. The Persian Bayán is the major doctrinal work and principal repository of the laws ordained by the Báb. The Arabic Bayán is parallel in content but smaller and less weighty. When describing the Persian Bayán in God Passes By Shoghi Effendi indicated that it should

Ang Bayán, ang Inang Aklat ng Dispensasyong Bábí, ang pamagat na ibinigay ng Báb sa Kaniyang Aklat ng mga Batas, at ito ay tumutukoy rin sa kabuuan ng Kaniyang mga Akda. Ang Bayán sa wikang Persiyano ay ang pinakamahalang pang-doktrinang akda at

be regarded "primarily as a eulogy of the Promised One rather than a code of laws and ordinances designed to be a permanent guide to future generations".

pangunahing sisidlan ng mga batas na iniutos ng Báb. Ang Bayán sa wikang Arabiko ay kaagapay sa nilalaman nito subalit mas maikli at hindi kapantay ang timbang. Sa paglalarawan ng Bayán sa w ikang Persiyano sa God Passes By sinabi ni Shoghi Effendi na ito ay dapat ipalagay na "unang-una bilang isang mataas na papuri sa Siya na Ipinangako sa halip na isang talaan ng mga batas at patakaran na binalangkas upang maging gabay sa darating na mga salinlahi".

'Abdu'l-Bahá has written: *"The Bayán hath been superseded by the Kitáb-i-Aqdas, except in respect of such laws as have been confirmed and mentioned in the Kitáb-i-Aqdas."*

Isinulat ni 'Abdu'l-Bahá: "Ang Bayán ay hinalinhan ng Kitáb-i-Aqdas, maliban doon sa gayong mga batas na pinagtibay at binanggit sa Kitáb-i-Aqdas."

109. the destruction of books ¶77

109. sa pagsira ng mga aklat ¶77

In the Tablet of Ishráqát Bahá'u'lláh, referring to the fact that the Báb had made the laws of the Bayán subject to His sanction, states that He put some of the Báb's laws into effect *"by embodying them in the Kitáb-i-Aqdas in different words,"* while others He set aside.

Sa Tableta ng Ishráqát sinabi ni Bahá'u'lláh, sa pagtukoy sa katotohanan na ginawa ng Báb ang mga batas sa Bayán na nasasalalay sa Kaniyang kapahintulutan, na pinaiiral Niya ngayon ang ilan sa mga batas ng Báb "sa pamamagitan ng paglalangkap ng mga iyon sa Kitáb-i-Aqdas sa ibang mga salita", samantalang ang iba ay isinaisang tabi Niya.

With regard to the destruction of books, the Bayán commanded the Báb's followers to destroy all books except those that were written in vindication of the Cause and Religion of God. Bahá'u'lláh abrogates this specific law of the Bayán.

Tungkol sa pagsira ng mga aklat, ipinag-utos ng Bayán sa mga sumusunod sa Báb na sirain ang lahat ng mga aklat maliban doon sa mga isinulat bilang pagtatanggol sa Kapakanan at Pananampalata ng Diyos. Pinawalang-bisa ni Bahá'u'lláh ang natatanging batas na ito ng Bayán.

As to the nature and severity of the laws of the Bayán, Shoghi Effendi in a letter written on his behalf provides the following comment:

Tungkol sa kalikasan at kahigpitan ng mga batas ng Bayán, si Shoghi Effendi, sa isang liham na isinulat sa ngalan niya, ay nagbigay ng sumusunod na komentaryo:

The severe laws and injunctions revealed by the Báb can be properly appreciated and understood only when interpreted in the light of His own statements regarding the nature, purpose and character of His own Dispensation. As these statements clearly reveal, the Bábí Dispensation was essentially in the nature of a religious and indeed social revolution, and its duration had therefore to be short, but full of tragic events, of sweeping and drastic reforms. Those drastic measures enforced by the Báb and His followers were taken with the view of undermining the very foundations of Shí'ih orthodoxy, and thus paving the way for the coming of Bahá'u'lláh. To assert the independence of the new Dispensation, and to prepare also the ground for the approaching Revelation of Bahá'u'lláh, the Báb had therefore to reveal very severe laws, even though most of them were never enforced. But the mere fact that He revealed them was in itself a proof of the independent character of His Dispensation and was sufficient to create such widespread

Ang mahigpit na mga batas at tagubilin na ipinahayag ng Báb ay maaaring pahalagahan nang nararapat at mauunawaan lamang kapag ipinaliwanag sa pamamagitan ng Kaniyang sariling mga pangungusap tungkol sa kalikasan, layunin at katangian ng Kaniyang sariling Dispensasyon. Tulad ng malinaw na ipinahayag ng mga salitang ito, ang Dispensasyon ng Bábí ay talagang nasa kalikasan ng isang pangrelihiyon at sa katunayan ay isang panlipunang rebolusyon, at ang panahon nito, kung gayon ay kailangang maging maikli, ngunit tigib ng kalunos-lunos na mga pangyayari, ng malawak at marahas na pagbabago. Ang mararahas na hakbang na pinairal ng Báb at ng mga sumusunod sa

agitation, and excite such opposition on the part of the clergy that led them to cause His eventual martyrdom.

Kaniya ay ginawa nang may layuning buwagin ang mga pinaka-saligan ng umiiral na relihiyong Shí'ih at sa gayon ay ihanda ang landas para sa pagdating ni Bahá'u'lláh. Upang igiit ang kalayaan ng bagong Dispensasyon, at upang ihanda rin ang landas sa papalapit na Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, ang Báb, samakatuwid ay kailangang magpahayag ng lubhang mararahas na batas, kahima't ang marami doon ay hindi kailanman naisakatuparan. Ngunit sa pangyayari lamang na ipinahayag Niya ang mga iyon ay isang katibayan na mismo ng pagkakaroon ng isang malayang katangian ng Kaniyang Dispensasyon at nakasapat upang lumikha ng isang malawak na kaguluhan, at upang gisingin ang gayong pagsalungat sa panig ng kleriko na nagbulid sa kanila sa dakong huli na isagawa ang Kaniyang pagmamartir.

110. We have permitted you to read such sciences as are profitable unto you, not such as end in idle disputation ¶77

110. Pinahihintulutan Namin kayo na basahin ang gayong mga agham na kapaki-pakinabang sa inyo, hindi yaong nagwawakas sa walang saysay na pagtatalo ¶77

The Bahá'í Writings enjoin the acquisition of knowledge and the study of the arts and sciences. Bahá'ís are admonished to respect people of learning and accomplishment, and are warned against the pursuit of studies that are productive only of futile wrangling.

Iniuutos ng mga Kasulatang Bahá'í ang pagtatamo ng kaalaman at ang pag-aaral ng mga sining at agham. Pinapaalalahanan ang mga Bahá'í na igalang ang mga taong may pinag-aralan at mayroon nang naisakatuparan, at nagbabala laban sa pag-aabala sa mga aralin na nagbubunga lamang ng walang halagang pagtatalo.

In His Tablets Bahá'u'lláh counsels the believers to study such sciences and arts as are *"useful"* and would further *"the progress and advancement"* of society, and He cautions against sciences which *"begin with words and end with words,"* the pursuit of which leads to *"idle disputation."* Shoghi Effendi, in a letter written on his behalf, likened sciences that begin with words and end with words to "fruitless excursions into metaphysical hair-splittings," and, in another letter, he explained that what Bahá'u'lláh primarily intended by such "sciences" are "those theological treatises and commentaries that encumber the human mind rather than help it to attain the truth."

Sa mga Tableta Niya, pinapayuhan ni Bahá'u'lláh ang mga nananalig na pag-aralan ang gayong mga agham at sining na "kapaki-pakinabang" at makadaragdag sa "pag-unlad at pagsulong" ng lipunan, at pinapag-iingat laban sa mga agham na "nagsisimula sa mga salita at nagwawakas as mga salita", na ang pag-aabala doon ay magbubulid sa "walang saysay na pagtatalo". Si Shoghi Effendi, sa isang liham na isinulat sa ngalan niya, ay itinulad ang mga agham na nagsisimula sa mga salita at nagwawakas sa mga salita sa "walang ibinubungang panghihimasok sa metapisikang tila paghiwa ng buhok", at, sa ibang liham, ipinaliwanag niya na ang pangunahing nilalayon ni Bahá'u'lláh sa gayong mga "agham" ay "yaong pangteolohiyang mga sanaysay at komentaryo na nakabibigat sa isipan ng tao sa halip na makatulong itong matamo ang katotohanan".

111. He Who held converse with God ¶80

This is a traditional Jewish and Islamic title of Moses. Bahá'u'lláh states that with the coming of His Revelation *"human ears have been privileged to hear what He Who conversed with God heard upon Sinai."*

112. Sinai ¶80

The mountain where the Law was revealed by God to Moses.

113. the Spirit of God ¶80

This is one of the titles used in the Islamic and Bahá'í Writings to designate Jesus Christ.

114. Carmel … Zion ¶80

Carmel, the "Vineyard of God," is the mountain in the Holy Land where the Shrine of the Báb and the seat of the world administrative center of the Faith are situated.

Zion is a hill in Jerusalem, the traditional site of the tomb of King David, and is symbolic of Jerusalem as a Holy City.

115. the Crimson Ark ¶84

The *"Crimson Ark"* refers to the Cause of Bahá'u'lláh. His followers are designated as the *"companions of the Crimson Ark,"* lauded by the Báb in the Qayyúmu'l-Asmá'.

116. O Emperor of Austria! He Who is the Dayspring of God's Light dwelt in the prison of 'Akká at the time when thou didst set forth to visit the Aqṣá Mosque. ¶85

Francis Joseph (Franz Josef, 1830–1916), Emperor of Austria and King of Hungary, made a pilgrimage to Jerusalem in 1869. While in the Holy Land he failed to take the opportunity to inquire about Bahá'u'lláh Who at that time was a prisoner in 'Akká (Acre).

111. Siya Na nakipag-usap sa Diyos ¶80

Ito ay isang kinaugaliang titulo sa pananampalatayang Hudeo at Islam para kay Moises. Sinasabi ni Bahá'u'lláh na sa pagdating ng Kaniyang Rebelasyon "ang tainga ng tao ay nabigyan ng karapatan na marinig yaong narinig Niya Na nakipag-usap sa Diyos sa Sinai".

112. Sinai ¶80

Ang bundok kung saan ipinahayag ng Diyos ang Batas kay Moises.

113. ng Espiritu ng Diyos ¶80

Ito ang isa sa mga titulo na ginamit sa mga Banal na Kasulatan ng Islam at Bahá'í bilang panturing kay Jesukristo.

114. Carmel … Zion ¶80

Ang Carmel, ang "Ubasan ng Diyos", ay ang bundok sa Banal na Lupain kung saan naroroon ang Dambana ng Báb at ang luklukan ng pandaigdig na pampangasiwaang sentro ng Pananampalataya.

Ang Zion ay isang burol sa Jerusalem, na ayon sa tradisyon ay pook ng puntod ni Haring David, at sagisag ng Jerusalem bilang isang Banal na Lunsod.

115. Ang Krimson na Arko ¶84

Ang "Krimson na Arko" ay tumutukoy sa Kapakanan ni Bahá'u'lláh. Ang mga kasamahan Niya ay tinaguriang "mga kasamahan ng Krimson na Arko", na pinapurihan ng Báb sa Qayyúmu'l-Asmá'.

116. O Emperador ng Austria! Siya Na Pamimitak ng Liwanag ng Diyos ay naninirahan sa bilangguan ng 'Akká sa panahon nang ikaw ay nagtungo roon upang dumalaw sa Moske ng Aqsá ¶85

Si Francis Joseph (Franz Josef, 1830-1916), Emperador ng Austria at Hari ng Hungary, ay isinagawa ang isang peregrinasyon sa Jerusalem noong 1869. Samantalang nasa Banal na Lupain hindi niya nasamantala ang pagkakataon na magtanong tungkol kay Bahá'u'lláh na noon ay isang bilanggo sa 'Akká (Acre).

The Aqṣá Mosque, literally, the "Most Distant" Mosque, is referred to in the Qur'án, and has become identified with the Temple Mount in Jerusalem.

Ang Moske ng Aqsá, na literal na "Pinaka-malayong" Moske, ay tinukoy sa Qur'án, at kinilala bilang ang Temple Mount sa Jerusalem.

117. O King of Berlin! ¶86

117. O Hari ng Berlin! ¶86

Kaiser William I (Wilhelm Friedrich Ludwig, 1797–1888), the seventh king of Prussia, was acclaimed first Emperor of Germany in January 1871 at Versailles in France, following the victory of Germany over France in the Franco-Prussian War.

Si Kaiser William I (Wilhelm Friedrich Ludwig, 1797-1888), ang ika-pitong hari ng Prussia, ay kinilala bilang unang Emperador ng Alemanya noong 1871 sa Versailles sa Pransya, matapos magapi ng Alemanya ang Pransya sa Digmaang Franco-Prussian.

118. the one whose power transcended thy power, and whose station excelled thy station ¶86

118. siya na ang kapangyarihan ay higit sa iyong kapangyarihan, at ang katayuan ay daig ang iyong katayuan ¶86

This is a reference to Napoleon III (1808–1873), the Emperor of the French, who was regarded by many historians as the most outstanding monarch of his day in the West.

Ito ay isang pagtukoy kay Napoleon III (1808-1873), ang Emperador ng mga Pranses na ipinapalagay ng mga mananalaysay na pinakabantog na hari sa Kanluran noong kaniyang kapanahunan.

Bahá'u'lláh addressed two Tablets to Napoleon III, in the second of which He clearly prophesied that Napoleon's kingdom would be *"thrown into confusion,"* that his *"empire shall pass"* from his hands, and that his people would experience great *"commotions."*

Nagpadala si Bahá'u'lláh ng dalawang Tableta kay Napoleon III, na sa pangalawa ay malinaw na inihula Niya na ang kaharian ni Napoleon ay "masasadlak sa kaguluhan", na ang kaniyang "kaharian ay mawawala" sa kaniyang mga kamay, at ang mga tao ay dadanas ng malalaking mga "kaguluhan".

Within a year, Napoleon III suffered a resounding defeat, at the hands of Kaiser William I, at the Battle of Sedan in 1870. He went in exile to England, where he died three years later.

Sa loob ng isang taon, si Napoleon III ay nagdusa ng isang umaalingawngaw nadi-maitatagong pagkatalo, sa mga kamay ni Kaiser William I, sa Labanan sa Sedan noong 1870. Siya ay nagtungo sa Inglatera bilang isang tapon, kung saan siya ay namatay pagkalipas ng tatlong taon.

119. O people of Constantinople! ¶89

119. O mga tao ng Constantinople! ¶89

The word here translated as *"Constantinople"* is, in the original, "Ar-Rúm" or "Rome." This term has generally been used in the Middle East to designate Constantinople and the Eastern Roman Empire, then the city of Byzantium and its empire, and later the Ottoman Empire.

Ang salita na isinalin rito na "Constantinople", sa orihinal ay, "Ar-Rúm" o "Roma". Ang taguring ito ay pang-karaniwang ginagamit sa Gitnang Silangan upang ipangalan sa Constantinople at ang Silangang Imperyo ng Roma na noon ay ang lunsod ng Byzantium at ang kaharian nito, at sa dakong huli ay ang Imperiyong Ottoman.

120. O Spot that art situate on the shores of the two seas! ¶89

120. O Pook na inilagay sa mga pampang ng dalawang karagatan! ¶89

This is a reference to Constantinople, now called Istanbul. Located on the Bosporus, a strait about 31 kilometers long which links the Black Sea and the Sea of Marmara, it is the largest city and seaport of Turkey.

Ito ay isang pagtukoy sa Constantinople, na ngayon ay tinatawag na Istanbul. Nasa Bosphorus, isang kipot na may 31 kilometro na haba na nagkakabit sa Black Sea at sa Sea of Marmara, ito ang pinakamalaking lunsod at daungan sa Turkey.

Constantinople was the capital of the Ottoman Empire from 1453 until 1922. During Bahá'u'lláh's sojourn in this city, the tyrannical Sultan 'Abdu'l-'Azíz occupied the throne. The Ottoman Sultans were also the Caliphs, the leaders of Sunní Islám. Bahá'u'lláh anticipated the fall of the Caliphate, which was abolished in 1924.

Ang Constantinople ang punong-lunsod ng Imperyo ng Ottoman mula 1453 hanggang 1922. Nang tumira si Bahá'u'lláh sa lunsod na ito, ang malupit na si Sultan 'Abdu'l-'Azíz ang nakaupo sa trono. Ang mga Sultan ng Ottoman ay sila rin ang mga Caliph, ang mga pinuno ng Sunní Islám. Inihula ni Bahá'u'lláh ang pagbagsak ng Caliphate, na inalis noong 1924.

121. O banks of the Rhine! ¶90

121. O mga pampang ng Rhine! ¶90

In one of His Tablets written before the first World War (1914–1918), 'Abdu'l-Bahá explained that Bahá'u'lláh's reference to having seen the banks of the Rhine *"covered with gore"* related to the Franco-Prussian War (1870–1871), and that there was more suffering to come.

Sa isa sa Kaniyang mga Tableta na isinulat bago ang Unang Digmaang Pandaigdig (1914-1918), ipinaliwanag ni 'Abdu'l-Bahá ang pagtukoy ni Bahá'u'lláh na nakita ang mga pampang ng Rhine "na dumanak ng dugo" ay kaugnay sa Digmaang Franco-Prussian (1870-1871) at may darating pang higit na pagdurusa.

In *God Passes By* Shoghi Effendi states that the "oppressively severe treaty" that was imposed on Germany following its defeat in the first World War "provoked *'the lamentations* [of Berlin]' which, half a century before, had been ominously prophesied."

Sa God Passes By sinasabi ni Shoghi Effendi na ang "nagpapahirap na kahigpitan ng kasunduan" na ipinataw sa Alemanya kasunod ng pagkatalo nito noong Unang Digmaang Pandaigdig ang "nagbunsod 'sa mga panaghoy [ng Berlin]' na, noong nakaraang kalahating siglo, ay nakatatakot na inihula".

122. O Land of Ṭá ¶91

122. O Lupain ng Tá ¶91

"Ṭá" is the initial letter of Ṭihrán, the capital of Iran. Bahá'u'lláh has often chosen to represent certain place names by reference to their initial letter. According to the abjad system of reckoning, the numerical value of Ṭá is nine, which equals the numerical value of the name Bahá.

Ang "Tá" ay ang unang titik ng Tihrán, na punong-lunsod ng Iran. Madalas piliin ni Bahá'u'lláh na ipakilala ang pangalan ng ilang pook sa pamamagitan ng pagtukoy sa kanilang unang titik. Sang-ayon sa pamamaraang abjad ng pagkalkula, ang katumbas na bilang ng Tá ay siyam, na kapareho ng katumbas na bilang ng pangalang Bahá.

123. within thee was born the Manifestation of His Glory ¶92

123. sa loob mo ay isinilang ang Kahayagan ng Kaniyang Luwalhati ¶92

This is a reference to the birth of Bahá'u'lláh in Ṭihrán on 12 November 1817.

Ito ay isang pagtukoy sa pagsilang ni Bahá'u'lláh sa Tihrán noong 12 Nobyembre 1817.

124. O Land of Khá! ¶94

124. O lupain ng Khá! ¶94

A reference to the Iranian province of Khurásán and neighboring areas, which include the city of ‘Ishqábád (Ashkhabad).

125. Should anyone acquire one hundred mithqáls of gold, nineteen mithqáls thereof are God’s and to be rendered unto Him ¶97

This verse establishes Ḥuqúqu’lláh, the Right of God, the offering of a fixed portion of the value of the believer’s possessions. This offering was made to Bahá’u’lláh as the Manifestation of God and then, following His Ascension, to ‘Abdu’l-Bahá as the Center of the Covenant. In His Will and Testament, ‘Abdu’l-Bahá provided that the Ḥuqúqu’lláh was to be offered *“through the Guardian of the Cause of God.”* There now being no Guardian, it is offered through the Universal House of Justice as the Head of the Faith. This fund is used for the promotion of the Faith of God and its interests as well as for various philanthropic purposes. The offering of the Ḥuqúqu’lláh is a spiritual obligation, the fulfillment of which has been left to the conscience of each Bahá’í. While the community is reminded of the requirements of the law of Ḥuqúq, no believer may be approached individually to pay it.

A number of items in Questions and Answers further elaborate this law. The payment of Ḥuqúqu’lláh is based on the calculation of the value of the individual’s possessions. If a person has possessions equal in value to at least nineteen mithqáls of gold (Q&A 8), it is a spiritual obligation to pay nineteen percent of the total amount, once only, as Ḥuqúqu’lláh (Q&A 89). Thereafter, whenever one’s income, after all expenses have been paid, increases the value of one’s possessions by the amount of at least nineteen mithqáls of gold, one is to pay nineteen percent of this increase, and so on for each further increase (Q&A 8, 90).

Isang pagtukoy sa Khurásán, isang lalawigan ng Iran at mga kanugnog na pook, na kasama ang lunsod ng ‘Ishqábád (Ashkhabad).

125. Sinuman ang magkaroon ng isandaang mithqál ng ginto, ang labinsiyam na mithqál niyon ay sa Diyos at dapat ihandog sa Kaniya ¶97

Itinatag ng bersikulong ito ang Huqúqu’lláh, ang Karapatan ng Diyos, ang paghahandog ng isang natatakdang bahagi ng halaga ng mga ari-arian ng nananalig. Ang paghahandog na ito ay ibinigay kay Bahá’u’lláh bilang Kahayagan ng Diyos at pagkatapos, kasunod ng Kaniyang Pagyao, kay ‘Abdu’l-Bahá bilang Sentro ng Banal na Kasunduan. Sa Kaniyang Habilin at Testamento, itinadhana ni ‘Abdu’l-Bahá na ang Huqúqu’lláh ay dapat ialay “sa pamamagitan ng Guardian ng Kapakanan ng Diyos”. Ngayon na wala ng Guardian, ito ay iniaalay sa pamamagitan ng Universal House of Justice bilang Pinuno ng Pananampalataya. Ang pondo na ito ay ginagamit para sa pagtataguyod ng Pananampalataya ng Diyos at mga kapakanan nito gayundin para sa iba’t ibang mga pangkawang-gawang layunin. Ang pag-aalay ng Huqúqu’lláh ay isang espirituwal na tungkulin, na ang pagtupad nito ay iniwanan sa budhi ng bawat isang Bahá’í. Samantalang ang pamayanan ay pinaaalalahanan ng mga kinakailangan para sa batas ng Huqúq, ang nananalig ay hindi maaaring lapitan nang isa-isa upang bayaran ito.

Ilang bilang ng mga bagay sa Mga Katanungan at Kasagutan ang nagpapaliwanag pa sa batas na ito. Ang pagbabayad ng Huqúqu’lláh ay nababatay sa pagkalkula ng halaga ng ari-arian ng isang tao. Kung ang isang tao ay may mga ari-ariang may katumbas na pinakamababang halaga na labinsiyam na mithqál ng ginto (K&K 8), ito ay isang espirituwal na tungkulin na magbayad ng labinsiyam na porsiyento ng kabuuang halaga, nang minsan lamang, bilang Huqúqu’lláh (K&K 89). Pagkatapos kailanman na ang kita ng isang tao, matapos na mabayaran ang lahat ng mga gastusin, ay nadagdagan ang halaga ng mga ari-arian ng isa sa pinakamababang halaga na labinsiyam na mithqál ng ginto, ang isang tao ay dapat magbayad ng labinsiyam na porsiyento sa karagdagang ito at ganoon sa bawat magiging karagdagang paglaki (K&K 8, 90).

Certain categories of possessions, such as one's residence, are exempt from the payment of Ḥuqúqu'lláh (Q&A 8, 42, 95), and specific provisions are outlined to cover cases of financial loss (Q&A 44, 45), the failure of investments to yield a profit (Q&A 102) and for the payment of Ḥuqúq in the event of the person's death (Q&A 9, 69, 80). (In this latter case, see note 47.)

Ilang uri ng mga ari-arian, tulad ng tahanan ng isang tao, ay hindi kailangang pagbayaran ang Huqúqu'lláh (K&K 8, 42, 95), at mga tiyak na itinadhana ay inisa-isa upang masaklaw ang mga kaso ng pagkalugi (K&K 44, 45), ang pagkabigo ng pamumuhunan upang magkaroon ng tubo (K&K 102) at para sa kabayaran ng Huqúq kung mamatay ang tao (K&K 9, 69, 80). (Dito sa huling kaso, tingnan ang tala 47.)

Extensive extracts from Tablets, Questions and Answers, and other Writings concerning the spiritual significance of Ḥuqúqu'lláh and the details of its application have been published in a compilation entitled *Ḥuqúqu'lláh.*

Maraming mga halaw mula sa mga Tableta, Mga Katanungan at Kasagutan at ibang mga Kasulatan tungkol sa espirituwal na kahulugan ng Huqúqu'lláh at ang mga detalye ng pagpapairal nito ay nailathala na sa isang kalipunang pinamagatang Huqúqu'lláh.

126. Various petitions have come before Our throne from the believers, concerning laws from God … We have, in consequence, revealed this Holy Tablet and arrayed it with the mantle of His Law that haply the people may keep the commandments of their Lord. ¶98

126. Iba't ibang mga kahilingan ang iniharap sa Aming trono mula sa mga nananalig, tungkol sa mga batas mula sa Diyos … Ipinahayag Namin, bilang bunga nito, ang Banal na Tabletang ito at dinamitan ng kapa ng Kaniyang Batas, upang harinawang masunod ng mga tao ang mga kautusan ng kanilang Panginoon. ¶98

"For a number of years," Bahá'u'lláh states in one of His Tablets, *"petitions reached the Most Holy Presence from various lands begging for the laws of God, but We held back the Pen ere the appointed time had come."* Not until twenty years from the birth of His Prophetic Mission in the Síyáh-Chál of Ṭihrán had elapsed did Bahá'u'lláh reveal the Kitáb-i-Aqdas, the Repository of the laws of His Dispensation. Even after its revelation the Aqdas was withheld by Him for some time before it was sent to the friends in Persia. This divinely purposed delay in the revelation of the basic laws of God for this age, and the subsequent gradual implementation of their provisions, illustrate the principle of progressive revelation which applies even within the ministry of each Prophet.

"Sa maraming taon", sinasabi ni Bahá'u'lláh sa isa sa Kaniyang mga Tableta, "Nakarating sa Pinakabanal na Kinaroroonan ang iba't ibang mga kahilingan mula sa iba't ibang mga lupain na nagsusumamo na makamtan ang mga batas ng Diyos, ngunit pinigil Namin ang Panulat hanggang sa pagdating ng itinakdang panahon." Hanggang hindi nakalipas ang dalawampung taon mula sa pagsilang ng Kaniyang Pang-Propetang Misyon sa Síyáh-Chál ng Tihrán, nang inihayag ni Bahá'u'lláh ang Kitáb-i-Aqdas, ang Pinaglagakan ng mga batas ng Kaniyang Dispensasyon. Kahit na pagkatapos ng pagpapahayag nito, ang Aqdas ay Kaniyang di-ibinigaynang ilang panahon bago ito ipinadala sa mga kaibigan sa Persia. Itong banal na itinakdang pag-aantala sa pagpapahayag ng mga saligang batas ng Diyos para sa panahong ito, at ang kasunod na unti-unting pagsasagawa ng kanilang mga itinadhana, ay naglalarawan sa simulain ng papaunlad na rebelasyon na isinasagawa kahit na sa loob ng panunungkulan ng bawat Propeta.

127. crimson Spot ¶100

127. krimson na Pook ¶100

This is a reference to the prison-city of ‘Akká. In the Bahá’í Writings the word “crimson” is used in several allegorical and symbolic senses. (See also note 115.)

Ito ay tumutukoy sa lunsod-bilangguan ng ‘Akká’. Sa mga Kasulatang Bahá’í ang salitang “krimson” ay ginagamit sa ilang makahulugan at matalinghagang pang-unawa. (Tingnan rin ang tala 115.)

128. the Sadratu’l-Muntahá ¶100

128. ang Sadratu’l-Muntahá ¶100

Literally “the furthermost Lote-Tree,” translated by Shoghi Effendi as *“the Tree beyond which there is no passing.”* This is used as a symbol in Islám, for example in the accounts of Muḥammad’s Night Journey, to mark the point in the heavens beyond which neither men nor angels can pass in their approach to God, and thus to delimit the bounds of divine knowledge as revealed to mankind. Hence it is often used in the Bahá’í Writings to designate the Manifestation of God Himself. (See also note 164.)

Sa literal na pang-unawa “ang pinakamalayong Puno ng Lote”, isinalin ni Shoghi Effendi na “ang Puno na sa kabila nito ay walang makararaan”. Ito ay ginagamit bilang isang sagisag sa Islám, halimbawa, sa mga salaysay ng Gabi ng Paglalakbay ni Muhammad, upang tandaan ang pook sa kalangitan na sa kabila nito ni mga tao o mga anghel ay hindi makakadaan sa kanilang paglapit sa Diyos at nang sa gayon ay matakdaan ang mga hangganan ng banal na kaalaman na inihayag sa sangkatauhan. Kaya malimit na gamitin ito sa mga Kasulatang Bahá’í upang itaguri sa Kahayagan ng Diyos mismo. (Tingnan rin ang tala 164.)

129. the Mother Book ¶103

129. ang Inang Aklat ¶103

The term “Mother Book” is generally used to designate the central Book of a religious Dispensation. In the Qur’án and Islamic Ḥadíth, the term is used to describe the Qur’án itself. In the Bábí Dispensation, the Bayán is the Mother Book, and the Kitáb-i-Aqdas is the Mother Book of the Dispensation of Bahá’u’lláh. Further, the Guardian in a letter written on his behalf has stated that this concept can also be used as a “collective term indicating the body of the Teachings revealed by Bahá’u’lláh.” This term is also used in a broader sense to signify the Divine Repository of Revelation.

Ang taguring “Inang Aklat” ay karaniwang ginagamit upang itawag sa pangunahing aklat ng isang pangrelihiyong Dispensasyon. Sa Qur’án at sa Hadíth ng Islam, ang taguri ay ginagamit upang itawag sa Qur’án mismo. Sa Dispensasyong Bábí, ang Bayán ang Inang Aklat, at ang Kitáb-i-Aqdas ang Inang Aklat ng Dispensasyon ni Bahá’u’lláh. Bilang karagdagan, ang Guardian sa isang liham na isinulat sa ngalan niya ay sinabi na ang konseptong ito ay magagamit din bilang isang “panlahat na taguri na tumutukoy sa kabuuan ng mga Turo na ipinahayag ni Bahá’u’lláh”. Ang taguring ito ay ginagamit din sa isang higit na malawak na kahulugan upang tumukoy sa Banal na Lagakan ng Pagpapahayag.

130. Whoso interpreteth what hath been sent down from the heaven of Revelation, and altereth its evident meaning ¶105

130. Sinuman ang magpapaliwanag sa ibinaba mula sa kalangitan ng Rebelasyon, at binago ang maliwanag na kahulugan nito ¶105

In several of His Tablets, Bahá’u’lláh affirms the distinction between allegorical verses, which are susceptible to interpretation, and those verses that relate to such subjects as the laws and ordinances, worship and religious observances, whose meanings are evident and which demand compliance on the part of the believers.

Sa ilan sa Kaniyang mga Tableta, pinagtibay ni Bahá’u’lláh ang pagkakaiba sa pagitan ng mga matalinghagang bersikulo, na maaaring bigyan ng pagpapakahulugan, at yaong mga bersikulo na may kaugnayan sa mga gayong paksa tulad ng mga batas at alituntunin, pagsamba at mga pangrelihiyong gawain, na ang mga kahulugan

As explained in notes 145 and 184, Bahá'u'lláh designated 'Abdu'l-Bahá, His eldest Son, as His Successor and the Interpreter of His Teachings. 'Abdu'l-Bahá in His turn appointed His eldest grandson, Shoghi Effendi, to succeed Him as interpreter of the holy Writ and Guardian of the Cause. The interpretations of 'Abdu'l-Bahá and Shoghi Effendi are considered divinely guided and are binding on the Bahá'ís.

ay maliliwanag at kailangang sinusunod ng mga mananampalataya.

Tulad ng ipinaliwanag sa mga tala 145 at 184, hinirang ni Bahá'u'lláh si 'Abdu'l-Bahá, ang Kaniyang pinakamatandang Anak na Lalake, bilang Tagapagmana ng Tungkulin Niya at ang Tagapagpaliwanag ng Kaniyang mga Turo. Si 'Abdu'l-Bahá naman ay hinirang ang Kaniyang pinakamatandang apong lalake, si Shoghi Effendi, na tagapagmana ng tungkulin Niya bilang tagapagpaliwanag ng banal na Kasulatan at bilang Guardian ng Kapakanan. Ang mga paliwanag ni 'Abdu'l-Bahá at Shoghi Effendi ay pinaniniwalaang banal na napatnubayan at tinatanggap ng lahat ng mga Bahá'í.

The existence of authoritative interpretations does not preclude the individual from engaging in the study of the Teachings and thereby arriving at a personal interpretation or understanding. A clear distinction is, however, drawn in the Bahá'í Writings between authoritative interpretation and the understanding that each individual arrives at from a study of its Teachings. Individual interpretations based on a person's understanding of the Teachings constitute the fruit of man's rational power and may well contribute to a greater comprehension of the Faith. Such views, nevertheless, lack authority. In presenting their personal ideas, individuals are cautioned not to discard the authority of the revealed words, not to deny or contend with the authoritative interpretation, and not to engage in controversy; rather they should offer their thoughts as a contribution to knowledge, making it clear that their views are merely their own.

Ang pagkakaroon ng binigyang-kapangyarihang mga paliwanag ay hindi humahadlang sa isang indibidwal na magsagawa ng pag-aaral sa mga Turo at sa gayon ay magkaroon ng isang pansariling paliwanag o pang-unawa. Isang malinaw na pagkakaiba, gayunpaman, ang nababanggitsa mga Kasulatang Bahá'í sa pagitan ng binigyang-kapangyarihang paliwanag at ang pagkaunawa na nararating ng bawat isa mula sa pag-aaral ng mga Turo nito. Ang mga pansariling pagpapakahulugan na nababatay sa pagkaunawa ng isang indibidwal sa mga Turo ay bumubuo ng bunga ng kapangyarihan ng katuwiran ng tao at maaaring may mabuting maibigay sa isang higit na matalinong pagkaunawa sa Pananampalataya. Ang gayong mga pananaw, gayunpaman, ay walang ipinagkaloob na karapatan. Sa paglalahad ng kanilang personal na mga palagay, ang mga indibidwal ay pinag-iingat na huwag pawalang-halaga ang kapangyarihan ng ipinahayag ng mga salita, ni huwag itatuwa o makipagtalo sa binigyang-kapangyarihang paliwanag, at huwag magtuligsahan; sa halip dapat nilang ialay ang kanilang mga pananaw bilang pagpapayaman sa kaalaman, nilinaw na ang kanilang mga pananaw ay buhat sa kanilang sarili lamang.

131. approach not the public pools of Persian baths ¶106

131. hindi kayo lalapit sa pambayang languyan ng mga paliguang Persiano ¶106

Bahá'u'lláh prohibits the use of the pools found in the traditional public bathhouses of Persia. In these baths it was the custom for many people to wash themselves in the same pool and for the water to be changed at infrequent intervals. Consequently, the water was discolored, befouled and unhygienic, and had a highly offensive stench.

Ipinagbabawal ni Bahá'u'lláh ang paggamit ng mga languyan na matatagpuan sa kinaugaliang mga pampublikong paliguan sa Persia. Sa mga paliguang ito, kinaugalian ng maraming tao na hinuhugasan ang kanilang sarili sa iisang languyan at bihi-bihirang palitan ang tubig

nito. Samakatuwid nag-iiba ang kulay ng tubig, nadudumihan at hindi ayon sa kalusugan, at nagkakaroon ng napakabahong amoy.

132. Avoid ye likewise the malodorous pools in the courtyards of Persian homes ¶106

132. Gayundin, iwasan ang mababahong lawa sa mga harap ng bahay sa bakuran ng mga tahanang Persiano ¶106

Most houses in Persia used to have a pool in their courtyard which served as a reservoir for water used for cleaning, washing and other domestic purposes. Since the water in the pool was stagnant and was not usually changed for weeks at a time, it tended to develop a very unpleasant odor.

Karamihan sa mga bahay sa Persia dati ay mayroong isang lawa sa kanilang bakuran na nagsisilbing isang imbakan ng tubig para sa paglilinis, paglalaba at ibang mga pantahanang gawain. Dahilan sa ang tubig sa lawa ay hindi dumadaloy at karaniwang hindi pinapalitan sa loob ng maraming linggo, ito ay nagkakaroon ng isang napaka-bahong amoy.

133. It is forbidden you to wed your fathers' wives. ¶107

133. Ipinagbabawal sa inyo na pakasalan ang mga maybahay ng inyong mga ama. ¶107

Marriage with one's stepmother is here explicitly prohibited. This prohibition also applies to marrying one's stepfather. Where Bahá'u'lláh has expressed a law between a man and a woman it applies *mutatis mutandis* as between a woman and a man unless the context should make this impossible.

Ang pagpapakasal ng isang lalake sa kaniyang madrasta ay maliwanag na ipinagbabawal dito. Ang pagbabawal na ito ay may bisa rin sa pagpapakasal sa kaniyang padrasto. Kapag nagpahayag si Bahá'u'lláh ng isang batas tungkol sa isang lalake at babae ito ay umiiral nang mutatis mutandis na tulad ng sa isang babae at isang lalake maliban na lamang kung ito ay imposibleng mangyari.

'Abdu'l-Bahá and Shoghi Effendi confirmed that, while stepmothers are the only category of relatives mentioned in the text, this does not mean that all other unions within a family are permissible. Bahá'u'lláh states that it devolves upon the House of Justice to legislate "concerning the legitimacy or otherwise of marrying one's relatives" (Q&A 50). 'Abdu'l-Bahá has written that the more distant the blood relationship between the couple the better, since such marriages provide the basis for the physical well-being of humanity and are conducive to fellowship among mankind.

Pinagtibay nina 'Abdu'l-Bahá at Shoghi Effendi na samantalang ang mga madrasta ay ang uri lamang ng mga kamag-anak na nabanggit sa teksto, hindi ito nangangahulugan na lahat ng ibang mga pagpipisan sa loob ng isang pamilya ay pinahihintulutan. Sinasabi ni Bahá'u'lláh na ibinibigay ito sa Universal House of Justice upang gumawa ng batas "tungkol sa pahihintulutan o hindi ng pag-aasawa sa kamag-anak" (K&K 50). Isinulat ni 'Abdu'l-Bahá na ang higit na malayo ang pagiging magkamag-anak ng mag-asawa ay higit na mabuti, sapagka't ang gayong mga pag-aasawa ay nagbibigay ng saligan para sa pisikal na kagalingan ng sangkatauhan at nakatutulong sa magandang pagsasamahan ng lahat ng tao.

134. the subject of boys ¶107

134. ang paksa ng mga kabataang lalake ¶107

The word translated here as *"boys"* has, in this context, in the Arabic original, the implication of pederasty. Shoghi Effendi has interpreted this reference as a prohibition on all homosexual relations.

Ang salitang isinalin rito na "mga kabataang lalake", sa kaugnay na kahulugan nito, sa orihinal na wikang Arabiko, ay may kinalaman sa paederasty. Ipinaliwanag ni Shoghi Effendi

ang pagtukoy na ito ay isang pagbabawal sa lahat ng relasyong homosekswal.

The Bahá'í teachings on sexual morality center on marriage and the family as the bedrock of the whole structure of human society and are designed to protect and strengthen that divine institution. Bahá'í law thus restricts permissible sexual intercourse to that between a man and the woman to whom he is married.

Ang mga turo ng Bahá'í tungkol sa pangseksuwal na moralidad ay nasesentro sa pag-aasawa at ng pamilya bilang saligan ng buong balangkas ng lipunan ng tao at ginawa upang pangalagaan at palakasin ang banal na institusyong ito. Ang batas ng Bahá'í, kung gayon, ay tinatakdaan ang pinahihintulutang pagtatalik ng isang lalake at isang babae na siya ay kasal.

In a letter written on behalf of Shoghi Effendi it is stated:

Sa isang liham na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi, sinasabi:

No matter how devoted and fine the love may be between people of the same sex, to let it find expression in sexual acts is wrong. To say that it is ideal is no excuse. Immorality of every sort is really forbidden by Bahá'u'lláh, and homosexual relationships He looks upon as such, besides being against nature. To be afflicted this way is a great burden to a conscientious soul. But through the advice and help of doctors, through a strong and determined effort, and through prayer, a soul can overcome this handicap.

Gaanuman ang katapatan at kainaman ng pagmamahalan ng mga taong magkatulad ng kasarian, ang pahintulutan itong ipahayag sa mga sekswal na kilos ay mali. Ang sabihin na ito ay uliran ay hindi tinatanggap na dahilan. Ang anumang uri ng imoralidad ay tunay na ipinagbabawal ni Bahá'u'lláh, at ang mga relasyong homoseksuwal ay tinitingnan Niya nang ganoon bukod sa pagiging taliwas sa kalikasan. Ang magkaroon ng ganitong kalagayan ay isang malaking pabigat sa isang matapat na kaluluwa. Ngunit sa pamamagitan ng payo at tulong ng mga manggagamot, sa pamamagitan ng isang malakas at matatag na pagsisikap, at sa pamamagitan ng panalangin, mada daig ng isang kaluluwa ang balakid na ito.

Bahá'u'lláh makes provision for the Universal House of Justice to determine, according to the degree of the offense, penalties for adultery and sodomy (Q&A 49).

Itinadhana ni Bahá'u'lláh sa Universal House of Justice ang pagpapasiya, sang-ayon sa antas ng pagkakasala, ang mga kaparusahan sa pakikiapid at taliwas sa kalikasan na pagtatalik (K&K 49).

135. To none is it permitted to mutter sacred verses before the public gaze as he walketh in the street or marketplace ¶108

135. Ang sinuman ay hindi pinahihintulutan na magbulong ng mga banal na bersikulo sa harap ng paningin ng madla habang siya ay naglalakad sa lansangan o sa pamilihan ¶108

This is an allusion to the practice of certain clerics and religious leaders of earlier Dispensations who, out of hypocrisy and affectation, and in order to win the praise of their followers, would ostentatiously mutter prayers in public places as a demonstration of their piety. Bahá'u'lláh forbids such behavior and stresses the importance of humility and genuine devotion to God.

Ito ay isang pahiwatig sa gawain ng ilang mga kleriko at mga pinuno ng relihiyon ng mga naunang Dispensasyon, na dahilan sa pagkukunwari at di-naaangkop na kilos, at upang makamtan ang papuri ng kanilang mga tagasunod, ay mayabang na bumubulong-bulong ng mga panalangin sa mga pampublikong lugar bilang isang pagpapakita ng kanilang kabanalan. Ipinagbabawal ni Bahá'u'lláh ang gayong asal at binigyang-diin ang kahalagahan ng

136. Unto everyone hath been enjoined the writing of a will. ¶109

According to the Teachings of Bahá'u'lláh, the individual has a duty to write a will and testament, and is free to dispose of his estate in whatever manner he chooses (see note 38).

Bahá'u'lláh affirms that in drawing up his will *"a person hath full jurisdiction over his property,"* since God has permitted the individual *"to deal with that which He hath bestowed upon him in whatever manner he may desire"* (Q&A 69). Provisions are set out in the Kitáb-i-Aqdas for the distribution of inheritance in the case of intestacy. (See notes 38–48.)

137. the Most Great Name ¶109

As explained in note 33, the Greatest Name of God can take various forms, all based on the word "Bahá." The Bahá'ís in the East have implemented this injunction of the Aqdas by heading their wills with such phrases as "O Thou Glory of the All-Glorious," "In the name of God, the All-Glorious" or "He is the All-Glorious" and the like.

138. All Feasts have attained their consummation in the two Most Great Festivals, and in the two other Festivals that fall on the twin days ¶110

This passage establishes four great festivals of the Bahá'í year. The two designated by Bahá'u'lláh as *"the two Most Great Festivals"* are, first, the Festival of Riḍván, which commemorates Bahá'u'lláh's Declaration of His Prophetic Mission in the Garden of Riḍván in Baghdád during twelve days in April/May 1863 and is referred to by Him as *"the King of Festivals"* and, second, the Báb's Declaration, which occurred in May 1844 in Shíráz. The first, ninth and twelfth days of the Festival of Riḍván are Holy Days (Q&A 1), as is the day of the Declaration of the Báb.

pagpapakumbaba at tunay na katapatan sa Diyos.

136. Sa bawat isa ay iniutos ang pagsulat ng isang huling habilin ¶109

Sang-ayon sa mga Turo ni Bahá'u'lláh, tungkulin ng isang indibidwal ang sumulat ng isang habilin at testamento, at may kalayaang ipamahagi ang kaniyang ari-arian sa anumang paraan na piliin niya (tingnan ang tala 38).

Pinagtibay ni Bahá'u'lláh na sa paggawa ng kaniyang habilin "ang isang tao ay may ganap na karapatan sa kaniyang ari-arian", dahilan sa pinahihintulutan ng Diyos ang indibidwal na "pagpasiyahan yaong ipinagkaloob sa kaniya sa anumang paraan na ninanais niya" (K&K 69). Inilahad ang mga pamamaraan sa Kitáb-i-Aqdas para sa pamamahagi ng mana kung walang naisulat na testamento. (Tingnan ang mga tala 38-48).

137. ng Pinaka-Dakilang Pangalan ¶109

Tulad ng ipinaliwanag sa tala 33, ang Pinaka-Dakilang Pangalan ng Diyos ay maaaring magkaroon ng iba't ibang anyo, lahat ay nababatay sa salitang "Bahá". Isinasakatuparan ng mga Bahá'í sa Silangan ang tagubiling ito ng Aqdas sa pamamagitan ng pagsisimula sa kanilang mga habilin ng gayong mga parirala tulad ng "O Ikaw na Luwalhati ng Maluwalhati sa Lahat", "Sa ngalan ng Diyos, ang Maluwalhati sa Lahat" o "Siya ang Maluwalhati sa Lahat" at ang mga katulad nito.

138. Lahat ng mga Kapistahan ay natamo ang kanilang kaganapan sa dalawang Pinaka-Dakilang Pagdiriwang, at sa dalawang iba pang Pagdiriwang na pumatak sa kambal na mga araw ¶110

Itinatag ng siping ito ang apat na dakilang mga pagdiriwang sa taon ng Bahá'í. Ang dalawang tinagurian ni Bahá'u'lláh na "ang dalawang pinaka-Dakilang Pagdiriwang" ay, una, ang Pagdiriwang ng Ridván, na gumugunita sa Pagpapahayag ni Bahá'u'lláh ng Kaniyang Pang-Propetang Misyon sa Hardin ng Ridván sa Baghdád sa loob ng labindalawang araw noong Abril/Mayo 1863 at tinukoy Niya na "ang Hari ng mga pagdiriwang" at, pangalawa, ang Pagpapahayag ng Báb, na naganap noong Mayo 1844 sa Shíráz. Ang una, ika-siyam, at ika-labindalawang araw ng Pagdiriwang ng

The *"two other Festivals"* are the anniversaries of the births of Bahá'u'lláh and the Báb. In the Muslim lunar calendar these fall on consecutive days, the birth of Bahá'u'lláh on the second day of the month of Muḥarram 1233 A.H. (12 November 1817), and the birth of the Báb on the first day of the same month 1235 A.H. (20 October 1819), respectively. They are thus referred to as the "Twin Birthdays" and Bahá'u'lláh states that these two days are accounted as one in the sight of God (Q&A 2). He states that, should they fall within the month of fasting, the command to fast shall not apply on those days (Q&A 36). Given that the Bahá'í calendar (see notes 26 and 147) is a solar calendar, it remains for the Universal House of Justice to determine whether the Twin Holy Birthdays are to be celebrated on a solar or lunar basis.[3]

Ridván ay mga Banal na Araw (K&K 1), katulad rin ng araw ng Pagpapahayag ng Báb.

Ang "dalawang iba pang Pagdiriwang" ay ang mga anibersaryo ng mga kapanganakan ni Bahá'u'lláh at ng Báb. Sa kalendaryong batay sa buwan ng mga Muslim ang mga ito ay pumapatak sa magkasunod na araw, ang kapanganakan ni Bahá'u'lláh sa pangalawang araw ng buwan ng Muharram 1233 A.H. (12 Nobyembre 1817), at ang kapanganakan ng Báb sa unang araw ng buwan ding iyon 1235 A.H. (20 Oktubre 1819), alinsunod sa pagkakabanggit. Samakatuwid ang mga iyon ay tinutukoy bilang "Kambal na mga Kaarawan" at sinasabi ni Bahá'u'lláh na ang dalawang araw na ito ay nabibilang na iisa sa paningin ng Diyos (K&K 2). Sinabi Niya, na kung papatak ang mga iyon sa loob ng buwan ng pag-aayuno, ang kautusang pag-aayuno ay hindi pinaiiral sa mga araw na iyon (K&K 36). Yamang ang kalendaryong Bahá'í (tingnan ang mga tala 26 & 147) ay isang kalendaryong batay sa araw, nasa Universal House of Justice ang pagpapasiya kung ang Kambal na Banal na mga Kaarawan ay dapat ipagdiwang ayon sa araw o sa buwan.[3]

139. the first day of the month of Bahá ¶111

139. sa unang araw ng buwan ng Bahá ¶111

In the Bahá'í calendar the first month of the year and the first day of each month are given the name "Bahá." The day of Bahá of the month of Bahá is thus the Bahá'í New Year, Naw-Rúz, which was ordained by the Báb as a festival and is here confirmed by Bahá'u'lláh (see notes 26 and 147).

Sa kalendaryong Bahá'í ang unang buwan ng taon at ang unang araw ng bawat buwan ay binigyan ng pangalang "Bahá". Ang araw na Bahá sa buwan ng Bahá kung gayon ay ang Bagong Taon ng Bahá'í, ang Naw-Rúz, na itinadhana ng Báb bilang isang pagdiriwang at dito ay pinagtibay ni Bahá'u'lláh (tingnan ang mga tala 26 & 147).

In addition to the seven Holy Days ordained in these passages of the Kitáb-i-Aqdas, the anniversary of the Martyrdom of the Báb was also commemorated as a Holy Day in the lifetime of Bahá'u'lláh and, as a corollary to this, 'Abdu'l-Bahá added the observance of the Ascension of Bahá'u'lláh, making nine Holy Days in all. Two other anniversaries which are observed, but on which work is not suspended, are the Day of the Covenant and the anniversary of the Passing of 'Abdu'l-Bahá. See the section on the Bahá'í calendar in *The Bahá'í World,* volume XVIII.

Bilang karagdagan sa pitong Banal na Araw na itinad-hana sa mga siping ito ng Kitáb-i-Aqdas, ang anibersaryo ng Pagmamartir ng Báb ay idinaraos din bilang isang Banal na Araw noong nabubuhay pa si Bahá'u'lláh at, bilang kaugnay dito, idinagdag ni 'Abdu'l-Bahá ang pagdaraos sa Pagyao ni Bahá'u'lláh, at naging siyam lahat ang mga Banal na Araw. Dalawang ibang anibersaryo na idinaraos ngunit hindi itinitigil ang pagtratrabaho, ay ang Araw ng Banal na Kasunduan at ang anibersaryo ng Pagpanaw ni 'Abdu'l-Bahá. Tingnan ang bahagi sa kalendaryong Bahá'í sa The Bahá'í World, tomo XVIII.

140. The Most Great Festival is, indeed, the King of Festivals ¶112

A reference to the Riḍván Festival (see notes 107 and 138).

141. God had formerly laid upon each one of the believers the duty of offering before Our throne priceless gifts from among his possessions. Now … We have absolved them of this obligation. ¶114

This passage abrogates a provision of the Bayán which decreed that all objects unparalleled of their kind should, upon the appearance of Him Whom God will make manifest, be rendered unto Him. The Báb explained that, since the Manifestation of God is beyond compare, whatever is peerless in its kind should rightfully be reserved for Him, unless He decrees otherwise.

142. the hour of dawn ¶115

With reference to attending dawn prayers in the Mashriqu'l-Adhkár, the Bahá'í House of Worship, Bahá'u'lláh has explained that, although the actual time specified in the Book of God is *"the hour of dawn,"* it is acceptable at any time from *"the earliest dawn of day, between dawn and sunrise, or even up to two hours after sunrise"* (Q&A 15).

143. These Tablets are embellished with the seal of Him Who causeth the dawn to appear, Who lifteth up His voice between the heavens and the earth. ¶117

Bahá'u'lláh repeatedly affirms the absolute integrity of His Writings as the Word of God. Some of His Tablets also bear the mark of one of His seals. *The Bahá'í World,* volume V, p. 4, contains a photograph of a number of Bahá'u'lláh's seals.

140. Ang Pinaka-Dakilang Pagdiriwang ay tunay na siyang Hari ng mga Pagdiriwang ¶112

Isang pagtukoy sa Pagdiriwang ng Ridván (tingnan ang mga tala 107 at 138).

141. Inihayag noon ng Diyos sa bawat isa sa mga nananampalataya ang tungkulin na ialay sa harap ng Aming trono ang mga handog na walang katumbas na halaga mula sa kaniyang mga ari-arian. Ngayon … pinalaya Namin sila sa tungkulin na ito. ¶114

Pinawawalang-bisa ng siping ito ang isang itinadhana sa Bayán na nag-utos na lahat ng bagay na walang kapantay sa kanilang uri ay dapat ialay sa Kaniya, pagdating Niya na ihahayag ng Diyos. Ipinaliwanag ng Báb na dahilan sa ang Kahayagan ng Diyos ay walang kapantay, anuman ang walang kapantay sa uri nito ay karapat-dapat na ilaan sa Kaniya maliban na lamang kung mag-uutos Siya ng iba.

142. sa oras ng bukang-liwayway ¶115

Tungkol sa pagdalo sa pananalangin sa bukang-liwayway sa Mashriqu'l-Adhkár, ang Bahay-Sambahan ng Bahá'í, ipinaliwanag ni Bahá'u'lláh na kahima't ang tunay na itinakdang oras sa Aklat ng Diyos ay "ang oras ng bukang-liwayway", tinatanggap ito anumang oras mula "sa pinakamaagang pagbubukang-liwayway, sa pagitan ng bukang liwayway at pagsikat ng araw, o kahit na hanggang sa dalawang oras makalipas ng pagsikat ng araw" (K&K 15).

143. Ang mga Tableta na ito ay pinalamutihan ng selyo Niya Na sanhi ng pagdating ng bukang-liwayway, Na pinailanlang ang Kaniyang tinig sa pagitan ng mga kalangitan at kalupaan. ¶117

Paulit-ulit na pinagtitibay ni Bahá'u'lláh na mapapanaligan nang lubos ang Kaniyang mga Kasulatan bilang Salita ng Diyos. Ilan sa Kaniyang mga Tableta ay taglay rin ang tanda ng isa sa Kaniyang mga selyo. Ang The Bahá'í World, tomo V, p. 4, ay naglalaman ng isang litrato ng ilang bilang ng mga pang-selyo ni Bahá'u'lláh.

144. It is inadmissible that man, who hath been endowed with reason, should consume that which stealeth it away. ¶119

There are many references in the Bahá'í Writings which prohibit the use of wine and other intoxicating drinks and which describe the deleterious effect of such intoxicants on the individual. In one of His Tablets, Bahá'u'lláh states:

Beware lest ye exchange the Wine of God for your own wine, for it will stupefy your minds, and turn your faces away from the Countenance of God, the All-Glorious, the Peerless, the Inaccessible. Approach it not, for it hath been forbidden unto you by the behest of God, the Exalted, the Almighty.

'Abdu'l-Bahá explains that the Aqdas prohibits *"both light and strong drinks,"* and He states that the reason for prohibiting the use of alcoholic drinks is because *"alcohol leadeth the mind astray and causeth the weakening of the body."*

Shoghi Effendi, in letters written on his behalf, states that this prohibition includes not only the consumption of wine but of "everything that deranges the mind," and he clarifies that the use of alcohol is permitted only when it constitutes part of a medical treatment which is implemented "under the advice of a competent and conscientious physician, who may have to prescribe it for the cure of some special ailment."

145. turn your faces toward Him Whom God hath purposed, Who hath branched from this Ancient Root ¶121

Bahá'u'lláh here alludes to 'Abdu'l-Bahá as His Successor and calls upon the believers to turn towards Him. In the Book of the Covenant, His Will and Testament, Bahá'u'lláh discloses the intention of this verse. He states: *"The object of this sacred verse is none other except the Most Mighty Branch."* The *"Most Mighty Branch"* is one of the titles conferred by Bahá'u'lláh on 'Abdu'l-Bahá. (See also notes 66 and 184.)

144. Hindi matatanggap na ang tao, na pinag-kalooban ng katuwiran, ay gagamit noong nanakaw dito. ¶119

Maraming mga pagtukoy sa mga Kasulatang Bahá'í na nagbabawal sa paggamit ng alak at ng ibang mga nakalalasing na inumin at yaong naglalarawan sa nakasasamang bunga ng gayong mga nakalalasing sa tao. Sa isa sa mga tableta Niya, isinasaaad ni Bahá'u'lláh:

Mag-ingat na baka ipagpalit ninyo ang Alak ng Diyos sa inyong sariling alak, sapagka't gagawin nitong tuliro ang inyong isipan, at ibabaling ang inyong mukha palayo sa Anyo ng Diyos, ang Maluwalhati sa Lahat, ang Walang Kaparis, ang Hindi Malalapitan. Huwag lapitan ito sapagka't ipinagbawal ito sa inyo sa utos ng Diyos, ang Dakila, ang Makapangyarihan sa Lahat.

Ipinaliwanag ni 'Abdu'l-Bahá na ipinagbabawal ng Aqdas "kapwa ang mahina o malakas na mga inumin", at sinasabi Niya na ang dahilan sa pagbabawal sa pag-inom ng mga nakalalasaing na inumin ay dahilan sa "inaakay ng alkohol ang isipan sa kasamaan at nagiging dahilan ng panghihina ng katawan".

Si Shoghi Effendi, sa mga liham na isinulat sa ngalan niya, ay nagsasabi na kasama ng pagbabawal na ito hindi lamang ang pag-inom ng alak kundi noong "lahat ng nakasisira ng isipan", at niliwanag niya na ang paggamit ng alkohol ay pinahihintulutan lamang kung bahagi ito ng isang paggagamot na isinasagawa, "sa ilalim ng payo ng mahusay at maingat na manggagamot, na maaaring iutos ito bilang isang gamot sa ilang tanging karamdaman".

145. ibaling ang inyong mga mukha tungo sa Kaniya Na nilayon ng Diyos, Siya Na nagsanga mula sa Napaka-tandang Ugat na ito ¶121

Ipinahihiwatig dito ni Bahá'u'lláh si 'Abdu'l-Bahá bilang Tagapagmana ng Tungkulin Niya at tinatawagan ang mga nananampalataya na bumaling sa Kaniya. Sa Aklat ng Banal na Kasunduan, ang Kaniyang Habilin at Testamento, ipinapahayag ni Bahá'u'lláh ang layunin ng bersikulong ito. Sinasabi Niya: "Ang tinutukoy ng banal na bersikulong ito ay walang iba kundi ang Pinaka-Makapangyarihang Sanga". Ang

"Pinaka-Makapangyarihang Sanga" ay isa sa mga titulong ipinagkaloob ni Bahá'u'lláh kay 'Abdu'l-Bahá (Tingnan rin ang mga tala 66 at 184.)

146. In the Bayán it had been forbidden you to ask Us questions. ¶126

The Báb forbade His followers to ask questions of Him Whom God will make manifest (Bahá'u'lláh), unless their questions were submitted in writing and pertained to subjects worthy of His lofty station. See *Selections from the Writings of the Báb.*

Bahá'u'lláh removes this prohibition of the Báb. He invites the believers to ask such questions as they *"need to ask,"* and He cautions them to refrain from posing *"idle questions"* of the kind which preoccupied *"the men of former times."*

146. Sa Bayán ipinagbawal sa inyo na magtanong sa Amin ¶126

Ipinagbawal ng Báb sa mga sumusunod sa Kaniya na magtanong sa Kaniya Na ihahayag ng Diyos (Bahá'u'lláh), maliban na lamang kung ang kanilang mga katanungan ay ibinigay nang nakasulat at nauukol sa mga paksang karapat-dapat sa mataas na katayuan Niya. Tingnan ang Selections from the Writings of the Báb.

Inaalis ni Bahá'u'lláh ang pagbabawal na ito ng Báb. Inaanyayahan Niya ang mga nananampalataya na magbigay ng gayong mga katanungan na "kanilang kailangang itanong", at pinag-iingat Niya sila na magpigil sa pagbibigay ng mga "walang saysay na katanungan" na ang uri ay pinagka-kaabalahan ng "mga tao noong naunang panahon".

147. The number of months in a year, appointed in the Book of God, is nineteen. ¶127

The Bahá'í year, in accordance with the Badí' calendar, consists of nineteen months of nineteen days each, with the addition of certain intercalary days (four in an ordinary year and five in a leap year) between the eighteenth and nineteenth months in order to adjust the calendar to the solar year.[4] The Báb named the months after certain attributes of God. The Bahá'í New Year, Naw-Rúz, is astronomically fixed, coinciding with the March equinox (see note 26). For further details, including the names of the days of the week and the months, see the section on the Bahá'í calendar in *The Bahá'í World,* volume XVIII.

147. Ang bilang ng mga buwan sa isang taon, na itinakda sa Aklat ng Diyos, ay labinsiyam. ¶127

Ang taon ng Bahá'í, sang-ayon sa kalendaryong Badí, ay binubuo ng labinsiyam na buwan na may labinsiyam na araw bawat isa, na may dagdag na ilang paningit na mga araw (apat sa karaniwang taon at lima kapag taong bisyesto) sa pagitan ng ika-labing walo at labinsiyam na buwan upang iakma ang kalendaryo sa taon ayon sa araw.[4] Pinangalanan ng Báb ang mga buwan sang-ayon sa ilang mga katangian ng Diyos. Ang Bagong Taon ng Bahá'í, Naw-Rúz, ay pang-astronomiyang itinakda, kasabay ng equinox ng Marso (tingnan ang tala 26). Para sa karagdagang mga detalye, kasama ang mga pangalan ng mga araw sa linggo at ng mga buwan, tingnan ang bahagi tungkol sa kalendaryong Bahá'í sa The Bahá'í World, tomo XVIII.

148. the first hath been adorned with this Name which overshadoweth the whole of creation ¶127

In the Persian Bayán, the Báb bestowed the name "Bahá" on the first month of the year (see note 139).

148. ang una ay pinalamutihan ng Pangalan na ito na nangingibabaw sa buong sangnilikha ¶127

Sa Bayán sa wikang Persiano, ipinagkaloob ng Báb ang pangalang "Bahá" sa unang buwan ng taon (tingnan ang tala 139).

149. The Lord hath decreed that the dead should be interred in coffins ¶128

In the Bayán, the Báb prescribed that the deceased should be interred in a coffin made of crystal or polished stone. Shoghi Effendi, in a letter written on his behalf, explained that the significance of this provision was to show respect for the human body which "was once exalted by the immortal soul of man."

In brief, the Bahá'í law for the burial of the dead states that it is forbidden to carry the body for more than one hour's journey from the place of death; that the body should be wrapped in a shroud of silk or cotton, and on its finger should be placed a ring bearing the inscription *"I came forth from God, and return unto Him, detached from all save Him, holding fast to His Name, the Merciful, the Compassionate"*; and that the coffin should be of crystal, stone or hard fine wood. A specific Prayer for the Dead (see note 10) is ordained, to be said before interment. As affirmed by 'Abdu'l-Bahá and the Guardian, this law precludes cremation of the dead. The formal prayer and the ring are meant to be used for those who have attained the age of maturity, i.e. 15 years of age (Q&A 70).

With regard to the material from which the coffin is to be made, the spirit of the law is that coffins should be of as durable a material as possible. Hence, the Universal House of Justice has explained that, in addition to the materials specified in the Aqdas, there is no objection to using the hardest wood available or concrete for the casket. For the present, the Bahá'ís are left free to make their own choices in this matter.

150. the Point of the Bayán ¶129

The *"Point of the Bayán"* is one of the titles by which the Báb referred to Himself.

151. the deceased should be enfolded in five sheets of silk or cotton ¶130

149. Iniutos ng Panginoon na ang mga patay ay dapat ilibing nang nasa loob ng mga kabaong ¶128

Sa Bayán, iniutos ng Báb na ang pumanaw ay dapat ilibing nang nakalagay sa kabaong na yari sa kristal o makinis na bato. Si Shoghi Effendi, sa isang liham na isinulat sa ngalan niya, ay ipinaliwanag na ang kahalagahan ng utos na ito ay upang ipakita ang paggalang sa katawan ng tao na "minsan ay dinakila ng walang-hanggang kaluluwa ng tao".

Sa maikling paliwanag, ang batas ng Bahá'í para sa paglilibing ng bangkay ay nagsasaad na ipinagbabawal ang pagdadala ng bangkay nang mahigit sa isang oras na paglalakabay mula sa pook ng kinamatayan; na ang bangkay ay dapat balutin sa tela na sutla o bulak, at sa daliri nito ay dapat isuot ang isang singsing na taglay ang inskripsiyon na "Nanggaling ako mula sa Diyos, at babalik sa Kaniya, nakawalay sa lahat maliban sa Kaniya, mahigpit na nangangapit sa Pangalan Niya, ang Mahabagin, ang Madamayin"; at ang kabaong ay dapat na kristal, bato o matigas at pinong kahoy. Ang isang natatanging Dalangin para sa Yumao (tingnan ang tala 10), ang itinakda na dapat usalin bago ilibing. Tulad ng pinagtibay ni 'Abdu'l-Bahá at ng Guardian, ipinagbabawal ng batas na ito ang kremasyon ng bangkay. Ang pormal na panalangin at ang singsing ay sadya para gamitin noong mga umabot sa hustong gulang, a.b., 15 taong gulang (K&K 70).

Tungkol sa materyal na dapat gamitin sa pagyari ng kabaong, ang diwa ng batas ay yaong ang mga kabaong ay dapat na maging matibay na materyal hangga't maaari. Kaya, ipinaliwanag ng Universal House of Justice na, bukod sa mga materyales na itinakda sa Aqdas, walang pagtutol sa paggamit ng pinakamatigas na kahoy na makukuha o konkreto para sa kabaong. Sa ngayon, ang mga Bahá'í ay malayang makapamili ng kanilang sariling kagustuhan sa bagay na ito.

150. Ang Tuldok ng Bayán ¶129

Ang "Tuldok ng Bayán" ay isa sa mga titulo na itinawag ng Báb sa Kaniyang Sarili.

151. ang bangkay ay dapat balutin ng limang pirasong sutla o tela na yari sa bulak ¶130

In the Bayán, the Báb specified that the body of the deceased should be wrapped in five sheets of silk or cotton. Bahá'u'lláh confirmed this provision and added the stipulation that for *"those whose means are limited a single sheet of either fabric will suffice."*

Sa Bayán, tiniyak ng Báb na ang katawan ng pumanaw ay dapat balutin sa limang pirasong sutla o bulak. Pinagtibay ni Bahá'u'lláh ang itinadhanang ito at idinagdag ang kondisyon na para "doon sa ang kakayahan ay kulang ang isang pilas ng alinmang tela ay makasasapat".

When asked whether the *"five sheets"* mentioned in the law referred to "five full-length shrouds" or "five cloths which were hitherto customarily used," Bahá'u'lláh responded that the intention is the *"use of five cloths"* (Q&A 56).

Nang tanungin kung ang "limang piraso" na binanggit sa batas ay tumutukoy sa "limang mahahabang piraso ng tela na pambalot sa bangkay" o "limang tela na hanggang kasalukuyan ay karaniwang ginagamit", tumugon si Bahá'u'lláh na ang hinahangad ay ang "paggamit ng limang tela" (K&K 56).

Concerning the way in which the body should be wrapped, there is nothing in the Bahá'í Writings to define how the wrapping of the body is to be done, either when *"five cloths"* are used or only *"a single sheet."* At present, the Bahá'ís are free to use their judgment in the matter.

Tungkol sa paraan ng pagbalot ng katawan, walang ipinapaliwanag sa mga Kasulatang Bahá'í kung paano ang gagawain sa pagbalot ng katawan, ni kapag ang "limang tela" ay ginamit o kung "isang tela" lamang. Sa ngayon, ang mga Bahá'í ay malayang gamitin ang kanilang pasiya sa bagay na ito.

152. It is forbidden you to transport the body of the deceased a greater distance than one hour's journey from the city ¶130

152. Ipinagbabawal sa inyo na dalhin ang bangkay ng yumao sa layong mahigit na isang oras na paglalakbay mula sa lunsod ¶130

The intention of this command is to limit the duration of the journey to one hour's time, irrespective of the means of transport that are chosen to carry the body to the burial site. Bahá'u'lláh affirms that the sooner the burial takes place, *"the more fitting and acceptable will it be"* (Q&A 16).

Ang layunin ng kautusang ito ay ang takdaan ang tagal ng paglalakbay sa isang oras, na hindi isinasaalang-alang ang paraan ng paghahatid na pinili upang dalahin ang bangkay sa pook na paglilibingan. Pinagtitibay ni Bahá'u'lláh na kung kaagad na gagawain ang paglilibing, "magiging higit na nararapat at tinatanggap iyon". (K&K 16).

The place of death may be taken to encompass the city or town in which the person passes away, and therefore the one hour's journey may be calculated from the city limits to the place of burial. The spirit of Bahá'u'lláh's law is for the deceased to be buried near where he or she dies.

Ang pook na kinamatayan ay maaaring ipakahulugan na sa paligid ng lunsod o bayan kung saan sumakabilang-buhay ang tao, at samakatuwid ang isang oras na paglalakbay ay maaaring kalkulahin mula sa hangganan ng lunsod hanggang sa pook ng paglilibingan. Ang diwa ng batas ni Bahá'u'lláh ay upang mailibing ang yumao nang malapit sa pook na kaniyang kinamatayan.

153. God hath removed the restrictions on travel that had been imposed in the Bayán. ¶131

153. Inalis ng Diyos ang mga ipinagbabawal ukol sa paglalakbay na iniutos sa Bayán ¶131

The Báb decreed certain restrictions on travel which were to remain in force until the advent of the Promised One of the Bayán, at which time the believers were instructed to set out, even if on foot, to meet Him, since the attainment of His presence was the fruit and purpose of their very existence.

May mga ipinagbabawal ukol sa paglalakbay na iniutos ng Báb na dapat pairalin hanggan sa pagdating Niya Na Ipinangako ng Bayán, na sa panahong iyon ang mga nananampalataya ay inuutusang magsilakbay, kahit na naglalakad,

upang makipagkita sa Kaniya, dahilan sa ang makarating sa Kaniyang harapan ay siyang bunga at layunin ng kanilang pinaka-buhay.

154. Raise up and exalt the two Houses in the Twin Hallowed Spots, and the other sites wherein the throne of your Lord … hath been established. ¶133

154. Parangalan at dakilain ang dalawang Tahanan sa Kambal na Banal na Pook, at sa ibang mga pook kung saan ang trono ng inyong Panginoon ... ay naitatag. ¶133

Bahá'u'lláh identifies the *"two Houses"* as His House in Baghdád, designated by Him as the *"Most Great House,"* and the House of the Báb in Shíráz, both of which have been ordained by Him as sites of pilgrimage. (See Q&A 29, 32 and note 54.)

Tinutukoy ni Bahá'u'lláh ang "dalawang Tahanan" na ang Kaniyang Tahanan sa Baghdád, na tinagurian Niya na ang "Pinaka-Dakilang Tahanan", at ang Tahanan ng Báb sa Shíráz, na kapwa itinadhana Niya na mga pook ng peregrinasyon. (Tingnan ang K&K 29, 32, at ang tala 54).

Shoghi Effendi explained that *"the other sites wherein the throne of your Lord ... hath been established"* refers to those places where the Person of the Manifestation of God has resided. Bahá'u'lláh states that *"the people of the areas where these are situated may choose to preserve either each house"* wherein He resided, *"or one of them"* (Q&A 32). Bahá'í institutions have identified, documented, and where possible, acquired and restored a number of the historical sites associated with the Twin Manifestations.

Ipinaliwanag ni Shoghi Effendi na "ang ibang mga pook kung saan ang trono ng inyong Panginoon . . . ay naitatag" ay tumutukoy sa mga lugar na kung saan ang mismong Kahayagan ng Diyos ay nanirahan. Sinasabi ni Bahá'u'lláh na "ang mga tao sa mga pook na kung saan ang mga ito ay naroroon ay maaaring pumili na pangangalagaan ang bawat tahanan" na tinirahan Niya, "o isa sa mga iyon" (K&K 32). Ang mga institusyong Bahá'í ay tinukoy, ginawaan ng kasulatan, at kung saan magagawa, ay napasakanila at naibalik sa dating kalagayan ang ilang bilang ng mga makasaysayang pook na may kaugnayan sa Kambal na mga Kahayagan.

155. Take heed lest ye be prevented by aught that hath been recorded in the Book from hearkening unto this, the Living Book ¶134

155. Mag-ingat na baka mahadlangan kayo ng anumang naitala sa Aklat na mapakinggan ito, ang Nabubuhay na Aklat ¶134

The *"Book"* is the record of the revealed Word of the Manifestations of God. The *"Living Book"* is a reference to the Person of the Manifestation.

Ang "Aklat" ay ang tala na ipinahayag na Salita ng mga Kahayagan ng Diyos. Ang "Nabubuhay na Aklat" ay isang pagtukoy mismo sa Kahayagan.

These words contain an allusion to a statement of the Báb in the Persian Bayán about the *"Living Book,"* which He identifies as Him Whom God will make manifest. In one of His Tablets Bahá'u'lláh Himself states: *"The Book of God hath been sent down in the form of this Youth."*

Ang mga salitang ito ay naglalaman ng pahiwatig sa isang pangungusap ng Báb sa Bayán sa wikang Persiano tungkol sa "Nabubuhay na Aklat", na itinutukoy Niya na ang Siya Na ihahayag ng Diyos. Sa isa sa Kaniyang mga Tableta ay ipinahayag ni Bahá'u'lláh Mismo na: "Ang Aklat ng Diyos ay ipinadala sa anyo ng Kabataang ito."

In this verse of the Aqdas, and again in paragraph 168 of the Aqdas, Bahá'u'lláh refers to Himself as the *"Living Book."* He cautions the *"followers of every other Faith"* against seeking *"reasons in their Holy Books"* for refuting the utterances of the *"Living Book."* He admonishes

Sa bersikulong ito ng Aqdas, at muli sa parapo bilang 168 ng Aqdas, tinutukoy ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang Sarili bilang ang "Nabubuhay na Aklat". Binabalaan Niya ang "mga tagasunod

the people not to allow what has been recorded in the *"Book"* to prevent them from recognizing His Station and from holding fast to what is in this new Revelation.

ng bawat ibang Pananampalataya" laban sa paghanap "ng mga kadahilanan sa kanilang mga Banal na Aklat" upang pabulaanan ang mga pahayag ng "Nabubuhay na Aklat". Binabalaan Niya ang mga tao na huwag pahintulutan noong naitala sa "Aklat" na hadlangan sila sa pagkilala sa Katayuan Niya at sa matatag na pangangapit sa napapaloob sa bagong Rebelasyon na ito.

156. tribute to this Revelation, from the Pen of Him Who was My Herald ¶135

156. parangal sa Rebelasyon na ito, mula sa Panulat Niya Na Tagapagpauna sa Akin ¶135

The *"tribute"* that Bahá'u'lláh quotes in this passage is from the Arabic Bayán.

Ang "parangal" na sinipi ni Bahá'u'lláh sa pangungusap na ito ay mula sa Bayán sa wikang Arabiko.

157. "The Qiblih is indeed He Whom God will make manifest; whenever He moveth, it moveth, until He shall come to rest." ¶137

157. "Ang Qiblih ay tunay na Siya Na ihahayag ng Diyos; kailanman Siya kumilos, ito ay kikilos, hanggang sa Siya ay tumigil." ¶137

For a discussion of this verse see notes 7 and 8.

Para sa isang pagtalakay sa bersikulong ito tingnan ang mga tala 7 at 8.

158. It is unlawful to enter into marriage save with a believer in the Bayán. Should only one party to a marriage embrace this Cause, his or her possessions will become unlawful to the other ¶139

158. Labag sa batas ang makipag-isang dibdib sa iba maliban sa isang nananalig sa Bayán. Kung isang panig lamang sa isang pag-aasawa ang tumanggap sa Kapakanang ito, ang ari-arian ng lalake o babae ay magiging hindi ayon sa batas sa kabilang panig ¶139

The passage of the Bayán which Bahá'u'lláh here quotes draws the attention of the believers to the imminence of the coming of "Him Whom God will make manifest." Its prohibition of marriage with a non-Bábí and its provision that the property of a husband or wife who embraced the Faith could not lawfully pass to the non-Bábí spouse were explicitly held in abeyance by the Báb, and were subsequently annulled by Bahá'u'lláh before they could come into effect. Bahá'u'lláh, in quoting this law, points to the fact that, in revealing it, the Báb had clearly anticipated the possibility that the Cause of Bahá'u'lláh would rise to prominence before that of the Báb Himself.

Ang sipi sa Bayán na inuulit ni Bahá'u'lláh dito ay tumatawag sa pansin ng mga nananampalataya sa nalalapit na pagdating "Niya na ihahayag ng Diyos". Ang pagbabawal na ito sa pagpapakasal sa isang hindi Bábí at ang itinadhana nito na ang ari-arian ng asawa o maybahay na tumanggap sa Pananampalataya ay hindi maaaring ilipat sa kabiyak na hindi Bábí nang hindi lalabag sa batas, ay maliwanag na ipinagpaliban ng Báb, at sa dakong huli ay pinawalang-bisa ni Bahá'u'lláh bago pa man ito maipatupad. Si Bahá'u'lláh, sa pag-uulit sa batas na ito, ay tinutukoy ang katotohanan, na sa pagpapahayag nito, ay maliwanag na inasam ng Báb na maaaring mangyari na ang Kapakanan ni Bahá'u'lláh ay magiging higit na bantog bago doon sa Báb mismo.

In *God Passes By* Shoghi Effendi points out that the Bayán "should be regarded primarily as a eulogy of the Promised One rather than a code of laws and ordinances designed to be a permanent guide to future generations." "Designedly severe in the rules and regulations it

Sa God Passes By sinasabi ni Shoghi Effendi na ang Bayán "ay dapat kilalaning una sa lahat bilang isang parangal sa Kaniya na Ipinangako sa halip na isang talaan ng mga batas at

imposed," he continues, "revolutionizing in the principles it instilled, calculated to awaken from their age-long torpor the clergy and the people, and to administer a sudden and fatal blow to obsolete and corrupt institutions, it proclaimed, through its drastic provisions, the advent of the anticipated Day, the Day when 'the Summoner shall summon to a stern business,' when He will 'demolish whatever hath been before Him, even as the Apostle of God demolished the ways of those that preceded Him'" (see also note 109).

159. The Point of the Bayán ¶140

One of the titles of the Báb.

160. Verily, there is none other God besides Me ¶143

The Bahá'í Writings contain many passages that elucidate the nature of the Manifestation and His relationship to God. Bahá'u'lláh underlines the unique and transcendent nature of the Godhead. He explains that *"since there can be no tie of direct intercourse to bind the one true God with His creation"* God ordains that *"in every age and dispensation a pure and stainless Soul be made manifest in the kingdoms of earth and heaven."* This *"mysterious and ethereal Being,"* the Manifestation of God, has a human nature which pertains to *"the world of matter"* and a spiritual nature *"born of the substance of God Himself."* He is also endowed with a *"double station"*:

The first station, which is related to His innermost reality, representeth Him as One Whose voice is the voice of God Himself ... The second station is the human station, exemplified by the following verses: "I am but a man like you." "Say, praise be to my Lord! Am I more than a man, an apostle?"

alituntunin na binalangkas upang maging isang pirmihang gabay sa susunod na mga salinlahi". "Ang mga batas at alituntunin na ipinataw nito ay sinadyang napakahigpit," ipinagpatuloy niya, "lubusang nagpapabago doon sa mga simulaing ikinintal nito, sinadya upang gisingin mula sa kanilang napakatagal na pamamanhid ang mga kleriko at ang mga tao, at upang ibigay ang isang biglaan at nakapapatay na dagok sa lipas na at bulok na mga institusyon, ipinahayag nito, sa pamamagitan ng mararahas na tadhana nito, ang pagsapit ng inaasam na Araw, ang Araw na ang 'Mananawagan ay tatawagin para sa isang masinsing gawain', kung saan Kaniyang wawasakin ang anuman na naroroon na, tulad ng pagwasak ng Apostol ng Diyos sa mga gawi noong nauna sa Kaniya. (Tingnan rin ang tala 109).

159. Ang Tuldok ng Bayán ¶140

Isa sa mga titulo ng Báb.

160. Sa katunayan, walang ibang Diyos maliban sa Akin ¶143

Naglalaman ng maraming mga sipi ang mga Kasulatang Bahá'í na nagpapaliwanag sa kalikasan ng Kahayagan at ang kaugnayan Niya sa Diyos. Binigyang-diin ni Bahá'u'lláh ang bukod-tangi at nangingibabaw na kalikasan ng pagiging Diyos. Ipinaliliwanag Niya na "dahilan sa hindi maaaring magkaroon ng tuwirang kaugnayan na magbibigkis sa iisang tunay na Diyos sa Kaniyang nilikha" itinadhana ng Diyos na "sa bawat panahon at dispensasyon isang dalisay at walang batik na Kaluluwa ang ipahahayag sa mga kaharian ng lupa at kalangitan". Ang "mahiwaga at makalangit na Katauhan" na ito, ang Kahayagan ng Diyos, ay may pantaong kalikasan na nauukol sa "daigdig ng materyal" at isang espirituwal na kalikasan "na buhat sa sangkap ng Diyos Mismo". Siya ay pinagkalooban din ng isang "dobleng katayuan":

Ang unang katayuan, na may kaugnayan sa Kaniyang pinaka-naloloob na katotohanan, ay kumakatawan sa Kaniya bilang Siya Na ang tinig ay tinig ng Diyos Mismo . . . Ang pangalawang katayuan ay ang pantaong katayuan na ihinahalimbawa ng mga sumusunod na bersikulo: "Ako ay isang taong tulad ninyo." "Sabihin, purihin ang aking

Panginoon! Ako ba ay higit pa sa isang tao, isang apostol?"

Bahá'u'lláh also affirms that, in the spiritual realm, there is an *"essential unity"* between all the Manifestations of God. They all reveal the *"Beauty of God,"* manifest His names and attributes, and give utterance to His Revelation. In this regard, He states:

Pinagtibay rin ni Bahá'u'lláh na sa espirituwal na kaharian, mayroong isang "pangunahing pagkakaisa" ng lahat ng mga Kahayagan ng Diyos. Lahat Sila ay nagpapahayag ng "Kagandahan ng Diyos", ipinakikilala ang Kaniyang mga pangalan at katangian, at binibigkas ang Kaniyang Rebelasyon. Kaugnay nito, sinasabi Niya:

Were any of the all-embracing Manifestations of God to declare: "I am God!" He, verily, speaketh the truth, and no doubt attacheth thereto. For it hath been repeatedly demonstrated that through their Revelation, their attributes and names, the Revelation of God, His name and His attributes, are made manifest in the world.

Kung sinuman sa nakasasakop-sa-lahat na mga Kahayagan ng Diyos ang maghayag ng: "Ako ang Diyos!", Siya, sa katunayan, ay nagsasabi ng katotohanan, at walang alinlangan ang lalakip dito. Sapagka't paulit-ulit na ipinakita na sa pamamagitan ng kanilang Rebelasyon, ng Kanilang mga katangian at mga pangalan, ang Rebelasyon ng Diyos, ang Kaniyang pangalan at Kaniyang mga katangian, ay ginawang mahayag sa daigdig.

While the Manifestations reveal the names and attributes of God and are the means by which humanity has access to the knowledge of God and His Revelation, Shoghi Effendi states that the Manifestations should "never … be identified with that invisible Reality, the Essence of Divinity itself." In relation to Bahá'u'lláh, the Guardian wrote that the "human temple that has been the vehicle of so overpowering a Revelation" is not to be identified with the "Reality" of God.

Samantalang inihahayag ng mga Kahayagan ang mga pangalan at katangian ng Diyos at ang mga paraan upang ang sangkatauhan ay magkaroon ng daan tungo sa kaalaman ng Diyos at Kaniyang Rebelasyon, sinasabi ni Shoghi Effendi na ang mga Kahayagan ay "hindi kailanman dapat … na ipalagay na Sila ay ang hindi nakikitang Katotohanan, ang diwa ng pagka-Diyos mismo". Tungkol kay Bahá'u'lláh, isinulat ng Guardian na ang "makataong templo na naging behikulo ng lubhang nakapangyayaring Rebelasyon" ay hindi dapat ipalagay na ito ang "Katotohanan" ng Diyos mismo.

Concerning the uniqueness of Bahá'u'lláh's station and the greatness of His Revelation, Shoghi Effendi affirms that the prophetic statements concerning the "Day of God," found in the Sacred Scriptures of past Dispensations, are fulfilled by the advent of Bahá'u'lláh:

Tungkol sa namumukod-tanging katayuan ni Bahá'u'lláh at ang kadakilaan ng Kaniyang Rebelasyon, pinagtitibay ni Shoghi Effendi na ang mapanghulang mga salita tungkol sa "Araw ng Diyos", na natatagpuan sa mga Banal na Kasulatan ng mga nakalipas na Dispensasyon ay natupad sa pagdating ni Bahá'u'lláh:

To Israel He was neither more nor less than the incarnation of the "Everlasting Father," the "Lord of Hosts" come down "with ten thousands of saints"; to Christendom Christ returned "in the glory of the Father"; to Shí'ah Islám the return of the Imám Ḥusayn; to Sunní Islám the descent of the "Spirit of God" (Jesus Christ); to the Zoroastrians the promised Sháh-Bahrám; to the Hindus the reincarnation of Krishna; to the Buddhists the fifth Buddha.

Para sa Israel Siya ay hindi humigit kumulang na ang pagkakatawang-tao ng "Walang Hanggang Ama", ang "Panginoon ng mga Hukbo" na bumaba na "kasama ang sampung libong mga santo"; sa pamayanang-Kristiano ang nagbalik na Kristo "sa kaluwalhatian ng Ama"; sa Shí'ah Islám ang pagbabalik ng Imám Husayn; sa Sunní Islám ang pagbaba ng "Espiritu ng Diyos" (Jesukristo); sa mga

Zoroastriano ang ipinangakong Sháh-Bahrám; sa mga Hindu ang pagkakatawang-tao muli ni Krishna; sa mga Buddhist ang ikalimang Buddha.

Bahá'u'lláh describes the station of "Divinity" which He shares with all the Manifestations of God as

Inilalarawan ni Bahá'u'lláh ang katayuan ng "Pagka-Diyos" na kabahagi Niya ang lahat ng mga Kahayagan ng Diyos bilang

…the station in which one dieth to himself and liveth in God. Divinity, whenever I mention it, indicateth My complete and absolute self-effacement. This is the station in which I have no control over mine own weal or woe nor over my life nor over my resurrection.

… ang katayuan na ang isa ay namamatay sa kaniyang sarili at nabubuhay sa Diyos. Ang Pagka-Diyos, kailanman ito ay binabanggit Ko, ay nagpapakilala sa Aking lubos at ganap na pagkapawi ng sarili. Ito ang katayuan na wala Akong kapangyarihan sa aking sariling mabuting kalagayan o kasawian ni sa aking buhay ni sa aking muling pagkabuhay.

And, regarding His own relationship to God, He testifies:

At, tungkol sa sariling kaugnayan Niya sa Diyos, nagpapatunay Siya:

When I contemplate, O my God, the relationship that bindeth me to Thee, I am moved to proclaim to all created things "verily I am God!"; and when I consider my own self, lo, I find it coarser than clay!

Kapag minumuni-muni ko, O aking Diyos, ang kaugnayan na nagbibigkis sa akin sa Iyo, ako ay napipilitang ipahayag sa lahat ng nilalang na bagay na "sa katunayan, ako ang Diyos!"; at kapag iniisip ko ang aking sarili, aba, aking nakikita na ito ay magaspang pa sa luwad!

161. payment of Zakát ¶146

161. pagbabayad ng Zakát ¶146

Zakát is referred to in the Qur'án as a regular charity binding upon Muslims. In due course the concept evolved into a form of alms tax which imposed the obligation to give a fixed portion of certain categories of income, beyond specified limits, for the relief of the poor, for various charitable purposes, and to aid the Faith of God. The limit of exemption varied for different commodities, as did the percentage payable on the portion assessable.

Tinutukoy sa Qur'án ang Zakát bilang isang palagiang kawanggawa na ipinatutupad sa mga Muslim. Sa paglakad ng panahon ang konsepto ay marahang nagbago na maging isang anyo ng ambag-buwis na nag-utos sa tungkuling magbigay ng isang takdang bahagi ng ilang mga uri ng kita, nang lagpas sa naitakdang mga halaga, para sa kaginhawahan ng mahihirap, para sa iba't ibang pangkawanggawang mga layunin, at upang tulungan ang Pananampalataya ng Diyos. Ang pagtatasa sa hindi pagbabayad ay nag-iiba para sa iba't ibang kalakal, tulad ng porsiyentong dapat bayaran sa bahaging binubuwisan.

Bahá'u'lláh states that the Bahá'í law of Zakát follows *"what hath been revealed in the Qur'án"* (Q&A 107). Since such issues as the limits for exemption, the categories of income concerned, the frequency of payments, and the scale of rates for the various categories of Zakát are not mentioned in the Qur'án, these matters will have to be set forth in the future by the Universal House of Justice. Shoghi Effendi has indicated that pending such legislation the believers should, according to their means and possibilities, make regular contributions to the Bahá'í Fund.

Sinasabi ni Bahá'u'lláh na ang batas ng Bahá'í sa Zakát ay sinusundan "yaong naipahayag sa Qur'án" (K&K 107). Dahilan sa ang mga paksa tulad ng mga pagtatakda sa hindi babayaran, ang pagtukoy sa mga uri ng kita na nabibilang dito, ang kadalasan ng mga pagbabayad, at ang antas ng halaga para sa iba't ibang uri ng Zakát ay hindi binabanggit sa Qur'án, ang mga bagay na ito ay dapat pagpasiyahan sa hinaharap ng Universal House of Justice. Sinabi ni Shoghi Effendi na hanggang wala pa ang ganoong batas ang mga

nananampalataya, sang-ayon sa kanilang kakayahan at mga magagawa, ay dapat laging magbigay sa Pondong Bahá'í.

162. It is unlawful to beg, and it is forbidden to give to him who beggeth. ¶147

162. Labag sa batas ang mamalimos, at ipinag-babawal ang magbigay sa kaniya na namamalimos. ¶147

In a Tablet 'Abdu'l-Bahá expounds the meaning of this verse. He states that *"mendicancy is forbidden and that giving charity to people who take up begging as their profession is also prohibited."* He further points out in that same Tablet: *"The object is to uproot mendicancy altogether. However, if a person is incapable of earning a living, is stricken by dire poverty or becometh helpless, then it is incumbent on the wealthy or the Deputies to provide him with a monthly allowance for his subsistence ... By 'Deputies' is meant the representatives of the people, that is to say the members of the House of Justice."*

Sa isang Tableta ipinaliliwanag ni 'Abdu'l-Bahá ang kahulugan ng bersikulong ito. Sinasabi Niya na ang "pagpapalimos ay ipinagbabawal at ang magbigay ng kawang-gawa sa mga taong ginagawang hanapbuhay ang pamamalimos ay ipinagbabawal din". Bilang karagdagan sinasabi Niya sa Tableta ring iyon na: "Ang layunin ay ang lipulin nang lubusan ang pamamalimos. Subalit kung ang isang tao ay walang kakayahan na makapaghanap-buhay, dinapuan ng lubos na kahirapan o nawalan na ng kakayahan, kung gayon nararapat sa mayayaman o sa mga Kinatawan na bigyan siya ng buwanang panustos para sa kaniyang pantawid-buhay … Ang mga 'Kinatawan' ay nangangahulugan na mga kinatawan ng tao, iyon ay ang mga kaanib ng House of Justice."

The prohibition against giving charity to people who beg does not preclude individuals and Spiritual Assemblies from extending financial assistance to the poor and needy or from providing them with opportunities to acquire such skills as would enable them to earn a livelihood (see note 56).

Ang pagbabawal sa pagbibigay ng kawang-gawa sa mga taong nagpapalimos ay hindi hadlang sa mga indibiduwal at mga Spiritual Assemblies sa pagbibigay ng tulong na pananalapi sa mahihirap at nangangailangan o sa pagbibigay sa kanila ng mga pagkakataon upang makapagtamo ng mga kasanayan upang magawa nilang makapaghanap-buhay (tingnan ang tala 56).

163. A fine … had formerly been prescribed … for anyone who was the cause of sadness to another ¶148

163. Isang multa … ang iniutos noon … sa sinuman na naging sanhi ng kalungkutan sa iba ¶148

Bahá'u'lláh abrogates the law of the Persian Bayán concerning the payment of a fine in reparation for causing sadness to one's neighbor.

Pinawalang-bisa ni Bahá'u'lláh ang batas ng Bayán sa wikang Persiano tungkol sa pagbabayad ng isang multa bilang kabayaran sa pagiging sanhi ng kalungkutan sa kaniyang kapitbahay.

164. the sacred Lote-Tree ¶148

164. Na Banal na Puno ng Lote ¶148

The *"sacred Lote-Tree"* is a reference to the Sadratu'l-Muntahá, the *"Tree beyond which there is no passing"* (see note 128). It is used here symbolically to designate Bahá'u'lláh.

Ang "banal na Puno ng Lote" ay isang pagtukoy sa Sadratu'l-Muntahá, ang "Puno na sa kabila nito ay walang makararaan" (tingnan ang tala 128). Ginagamit ito dito bilang sagisag na tumutukoy kay Bahá'u'lláh.

165. Recite ye the verses of God every morn and eventide. ¶149

Bahá'u'lláh states that the essential *"requisite"* for reciting *"the verses of God"* is the *"eagerness and love"* of the believers to *"read the Word of God"* (Q&A 68).

With regard to the definition of *"verses of God,"* Bahá'u'lláh states that it refers to *"all that hath been sent down from the Heaven of Divine Utterance."* Shoghi Effendi, in a letter written to one of the believers in the East, has clarified that the term *"verses of God"* does not include the writings of 'Abdu'l-Bahá; he has likewise indicated that this term does not apply to his own writings.

166. Ye have been enjoined to renew the furnishings of your homes after the passing of each nineteen years ¶151

Bahá'u'lláh confirms the injunction in the Arabic Bayán regarding the renewal, every nineteen years, of the furnishings of one's home, provided one is able to do so. 'Abdu'l-Bahá relates this ordinance to the promotion of refinement and cleanliness. He explains that the purpose of the law is that one should change those furnishings that become old, lose their luster and provoke repugnance. It does not apply to such things as rare or treasured articles, antiques or jewelry.

167. Wash your feet ¶152

The believers are exhorted in the Kitáb-i-Aqdas to bathe regularly, to wear clean clothes and generally to be the essence of cleanliness and refinement. The Synopsis and Codification, section IV.D.3.y.i.–vii., summarizes the relevant provisions. In relation to the washing of the feet, Bahá'u'lláh states that it is preferable to use warm water; however, washing in cold water is also permissible (Q&A 97).

168. Ye have been prohibited from making use of pulpits. Whoso wisheth to recite unto you the verses of his Lord, let him sit on a chair placed upon a dais ¶154

165. Bigkasin ninyo ang mga bersikulo ng Diyos tuwing umaga at gabi. ¶149

Sinasabi ni Bahá'u'lláh na ang pangunahing "kinakailangan" para sa pag-usal "ng mga bersikulo ng Diyos" ay ang "pananabik at pagmamahal" ng mga nananampalataya sa "pagbasa sa Salita ng Diyos" (K&K 68).

Tungkol sa kahulugan ng "mga bersikulo ng Diyos", sinasabi ni Bahá'u'lláh na tinutukoy nito ang "lahat ng ipinadala mula sa Kalangitan ng Banal na Pananalita". Nilinaw ni Shoghi Effendi, sa isang liham na isinulat sa isa sa mga nananalig sa Silangan na hindi kasama sa itinuturing na "mga bersikulo ng Diyos" ang mga kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá; gayundin sinabi niya na hindi nabibilang ang kaniyang sariling mga kasulatan sa taguring ito.

166. Iniuutos sa inyo na baguhin ang mga kasang-kapan sa inyong mga tahanan matapos lumipas ang bawat labinsiyam na taon ¶151

Pinagtitibay ni Bahá'u'lláh ang tagubilin sa Bayán sa wikang Arabiko ang tungkol sa pagbabago tuwing ika-labinsiyam na taon, ng mga kasangkapan sa kaniyang tahanan kung magagawa niya ito. Iniuugnay ni 'Abdu'l-Bahá ang alituntuning ito sa pagtataguyod ng pagiging pino at ng kalinisan. Ipinaliliwanag Niya na ang layunin ng batas ay upang dapat palitan yaong mga kasangkapang naluma na, nawala na ang kinang at nakaririmarim. Hindi ito ipinaiiral sa mga gayong bagay na pambihira o mahahalagang bagay, mga antigo o kaya alahas.

167. Hugasan ang inyong mga paa ¶152

Ang mga mananampalataya ay pinapayuhan sa Kitáb-i-Aqdas na palaging maligo, magsuot ng malilinis na damit at sa kalimitan ay maging diwa ng kalinisan at pagiging pino. Binuod sa Lagom at Pagsasaayos, bahagi IV.D.3.y.i.–vii., ang mga nauugnay na mga tadhana. Tungkol sa paghu-hugas ng paa, sinasabi ni Bahá'u'lláh na higit na mabuti na gumamit ng maligamgam na tubig; gayunpaman, ang paghuhugas sa malamig na tubig ay pinahihintulutan din (K&K 97).

168. Pinagbabawalan kayo na gamitin ang mga pulpito. Sinuman ang nagnanais na bigkasin sa inyo ang mga bersikulo ng

kaniyang Panginoon, hayaan siyang umupo sa isang upuan na inilagay sa isang plataporma ¶154

These provisions have their antecedent in the Persian Bayán. The Báb forbade the use of pulpits for the delivery of sermons and the reading of the Text. He specified, instead, that to enable all to hear the Word of God clearly, a chair for the speaker should be placed upon a platform.

Ang mga itinadhanang ito ay may pinagmulan sa Bayán sa wikang Persiano. Ipinagbawal ng Báb ang paggamit ng mga pulipito para ipahayag ang mga sermon at sa pagbasa ng mga Teksto. Sa halip, sinabi Niya na upang malinaw na marinig ng lahat ang Salita ng Diyos, isang upuan para sa nagsasalita ang dapat ilagay sa isang plataporma.

In comments on this law, ‘Abdu’l-Bahá and Shoghi Effendi have made it clear that in the Mashriqu’l-Adhkár (where sermons are prohibited and only the words of Holy Scripture may be read) the reader may stand or sit, and if necessary to be better heard, may use a low movable platform, but that no pulpit is permitted. In the case of meetings in places other than the Mashriqu’l-Adhkár, it is also permissible for the reader or speaker to sit or stand, and to use a platform. In one of His Tablets, when reiterating the prohibition of the use of pulpits in any location, ‘Abdu’l-Bahá has stressed that when Bahá’ís deliver their speeches in gatherings, they are to do so in an attitude of utmost humility and self-abnegation.

Bilang mga komentaryo sa batas na ito, ginawang malinaw nina ‘Abdu’l-Bahá at Shoghi Effendi na sa Mashriqu’l-Adhkár (kung saan ang mga sermon ay ipinagbabawal at mga salita sa Banal na Kasulatan ang maaari lamang basahin) ang tagabasa ay maaaring nakatayo o nakaupo, at kung kailangan upang lalong mapakinggan, ay maaaring gumamit ng isang mababang nailipat na plataporma, ngunit hindi pinahihintulutan ang pulpito. Sa kaso ng mga pulong sa mga pook bukod sa Mashriqu’l-Adhkár, pinahihintulutan din ang tagabasa o tagapagsalita na umupo o tumayo, at gumamit ng isang plataporma. Sa isa sa Kaniyang mga Tableta, sa pag-uulit ng pagbabawal sa paggamit ng mga pulpito sa alinmang lugar, binigyang-diin ni ‘Abdu’l-Bahá na kapag ibinibigay ng mga Bahá’í ang kanilang talumpati sa mga pagtitipon, gagawin nila iyon sa isang kilos na may sukdulang pagpapakumbaba at pagtatakwil ng sarili.

169. Gambling ¶155

169. ang pagsusugal ¶155

The activities that are included in this prohibition have not been outlined in the Writings of Bahá’u’lláh. As both ‘Abdu’l-Bahá and Shoghi Effendi have indicated, it is left to the Universal House of Justice to specify the details of this prohibition. In response to questions about whether lotteries, betting on such things as horse races and football games, bingo, and the like, are included under the prohibition of gambling, the Universal House of Justice has indicated that this is a matter that will be considered in detail in the future. In the meantime, the Assemblies and individuals are counseled not to make an issue of these matters and to leave it to the conscience of the individual believers.

Ang mga gawaing kasama sa pagbabawal na ito ay hindi binalangkas sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh. Tulad ng sinabi nina ‘Abdu’l-Bahá at Shoghi Effendi, nasa pasiya ng Universal House of Justice ang pagtiyak sa mga detalye ng pagbabawal na ito. Bilang tugon sa mga katanungan kung ang mga loteriya, pagpusta sa mga bagay tulad ng karera ng kabayo, mga larong football, bingo at mga katulad nito, ay kasama sa pagbabawal sa sugal, sinabi ng Universal House of Justice na ito ay isang bagay na isasaalang-alang nang madetalye sa hinaharap na panahon. Samantala, ang mga Assembly at indibiduwal ay pinapayuhang huwag gawaing usapin ang mga bagay na ito at iwanan ito sa budhi ng bawat isang mananampalataya.

The House of Justice has ruled that it is not appropriate for funds for the Faith to be raised through lotteries, raffles, and games of chance.

Ipinasiya ng House of Justice na hindi nararapat na maglikom ng pondo para sa Pananampalataya sa pama-magitan ng mga loteriya, paripa, at may-sapalarang mga laro.

170. the use of opium … any substance that induceth sluggishness and torpor ¶155

170. ang paggamit ng opyo … anumang sangkap na nagiging sanhi ng pananamlay at pamamanhid ng isipan ¶155

This prohibition of the use of opium is reiterated by Bahá'u'lláh in the final paragraph of the Kitáb-i-Aqdas. In this connection, Shoghi Effendi stated that one of the requirements for "a chaste and holy life" is "total abstinence … from opium, and from similar habit-forming drugs." Heroin, hashish and other derivatives of cannabis such as marijuana, as well as hallucinogenic agents such as LSD, peyote and similar substances, are regarded as falling under this prohibition.

Ang pagbabawal na ito sa paggamit ng opyo ay inuulit ni Bahá'u'lláh sa pangwakas na parapo ng Kitáb-i-Aqdas. Kaugnay nito, sinabi ni Shoghi Effendi na isa sa mga hinihingi ng "isang malinis at banal na buhay" ay ang "ganap na pag-iwas … sa opyo at sa ibang katulad ng mga kinasa-sanayan na droga". Ang heroin, hashish, at ibang mga nanggagaling sa cannabis tulad ng marijuana, gayundin ang ibang mga sanhi ng alusinasyon tulad ng LSD, peyote at magkakakatulad na mga sangkap, ay itinuturing na nasasakopng pagbabawal na ito.

'Abdu'l-Bahá has written:

Isinulat ni 'Abdu'l-Bahá:

As to opium, it is foul and accursed. God protect us from the punishment He inflicteth on the user. According to the explicit Text of the Most Holy Book, it is forbidden, and its use is utterly condemned. Reason showeth that smoking opium is a kind of insanity, and experience attesteth that the user is completely cut off from the human kingdom. May God protect all against the perpetration of an act so hideous as this, an act which layeth in ruins the very foundation of what it is to be human, and which causeth the user to be dispossessed for ever and ever. For opium fasteneth on the soul so that the user's conscience dieth, his mind is blotted away, his perceptions are eroded. It turneth the living into the dead. It quencheth the natural heat. No greater harm can be conceived than that which opium inflicteth. Fortunate are they who never even speak the name of it; then think how wretched is the user.

Tungkol sa opyo, ito ay napakarumi at isinusumpa. Pangalagaan nawa tayo ng Diyos sa kaparusahan na ipinadadanas Niya sa gumagamit nito. Sang-ayon sa maliwanag na Teksto ng Pinakabanal na Aklat, ito ay ipinagbabawal at ang paggamit nito ay lubos na isinusumpa. Ipinakikita ng pag-iisip na ang paghithit ng opyo ay isang uri ng pagkabaliw, at pinatutunayan ng karanasan na ang gumagamit nito ay ganap na napapahiwalay sa daigdig ng tao. Nawa ay pangalagaan ng Diyos ang lahat laban sa pagsasagawa ng isang kilos na nakapangingilabot tulad nito, isang kilos na nagwawasak sa pinaka-saligan noong kung paano ang pagiging tao, at nagiging sanhi ng pagkawala ng kakayanan ng gumagamit magpakailanman hanggang magpakailanman. Sapagka't kumakapit ang opyo sa kaluluwa, kung kaya ang budhi ng gumagamit ay namamatay, ang kaniyang isipan ay pinapawi, ang kaniyang pang-unawa ay inaagnas. Ginagawa nitong patay ang buhay. Inaapula nito ang likas na init. Wala nang hihigit na kapinsalaan ang maiisip pa kaysa sa ipinalalasap ng opyo. Mapalad sila na kahit kailan ay hindi binibigkas ang pangalan nito; kung gayon, isipin kung gaanong naging lubhang kahabag-habag ang gamagamit nito.

O ye lovers of God! In this, the cycle of Almighty God, violence and force, constraint and oppression, are one and all condemned. It is,

O kayong mga mangingibig ng Diyos! Dito, sa siglo ng Makapangyarihan sa Lahat na Diyos,

however, mandatory that the use of opium be prevented by any means whatsoever, that perchance the human race may be delivered from this most powerful of plagues. And otherwise, woe and misery to whoso falleth short of his duty to his Lord.

ang karahasan at lakas, ang pag-alis ng laya at paniniil ang bawat isa at lahat ay mahigpit na ipinagbabawal. Subalit, kinakailangan na ang paggamit ng opyo ay dapat supilin sa anumang paraan, upang baka sakali ang sangkatauhanay mailigtas mula sa pinakamatinding salot na ito. At kung hindi, pighati at pagdurusa sa sinumang nagkulang sa kaniyang tungkulin sa kaniyang Panginoon.

In one of His Tablets ‘Abdu’l-Bahá has stated concerning opium: *“the user, the buyer and the seller are all deprived of the bounty and grace of God.”*

Sa isa sa Kaniyang mga Tableta ipinahayag ni ‘Abdu’l-Bahá ang tungkol sa opyo: “ang gumagamit, ang bumibili, at ang nagtitinda ay lahat pinagkakaitan ng biyaya at pagpapala ng Diyos”.

In yet another Tablet, ‘Abdu’l-Bahá has written:

Sa isa pang Tableta, isinulat ni ‘Abdu’l-Bahá:

Regarding hashish you have pointed out that some Persians have become habituated to its use. Gracious God! This is the worst of all intoxicants, and its prohibition is explicitly revealed. Its use causeth the disintegration of thought and the complete torpor of the soul. How could anyone seek the fruit of the infernal tree, and by partaking of it, be led to exemplify the qualities of a monster? How could one use this forbidden drug, and thus deprive himself of the blessings of the All-Merciful?

Tungkol sa hashish, iyong sinabi na ilan sa mga Persiano ang naging bihasa na sa paggamit nito. Mapagpalang Diyos! Ito ang pinakamasama sa lahat ng mga nakalalasing, at ang pagbabawal nito ay malinaw na naipahayag. Ang paggamit nito ang nagiging dahilan ng pagkasira ng isipan at ng lubos na pamamanhid ng kaluluwa. Paanong magagawa ng sinuman ang hanapin ang bunga ng mala-demonyong puno, at sa paggamit nito ay ibunsod na ilarawan ang mga katangian ng isang halimaw? Paano magagamit ng isang tao ang ipinagbabawal na droga na ito, at sa gayon ay pagkaitan ang kaniyang sarili ng mga pagpapala ng Mahabagin sa Lahat?

Alcohol consumeth the mind and causeth man to commit acts of absurdity, but this opium, this foul fruit of the infernal tree, and this wicked hashish extinguish the mind, freeze the spirit, petrify the soul, waste the body and leave man frustrated and lost.

Nilalamon ng alkohol ang isipan at nagiging dahilan upang gumawa ang tao ng mga kilos ng kabalighuan, ngunit ang opyo na ito, ang masamang bunga ng mala-demonyong puno na ito, at ang napakasamang “hashih” na ito, ay pinapatay ang isipan, pinagiging yelo ang espiritu, pinagiging bato ang kaluluwa, winawasak ang katawan at iniiwanan ang tao na bigo at nawawala.

It should be noted that the above prohibition against taking certain classes of drugs does not forbid their use when prescribed by qualified physicians as part of a medical treatment.

Dapat tandaan na ang nasa itaaas na pagbabawal laban sa paggamit ng ilang mga uri ng droga ay hindi ipinagbabawal ang paggamit sa mga iyon kapag inireseta ng may-kakayahang mga manggagamot bilang bahagi ng isang panggagamot.

171. the “mystery of the Great Reversal in the Sign of the Sovereign” ¶157

171. ang “hiwaga ng Dakilang Pagbaligtad sa Palatandaan ng Hari” ¶157

Shaykh Aḥmad-i-Aḥsá’í (1753–1831), who was the founder of the Shaykhí School and the first of the “twin luminaries that heralded the

Inihula ni Shaykh Ahmad-i-Ahsá’í (1753-1831), na nagtatatag ng Pangkat ng

advent of the Faith of the Báb," prophesied that at the appearance of the Promised One all things would be reversed, the last would be first, the first last. Bahá'u'lláh in one of His Tablets refers to the *"symbol and allusion"* of the *"mystery of the Great Reversal in the Sign of the Sovereign."* He states: *"Through this reversal He hath caused the exalted to be abased and the abased to be exalted,"* and He recalls that *"in the days of Jesus, it was those who were distinguished for their learning, the men of letters and religion, who denied Him, whilst humble fisherman made haste to gain admittance into the Kingdom"* (see also note 172). For additional information about Shaykh Aḥmad-i-Aḥsá'í see *The Dawn-Breakers,* chapters 1 and 10.

Shaykhí at ang isa sa mga "kambal na paham na nagbalita sa pagdating ng Pananampalataya ng Báb", na sa pagdating Niya na Ipinangako lahat ng bagay ay mababaliktad, ang huli ay mauuna, at ang una ay mahuhuli. Tinutukoy ni Bahá'u'lláh, sa isa sa Kaniyang mga Tableta, ang "simbolo at ang pahiwatig" ng "hiwaga ng Dakilang Pagbaligtad sa Palatandaan ng Hari". Sinasabi Niya: "Sa pamamagitan ng pagbaligtad na ito ginawa Niya ang dakila na maging aba at ang aba na maging dakila", at naalaala Niya na "noong mga araw ni Jesus, yaong mga natangi dahilan sa kanilang karunungan, ang mga tao ng literatura at ng pananampalataya, ang nagtatuwa sa Kaniya, samantalang ang mga hamak na mangingisda ay nagmadali upang makapasok sa Kaharian" (tingnan rin ang tala 172). Para sa karagdagang kaalaman tungkol kay Shaykh Ahmad-i-Ahsá'í tingnan ang The Dawn-Breakers, kabanata 1 at 10.

172. the "Six" raised up by virtue of this "Upright Alif" ¶157

In his writings, Shaykh Aḥmad-i-Aḥsá'í placed great emphasis on the Arabic letter "Váv." In *The Dawn-Breakers,* Nabíl states that this letter "symbolized for the Báb the advent of a new cycle of Divine Revelation, and has since been alluded to by Bahá'u'lláh in the Kitáb-i-Aqdas in such passages as *'the mystery of the Great Reversal'* and *'the Sign of the Sovereign.'*"

The name for the letter "Váv" consists of three letters: Váv, Alif, Váv. According to the abjad reckoning, the numerical value of each of these letters is 6, 1 and 6 respectively. Shoghi Effendi in a letter written on his behalf to one of the believers in the East provides an interpretation of this verse of the Aqdas. He states that the *"Upright Alif"* refers to the advent of the Báb. The first letter with its value of six, which comes before the Alif, is a symbol of earlier Dispensations and Manifestations which predate the Báb, while the third letter, which also has a numerical value of six, stands for Bahá'u'lláh's supreme Revelation which was made manifest after the Alif.

172. ang "Anim" na itinaas dahilan sa "Tuwid na Alif" ¶157

Sa kaniyang mga kasulatan, lubhang binigyang-diin ni Shaykh Ahmad-i-Ahsá'í ang Arabikong titik na "Vav". Sa The Dawn-Breakers, sinasabi ni Nabíl na ang titik na ito ang "naging simbolo para sa Báb sa pagsapit ng isang bagong siglo ng Banal na Rebelasyon, at mula noon ay ipinahiwatig ni Bahá'u'lláh sa Kitáb-i-Aqdas sa gayong mga sipi na 'ang hiwaga ng Dakilang Pagbaligtad' at 'ang Palatandaan ng Hari' ".

Ang taguri para sa titik na "Váv" ay binubuo ng tatlong mga titik: Váv, Alif, Váv. Sangayon sa bilang na abjad, ang katumbas na bilang ng bawat isa sa mga titik na ito ay 6, 1 at 6 ayon sa pagkakasunod-sunod. Si Shoghi Effendi, sa isang liham na isinulat sa ngalan niya para sa isa sa mga mananampalataya sa Silangan, ay nagbibigay ng isang paliwanag sa bersikulong ito ng Aqdas. Sinasabi niya na ang "Tuwid na Alif" ay tumutukoy sa pagdating ng Báb. Ang unang titik na may halagang anim, na nauna bago ang Alif, ay isang simbolo ng mga naunang Dispensasyon at mga Kahayagan na nauna sa Báb, samantalang ang ikatlong titik na mayroon ding katumbas na bilang na anim, ay sumasagisag sa kataas-taasang Rebelasyon ni Bahá'u'lláh na ipinahayag ng kasunod ng Alif.

173. It hath been forbidden you to carry arms unless essential ¶159

Bahá'u'lláh confirms an injunction contained in the Bayán which makes it unlawful to carry arms, unless it is necessary to do so. With regard to circumstances under which the bearing of arms might be *"essential"* for an individual, 'Abdu'l-Bahá gives permission to a believer for self-protection in a dangerous environment. Shoghi Effendi in a letter written on his behalf has also indicated that, in an emergency, when there is no legal force at hand to appeal to, a Bahá'í is justified in defending his life. There are a number of other situations in which weapons are needed and can be legitimately used; for instance, in countries where people hunt for their food and clothing, and in such sports as archery, marksmanship, and fencing.

On the societal level, the principle of collective security enunciated by Bahá'u'lláh (see *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh,* CXVII) and elaborated by Shoghi Effendi (see the Guardian's letters in *The World Order of Bahá'u'lláh*) does not presuppose the abolition of the use of force, but prescribes "a system in which Force is made the servant of Justice," and which provides for the existence of an international peacekeeping force that "will safeguard the organic unity of the whole commonwealth." In the Tablet of Bishárát, Bahá'u'lláh expresses the hope that *"weapons of war throughout the world may be converted into instruments of reconstruction and that strife and conflict may be removed from the midst of men."*

In that same Tablet Bahá'u'lláh stresses the importance of fellowship with the followers of all religions; He also states that *"the law of holy war hath been blotted out from the Book."*

173. Ipinagbabawal sa inyo ang magdala ng sandata kung hindi kailangang-kailangan ¶159

Pinagtitibay ni Bahá'u'lláh ang isang tagubilin na nakasulat sa Bayán na ginagawa nitong labag sa batas ang pagdadala ng sandata, maliban kung ito ay kinakailangang gawain. Tungkol sa mga kalagayan na ang pagdadala ng sandata ay maaaring maging "kailangang-kailangan" para sa isang tao, nagbibigay si 'Abdu'l-Bahá ng pahintulot sa isang mananampalataya para sa pagtatanggol sa sarili sa isang mapanganib na kapaligiran. Si Shoghi Effendi, sa isang liham na isinulat sa ngalan niya ay sinasabi rin na, sa isang kagipitan, kung walang malapit na puwersa ng batas na mahihingian ng tulong, ang isang Bahá'í ay may karapatang ipagtanggol ang kaniyang buhay. Mayroong ibang mga kalagayan na kung saan kailangan ang mga sandata at maaaring naaayon rin sa batas; halimbawa, sa mga bansa na ang mga tao ay nangangaso para sa kanilang pagkain at pananamit, at sa gayong mga laro ng pagpana, pagbaril, at eskrima.

Sa antas na panlipunan, ang simulain ng pang-kalahatang katiwasayan na ipinahayag ni Bahá'u'lláh (tingnan ang Gleanings from the Writing of Bahá'u'lláh, CXVII) at ipinaliwanag ni Shoghi Effendi (tingnan ang mga liham ng Guardian sa The World Order of Bahá'u'lláh) ay hindi ipinapalagay ang pag-alis ng paggamit ng puwersa ngunit itinatadhana "ang isang pamamaraan kung saan ang Puwersa ay ginawang tagapaglingkod ng Katarungan", at nagtatadhana para sa pagkakaroon ng isang pandaigdig na hukbo sa pagpapanatili ng kapayapaan na "mangangalaga sa buhay at nagkakapunuang pagkakaisa ng buong mankomunidad". Sa Tableta ng Bishárát ipinaalam ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang inaasam na "ang mga sandata ng digmaan sa buong digdig ay gagawaing mga kasangkapan ng pagbubuong muli at ang tunggalian at paglalaban-laban ay maaalis sa pagitan ng mga tao".

Sa Tableta ring iyon, binibigyang-diin ni Bahá'u'lláh ang kahalagahan na pakikipag-kaibigan sa mga tagasunod ng lahat ng mga relihiyon; sinasabi rin Niya na "ang batas ng banal na digmaan ay binura na sa Aklat".

174. and permitted you to attire yourselves in silk ¶159

According to Islamic practice, the wearing of silk by men was generally forbidden, except in times of holy war. This prohibition, which was not based on the verses of the Qur'án, was abrogated by the Báb.

174. at pinahihintulutan kayo na magsuot ng sutla ¶159

Sang-ayon sa kaugalian ng Islam, ang pagsusuot ng sutla ng mga lalake ay karaniwang ipinagbabawal, maliban sa mga panahon ng banal na digmaan. Ang pagbabawal na ito na hindi nabatay sa mga bersikulo ng Qur'án, ay pinawalang-bisa ng Báb.

175. The Lord hath relieved you … of the restrictions that formerly applied to clothing and to the trim of the beard. ¶159

Many rules about dress had their origins in the laws and traditional practices of the world's religions. For example, the Shí'ih clergy adopted for themselves a distinctive headdress and robes and, at one time, forbade the people to adopt European attire. Muslim practice, in its desire to emulate the custom of the Prophet, also introduced a number of restrictions with regard to the trim of the moustache and the length of the beard.

175. Pinalaya kayo ng Panginoon . . . sa mga pagba-bawal na pinaiiral noong una tungkol sa pananamit at sa paggupit ng balbas. ¶159

Maraming mga alituntunin tungkol sa pananamit ang may simula sa mga batas at kinaugaliang ginagawa sa mga relihiyon ng daigdig. Halimbawa, ang kleriko ng Shí'ih ay inangkin para sa kanilang sarili ang natatanging kasuotan sa ulo at mga pormal na mahahabang kasuotan at, sa isang panahon, ay pinagbawalan ang mga tao na gayahin ang pananamit ng mga taga-Europa. Ang kinaugaliang Muslim, sa hangarin nitong tularan ang gawi ng Propeta, ay nagpataw ng ilang bilang ng mga pagbabawal kaugnay ng paggupit sa bigote at haba ng balbas.

Bahá'u'lláh removed such limitations on one's apparel and beard. He leaves such matters to the *"discretion"* of the individual, and at the same time calls upon the believers not to transgress the bounds of propriety and to exercise moderation in all that pertains to dress.

Inalis ni Bahá'u'lláh ang gayong mga pagtatakda sa pananamit at balbas ng isang tao. Iniwanan Niya ang gayong mga bagay sa "pasiya" ng indibidwal, at nang may kasabay na panawagan sa mga mananampalataya na huwag lumabag sa mga hangganan ng kaangkupan at isagawa ang kainaman sa lahat ng nauugnay sa pananamit.

176. O Land of Káf and Rá! ¶164

Káf and Rá are the first two consonants of Kirmán, the name of a city and province of Iran.

176. O Lupain ng Káf at Rá! ¶164

Ang Káf at Rá ay ang unang dalawang katinig ng Kirmán, ang pangalan ng isang lunsod at lalawigan sa Iran.

177. We perceive that which secretly and stealthily diffuseth from thee. ¶164

This passage is a reference to the intrigues of a group of Azalís, followers of Mírzá Yaḥyá (see note 190), associated with the city of Kirmán. They include Mullá Ja'far, his son Shaykh Aḥmad-i-Rúḥí and Mírzá Áqá Khán-i-Kirmání (both sons-in-law of Mírzá Yaḥyá), as well as Mírzá Aḥmad-i-Kirmání. They not only sought to undermine the Faith, but involved themselves in political intrigues which culminated in the assassination of Náṣiri'd-Dín Sháh.

177. batid Namin yaong palihim at pataksil na kumakalat mula sa iyo ¶164

Ang siping ito ay isang pagtukoy sa mga intriga ng isang pangkat ng mga Azalí, na mga tagasunod ni Mírzá Yahyá (tingnan ang tala 190), na may kaugnayan sa lunsod ng Kirmán. Sa mga iyon ay kasama sina Mullá Ja'far, ang kaniyang anak na lalake si Shaykh Ahmad-i-Rúhí at Mírzá Áqá Khán-i-Kirmání (kapwa mga manugang ni Mírzá Yahyá),

gayundin si Mírzá Ahmád-i-Kirmání. Hindi lamang nila hinangad na wasakin ang Pananampalataya, ngunit isinangkot pa ang kanilang mga sarili sa pampulitikang mga intriga na nagwakas sa pataksil na pagpatay kay Násiri'd-Dín Sháh.

178. Call ye to mind the shaykh whose name was Muḥammad-Ḥasan ¶166

Shaykh Muḥammad-Ḥasan, one of the leading exponents of Shí'ih Islám, rejected the Báb. The author of voluminous writings on Shí'ih jurisprudence, he is reported to have died around 1850.

Nabíl, in *The Dawn-Breakers,* describes the encounter that took place in Najaf between Mullá 'Alíy-i-Basṭámí, one of the Letters of the Living, and Shaykh Muḥammad-Ḥasan. During the meeting, Mullá 'Alí announced the manifestation of the Báb and extolled the potency of His Revelation. At the instigation of the shaykh, Mullá 'Alí was forthwith pronounced a heretic and expelled from the assembly. He was put on trial, transported to Istanbul, and condemned to hard labor.

178. Gunitain ninyo ang shaykh na ang pangalan ay Muhammad-Hasan ¶166

Si Shaykh Muhammad-Hasan, isa sa pangunahing tagapagtaguyod ng Shí'ih Islám, ay hindi tumanggap sa Báb. Ang may-akda ng napakaraming kasulatan tungkol sa batas ng Shí'ih, ay naiulat na namatay siya noong 1850.

Inilarawan ni Nabil, sa The Dawn-Breakers, ang pagkikita na naganap sa Najaf nina Mullá 'Alíy-i-Bastámí, isa sa mga Titik ng Nabubuhay, at ni Shaykh Muhammad-Hasan. Sa pagpupulong, ipinaalam ni Mullá 'Alí ang kahayagan ng Báb at pinuring maigi ang bisa ng Kaniyang Rebelasyon. Sa panunulsol ng shaykh, si Mullá 'Alí ay kara-karakang hinatulan na isang erehe at pinalayas sa pulong. Siya ay nilitis, ipinadala sa Istanbul, at hinatulan ng mabigat na gawain.

179. a sifter of wheat and barley ¶166

This is an allusion to Mullá Muḥammad Ja'far Gandum-Pák-Kun, the first person in Iṣfahán to accept the Faith of the Báb. He is mentioned in the Persian Bayán and praised as one who *"donned the robe of discipleship."* In *The Dawn-Breakers,* Nabíl describes the unreserved acceptance of the Message by the "sifter of wheat" and his zealous advocacy of the new Revelation. He joined the company of the defenders of the Fort of Shaykh Ṭabarsí and perished during that siege.

179. isang taga-bithay ng trigo at barley ¶166

Ito ay isang pagtukoy kay Mullá Muhammad Jáfar Gandum-Pák-Kun, ang unang tao sa Isfahán na tumanggap sa Pananam-palataya ng Báb. Siya ay binanggit sa Bayán sa wikang Persiano at pinuri bilang yaong "nagsuot ng kasuotan ng pagkadisipulo". Sa The Dawn-Breakers inilalarawan ni Nabíl ang walang pasubaling pagtanggap noong "taga-bithay ng trigo" sa Kalatas at ang kaniyang masigasig na pagtataguyod sa bagong Rebelasyon. Sumama siya sa pangkat ng mga nagtanggol sa Muog ng Shaykh Tabarsí at namatay nang lusubin iyon.

180. Take heed lest the word "Prophet" withhold you from this Most Great Announcement ¶167

Bahá'u'lláh cautions people *"of insight"* not to allow their interpretations of the Holy Scriptures to prevent them from recognizing the Manifestation of God. Followers of each religion have tended to allow their devotion to its Founder to cause them to perceive His Revelation as the final Word of God and to deny the possibility of the appearance of any subsequent Prophet. This has been the case of Judaism, Christianity and Islám. Bahá'u'lláh denies the validity of this concept of finality both in relation to past Dispensations and to His own.

180. Mag-ingat na baka ang salitang "Propeta" ay hadlangan kayo mula dito sa Pinaka-Dakilang Patalastas ¶167

Binabalaan ni Bahá'u'lláh ang mga tao "na may malalim na pang-unawa" na huwag pahintulutan ang kanilang mga pagpapakahulugan sa mga Banal na Kasulatan na mahadlangan sila sa pagkilala sa Kahayagan ng Diyos. Ang mga tagasunod ng bawat relihiyon ay nahilig na pahintulutan ang kanilang katapatan sa Tagapagtatag nito na

With regard to Muslims, He wrote in the Kitáb-i-Íqán that the *"people of the Qur'án ... have allowed the words 'Seal of the Prophets' to veil their eyes," "to obscure their understanding, and deprive them of the grace of all His manifold bounties!"* He affirms that *"this theme hath ... been a sore test unto all mankind,"* and laments the fate of *"those who, clinging unto these words, have disbelieved in Him Who is their true Revealer."* The Báb refers to this same theme when He warns: *"Let not names shut you out as by a veil from Him Who is their Lord, even the name of Prophet, for such a name is but a creation of His utterance."*

ipalagay nilang ang Kaniyang Rebelasyon ay ang pangwakas na Salita ng Diyos at ang itatuwa na maaari pang may dumating na susunod na Propeta. Ito ang nangyari sa pananampalatayang Hudyo, Kristiyanismo, at Islám. Itinatuwa ni Bahá'u'lláh ang katotohanan nitong konseptong ito ng kapwa pagwawakas sa nakaraang mga Dispensasyon at ng sa Kaniyang sarili. Tungkol sa mga Muslim, isinulat Niya sa Kitáb-i-Iqán na ang "mga tao ng Qur'án … ay pinahintulutan ang mga salitang 'Selyo ng mga Propeta' na lambungan ang kanilang mata", "na palabuin ang kanilang pang-unawa, at pagkaitan sila ng pagpapala ng lahat ng Kaniyang napakaraming biyaya!" Pinagtitibay Niya na "ang paksang ito ay … naging malubhang pagsubok sa buong sangkatauhan", at ipinaghihinagpis ang kapalaran "noong mga nangapit sa mga salitang ito, na hindi nanalig sa Kaniya na kanilang tunay na Tagapagpahayag". Tinutukoy ng Báb ang ganito ring paksa nang magbabala Siya: "Huwag tulutang ihiwalay kayo ng mga pangalan tulad ng isang lambong mula sa Kaniya Na kanilang Panginoon, kahit na ang pangalan na Propeta, sapagka't ang gayong pangalan ay isa lamang likha ng Kaniyang pananalita".

181. any reference to "Vicegerency" debar you from the sovereignty of Him Who is the Vicegerent of God ¶167

181. anumang pagtukoy sa "Pamamalakad ng Kinatawan" ay mahadlangan kayo sa naghaharing kapangyarihan Niya Na Kinatawan ng Diyos ¶167

The word here translated *"Vicegerency"* is, in the original Arabic, "viláyat," which has a range of meanings including "vicegerency," "guardianship," "protectorship" and "successorship." It is used in relation to God Himself, to His Manifestation, or to those who are the appointed Successors of a Manifestation.

Ang salitang isinalin dito na "Pamamalakad ng Kinatawan" ay "vilayat" sa orihinal na wikang Arabiko, na mayroong maraming nasasaklaw na kahulugan kasama ang "pama-malakad ng kinatawan", "pagiging tagapag-alaga", "pagiging tagapag-tanggol", at "tagapagmana ng tungkulin". Ito ay ginagamit kaugnay sa Diyos Mismo, sa Kaniyang Kahayagan, o doon sa mga hinirang na mga Tagapagmana ng Tungkulin ng isang Kahayagan.

In this verse of the Aqdas, Bahá'u'lláh warns against allowing such concepts to blind one to the *"sovereignty"* of the new Divine Manifestation, the true *"Vicegerent of God."*

Sa bersikulong ito ng Aqdas, nagbabala si Bahá'u'lláh laban sa pagpapahintulot sa gayong mga kon-septo na mabulag ang isang tao sa "naghaharing kapang-yarihan" ng bagong Banal na Kahayagan, ang tunay na "Kinatawan ng Diyos".

182. Call ye to mind Karím ¶170

182. Gunitain ninyo si Karím ¶170

Ḥájí Mírzá Muḥammad Karím Khán-i-Kirmání (1810–circa 1873) was the self-appointed leader of the Shaykhí community after the death of

Si Hájí Mírzá Muhammad Karím Khán-i-Kirmání (1810-noong mga ika-1873)

Siyyid Káẓim, who was the appointed successor to Shaykh Aḥmad-i-Aḥsá'í (see notes 171 and 172). He dedicated himself to the promotion of the teachings of Shaykh Aḥmad. The opinions he expressed became the subject of controversy among his supporters and opponents alike.

ay ang humirang sa sarili bilang pinuno ng pamayanang Shaykhí pagkamatay ni Siyyid Kázim, na hinirang na kahalili ni Shaykh Ahmad-i-Ahsá'í (tingnan ang mga tala 171 at 172). Itinalaga niya ang kaniyang sarili sa pagtataguyod ng mga turo ni Shaykh Ahmad. Ang mga kuro-kurong ipinahayag niya ang naging paksa ng pagtatalo kapwa ng kaniyang mga tagapagtaguyod at mga kalaban.

Regarded as one of the leading savants and prolific authors of his age, he composed numerous books and epistles in the various fields of learning that were cultivated in those times. He actively opposed both the Báb and Bahá'u'lláh, and used his treatises to attack the Báb and His Teachings. In the Kitáb-i-Íqán, Bahá'u'lláh condemns the tone and content of his writings and singles out for criticism one of his works which contains negative allusions to the Báb. Shoghi Effendi describes him as "inordinately ambitious and hypocritical" and describes how he "at the special request of the Sháh had in a treatise viciously attacked the new Faith and its doctrines."

Kinilala bilang isa sa pangunahing pantas at malikhaing mangangatha noong kaniyang panahon, sumulat siya ng maraming aklat at mga epistola tungkol sa iba't ibang paksa ng karunungan na pinagyayaman noong mga panahong iyon. Masigasig niyang kinalaban kapwa ang Báb at si Bahá'u'lláh, at ginamit ang kaniyang mga komentaryo upang tuligsain ang Báb at ang Kaniyang mga Turo. Sa Kitáb-i-Iqán, isinusumpa ni Bahá'u'lláh ang tono at nilalaman ng kaniyang mga kasulatan at pinili upang punahin ang isa sa kaniyang ginawa na naglalaman ng masasamang pahiwatig sa Báb. Inilalarawan siya ni Shoghi Effendi bilang "labis na mapaghangad at mapagpanggap" at inilarawan kung paano niya "sa sadyang kahilingan ng Sháh ay mabagsik na tinuligsa sa isang komentaryo ang bagong Pananampalataya at ang mga doktrina nito sa isang komentaryo".

183. O ye the learned ones in Bahá ¶173

183. O kayo na marurunong ng Bahá ¶173

Bahá'u'lláh eulogizes the learned among His followers. In the Book of His Covenant, He wrote: *"Blessed are the rulers and learned among the people of Bahá."* Referring to this statement, Shoghi Effendi has written:

Pinapupurihan ni Baha'u'lláh ang marurunong sa Kaniyang mga tagasunod. Sa Aklat ng Kaniyang Banal na Kasunduan, isinulat Niya: "Pinagpala ang mga namumuno at marurunong sa mga tao ng Bahá." Kaugnay ng pangungusap na ito, isinulat ni Shoghi Effendi:

In this holy cycle the *"learned"* are, on the one hand, the Hands of the Cause of God, and, on the other, the teachers and diffusers of His Teachings who do not rank as Hands, but who have attained an eminent position in the teaching work. As to the *"rulers"* they refer to the members of the Local, National and International Houses of Justice. The duties of each of these souls will be determined in the future.

Sa banal na siglong ito ang "marurunong", sa isang dako, ay ang mga Hands of the Cause of God, at, sa kabilang dako, ay ang mga tagapagturo at tagapagpalaganap ng Kaniyang mga Turo na wala sa antas ng mga Hands, ngunit nakapagtamo ng isang mataas na katayuan sa larangan ng pagtuturo. Tungkol sa mga "namumuno" ang mga iyon ay tumutukoy sa mga kaanib ng mga Local, National at International House of Justice. Ang mga tungkulin ng bawat isa sa mga kaluluwang ito ay titiyakin sa hinaharap na panahon.

The Hands of the Cause of God were individuals appointed by Bahá'u'lláh and charged with various duties, especially those of protecting and propagating His Faith. In *Memorials of the Faithful*

Ang Hands of the Cause of God ay mga indibiduwal na hinirang ni Bahá'u'lláh at binigyan ng iba't ibang tungkulin, lalo na

‘Abdu’l-Bahá referred to other outstanding believers as Hands of the Cause, and in His Will and Testament He included a provision calling upon the Guardian of the Faith to appoint Hands of the Cause at his discretion. Shoghi Effendi first raised posthumously a number of the believers to the rank of Hands of the Cause, and during the latter years of his life appointed a total of 32 believers from all continents to this position. In the period between the passing of Shoghi Effendi in 1957 and the election of the Universal House of Justice in 1963, the Hands of the Cause directed the affairs of the Faith in their capacity as Chief Stewards of Bahá’u’lláh’s embryonic World Commonwealth (see note 67). In November 1964, the Universal House of Justice determined that it could not legislate to make it possible to appoint Hands of the Cause. Instead, by a decision of the House of Justice in 1968, the functions of the Hands of the Cause in relation to protecting and propagating the Faith were extended into the future by the creation of the Continental Boards of Counselors, and in 1973 through the establishment of the International Teaching Center, which has its seat in the Holy Land.

yaong sa pangangalaga at pagpapalaganap ng Kaniyang Pananampalataya. Sa Memorials of the Faithful, tinukoy ni ‘Abdu’l-Bahá ang ibang mga bukod-tanging mananampalataya bilang mga Hands of the Cause, at sa Kaniyang Habilin at Testamento isinama Niya ang isang kautusan na nananawagan sa Guardian ng Pananampalataya na humirang ng mga Hand of the Cause ayon sa kaniyang kapasiyahan. Itinaas muna ni Shoghi Effendi ang ilang bilang ng mga mananampalataya, na yumao na, sa antas ng Hand of the Cause at sa dakong huli ng kaniyang buhay ay humirang ng kabuuang bilang na 32 na mga mananampalataya mula sa lahat ng kontinente sa katayuang ito. Sa pagitan ng pagpanaw ni Shoghi Effendi noong 1957 at sa pagkahalal ng Universal House of Justice noong 1963, ang mga Hand of the Cause ang namatnugot sa mga gawain ng Pananampalataya, ayon sa kanilang tungkulin bilang mga Punong Tagapagpaganap ng ~~bagong-silang~~ nabubuo pa lamang na Pandaigdigang Mankomunidad ni Bahá’u’lláh (tingnan ang tala 67). Noong Nobyembre 1964, ang Universal House of Justice ay nagpasiya na hindi ito makagagawa ng batas upang magawang humirang ng mga Hand of the Cause. Sa halip, sa pamamag-itan ng isang kapasiyahan ng House of Justice noong 1968, ang mga tungkulin ng Hand of the Cause kaugnay sa pangangalaga at pagpapalaganap ng Pananampalataya ay ipinagpapatuloy sa hinaharap na panahon sa pamamagitan ng paglikha sa mga Continental Board of Counsellors, at noong 1973 sa pamamagitan ng pagtatatag ng International Teaching Centre, na ang luklukan nito ay nasa Banal na Lupain.

The Universal House of Justice appoints the Counselor members of the International Teaching Center and the Continental Counselors. Members of Auxiliary Boards are appointed by the Continental Counselors. All these individuals fall within the definition of the *“learned”* given by Shoghi Effendi in the statement quoted above.

Ang Universal House of Justice ang humihirang sa mga kaanib na Counsellors ng International Teaching Centre at ng Continental Counsellors. Ang mga kaanib ng Auxiliary Board ay hinihirang ng Continental Counsellors. Lahat ng mga indibiduwal na ito ay nasasaklaw sa kahulugan ng salitang “marurunong” na ibinigay ni Shoghi Effendi sa paliwanag na sinipi sa itaas.

184. refer ye whatsoever ye understand not in the Book to Him Who hath branched from this mighty Stock ¶174

184. idulog ninyo ang anumang hindi ninyo nauunawaan sa Aklat sa Kaniya Na nagsanga mula sa makapangyarihang Puno na ito ¶174

Bahá'u'lláh invests 'Abdu'l-Bahá with the right of interpreting His holy Writ (see also note 145).

Ipinagkaloob ni Bahá'u'lláh kay 'Abdu'l-Bahá ang karapatang ipaliwanag ang Kaniyang banal na Kasulatan (tingnan rin ang tala 145).

185. the School of Transcendent Oneness ¶175

185. sa Paaralan ng Nangingibabaw na Kaisahan ¶175

In this verse and the ones which immediately follow it, Bahá'u'lláh confronts one of the reasons some of the Bábís rejected His claim to be the Promised One of the Bayán. Their rejection was based on a Tablet addressed by the Báb to "Him Who will be made manifest" on the reverse side of which the Báb had written: *"May the glances of Him Whom God shall make manifest illumine this letter at the primary school."* This Tablet is published in *Selections from the Writings of the Báb.*

Sa bersikulong ito at doon sa kagyat na kasunod nito, hinarap ni Bahá'u'lláh ang isa sa mga kadahilanan kung bakit hindi tinanggap ng ilan sa mga Bábí ang pag-angkin Niya na Siya ang Ipinangako sa Bayán. Ang kanilang hindi pagtanggap ay nabatay sa isang Tableta na ibinigay ng Báb para sa "Kaniya Na ihahayag" na sa kabila ng pahina ay isinulat ng Báb ang: "Harinawang ang mga sulyap Niya Na ihahayag ng Diyos ay paliwanagin ang liham na ito sa mababang paaralan." Ang Tableta na ito ay inilathala sa Selections from the Writings of the Báb.

These Bábís maintained that, since Bahá'u'lláh was two years older than the Báb, it was not possible for Him to receive this Tablet *"at the primary school."*

Ang mga Bábí na ito ay nanindigan na dahil si Bahá'u'lláh ay matanda ng dalawang taon sa Báb, hindi maaaring mangyaring matanggap Niya ang Tabletang ito "sa mababang paaralan".

Bahá'u'lláh here explains that the reference is to events transpiring in the spiritual worlds beyond this plane of existence.

Ipinaliliwanag dito ni Bahá'u'lláh na ang tinutukoy ay ang mga pangyayaring naganap sa mga espirituwal na daigdig na nasa ibayo ng kalagayang ito ng buhay.

186. We accepted the verses of God … which He presented unto Us ¶175

186. tinanggap Namin ang mga bersikulo ng Diyos … na Kaniyang ibinigay sa Amin ¶175

In His Tablet addressed to "Him Who will be made manifest," the Báb characterizes the Bayán as an offering from Him to Bahá'u'lláh. See *Selections from the Writings of the Báb.*

Sa Tableta Niya para sa "Kaniya Na ihahayag", inilarawan ng Báb ang Bayán bilang isang alay mula sa Kaniya para kay Bahá'u'lláh. Tingnan ang Selections from the Writings of the Báb.

187. O people of the Bayán! ¶176

187. O mga tao ng Bayán! ¶176

Reference to the followers of the Báb.

Pagtukoy sa mga sumusunod sa Báb.

188. the letters B and E were joined and knit together ¶177

188. pinagdugtong at pinagkabit ang mga pantig na MA at GING ¶177

Shoghi Effendi, in letters written on his behalf, has explained the significance of the *"letters B and E."* They constitute the word "Be," which, he states, "means the creative Power of God Who through His command causes all things to come into being" and "the power of the Manifestation of God, His great spiritual creative force."

Si Shoghi Effendi, sa mga liham na isinulat sa kaniyang ngalan, ay ipinaliwanag ang kahulugan ng mga "pantig na Ma at Ging". Binubuo nila ang salitang "Maging" na, sinasabi niya "ay nangangahulugan ng mapanlikhang kapangyarihan ng Diyos Na sa pamamagitan ng Kaniyang utos ay pinagiging buhay ang lahat ng bagay" at "ang

kapangyarihan ng Kahayagan ng Diyos, ang Kaniyang dakilang espirituwal na mapanglikhang lakas".

The imperative "Be" in the original Arabic is the word "kun," consisting of the two letters "káf" and "nún." They have been translated by Shoghi Effendi in the above manner. This word has been used in the Qur'án as God's bidding calling creation into being.

Ang pautos na "Maging" sa orihinal na Arabiko ay ang salitang "kun", na binubuo ng dalawang titik na "káf" at "nún". Isinalin ang mga ito ni Shoghi Effendi sa paraang nasa itaas. Ang salitang ito ay ginamit sa Qur'án bilang utos ng Diyos sa pagbibigay buhay sa sangnilikha.

189. this new World Order ¶181

189. ng bagong Pandaigdigang Kaayusan na ito ¶181

In the Persian Bayán, the Báb stated: *"Well is it with him who fixeth his gaze upon the Order of Bahá'u'lláh, and rendereth thanks unto his Lord. For He will assuredly be made manifest. God hath indeed irrevocably ordained it in the Bayán."* Shoghi Effendi identifies this *"Order"* with the System Bahá'u'lláh envisages in the Aqdas, in which He testifies to its revolutionizing effect on the life of humanity and reveals the laws and principles which govern its operation.

Sa Bayán sa wikang Persiano, sinabi ng Báb: "Makababuti sa kaniya na itinutok ang kaniyang paningin sa Kaayusan ni Bahá'u'lláh, at nagbibigay ng pasasalamat sa kaniyang Panginoon. Sapagka't nakatitiyak na Siya ay ipapahayag. Tunay na hindi mababagong tadhana ito ng Diyos sa Bayán." Tinukoy ni Shoghi Effendi na ang "Kaayusan" na ito ay ang Pamamaraan na ipinagunita ni Bahá'u'lláh sa Aqdas, kung saan pinatutunayan Niya ang lubos na nakapagbabagong bisa nito sa buhay ng sangkatauhan at ipinapahayag ang mga batas at simulain na magpapalakad sa pagsasagawa nito.

The features of the *"new World Order"* are delineated in the Writings of Bahá'u'lláh and 'Abdu'l-Bahá and in the letters of Shoghi Effendi and the Universal House of Justice. The institutions of the present-day Bahá'í Administrative Order, which constitute the "structural basis" of Bahá'u'lláh's World Order, will mature and evolve into the Bahá'í World Commonwealth. In this regard, Shoghi Effendi affirms that the Administrative Order "will, as its component parts, its organic institutions, begin to function with efficiency and vigor, assert its claim and demonstrate its capacity to be regarded not only as the nucleus but the very pattern of the New World Order destined to embrace in the fullness of time the whole of mankind."

Ang mga katangian ng "bagong Pandaigdigang Kaayusan" ay isinaysay sa mga Kasulatan nina Bahá'u'lláh at 'Abdu'l-Bahá at sa ma liham ni Shoghi Effendi at ng Universal House of Justice. Ang mga institusyon ng pangkasalukuyang Pampangasiwaang Kaayusan ng Bahá'í, na bumubuo sa "nabalangkas na saligan" ng Pandaigdigang Kaayusan ni Baha'u'lláh, ay magiging ganap at marahang magbabago tungo sa pandaigdig na Mankomunidaad ng Bahá'í. Kaugnay nito, pinagtitibay ni Shoghi Effendi na ang Pampangasiwaang Kaayusan na "habang ang bumubuong mga bahagi nito, ang organikong mga institusyon nito, ay nagsisimulang manungkulan nang may kahusayan at sigasig, igigiit ang inaangkin nito at ipakikita ang kakayahan nitong makilala hindi lamang bilang ang pinakaubod kundi ang mismong tularan ng Bagong Kaayusang Pandaigdig na natatadhanang saklawin sa kaganapan ng panahon ang buong sangkatauhan".

For additional information on the evolution of this new World Order, see, for example, the letters of Shoghi Effendi published in *The World Order of Bahá'u'lláh.*

Para sa kadagdagang kaalaman sa ebolusyon nitong bagong Pandaigdigang Kaayusan, tingnan, halimbawa, ang mga liham ni Shoghi

Effendi na inilathala sa The World Order of Baha'u'lláh.

190. O source of perversion! ¶184

This is a reference to Mírzá Yaḥyá, known as Ṣubḥ-i-Azal (Morning of Eternity), a younger half-brother of Bahá'u'lláh, who arose against Him and opposed His Cause. Mírzá Yaḥyá was nominated by the Báb to serve as a figurehead for the Bábí community pending the imminent manifestation of the Promised One. At the instigation of Siyyid Muḥammad-i-Iṣfahání (see note 192), Mírzá Yaḥyá betrayed the trust of the Báb, claimed to be His successor, and intrigued against Bahá'u'lláh, even attempting to have Him murdered. When Bahá'u'lláh formally declared His Mission to him in Adrianople, Mírzá Yaḥyá responded by going to the length of putting forward his own claim to be the recipient of an independent Revelation. His pretensions were eventually rejected by all but a few, who became known as Azalís (see note 177). He is described by Shoghi Effendi as the "Arch-Breaker of the Covenant of the Báb" (see *God Passes By,* chapter X).

190. O pinagmumulan ng katiwalian! ¶184

Ito ay isang pagtukoy kay Mírzá Yahyá, na kilala na si Subh-i-Azal (Umaga ng Walang Hanggan), isang nakababatang kapatid sa ama ni Baha'u'lláh, na nagbangon laban sa Kaniya at kinalaban ang Kapakanan Niya. Si Mírzá Yahyá ay hinirang ng Báb na magsilbi bilang isang pandangal na pinuno sa pamayanang Bábí habang hinihintay ang nalalapit na paghahayag Niya Na Ipinangako. Sa panunulsol ni Siyyid Muhammad-i-Isfahání (tingnan ang tala 192), ipinagkanulo ni Mírzá Yahyá ang pagtitiwala ng Báb, inihayag na siya ang Kaniyang tagapagmana ng tungkulin, at nagpakana ng intriga laban kay Bahá'u'lláh, pati na rin ang pagtatangka na ipapatay Siya. Nang pormal na ipahayag ni Bahá'u'lláh ang Misyon Niya sa kaniya sa Adrianople, ang pagtugon ni Mírzá Yahyá ay umabot sa paghaharap din ng kaniyang sariling pag-angkin na tumanggap ng isang Rebelasyon na may sariling kasarinlan. Sa katapusan ang kaniyang mga pagpapanggap ay itinatwa ng lahat, maliban lamang sa ilan, na nakilala bilang mga Azalí (tingnan ang tala 177). Inilalarawan siya ni Shoghi Effendi bilang ang "Pangunahing Lumabag sa Banal na Kasunduan ng Báb" (tingnan ang God Passes By, kabanata X).

191. remember how We nurtured thee by day and by night for service to the Cause ¶184

In *God Passes By,* Shoghi Effendi refers to the fact that Bahá'u'lláh, Who was thirteen years older than Mírzá Yaḥyá, had counseled him and watched over his early youth and manhood.

191. alalahanin kung paano ka Namin inaruga sa araw at sa gabi para sa paglilingkod sa Kapakanan ¶184

Sa God Passes By, binabanggit ni Shoghi Effendi ang katunayan na si Bahá'u'lláh, Na labintatlong taon ang tanda kay Mírzá Yahyá, ay pinayuhan at pinagalagaan siya sa kaniyang kabataan at pagbibinata.

192. God hath laid hold on him who led thee astray. ¶184

A reference to Siyyid Muḥammad-i-Iṣfahání, who is described by Shoghi Effendi as the "Antichrist of the Bahá'í Revelation." He was a man of corrupt character and great personal ambition who induced Mírzá Yaḥyá to oppose Bahá'u'lláh and to claim prophethood for himself (see note 190). Although he was an adherent of Mírzá Yaḥyá, Siyyid Muḥammad was exiled with Bahá'u'lláh to 'Akká. He continued to agitate and plot against Bahá'u'lláh. In describing the circumstances of his death, Shoghi Effendi has written in *God Passes By*:

192. Hawak na ng Diyos siya na nanligaw sa iyo. ¶184

Isang pagtukoy kay Siyyid Muhamad-i-Isfahání, na inilalarawan ni Shoghi Effendi bilang ang "Anti-Kristo ng Rebelasyong Bahá'í". Siya ay isang lalakeng may bulok na asal at may matinding makasariling hangarin na naghikayat kay Mírzá Yahyá upang kalabanin si Bahá'u'lláh at upang umangkin ng pagka-propeta para sa kaniyang sarili (tingnan ang tala 190).

Kahiman siya ay isang mananalig kay Mírzá Yahyá, si Siyyid Muhammad ay ipinatapon kasama ni Baha'u'lláh sa 'Akká. Siya ay nagpatuloy na manggulo at magpakana laban kay Bahá'u'lláh. Sa paglalarawan sa mga pangyayari ng kaniyang pagkamatay, isinulat ni Shoghi Effendi sa God Passes By:

A fresh danger now clearly threatened the life of Bahá'u'lláh. Though He Himself had stringently forbidden His followers, on several occasions, both verbally and in writing, any retaliatory acts against their tormentors, and had even sent back to Beirut an irresponsible Arab convert, who had meditated avenging the wrongs suffered by his beloved Leader, seven of the companions clandestinely sought out and slew three of their persecutors, among whom were Siyyid Muḥammad and Áqá Ján.

Isang bagong panganib ang ngayon ay malinaw na nagbabanta sa buhay ni Bahá'u'lláh. Kahiman Siya Mismo ay mahigpit na pinagbawalan ang Kaniyang mga tagasunod, sa ilang pagkakataon, kapwa nang sinasabi at nasusulat, sa anumang pagganting mga kilos laban sa kanilang mga taga-usig, at pinabalik pa sa Beirut ang isang walang pakundangang Arabo na naging kaanib, na nagpanukalang ipaghiganti ang mga kapinsalaang ipinagdusa ng kaniyang minamahal na Pinuno, pito sa mga kasamahan ang palihim na hinanap at pinatay ang tatlo sa kanilang mga taga-usig, kasama roon sina Siyyid Muhammad at Áqá Ján.

The consternation that seized an already oppressed community was indescribable. Bahá'u'lláh's indignation knew no bounds. *"Were We,"* He thus voices His emotions, in a Tablet revealed shortly after this act had been committed, *"to make mention of what befell Us, the heavens would be rent asunder and the mountains would crumble." "My captivity,"* He wrote on another occasion, *"cannot harm Me. That which can harm Me is the conduct of those who love Me, who claim to be related to Me, and yet perpetrate what causeth My heart and My pen to groan."*

Ang pagkataranta na sumaklot sa pamayanang naaapi na ay hindi mailarawan. Ang pagkapoot ni Bahá'u'lláh ay walang malamang hangganan. "Kung Aming," Kaniyang isinatinig ang mga damdamin Niya, sa isang Tableta na hindi naglaon ay ipinahayag matapos gawain ang kilos na ito, "babanggitin ang sinapit Namin, ang mga kalangitan ay mawawasak at ang mga kabundukan ay guguho." "Ang Aking pagkabilanggo", isinulat Niya sa ibang pagkakataon, "ay hindi makapipinsala sa Akin. Yaong makapipinsala sa Akin ay ang asal noong mga nagmamahal sa Akin, na naghahayag na may kaugnayan sa Akin, ngunit nagsasagawa noong nagiging dahilan ng pag-ungol ng Aking puso at ng Aking panulat."

193. Select ye a single language … adopt ye … a common script. ¶189

193. Pumili kayo ng isang wika lamang … at pumili kayo … ng isang pagsulat na para sa lahat. ¶189

Bahá'u'lláh enjoins the adoption of a universal language and script. His Writings envisage two stages in this process. The first stage is to consist of the selection of an existing language or an invented one which would then be taught in all the schools of the world as an auxiliary to the mother tongues. The governments of the world through their parliaments are called upon to effect this momentous enactment. The second stage, in the distant future, would be the eventual adoption of one single language and common script for all on earth.

Iniuutos ni Bahá'u'lláh ang pagpili ng isang pandaigdig na wika at pagsulat. Ang mga Kasulatan Niya ay ginugunita ang dalawang yugto sa pamamaraang ito. Ang unang yugto ay binubuo ng pagpili ng isang umiiral na wika o ng isang kinatha na pagkatapos ay ituturo sa lahat ng paaralan ng daigdig bilang isang pantulong sa mga inang wika. Ang mga pamahalaan ng daigdig, sa pamamagitan ng kanilang mga parliyamento, ay tinatawagan na pairalin ang makasaysayang batas na ito. Ang

ikalawang yugto, sa malayong hinaharap na panahon, ay ang pagsapit sa pagpili ng isang wika at pangkalahatang pagsulat para sa lahat ng nasa daigdig.

194. We have appointed two signs for the coming of age of the human race ¶189

194. Kami ay nagtakda ng dalawang palatandaan para sa pagdating ng kaganapan ng sangkatauhan ¶189

The first sign of the coming of age of humanity referred to in the Writings of Bahá'u'lláh is the emergence of a science which is described as that *"divine philosophy"* which will include the discovery of a radical approach to the transmutation of elements. This is an indication of the splendors of the future stupendous expansion of knowledge.

Ang unang palatandaan ng pagsapit sa hustong gulang ng sangkatauhan na tinutukoy sa mga kasulatan ni Bahá'u'lláh ay ang paglitaw ng isang agham na inilalarawan bilang yaong "banal na pilosopiya" kung saan mabibilang ang pagtuklas sa isang sukdulang bagong pamamaraan sa pagbabago-bago ng mga elemento. Ito ay isang palatandaan ng mga kaluwalhatian ng darating na kamangha-manghang paglawak ng kaalaman.

Concerning the *"second"* sign which Bahá'u'lláh indicates to have been revealed in the Kitáb-i-Aqdas, Shoghi Effendi states that Bahá'u'lláh, "…in His Most Holy Book, has enjoined the selection of a single language and the adoption of a common script for all on earth to use, an injunction which, when carried out, would, as He Himself affirms in that Book, be one of the signs of the *'coming of age of the human race."*"

Tungkol sa pangalawang palatandaan na ipinahihiwatig ni Bahá'u'lláh na ipinahayag sa Kitáb-i-Aqdas, sinasabi ni Shoghi Effendi na si Bahá'u'lláh, " … sa Pinakabanal na Aklat Niya, ay iniutos ang pagpili ng iisang wika at ang paggamit ng isang pangkalahatang pagsulat para gamitin ng lahat ng nasa daigdig, isang kautusan na, kapag naisagawa, na pinatutunayan Niya Mismo sa Aklat na iyon, ay magiging isa sa mga palatandaan ng 'pagsapit sa kaganapan ng sangkatauhan' ".

Further insight into this process of mankind's coming of age and proceeding to maturity is provided by the following statement of Bahá'u'lláh:

Ang karagdagang pagkaunawa sa prosesong ito ng pagsapit sa hustong gulang ng sangkatauhan at pagtungo sa kaganapan ay ibinibigay ng sumusunod na pangungusap ni Bahá'u'lláh:

One of the signs of the maturity of the world is that no one will accept to bear the weight of kingship. Kingship will remain with none willing to bear alone its weight. That day will be the day whereon wisdom will be manifested among mankind.

Isa sa mga palatandaan ng kaganapan ng daigdig ay yaong wala nang tatanggap na balikatin ang bigat ng pagiging hari. Ang pagiging hari ay mananatili nang walang sinuman ang kusang-loob na balikatin nang nag-iisa ang kabigatan nito. Ang araw na iyon ay magiging araw na ang wastong kaalaman ay maipapahayag ng sangkatauhan.

The coming of age of the human race has been associated by Shoghi Effendi with the unification of the whole of mankind, the establishment of a world commonwealth, and an unprecedented stimulus to "the intellectual, the moral, and spiritual life of the entire human race."

Ang pagsapit sa hustong-gulang ng sangkatauhan ay iniugnay ni Shoghi Effendi sa pagkakaisa ng buong sangkatauhan, ang pagtatatag ng isang pandaigdig na mankomunidad, at isang di pa nararanasang pagpapasigla sa "pangkaisipan, sa moral, at espirituwal na buhay ng buong sangkatauhan".

• • •

• • •

Key to Passages Translated by Shoghi Effendi

Abbreviations of Sources

BA	Shoghi Effendi. *Bahá'í Administration: Selected Messages 1922–1932*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, rev. edn., 1968.
BC	National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the United States. *The Bahá'í Community: A Summarization of Its Organization and Laws*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, rev. edn., 1963.
CF	Shoghi Effendi. *Citadel of Faith: Messages to America, 1947–1957*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, 1965.
ESW	Bahá'u'lláh. *Epistle to the Son of the Wolf*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, 1979.
GWB	Bahá'u'lláh. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, rev. edn., 1980.
PDC	Shoghi Effendi. *The Promised Day Is Come*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, rev. edn., 1980.
SW	*Star of the West: The Bahá'i Magazine*. vol. XIV, July 1923, no. 4. Reprinted 1978. Oxford: George Ronald.
UD	Shoghi Effendi. *The Unfolding Destiny of the British Bahá'í Community*. London: Bahá'í Publishing Trust, 1981.
WOB	Shoghi Effendi. *The World Order of Bahá'u'lláh: Selected Letters*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, 1974.

Identification of Passages

Paragraph

Gabay sa mga Sipi Mula sa kitáb-i-Aqdas na Isinalin ni Shoghi Effendi

Daglat ng mga Pinagkuhanan

BA	Shoghi Effendi. *Bahá'í Administration: Selected Messages 1922-1932*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, rev. edn., 1968.
BC	National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the United States. *The Bahá'í Community: A Summarization of Its Organization and Laws*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, rev. edn., 1963.
CF	Shoghi Effendi. *Citadel of Faith: Messages to America, 1947-1957*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, 1965.
ESW	Bahá'u'lláh. *Epistle to the Son of the Wolf*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, 1979.
GWB	Bahá'u'lláh. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, rev. edn., 1980.
PDC	Shoghi Effendi. *The Promised Day Is Come*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, rev. edn., 1980.
SW	*Star of the West: The Bahá'í Magazine*. vol. XIV, July 1923, no. 4. reprinted 1978. Oxford: George Ronald.
UD	Shoghi Effendi. *The Unfolding Destiny of the British Bahá'í Community*. London: Bahá'í Publishing Trust, 1981.
WOB	Shoghi Effendi. *The World Order of Bahá'u'lláh: Selected Letters*. Wilmette, Illinois: Bahá'í Publishing Trust, 1974.

Pagkilala sa mga Sipi

Parapo

1–5	“The first duty … O men of insight!” (GWB CLV)	1-5	“Ang unang tungkulin . . . O mga tao na may pang-unawa!” (GWB CLV)
7	“Whenever My laws … His decisive decree.” (GWB CLV)	7	“Kailanman na ang Aking mga utos . . . Kaniyang di mapag-aalinlangang utos.” (GWB CLV)
10	“We have commanded you to pray and fast … the Generous.” (BC p. 40)	10	“Inuutusan Namin kayo na manalangin at mag-ayuno . . . ang Bukas-Palad” (BC p.40)
16	“We have enjoined upon you fasting … a feast.” “The traveler, the ailing … by the Fast …” (BC p. 40)	16	“Iniutos Namin sa inyo ang pag-aayuno . . . isang pagdiriwang.” “Ang manlalakbay, ang may karamdaman . . . ng Pag-aayuno . . .” (BC p.40)
17	“Abstain from food … appointed in the Book.” (BC p. 40)	17	“Huwag kumain . . . itinakda sa Aklat.” (BC p.40)
30	“The Lord hath ordained … doth not matter.” “It behooveth them to be the trusted ones … O ye that perceive.” (BA p. 21)	30	“Iniutos ng Panginoon . . . hindi ito mahalaga.” “Nararapat sa kanila na maging mga katiwala . . . O kayo na nakauunawa.” (BA p. 21)
35	“O ye servants of the Merciful … idle imaginings.” (SW p. 112)	35	“O kayong mga tagapaglingkod . . . walang kabuluhang mga hinagap.” (SW p. 112)
37	“Whoso layeth claim … the All-Wise.” (GWB CLXVI)	37	“Sinuman ang umangkin . . . ang Marunong sa Lahat.” (GWB CLXV)
38–40	“Be not dismayed … among the dead.” (GWB LXXI)	38-40	“Huwag masiphayo . . . sa mga patay.” (GWB LXXI)
43	“Lament not in your hours of trial … He Who is aware.” (SW p. 112)	43	“Huwag manangis sa mga oras ng inyong pagsubok . . . Siya Na nakababatid.” (SW p.112)
48	“Unto every father … compassed the world.” (SW p. 112)	48	“Sa bawat ama . . . na bumalot sa daigdig.” (SW p.112)
52	“O ye Men of Justice … the Faithful.” (SW p. 112)	52	“O kayong mga Tao ng Katarungan . . . ang Matapat.” (SW p.112)
53–55	“Let not your hearts … of the thankful.” (GWB LXXII)	53-55	“Huwag pahintulutang matigatig ang inyong puso . . . yaong maging mapagpasalamat.” (GWB LXXII)
58–59	“Beware lest … will testify.” (GWB LXXII)	58-59	“Mag-ingat na baka . . . at kabatiran.” (GWB LXXII)
63	“Enter into wedlock … mention of Me …” (UD p. 195)	63	“Magsipag-asawa . . . babanggit sa Akin . . .” (UD P.195)

78–84	“O kings of the earth! He Who is the sovereign Lord … his assistance.” (GWB CV)
85	“O Emperor of Austria! … luminous Horizon.” (PDC p. 37)
86	“Say: O King of Berlin! … them who reflect.” (PDC pp. 36–37)
87	“We have asked nothing … O concourse of kings!” (PDC p. 26)
88	“Hearken ye, O Rulers of America … the Ordainer, the All-Wise.” (CF pp. 18–19)
89	“O Spot that art situate … the All-Knowing, the All-Wise.” (PDC p. 40)
90	“O banks of the Rhine! … conspicuous glory.” (PDC p. 37)
91–93	“Let nothing grieve thee … the wondrous Book.” (GWB LVI)
99–104	“Say: O leaders of religion … comprehend it.” (GWB XCVII)
105	“Whoso interpreteth … the Lucid Book.” (ESW pp. 129–30)
118	“The Lord hath granted … bone be quickened.” (SW p. 113)
120	“Adorn your heads … the All-Wise.” (SW p. 113)
121	“When the ocean of My Presence … Ancient Root.” (WOB p. 134)
122–25	“Consider the pettiness … earth and heaven.” (GWB CLIX)

78-84	“O mga hari ng kalupaan! Siya na naghaharing Panginoon . . . tulong sa kaniya.” (GWB CV)
85	“O Emperador ng Austria! . . . maliwanag na Guhit-Tagpuan na ito.” (PDC pp.36-37)
86	“Sabihin: O Hari ng Berlin! . . . nila na nag-iisip ng malalim.” (PDC pp. 36-37)
87	“Kami ay walang hiningi . . . O kalipunan ng mga hari! (PDC p.26)
88	“Makinig kayo, O mga Namumuno sa Amerika . . . ang Nagtatadhana, ang Marunong sa Lahat.” (CF pp. 18-19)
89	“O Pook na inilagay . . . ang Nakababatid sa Lahat, ang Marunong sa Lahat.” (PDC p. 40)
90	“O mga pampang ng Rhine! . . . hayag na kaluwalhatian.” (PDC p. 37)
91-93	“Huwag hayaang makalumbay ang anuman sa iyo . . . kamangha-manghang Aklat.” ((GWB LVI)
99-104	“Sabihin: O mga pinuno ng relihiyon . . . nauunawaan lamang ninyo.” (GWB XCVIII)
105	“Sinuman ang magpapaliwanag . . . sa malinaw na Aklat.” (ESW pp. 129-30)
118	“Nagbigay ng pahintulot ang Panginoon . . . buto ay mabigyang-buhay.” (SW p. 113)
120	“Palamutian ang inyong mga ulo . . . ang Marunong sa Lahat.” (SW p. 113)
121	“Kapag ang Karagatan ng Aking pagiging kapiling . . . Napakatandang Ugat na ito.” (WOB p. 134)
122-25	“Bulay-bulayin ang kakitiran . . . kalupaan at kalangitan.” (GWB CLIX)

144	“Consort with all religions … things are ended.” (SW p. 114)
161–63	“Blessed is the man … the Most Bountiful.” (GWB XXXVII)
165	“O concourse of divines! When My … strange thing.” (PDC p. 82)
165	“We have rent the veils … hereafter …” (PDC p. 82)
166	“Had ye believed … heedless.” (PDC p. 82)
167	“This is the Cause … idols to tremble.” (PDC p. 82)
169	“O concourse of divines! Beware lest … all signs!’” (PDC p. 82)
171	“Tear the veils asunder … the negligent.” (PDC p. 82)
173	“Happy are ye … crumbling bone.” (SW p. 114)
174	“When the Mystic Dove … this mighty Stock.” (WOB p. 134)
181–83	“The world’s equilibrium … the Mighty, the Loving.” (GWB LXX)

• • •

Other Notes and References in this Publication

The Kitáb-i-Aqdas

1. Napoleon III ↩
2. Ṭihrán ↩
3. Khurásán ↩
4. The Báb ↩
5. The Báb’s ↩
6. Bahá’u’lláh ↩

144	“Makisama sa lahat ng mga relihiyon . . . ng bagay ay nagwawakas.” (SW p. 114)
161-63	“Pinagpala ang tao . . . ang Pinaka-Mapagbigay-biyaya.” (GWB XXXVII)
165	“O kalipunan ng mga teologo! Nang ang Aking . . . kataka-takang bagay.” (PDC p. 82)
165	“Winasak Namin ang mga lambong . . . sa darating . . .” (PDC p. 82)
166	“Kung naniniwala kayo . . . pabaya.” (PDC p. 82)
167	“Ito ang Kapakanan . . . diyus-diyosan.” (PDC p. 82)
169	“O kalipunan ng mga teologo! Mag-ingat na baka . . . lahat ng mga palatandaan!” (PDC p. 82)
171	“Punitin ang mga lambong . . . sa pabaya.” (PDC p. 82)
173	“Maligaya kayo . . . nadudurog na buto.” (SW p. 114)
174	“Kapag ang Mahiwagang Kalapati . . . makapangyarihang Puno na ito.” (WOB p. 13 4)
181-83	“Ang paninimbang ng daigdig . . . ang Makapangyarihan, ang Mapagmahal.” (GWB LXX)

• • •

The Kitáb-i-Aqdas

1. Napoleon III
2. Ṭihrán
3. Khurásán
4. Ang Báb
5. Ang Báb
6. Bahá’u’lláh

7. The Báb ↩
8. The Báb ↩
9. Bahá'u'lláh ↩
10. Kirmán ↩
11. The Báb ↩

Questions and Answers

1. Bahá'u'lláh ↩
2. First month of the Islamic lunar calendar ↩
3. In Arabic the two verses differ in gender ↩
4. This relates to the minimum duration of a journey which exempts the traveler from fasting ↩
5. The vernal equinox in the Northern Hemisphere ↩
6. The Tablet containing the three Obligatory Prayers now in use ↩
7. Qur'án 2:115 ↩
8. This refers to a volume of approximately one-half of a cubic meter ↩
9. Color, taste and smell ↩
10. Adrianople ↩

Synopsis and Codification

1. The method of dividing the estate is to be applied in cases of intestacy. See item o. in this section ↩

Notes

1. On 10 July 2014, the Universal House of Justice announced the adoption of provisions for the common implementation of the Badí' calendar beginning at Naw-Rúz 172 (sunset 20 March 2015). The first day of the month of fasting now varies

7. Ang Báb
8. Ang Báb
9. Bahá'u'lláh
10. Kirmán
11. Ang Báb

Mga Katanungan at Kasagutan

1. Bahá'u'lláh
2. Unang buwan sa kalendaryong Islam ayon sa buwan
3. Sa wikang Arabe ang dalawang bersikulo ay nagkakaiba sa kasarian
4. Ito ay kaugnay sa pinakamaikling tagal ng isang paglalakbay na nagpapahintulot sa naglalakbay na hindi isagawa ang pag-aayuno
5. Ang vernal equinox sa Hilagang Hating-daigdig
6. Ang Tableta na naglalaman ng tatlong mga Dalanging Katungkulang Isagawa na ginagamit ngayon
7. Qur'án 2:115
8. Tinutukoy nito ang dami na may kalahati ng isang metro kubiko
9. Kulay, lasa at amoy
10. Adrianople

Lagom at Pagsasaayos

1. Ang paraan ng pnaghahati sa ari-arian na dapat isagawa sa mga pangyayari na walang testamento. Tingnan ang tala o. sa bahaging ito

Mga Tala

1. Noong ika-10 ng Hulyo 2014, ipinahayag ng Universal House of Justice ang mga patakaran para sa pangkalahatang paggamit ng kalendaryong Badí' sa simula ng

according to the day on which Naw-Rúz of the coming year falls. ↩

Naw-Rúz 172 (paglubog ng araw sa ika-20 ng Marso 2015). Ang unang araw ng buwan ng pag-aayuno ay nagbabago na ngayon sang-ayon sa araw kung kailan papatak ang Naw-Rúz ng kasunod na taon.

2. In its message dated 10 July 2014 concerning the common implementation of the Badí‘ calendar beginning at Naw-Rúz 172, the Universal House of Justice designated Ṭihrán as the spot on the earth that would serve as the standard for determining, by means of astronomical computations from reliable sources, the moment of the vernal equinox in the northern hemisphere and thereby the day of Naw-Rúz. ↩

2. Sa mensahe nito ng ika-10 ng Hulyo 2014 kaugnay ng pangkalahatang paggamit ng kalendaryong Badí‘ sa simula ng Naw-Rúz 172, itinakda ng Universal House of Justice ang Ṭihrán bilang ang pook sa lupa na mula roon ay itatakda, sa pamamagitan ng mga kalkulasyong pang-astronomika ng maaasahang mga awtoridad, ang sandali ng equinox ng tagsibol sa hilagang hatingglobo, at sa gayon ang araw ng Naw-Rúz.

3. In its message dated 10 July 2014 concerning the common implementation of the Badí‘ calendar, the Universal House of Justice stated that the Festivals of the Twin Birthdays are to be observed on the first and the second day following the occurrence of the eighth new moon after Naw-Rúz, as determined in advance by astronomical tables using Ṭihrán as the point of reference. ↩

3. Sa mensahe nito ng ika-10 ng Hulyo 2014 kaugnay ng pangkalahatang paggamit ng kalendaryong Badí‘, sinabi ng Universal House of Justice na ang Pista ng Kambal na Kaarawan ay ipagdiriwang na sa una at pangalawang araw pagkaran ng ikawalong buwang nagbibilog pagkaraan ng Naw-Rúz, ayon sa itinatakda ng talaang astronomika na ginagamit ang Ṭihrán bilang tukuyan.

4. With the implementation of the Badí‘ calendar as announced by the Universal House of Justice in its message dated 10 July 2014, the number of intercalary days varies according to the timing of the vernal equinox in successive years. ↩

4. Sa paggamit ng kalendaryong Badí‘ ayon sa ipinahayag ng Universal House of Justice sa mensahe nito ng ika-10 ng Hulyo 2014, ang bilang ng paningit na mga araw ay mag-iiba sang-ayon sa oras ng equinox ng tagsibol sa kasunod na mga taon.

Last modified: 15 July 2024 9:56 a.m. (PST)